

AKLAT NI MORMON 2020

# Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School

Pamumuhay, Pagkatuto, at Pagtuturo ng Ebanghelyo ni Jesucristo

**AKLAT NI MORMON 2020**

# Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School

Pamumuhay, Pagkatuto, at Pagtuturo ng Ebanghelyo ni Jesucristo

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2019 by Intellectual Reserve, Inc.
All rights reserved. 10/17.
*Come, Follow Me—For Sunday School: Book of Mormon 2020.*
Tagalog. 15156 893.
Inilimbag sa Pilipinas.

# Mga Nilalaman

Mga Pambungad na Materyal
Ikaw ay Isang Guro sa Simbahan ni Jesucristo . . . v
Paggamit ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School* . . . vi
Mga Ideya sa Paghihikayat ng Personal na Pag-aaral at Pag-aaral ng Pamilya . . . viii
Karagdagang Resources . . . ix
Isang Huwaran sa Pagtuturo . . . xi
**Disyembre 30–Enero 5:** Mga Pambungad na Pahina ng Aklat ni Mormon . . . 1
**Enero 6–12:** 1 Nephi 1–7 . . . 4
**Enero 13–19:** 1 Nephi 8–10 . . . 7
**Enero 20–26:** 1 Nephi 11–15 . . . 10
**Enero 27–Pebrero 2:** 1 Nephi 16–22 . . . 14
**Pebrero 3–9:** 2 Nephi 1–5 . . . 17
**Pebrero 10–16:** 2 Nephi 6–10 . . . 20
**Pebrero 17–23:** 2 Nephi 11–25 . . . 23
**Pebrero 24–Marso 1:** 2 Nephi 26–30 . . . 26
**Marso 2–8:** 2 Nephi 31–33 . . . 29
**Marso 9–15:** Jacob 1–4 . . . 32
**Marso 16–22:** Jacob 5–7 . . . 35
**Marso 23–29:** Enos–Mga Salita ni Mormon . . . 38
**Marso 30–April 12:** Pasko ng Pagkabuhay . . . 41
**Abril 13–19:** Mosias 1–3 . . . 44
**Abril 20–26:** Mosias 4–6 . . . 47
**Abril 27–Mayo 3:** Mosias 7–10 . . . 50
**Mayo 4–10:** Mosias 11–17 . . . 53
**Mayo 11–17:** Mosias 18–24 . . . 56
**Mayo 18–24:** Mosias 25–28 . . . 59
**Mayo 25–31:** Mosias 29–Alma 4 . . . 62
**Hunyo 1–7:** Alma 5–7 . . . 65
**Hunyo 8–14:** Alma 8–12 . . . 68
**Hunyo 15–21:** Alma 13–16 . . . 71
**Hunyo 22–28:** Alma 17–22 . . . 74
**Hunyo 29–July 5:** Alma 23–29 . . . 77
**Hulyo 6–12:** Alma 30–31 . . . 80
**Hulyo 13–19:** Alma 32–35 . . . 83
**Hulyo 20–26:** Alma 36–38 . . . 86
**Hulyo 27–Agosto 2:** Alma 39–42 . . . 89
**Agosto 3–9:** Alma 43–52 . . . 92
**Agosto 10–16:** Alma 53–63 . . . 95
**Agosto 17–23:** Helaman 1–6 . . . 98

**Agosto 24–30:** Helaman 7–12 . . . . 101
**Agosto 31–Setyembre 6:** Helaman 13–16 . . . . 104
**Setyembre 7–13:** 3 Nephi 1–7 . . . . 107
**Setyembre 14–20:** 3 Nephi 8–11 . . . . 110
**Setyembre 21–27:** 3 Nephi 12–16 . . . . 113
**Setyembre 28–Oktubre 11:** 3 Nephi 17–19 . . . . 116
**Oktubre 12–18:** 3 Nephi 20–26 . . . . 119
**Oktubre 19–25:** 3 Nephi 27–4 Nephi . . . . 122
**Oktubre 26–Nobyembre 1:** Mormon 1–6 . . . . 125
**Nobyembre 2–8:** Mormon 7–9 . . . . 128
**Nobyembre 9–15:** Eter 1–5 . . . . 131
**Nobyembre 16–22:** Eter 6–11 . . . . 134
**Nobyembre 23–29:** Eter 12–15 . . . . 137
**Nobyembre 30–Disyembre 6:** Moroni 1–6 . . . . 140
**Disyembre 7–13:** Moroni 7–9 . . . . 143
**Disyembre 14–20:** Moroni 10 . . . . 146
**Disyembre 21–27:** Pasko . . . . 149

Dahil dalawang beses lang sa isang buwan itinuturo ang Sunday School, maaaring piliin ng mga guro sa Sunday School na pagsamahin ang dalawang outline o ituro ang outline na nakaiskedyul para sa linggong iyon. Huwag mag-atubiling iakma ang iskedyul para sa mga araw ng Linggo na walang regular na mga miting ng Simbahan, halimbawa kapag may ward o stake conference o paglalaan ng templo. Maaaring kailangan mo ring iakma ang iskedyul ng pag-aaral kung ipinagdiriwang sa inyong lugar ang Pasko ng Pagkabuhay at Pasko sa mga petsang iba sa mga nakalista sa resource na ito.



# Ikaw ay Isang Guro sa Simbahan ni Jesucristo

Tinawag ka ng Diyos upang turuan ang Kanyang mga anak sa paraan ng Tagapagligtas. Ikaw ay itinalaga sa tungkuling ito sa pamamagitan ng awtoridad ng Kanyang banal na priesthood. Kahit hindi ka bihasang guro, kapag ikaw ay namumuhay nang marapat, nagdarasal araw-araw, at nag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagkakalooban ka ng Ama sa Langit ng impluwensya at kapangyarihan ng Espiritu Santo para tulungan kang magtagumpay (tingnan sa 2 Nephi 33:1).

Ang mga ipinagkatiwala sa iyong pangangalaga ay mga anak ng Ama sa Langit, at alam Niya kung ano ang kailangan nila at paano sila higit na matutulungan. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, gagabayan ka ng Diyos habang naghahanda at nagtuturo ka. Ihahayag Niya sa iyo ang dapat mong sabihin at dapat mong gawin (tingnan sa 2 Nephi 32:5).

Ang mahalagang layunin ng pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo ay baguhin ang mga buhay. Ang layunin mo bilang guro ay tulungan ang mga tinuturuan mo na gawin ang lahat ng magagawa nila para mas magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo—isang pagsisikap na hindi lang sa oras ng klase ginagawa. Anyayahan ang mga tinuturuan mo na aktibong makilahok sa pag-aaral ng mga alituntunin at doktrina ni Jesucristo at kumilos ayon sa natutuhan nila. Hikayatin sila na gawing pangunahing pinagmumulan ng pag-aaral nila ng ebanghelyo ang kanilang indibiduwal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya sa labas ng klase. Kapag kumilos sila nang may pananampalataya sa pamamagitan ng pag-aaral bilang mga indibiduwal at pamilya, aanyayahan nila ang Espiritu sa kanilang buhay, at ang Espiritu ang naghihikayat ng tunay na pagbabalik-loob. Lahat ng ginagawa mo bilang guro ay dapat sumuporta sa sagradong mithiing ito.

Ituro lamang ang doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Ang dalisay na doktrina—ang walang-hanggan at di-nagbabagong katotohanang itinuro ng Diyos at ng Kanyang mga lingkod—ay nag-aanyaya sa Espiritu at may kapangyarihang baguhin ang mga buhay.

Ang calling na magturo ay isang sagradong pagtitiwala, at normal lang na mahirapan ka kung minsan. Ngunit alalahanin na tinawag ka ng iyong Ama sa Langit, at hindi ka Niya pababayaan. Ito ang gawain ng Panginoon, at habang naglilingkod ka "nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas" (D at T 4:2), daragdagan Niya ang iyong mga kakayahan, kaloob, at talento, at pagpapalain ng iyong paglilingkod ang buhay ng mga tinuturuan mo.



# Paggamit ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School*

## Paghahandang Magturo sa Sunday School

Personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya sa tahanan ang dapat maging sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo. Totoo ito para sa iyo at sa mga tinuturuan mo. Habang naghahanda kang magturo, magsimula sa pagkakaroon ng sarili mong mga karanasan sa mga banal na kasulatan. Magaganap ang pinakamahalaga mong paghahanda kapag sinaliksik mo ang mga banal na kasulatan at hinangad mo ang inspirasyon ng Espiritu Santo.

Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay isang mahalagang bahagi kapwa ng iyong personal na pag-aaral at ng paghahanda mong magturo. Tutulungan ka nitong magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga alituntunin ng doktrina na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Mahihikayat at maaanyayahan mo rin ang mga miyembro ng klase na gamitin ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* para makaragdag sa kanilang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan (para sa tulong na magawa ito, tingnan sa "Mga Ideya sa Paghihikayat ng Personal na Pag-aaral at Pag-aaral ng Pamilya" sa resource na ito). Habang ginagawa mo ito, alalahaning maging sensitibo sa mga miyembro ng klase na ang sitwasyon ng pamilya ay maaaring hindi sumusuporta sa regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya at family home evening.

Sa iyong paghahanda, darating sa iyo ang mga ideya at impresyon tungkol sa mga tinuturuan mo, paano pagpapalain ng mga alituntunin sa mga banal na kasulatan ang kanilang buhay, at paano mo sila mahihikayat na tuklasin ang mga alituntuning iyon habang pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan para sa kanilang sarili.

## Mga Ideya sa Pagtuturo

Habang naghahanda kang magturo, maaari kang magtamo ng karagdagang inspirasyon sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga outline sa pagtuturo sa resource na ito. Huwag isipin na ang mga ideyang ito ay sunud-sunod na mga hakbang, kundi sa halip ay mga mungkahi para magkaroon ka ng sariling inspirasyon. Kilala mo ang mga miyembro ng klase mo, at mas makikilala mo sila habang sama-sama kayong natututo sa klase. Kilala rin sila ng Panginoon, at bibigyan ka Niya ng inspirasyon sa pinakamaiinam na paraan para matulungan ang mga miyembro ng klase na patatagin ang pag-aaral ng ebanghelyo na ginagawa nila sa tahanan.

Marami kang makukuhang iba pang resource na magagamit mo sa iyong paghahanda, kabilang

na ang mga ideya sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* at ang mga magasin ng Simbahan. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga ito at sa iba pang resources, tingnan ang bahaging "Karagdagang Resources" sa resource na ito.

## Ilang Bagay na Dapat Tandaan

- Ang tahanan ang pinakamainam na lugar para sa pag-aaral ng ebanghelyo. Bilang guro, may mahalagang responsibilidad kang suportahan, hikayatin, at patatagin ang pag-aaral ng ebanghelyo ng mga miyembro ng klase sa tahanan.
- Lalalim ang pagbabalik-loob ng mga miyembro ng klase sa ebanghelyo ni Jesucristo kapag naunawaan at naipamuhay nila ang tunay na doktrina. Hikayatin silang itala at sundin ang mga impresyong natatanggap nila mula sa Espiritu Santo.
- Ang pagtuturo ay higit pa sa pagsesermon, ngunit higit din ito sa simpleng pamumuno sa isang talakayan. Bahagi ng iyong tungkulin ang maghikayat ng partisipasyon na nagpapasigla at nakabatay sa mga banal na kasulatan. Dapat mo ring ibahagi ang mga inspiradong kabatirang natanggap mo nang pag-aralan mo ang mga banal na kasulatan.
- Nais ng Ama sa Langit na magtagumpay ka bilang guro. Naglaan Siya ng maraming resources para tulungan ka, kabilang na ang mga teacher council meeting. Sa mga miting na ito maaari kang sumangguni sa iba pang mga guro tungkol sa mga hamon na kinakaharap mo. Maaari mo ring talakayin at praktisin ang mga alituntunin ng pagtuturo na tulad ni Cristo.
- Natututo nang husto ang mga tao kapag may mga pagkakataon silang magturo. Paminsan-minsan, isiping payagan ang mga miyembro ng klase, pati na ang mga kabataan, na ituro ang isang bahagi ng lesson. Ibatay ang desisyong ito sa mga pangangailangan at kakayahan ng mga miyembro ng klase. Kung inanyayahan mo nga ang isang miyembro ng klase na magturo, magukol ng panahon para tulungan siyang maghanda nang maaga sa pamamagitan ng paggamit sa mga ideyang matatagpuan sa resource na ito at sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Alalahanin na bilang tinawag na guro, ikaw ang responsable sa itinuturo sa klase.
- Kabilang sa resource na ito ang mga outline sa pagtuturo para sa bawat linggo ng taon maliban sa dalawang Linggo kung kailan idinaraos ang pangkalahatang kumperensya. Tuwing Linggo kapag walang Sunday School dahil sa stake conference o iba pang dahilan, maaaring patuloy na basahin ng mga pamilya ang Aklat ni Mormon sa tahanan ayon sa iskedyul na nakaoutline sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Para mapanatiling nasa iskedyul ang klase mo sa Sunday School, maaari mong piliing laktawan ang isang lesson o dili kaya'y pagsamahin ang dalawang lesson. Para maiwasan ang pagkalito, maaaring ipaalam nang maaga ng mga Sunday School president sa mga guro sa Sunday School ang mga pagbabagong ito.



# Mga Ideya sa Paghihikayat ng Personal na Pag-aaral at Pag-aaral ng Pamilya

Narito ang ilang ideyang tutulong sa iyo na hikayatin ang mga miyembro ng klase na pag-aralan ang salita ng Diyos sa tahanan, kapwa nang mag-isa at bilang mga pamilya. Maging sensitibo sa katotohanan na hindi lahat ng miyembro ng klase ay maaaring pag-aralan ang mga banal na kasulatan na kasama ang kanilang pamilya (halimbawa, ang ilang miyembro ay mag-isang namumuhay o nag-iisang miyembro sa pamilya).

- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga naranasan nila sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa tahanan. Halimbawa, maaari mong hilingin sa kanila na magbahagi ng isang talata na hinangaan nila at ipaliwanag kung bakit ito makabuluhan sa kanila.
- Hilingin sa mga miyembro ng klase na magbigay ng mga halimbawa kung ano ang ginagawa nila para maging mas makabuluhan ang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan. (Ang ilang ideya ay makikita sa "Mga Ideya para Mapagbuti pa ang Iyong Personal na Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" at "Mga Ideya para Mapagbuti pa ang Pag-aaral ng Iyong Pamilya ng mga Banal na Kasulatan" sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*.)
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano sila kumilos ayon sa mga impresyong natanggap nila sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan.
- Mag-ukol ng ilang minuto para ipakita sa mga miyembro ng klase ang ilan sa resources na bigay ng Simbahan para tulungan ang mga miyembro na pag-aralan ang ebanghelyo, tulad ng mga tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan na matatagpuan sa scriptures.ChurchofJesusChrist.org; content na nakatuon sa mga kabataan sa youth.ChurchofJesusChrist.org; mga manwal sa seminary at institute; at mga video, audio recording, at larawan na matatagpuan sa medialibrary.ChurchofJesusChrist.org. Marami rin sa mga ito ang nasa Gospel Library app.
- Mag-ukol ng ilang minuto para ipaliwanag kung paano gamitin ang Gospel Library app para pag-aralan ang mga banal na kasulatan, pati na kung paano markahan ang mga talata at itala ang mga impresyon.
- Anyayahan ang isa o higit pang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila naituro ang isang partikular na alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang pamilya.

# Karagdagang Resources

Ang resources na ito ay matatagpuan sa Gospel Library app at sa ChurchofJesusChrist.org.

## *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*

Maaari mong iakma ang anumang aktibidad mula sa resource na ito para magamit sa klase mo sa Sunday School. Kung nagamit na ng mga miyembro ng klase ang mga aktibidad na ito sa kanilang personal na pag-aaral o sa pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan, hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga karanasan at kabatiran.

## Mga Magasin ng Simbahan

Ang mga magasing *New Era, Ensign,* at *Liahona* ay may mga artikulo at iba pang mga tampok na maaaring makaragdag sa mga alituntuning itinuturo mo mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School.*

## *Mga Himno* at *Aklat ng mga Awit Pambata*

Ang sagradong musika ay nag-aanyaya ng Espiritu at nagtuturo ng doktrina sa paraan na madali itong matandaan. Bukod sa mga print version ng *Mga Himno* at *Aklat ng mga Awit Pambata,* matatagpuan mo ang mga recording ng maraming himno at awiting pambata sa music.ChurchofJesusChrist.org at sa LDS Music at LDS Media Library apps.

## Media Library

Ang artwork, mga video, at iba pang media ay makakatulong sa mga tinuturuan mo na ilarawan sa isipan ang doktrina at mga kuwentong matatagpuan sa Aklat ni Mormon. Bisitahin ang medialibrary.ChurchofJesusChrist.org para mabrowse ang koleksyon ng media resources ng Simbahan, kabilang na ang koleksyon ng Book of Mormon Videos, na nagpapakita ng mga pangyayari sa Aklat ni Mormon. Makukuha rin ang media resources sa LDS Media Library app.

## Sining ng Ebanghelyo

Ang artwork ay makakatulong sa mga tinuturuan mo na ilarawan sa isipan ang doktrina at mga kuwentong matatagpuan sa Aklat ni Mormon. Maraming larawang magagamit mo sa klase ang matatagpuan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* sa medialibrary.ChurchofJesusChrist.org, at sa LDS Music at LDS Media Library apps.

## Mga Manwal sa Seminary at Institute

Ang mga manwal sa seminary at institute ay naglalaman ng kasaysayan at komentaryong doktrinal para sa mga alituntuning matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Maaari din itong magganyak ng mga ideya sa pagtuturo para sa mga klase sa Sunday School.

## Mga Paksa ng Ebanghelyo

Sa topics.ChurchofJesusChrist.org matatagpuan mo ang pangunahing impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa ng ebanghelyo, pati na ang mga link sa makakatulong na resources, tulad ng kaugnay na mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, artikulo, banal na kasulatan, at video. Matatagpuan mo rin ang Gospel Topics Essays, na nagbibigay ng detalyadong mga sagot sa mga tanong tungkol sa doktrina at kasaysayan.

## *Tapat sa Pananampalataya*

Ang resource na ito ay nagbibigay ng mga simpleng paliwanag tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo, na nakalista nang sunud-sunod ayon sa alpabeto.

## *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*

Ang gabay na ito para sa mga missionary ay nagbibigay ng buod ng mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo.

## *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

Ang resource na ito ay binabalangkas ang mga pamantayan ng Simbahan na maaaring makatulong sa atin na manatiling karapat-dapat sa mga pagpapala ng Panginoon. Isiping sumangguni rito nang madalas, lalo na kung mga kabataan ang tinuturuan mo.

## *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*

Matutulungan ka ng resource na ito na matutuhan at maipamuhay ang mga alituntunin ng pagtuturo na tulad ni Cristo. Ang mga alituntuning ito ay tinatalakay at pinapraktis sa mga teacher council meeting.





# Isang Huwaran sa Pagtuturo

Sa resource na ito, makikita mong inuulit ang sumusunod na tatlong-hakbang na huwaran sa bawat outline: mag-anyayang magbahagi, ituro ang doktrina, at maghikayat ng pag-aaral sa tahanan. Habang nagtuturo ka, ang mga bahagi ng huwarang ito ay maaaring magkasabay o maiba ang pagkakasunud-sunod. Halimbawa, isipin na ang pagbabahagi ay isang oportunidad para ituro ang doktrina, at ang pagtuturo ng doktrina ay dapat kabilangan ng mga paanyayang magbahagi. Gayundin, ang paghihikayat ng pag-aaral sa tahanan ay maaaring maganap sa buong talakayan sa klase. Hayaang natural na magkaroon ng mga pagbabago sa huwarang ito, na sinusunod ang mga pahiwatig ng Espiritu upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong tinuturuan mo.



## Mag-anyayang Magbahagi

Bilang bahagi ng bawat klase, anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga kabatiran at karanasan nila sa nakaraang linggo nang pag-aralan nila ang mga banal na kasulatan bilang mga indibiduwal at pamilya at gamitin ang kanilang natutuhan. Tulungan ang mga miyembro ng klase na makita na mahalaga ang personal na pag-aaral nila sa labas ng klase. Darating ang sarili nilang pagbabalik-loob hindi lamang sa pag-aaral tuwing Linggo kundi maging sa mga karanasan nila araw-araw. Kapag narinig ng mga miyembro ng klase ang mga karanasan ng bawat isa, mas malamang na hangarin din nilang maranasan ang mga iyon. Hindi lahat ay nabasa na ang mga kabanata para sa bawat lesson, at kahit ang ilang nakabasa na ay baka hindi komportableng magbahagi. Tiyaking madama ng lahat ng miyembro ng klase na mahalagang bahagi sila ng klase, mayroon man o wala silang maibahagi.



## Ituro ang Doktrina

Ikaw at ang mga miyembro ng klase mo ay dapat magtuon sa doktrina—ang mga walang-hanggang katotohanan ng ebanghelyo—na matatagpuan sa nakatakdang mga talata sa banal na kasulatan. Habang tinatalakay ninyo ang doktrina mula sa mga banal na kasulatan, anong mga talata, sipi, karanasan, tanong, at iba pang resources ang maibabahagi mo? Paano mo magagamit ang resources na ito para tulungan ang mga miyembro ng klase na matuklasan at maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo? Paano mo mahihikayat ang mga miyembro ng klase na magtala at kumilos ayon sa mga ideya at impresyong natatanggap nila?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sa pagtatapos ng lesson, ipakita sandali ang talakayan para sa susunod na linggo. Isipin kung paano magaganyak ang mga miyembro ng klase na patuloy na mag-aral mula sa Aklat ni Mormon sa tahanan, kapwa nang mag-isa at kasama ang kanilang pamilya.



DISYEMBRE 30–ENERO 5

# Pambungad na mga pahina ng Aklat ni Mormon

"ISA PANG TIPAN NI JESUCRISTO"

Pag-aralan ang pahina ng pamagat at pambungad ng Aklat ni Mormon; ang mga patotoo ng Tatlong Saksi, ng Walong Saksi, at ni Propetang Joseph Smith; at ang "Maikling Paliwanag tungkol sa Aklat ni Mormon." Kapag ginawa mo ito, hangarin ang mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo kung paano mo mahihikayat ang klase mo na magsimula ng makabuluhang pag-aaral ng Aklat ni Mormon.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para makapagsimula, maaari mong anyayahan ang ilang tao na magbahagi ng isang bagay na natutuhan nila mula sa pambungad na mga pahina ng Aklat ni Mormon na nagpalakas sa patotoo nila tungkol sa sagradong aklat na ito.

## Ituro ang Doktrina

PAHINA NG PAMAGAT NG AKLAT NI MORMON

### Ang Aklat ni Mormon ay makapagpapalakas ng ating pananampalataya kay Jesucristo.

- Ang pagbasa sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon, na isinulat ni Moroni, ay makapaghahanda sa mga miyembro ng klase mo na pag-aralan ang Aklat ni Mormon ngayong taon. Paano makakatulong ang mga mensahe sa pahina ng pamagat sa kanilang pag-aaral? Maaari mo sigurong isulat sa pisara ang isa o mahigit pang mga tanong—tulad ng *Bakit tayo may Aklat ni Mormon?* o *Paano naiiba ang Aklat ni Mormon sa iba pang mga aklat?*—at anyayahan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga sagot habang nirerebyu nila ang pahina ng pamagat nang mag-isa o magkakapares. Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi ang mga impresyong dumating sa kanila. Maaari mo ring hikayatin ang mga miyembro ng klase na talakayin ang mga plano nila sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon ngayong taon. Halimbawa, ano ang hahanapin nila? Paano sila matututo mula sa Espiritu Santo habang nag-aaral sila?

- Ang isa sa pinakamahahalagang layunin ng Aklat ni Mormon ay nakasaad sa pahina ng pamagat nito: para kumbinsihin ang mga "Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo." Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga talata mula sa Aklat ni Mormon na nagpalakas sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo (maaari din nilang basahin ang ilang talatang nakalista sa "Karagdagang Resources"). Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga talatang ito sa isang katabi at ibahagi kung paano naimpluwensyahan ng Aklat ni Mormon ang kanilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas.

**PAMBUNGAD SA AKLAT NI MORMON**

### Matutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na "mas mapalapit sa Diyos."

- Ang pambungad sa Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng impormasyon na mahalagang maunawaan ng mga mambabasa. Maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase mo sa pag-scan sa pambungad at pagtukoy sa tatlo hanggang limang bagay na makakabuting ibahagi sa isang taong nagbabasa ng Aklat ni Mormon sa unang pagkakataon. Pagkatapos ay maibabahagi ng mga miyembro ng klase ang matutuklasan nila. Maaari pa nga nilang isadula ang pagpapakilala ng Aklat ni Mormon sa isang tao. Maaari ding makatulong ang mga video na iminungkahi sa "Karagdagang Resources."

- Maaaring nagkaroon na ng mga karanasan ang ilang miyembro ng klase mo na nagpatunay sa katotohanan ng mga salita ni Joseph Smith: "Ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin [ng Aklat ni Mormon], nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat." Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano nakatulong sa kanila ang pagsasabuhay ng mga katotohanang natutuhan nila sa Aklat ni Mormon na mas mapalapit sa Diyos. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga sagot sa tatlong tanong na ito na iminungkahi ni Pangulong Russell M. Nelson: "Una, ano ang magiging buhay ninyo *kung wala* ang Aklat ni Mormon? Pangalawa, ano ang *hindi ninyo malalaman*? At pangatlo, ano ang *hindi mapapasainyo*?" ("Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 61).

- Mayroon bang sinuman sa klase mo na nagbasa ng mga talata sa Aklat ni Mormon na naglalaman ng iba't ibang tawag sa plano ng kaligtasan, tulad ng iminungkahi sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*? Kung mayroon, anyayahan silang ibahagi ang natutuhan nila.



Nagpatotoo ang Tatlong Saksi tungkol sa Aklat ni Mormon.

**"ANG PATOTOO NG TATLONG SAKSI"; "ANG PATOTOO NG WALONG SAKSI"**

### Lahat tayo ay maaaring maging saksi ng Aklat ni Mormon.

- Ang pag-aaral ng mga patotoo ng Tatlo at Walong Saksi ay magpapalakas sa patotoo ng mga miyembro ng iyong klase at matutulungan silang pagnilayan kung paano nila maaaring ibahagi ang sarili nilang patotoo. Maaari mong ipabasa sa kalahati ng klase ang "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" at ipabasa sa natitirang kalahati ang "Ang Patotoo ng Walong Saksi" at ipabahagi ang mga impresyon o detalyeng kapansin-pansin sa kanila. Ano ang pagkakaiba ng dalawang patotoo? Ano ang pagkakapareho ng mga ito? Ano ang matututuhan natin mula sa mga saksing ito tungkol sa pagbabahagi ng ating patotoo? Para magpasimula ng talakayan kung bakit mahalaga ang Tatlong Saksi, maaari mong ibahagi ang pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks o ang patotoo ni John Whitmer sa "Karagdagang Resources."

**"ANG PATOTOO NG PROPETANG SI JOSEPH SMITH"**

### Si Joseph Smith ang naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa paglalabas ng Aklat ni Mormon.

- Maaaring pamilyar na ang mga miyembro ng klase sa mga pangyayaring inilarawan sa "Ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith," pero marahil ay matutulungan mo silang maghanap ng mga bagong kabatiran. Halimbawa, maaari mo silang anyayahan na ilista ang mahahalagang pangyayari sa salaysay ni Joseph Smith. Ano ang masasabi natin mula sa kanyang karanasan tungkol sa kahalagahang ibinigay ng Panginoon sa Aklat ni Mormon?

- Nakasaad sa himnong "Minsan May Isang Anghel" (*Mga Himno,* blg. 10) ang paglabas ng Aklat ni Mormon. Pagkatapos kantahin o pakinggan ang himnong ito, maaaring makakita ang mga miyembro ng klase ng mga pahayag sa "Ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith" na tumutugma o nagpapatibay sa mga parirala sa awitin.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 1 Nephi 1–7, anyayahan silang maghanap ng mga ideya o katotohanan na nakakatulong sa kasalukuyan nilang sitwasyon sa buhay—halimbawa, isang hamon sa pamilya o isang calling sa Simbahan.



## Karagdagang Resources

### Mga talata sa Aklat ni Mormon na nagpapatotoo kay Jesucristo.

- Mosias 3:5–8
- Alma 5:48; 7:10–13
- Helaman 5:12
- 3 Nephi 9:13–18; 11:6–14
- Moroni 10:32–33

### Ang kahalagahan ng Tatlong Saksi.

Ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks kung bakit masyadong nakaaantig ang patotoo ng Tatlong Saksi:

"Ang patotoo ng Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon ay may pambihirang lakas. Bawat isa sa tatlo ay may sapat na dahilan at pagkakataong bawiin ang kanyang patotoo kung mali iyon, o palabuin ang mga detalye kung mayroong hindi tumpak. Tulad ng alam ng nakararami, dahil sa hindi pagkakasundo o mga inggitan sa iba pang mga lider ng Simbahan, bawat isa sa tatlong saksi ay itiniwalag mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mga walong taon matapos ang paglalathala ng kanilang patotoo. Nagkanya-kanya na sila, at pare-parehong walang interes na bumuo ng isang lihim na samahan o kasunduan. Ngunit hanggang sa mamatay sila—mula 12 hanggang 50 taon matapos silang itiwalag—wala ni isa sa mga saksing ito ang nagtatwa sa kanilang nailathalang patotoo o nagsabi ng anumang makapagbibigay ng pagdududa sa katotohanan nito" ("The Witness: Martin Harris," *Ensign,* Mayo 1999, 36).

### Ang patotoo ni John Whitmer.

Ipinahayag ni John Whitmer, isa sa Walong Saksi ng Aklat ni Mormon: "Wala akong narinig kailanman na may nagkailang sinuman sa tatlo o walong saksi sa patotoong naibahagi nila. . . . Nakarating ang aming pangalan sa lahat ng bansa, wika at lahi bilang banal na paghahayag mula sa Diyos. At isasakatuparan nito ang mga layunin ng Diyos ayon sa pahayag na nakapaloob doon" (sa Noel B. Reynolds, ed., *Book of Mormon Authorship Revisited: The Evidence for Ancient Origins* [1997], 55–56).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Hangarin na makatanggap ng sariling inspirasyon.** Sa halip na ituring ang mga outline na ito na mga tagubilin na kailangan mong sundin, gamitin ang mga ito para makakuha ng mga ideya o maghikayat ng sarili mong inspirasyon habang pinagninilayan mo ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo.



*Lehi Traveling Near the Red Sea*, ni Gary Smith

ENERO 6–12

# 1 Nephi 1–7

"HAHAYO AKO AT GAGAWIN"

Ang paghahanda mo bilang guro sa Sunday School ay nagsisimula sa iyong personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Bigyang-pansin at itala ang mga espirituwal na pahiwatig na natatanggap mo. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay makakatulong sa pag-aaral mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Marami siguro sa mga miyembro ng klase mo ang pamilyar sa 1 Nephi 1–7, pero tuwing nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan, maaaring may matutuhan tayong mga katotohanan na angkop sa ating kasalukuyang mga sitwasyon. Para mapasimulan ang inyong talakayan, marahil ay maaari mong itanong sa mga miyembro ng klase kung ano ang kanilang natutuhan o naalala sa kanilang pag-aaral sa linggong ito.

## Ituro ang Doktrina

1 NEPHI 1; 3–6

### Ang mga banal na kasulatan ay napakahalaga.

- Ang isang kapansin-pansing mensahe sa Aklat ni Mormon ay ang malaking kahalagahan ng salita ng Diyos. Maaaring magandang mensahe ito na maibabahagi sa pagsisimula ng klase mo sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Maaari kang magsimula sa paghiling sa bawat miyembro ng klase na pumili ng isang kabanata mula sa 1 Nephi 1; 3–6 at suriin ito, na naghahanap ng mga paraan na tuwiran o di-tuwirang pinagpala ng salita ng Diyos ang mga miyembro ng pamilya ni Lehi. (Maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase sa paggawa ng aktibidad na ito sa maliliit na grupo.) Pagkatapos ay anyayahan ang mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Ano ang itinuturo sa atin ng mga salaysay na ito tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan?
- Ang isa sa mga mithiin mo bilang guro ay hikayatin ang mga indibiduwal at pamilya na pag-aralan ang ebanghelyo sa labas ng klase. Marahil ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na suriin kung paano pinag-aralan ni Lehi ang mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 5:10–19), at pagkatapos ay maaari kang magtanong na gaya ng mga sumusunod: Ano ang saloobin ni Lehi sa mga banal na kasulatan? Ano ang nakita niyang mahalaga sa mga ito? Maaari ring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang mensahe ni Elder Richard G. Scott na "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan" (*Ensign* o *Liahona,*

Nob. 2011, 6–8) o basahin ang isang sipi mula sa mensaheng ito sa "Karagdagang Resources." Paano natin magagamit ang mga turo ni Elder Scott sa pag-aaral natin ng Aklat ni Mormon ngayong taon?

- Bilang isang klase, maaari ninyong kantahin ang isang himno tungkol sa mga banal na kasulatan, tulad ng "Habang Aking Binabasa" (*Mga Himno,* blg. 176). Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano napagpala ng kanilang personal na pag-aaral ng banal na kasulatan ang kanilang buhay. Maaari din nilang ibahagi kung paano sila nahikayat ng mga banal na kasulatan na "lumapit sa . . . Diyos . . . at maligtas" (1 Nephi 6:4).

**1 NEPHI 2:11–19; 3:28–31**

### Magtatamo tayo ng sarili nating patotoo kapag pinalalambot natin ang ating puso.

- Kilala si Nephi sa kanyang malakas na pananampalataya sa Panginoon, ngunit maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na matanto na kinailangan niyang sikaping matamo ang kanyang patotoo—tulad nating lahat. Marahil ay maaaring tukuyin ng mga miyembro ng klase sa 1 Nephi 2:16–19 kung ano ang nagbigay-daan para magtamo ng patotoo si Nephi. Maaari din nilang rebyuhin ang mga talata 11–14 para tingnan kung bakit hindi nagtamo ng patotoo sina Laman at Lemuel. Maaaring magandang pagkakataon ito para anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano sila nagtamo ng patotoo.
- Kung minsan maaaring gusto nating makaranas ng himala para matamo o mapalakas ang ating patotoo. Pero nakakita ng anghel sina Laman at Lemuel, subalit parang di-gaanong naapektuhan ang kanilang pananampalataya. Ano ang matututuhan ng mga miyembro ng klase mula sa karanasang ito, na inilarawan sa 1 Nephi 3:28–31, tungkol sa kung ano ang nagpapalakas sa sarili nating patotoo? (tingnan din sa 1 Nephi 2:16). Isiping ibahagi ang pahayag ni Pangulong Harold B. Lee sa "Karagdagang Resources." Ano ang magagawa natin para mapalakas ang ating patotoo?

**1 NEPHI 3–4**

### Maghahanda ng paraan ang Diyos para magawa natin ang Kanyang kalooban.

- Ang karanasan ng mga anak ni Lehi sa 1 Nephi 3–4 ay mukhang pambihira, pero marami sa atin ang nagkaroon na ng karanasan kung saan sinunod natin ang kalooban ng Diyos kahit mukhang mahirap ito. Nang basahin ng mga miyembro ng klase ang 1 Nephi 3–4 sa linggong ito, anong mga katotohanan ang nakita nila na nagpaalala sa kanila ng isang personal na karanasan? Maaari mo sigurong hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga talata na nagturo ng mga katotohanang ito, at anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga karanasan. Paano nakakatulong sa atin ang mga katotohanang ito kapag inaasahan tayo ng Diyos na gumawa ng isang bagay na mukhang mahirap?
- Maaari mong hatiin ang klase sa tatlong grupo at atasan ang bawat grupo na pag-aralan ang isa sa mga pagtatangkang kunin ang mga laminang tanso mula kay Laban (tingnan sa 1 Nephi 3:9–21; 1 Nephi 3:22–31; 4:1–4; at 1 Nephi 4:5–38). Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang bawat grupo na ibahagi kung ano ang sinusubukang ituro sa atin ng bawat pagtatangkang ito tungkol sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Panginoon. Paano natin magagamit ang mga halimbawang ito sa sarili nating mga pagsisikap na gawin ang kalooban ng Diyos?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 1 Nephi 8–10, maaari mong ibahagi ang pahayag na ito mula kay Pangulong Dieter F. Uchtdorf: "Sa napakaraming puwersang nagtatangkang ilihis tayo ng landas, paano tayo mananatiling nakatuon sa maluwalhating kaligayahang ipinangako sa matatapat? Naniniwala ako na ang sagot ay matatagpuan sa panaginip ng isang propeta, libu-libong taon na ang nakararaan. Ang pangalan ng propeta ay Lehi, at ang kanyang panaginip ay nakatala sa katangi-tangi at kamangha-manghang Aklat ni Mormon" ("Tatlong Magkakapatid na Babae," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 18–19).



## Karagdagang Resources

### Ang mga banal na kasulatan ay may matinding kapangyarihan.

Pinatotohanan ni Elder Richard G. Scott ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan:

"Ang mga banal na kasulatan ay tulad ng mumunting liwanag na tumatanglaw sa ating isipan at nagbibigay-puwang sa patnubay at inspirasyon mula sa kaitaasan. Ang mga ito ay maaaring ang susi na magbubukas sa daluyan ng komunikasyon sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

"Ang mga banal na kasulatan . . . ay . . . magiging tapat na kaibigan . . . na magagamit natin saanman at kailanman. Laging nariyan ang mga ito kapag kinakailangan. Ang paggamit sa mga ito ay nagsisilbing pundasyon ng katotohanan na maipauunawa ng Espiritu Santo. Ang pagkatuto, pagninilay, pagsasaliksik, at pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay gaya ng pagpuno sa isang filing cabinet ng mga kaibigan, pinahahalagahan, at katotohanan na magagamit sa lahat ng oras at saan mang lugar sa mundo. . . .

"Ang pagninilay sa isang talata ay susi sa paghahayag at patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo. Kayang panatagin ng banal na kasulatan ang balisang kaluluwa, at magdulot ng kapayapaan, pag-asa, at pagbabalik ng tiwala ng isang tao sa kanyang kakayahang labanan ang mga hamon ng buhay. May kapangyarihan itong panatagin ang mga nasaktang damdamin kapag mayroong pananampalataya sa Tagapagligtas. Mapapabilis nito ang pisikal na paggaling" ("Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 6–7).

### Ang ating patotoo ay kailangang panibaguhin araw-araw.

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee, "Ang taglay mo ngayong patotoo ay maaaring mawala sa iyo bukas maliban kung mayroon kang gagawin ukol dito" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2000], 51).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Gumamit ng mga kuwento at halimbawa sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo.** Marami sa mga walang-hanggang katotohanan sa mga banal na kasulatan ang itinuturo sa pamamagitan ng mga karanasan o kuwentong naroon. Habang naghahanda kang magturo, isipin ang mga naranasan mo na maaaring magdagdag ng pangalawang saksi sa mga salaysay sa mga banal na kasulatan at sa mga alituntuning inilalarawan nito. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 22.)



*Lehi's Dream,* ni Steven Lloyd Neal

ENERO 13–19

# 1 Nephi 8–10

"LUMAPIT AT KUMAIN . . . NG BUNGA"

Bago basahin ang mga ideya sa outline na ito, basahin ang 1 Nephi 8–10 at pag-isipan ang mga hamon at pagkakataong kinakaharap ng mga taong tinuturuan mo. Itala ang iyong mga impresyon kung aling mga alituntunin mula sa mga kabanatang ito ang dapat mong pagtuunan ng pansin sa klase.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Maraming aplikasyon ang pangitain ni Lehi sa ating panahon. Sa simula ng klase, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kabatiran habang nagbabasa sila tungkol sa pangitaing ito. Hikayatin silang magbahagi ng partikular na mga talata at ano ang kabuluhan nito sa kanilang buhay.

## Ituro ang Doktrina

1 NEPHI 8:10–16

### Kapag nadarama natin ang pag-ibig ng Diyos, hinahangad nating tulungan ang iba na maranasan ito.

- Natural lang na ibahagi ang mga bagay na gustung-gusto natin sa mga taong mahal natin, ngunit kung minsa'y nahihirapan tayong ibahagi ang ebanghelyo. Ang isang talakayan tungkol sa pangitain ni Lehi ay maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na makahanap ng mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo. Maaari mong bigyan ng isang prutas ang isang miyembro ng klase at hilingin sa kanya na hikayatin ang klase na regular na kumain ng bungang ito. Paano nahahalintulad ang pakay-araling ito sa karanasan ni Lehi sa 1 Nephi 8:10–16? Ano ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Lehi na tutulong sa atin na ibahagi ang ebanghelyo?
- Itinuro ni Elder David A. Bednar, "Ang bunga ng puno ay simbolo ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala" ("Panaginip ni Lehi: Paghawak nang Mahigpit sa Gabay," *Ensign* o *Liahona,* Okt.

2011, 34). Isiping kontakin nang maaga ang ilang miyembro ng klase at hilingin na pagnilayan nila ang 1 Nephi 8:11–16 at isipin ang mga tanong na katulad nito: Paano ko mailalarawan ang tamis na dulot ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa buhay ko? Paano ko naanyayahan ang iba na tikman ang tamis nito? (tingnan sa talata 15). Paano ako naanyayahan ng iba na hangarin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? Ano ang nagkainspirasyon akong gawin nang basahin ko ang 1 Nephi 8:11–16? Anyayahan ang mga miyembrong ito na ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase, at anyayahan ang lahat ng miyembro ng klase na magbigay ng kanilang mga kabatiran sa oras ng talakayan.



Minerva K. Teichert (1888–1976), *The House of the World,* 1954, oil on board, 36 x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art

**1 NEPHI 8:19–38**

### Ang salita ng Diyos ay naglalapit sa atin sa Tagapagligtas at nagpapadama sa atin ng Kanyang pagmamahal.

- Ang isang paraan para masimulan ang talakayan tungkol sa pangitain ni Lehi ay anyayahan ang ilang miyembro ng klase na magdrowing ng representasyon ng pangitain sa pisara, gamit ang 1 Nephi 8:19–38 bilang gabay. O maaari mong ipakita ang larawan ng pangitain ni Lehi mula sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang bawat miyembro ng klase na maghanap ng mga talatang nagbibigay ng interpretasyon ng isa sa mga simbolo sa drowing o larawan—ang mga interpretasyong ito ay matatagpuan sa 1 Nephi 11:4–25, 35–36; 12:16–18; at 15:21–33, 36. Habang ibinabahagi ng mga miyembro ng klase ang natagpuan nila, anyayahan silang talakayin kung ano ang itinuturo sa atin ng mga simbolong ito. Halimbawa, ano ang itinuturo sa atin ng malaki at maluwang na gusali tungkol sa kapalaluan? Ano ang itinuturo sa atin ng gabay na bakal tungkol sa salita ng Diyos? Maaari din nilang ikuwento kung paano sila natulungan ng pangitain ni Lehi na lumapit kay Cristo. Paano natin nakita ang ating sarili sa pangitain?

- Ang isang kapansin-pansing mensahe sa pangitain ni Lehi ay ang kahalagahan ng salita ng Diyos, na isinagisag ng gabay na bakal. Para mabigyang-diin ang mensaheng iyon, maaari mong hatiin ang klase sa apat na grupo at ipaaral sa bawat isa ang apat na grupo ng mga tao na nakita ni Lehi, ayon sa nakalarawan sa "Karagdagang Resources" at sa 1 Nephi 8:21–23, 24–28, 30, at 31–33. Pagkatapos ay hayaang ibahagi ng mga miyembro ng klase sa isa't isa ang natutuhan nila. Maaari ka ring maglaan ng ilang minuto para mapagnilayan ng mga miyembro ng klase kung ano ang naiisip nilang gawin para matiyak na sila ay "humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal" (1 Nephi 8:30).

**1 NEPHI 10:17–19**

### Ihahayag sa atin ng Diyos ang katotohanan kung masigasig natin itong hahanapin.

- Ang mga abu-abo ng kadiliman na humahadlang sa ating landas at ang mga nanlalait na tinig mula sa malaki at maluwang na gusali ay nagpapahirap sa atin na mahanap ang katotohanan. Maaaring makatulong na sama-samang basahin ang halimbawa ng paghahanap ni Nephi sa katotohanan. Maaari mong simulan ang talakayan sa paghiling sa mga miyembro ng klase na tukuyin ang ilan sa mga nakalilitong mensaheng inihahatid ng mundo. Halimbawa, sa anong mga makamundong ideya tayo binalaan ng mga propeta at Apostol sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya? Isiping ilista sa pisara ang mga hakbang na ginawa ni Nephi para magtamo ng sariling patotoo tungkol sa katotohanan ng pangitain ng kanyang ama (tingnan sa 1 Nephi 10:17–19; 11:1). Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa sa paghahanap natin ng katotohanan?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 1 Nephi 11–15, anyayahan silang alamin kung ano ang kinalaman ng sumusunod na mga imahe sa panaginip ni Lehi: ang sanggol na si Jesus, isang krus, ang ina ng mga patutot, mga taong sama-samang nagtipon para makidigma, at mga aklat.



## Karagdagang Resources

### Apat na grupo ng mga tao sa panaginip ni Lehi.

**Grupo 1.** "Sa 1 Nephi 8:21–23 malalaman natin ang tungkol sa unang grupo ng mga tao na nagpatuloy sa paglakad at tumahak sa landas patungo sa punungkahoy ng buhay. Gayunman, nang makaharap ng mga tao ang abu-abo ng kadiliman, na sumasagisag sa 'mga tukso ng diyablo' (1 Nephi 12:17), naligaw sila ng landas, at nagpagala-gala, at nangawala o nangaligaw. Pansinin na hindi binanggit sa mga talatang ito ang gabay na bakal. Ang mga hindi pumapansin o nagbabalewala sa salita ng Diyos ay hindi magkakaroon ng espirituwal na kompas na iyon na nagtuturo ng daan patungo sa Tagapagligtas."

**Grupo 2.** "Sa 1 Nephi 8:24–28 mababasa natin ang tungkol sa pangalawang grupo ng mga tao na tumahak sa makipot at makitid na landas patungo sa punungkahoy ng buhay. Ang grupong ito ay 'nagpatuloy sa paglakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy' (talata 24). Gayunman, nang hamakin ng mga taong magagara ang damit at nasa malaki at maluwang na gusali ang pangalawang grupong ito ng mga tao, 'sila ay nahiya' at 'nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala' (talata 28). . . . Kahit may pananampalataya, katapatan, at salita ng Diyos, nawala pa rin ang grupong ito sa bandang huli—siguro dahil *paminsan-minsan* lang sila nagbasa *o* nag-aral *o* nagsaliksik ng mga banal na kasulatan."

**Grupo 3.** "Sa talata 30 mababasa natin ang tungkol sa pangatlong grupo ng mga tao na nagpatuloy sa paglakad na 'patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal, hanggang sa makarating sila at napatiluhod at makakain ng bunga ng punungkahoy.' Ang pinakamahalagang kataga sa talatang ito ay *patuloy na humahawak nang mahigpit* sa gabay na bakal. Ang pangatlong grupo ay nagpatuloy rin sa paglakad nang may pananampalataya at pananalig; gayunman, walang pahiwatig na sila ay nagpagala-gala, nangapunta sa mga ipinagbabawal na landas, o nawala o naligaw. Marahil ang pangatlong grupong ito ng mga tao ay *palagiang* nagbasa *at* nag-aral *at* nagsaliksik ng mga banal na kasulatan. . . . Ito ang grupong dapat nating pagsikapang kabilangan."

**Grupo 4.** "Ang ikaapat na grupo ay hindi naghangad na makarating sa puno, kundi tuluyang nagpunta sa malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 8:31–33)."

(David A. Bednar, "Panaginip ni Lehi: Paghawak nang Mahigpit sa Gabay," *Ensign* o *Liahona,* Okt. 2011, 34–36.)

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magpakita ng tiwala sa pamamagitan ng pagtatakda ng matataas na inaasahan.** Ang ilang mag-aaral ay walang tiwala sa kakayahan nilang pag-aralan ang ebanghelyo nang mag-isa. Pangakuan ang mga miyembro ng klase na kapag sinikap nilang mag-aral nang mag-isa, tuturuan sila ng Espiritu Santo. Maaari kang magmungkahi ng mga paraan para matulungan silang magsimula. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 29–30.)



*Sweeter Than All Sweetness*, ni Miguel Ángel González Romero

ENERO 20–26

# 1 Nephi 11–15

"NASASANDATAHAN NG KABUTIHAN AT KAPANGYARIHAN NG DIYOS"

Simulan ang paghahanda mong magturo sa pamamagitan ng pagbasa sa 1 Nephi 11–15. Itala ang mga iniisip at impresyon mo tungkol sa mga talata at alituntunin na hihikayatin mong talakayin ng mga miyembro ng klase. Makakatulong ang mga ideya sa ibaba.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON ______________________________

## Mag-anyayang Magbahagi

Ang mga kabanatang ito ay may mga alituntunin na maaaring gustong isaalang-alang ng mga miyembro ng klase kapag nagbabahagi sila ng ebanghelyo sa iba. Isiping isulat sa pisara ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod at anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga bagay na natagpuan nila sa kanilang pagbabasa sa linggong ito na makakasagot sa mga tanong na ito:

- *Ano ang Apostasiya at ang Pagpapanumbalik?*
- *Bakit kailangan ang Aklat ni Mormon?*
- *Paano ko malalaman ang mga katotohanan ng Diyos para sa aking sarili?*

## Ituro ang Doktrina

1 NEPHI 11:1–5, 13–33

### Isinugo ng Diyos si Jesucristo bilang pagpapakita ng Kanyang pag-ibig.

- Ipinakita ng isang anghel kay Nephi ang mga simbolo at pangyayari sa buhay ng Tagapagligtas na nagpapamalas ng pag-ibig ng Diyos. Maaaring makatulong na suriin ang mga simbolo at pangyayaring ito sa klase at talakayin kung paano ipinamamalas ng mga ito ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Mayroon ka bang maipapakitang mga larawan, video, o iba pang visual aid na nagpapakita ng ilan sa mga pangyayari sa mga talatang ito? (tingnan, halimbawa, sa biblevideos.ChurchofJesusChrist.org). Paano ka natutulungan ng buhay at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na maunawaan ang pag-ibig ng Diyos para sa iyo?

**1 NEPHI 12–15**

### Tutulungan tayo ng Diyos na labanan ang impluwensya ni Satanas.

- Maaaring ang pakiramdam ng mga miyembro ng klase mo kung minsan ay parang sila ang mga tao sa pangitain ni Nephi na gumagala-gala sa abu-abo ng kadiliman o kinukutya ng mga nasa malaki at maluwang na gusali. Maaari mong itanong sa klase kung bakit magandang simbolo ng tukso ang abu-abo ng kadiliman (tingnan sa 1 Nephi 12:17) at kung bakit magandang simbolo ng mga walang kabuluhang guni-guni at kapalaluan ng sanlibutan ang malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 12:18). Pagkatapos ay maaari mong hatiin ang mga kabanata 12–15 sa mga miyembro ng klase at anyayahan silang maghanap ng mga talatang nagtuturo kung paano tayo tutulungan ng Diyos na madaig ang tukso, kayabangan, at kapalaluan (tingnan, halimbawa, sa 1 Nephi 13:34–40; 14:14).
- Paano mo matutulungan ang mga miyembro ng klase mo na mas maunawaan ang kapangyarihang nagmumula sa salita ng Diyos? (tingnan sa 1 Nephi 15:24). Maaari mo silang anyayahan na talakayin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod: Ano ang natutuhan ni Nephi tungkol sa kapangyarihan ng salita ng Diyos? Paano sinisikap ni Satanas na sirain ang salita ng Diyos? (tingnan sa 1 Nephi 13:26–29). Ano ang ginawa ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta para pangalagaan ang Kanyang salita? Bilang bahagi ng inyong talakayan, maaari mong hilingin sa ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan at kung ano ang ginagawa nila para gawing bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay ang salita ng Diyos.

**1 NEPHI 13**

### Naghanda ng daan ang Panginoon para sa Pagpapanumbalik ng Kanyang Simbahan.

- Makakatulong siguro ang isang time line para maunawaan ng mga miyembro ng klase ang pangitain ni Nephi tungkol sa mga pangyayari sa Pagpapanumbalik. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na gawin ito sa pisara, sa mga pangyayaring nakikita nilang nakalarawan sa 1 Nephi 13. Alin sa mga pangyayaring ito ang naganap na? Alin ang nangyayari ngayon? Isiping ibahagi ang sipi sa "Karagdagang Resources" ni George Washington, ang unang pangulo ng Estados Unidos, na nagpapakita na kinilala niya ang impluwensya ng Diyos sa American Revolution, isang pangyayaring naghanda ng daan para sa Pagpapanumbalik.
- Paano magagamit ng mga miyembro ng klase ang 1 Nephi 13 para ipaliwanag sa isang taong kasapi sa ibang relihiyon kung bakit kinailangan ang Pagpapanumbalik? (halimbawa, tingnan sa 1 Nephi 13:26–29, 35–42). Anong iba pang mga banal na kasulatan ang maaaring gamitin ng mga miyembro ng klase para maipaunawa sa iba kung bakit kinailangan ang Pagpapanumbalik? (para sa ilang halimbawa, tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo"). Maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase sa pagdudula-dulaan kung paano nila ipaliliwanag sa isang tao ang pangangailangan para sa Pagpapanumbalik at kung paano sila napagpala nito.

**1 NEPHI 13:20–41**

### Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo ng malilinaw at mahahalagang katotohanan.

- Makakatulong na gamitin ang 1 Nephi 13:20–41 para magpasimula ng talakayan kung bakit kailangan natin ang Aklat ni Mormon. Maaaring ilista ng mga miyembro ng klase ang ilan sa "malilinaw at mahahalagang bagay" na nawala mula sa Biblia at ipinanumbalik sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon (para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga talata 26 at 39 o sa mga listahan sa "Karagdagang Resources"). Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano sila natulungan ng ipinanumbalik na "malilinaw at mahahalagang bagay" na mas mapalapit sa Diyos.



Matutulungan tayo ng Espiritu na tuklasin ang "malilinaw at mahahalagang bagay" para sa ating sarili.

- Maaari mong ipalabas ang video na "Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos" (ChurchofJesusChrist.org), at anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung ano ang itinuturo ng video na ito kung bakit kailangan natin ang Aklat ni Mormon. O maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na idrowing sa pisara ang paglalarawan sa sipi ni Elder Tad R. Callister sa "Karagdagang Resources." Pagkatapos ay maibabahagi ng mga miyembro ng klase kung paano naipaunawa sa kanila ng Aklat ni Mormon ang ebanghelyo ni Jesucristo.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 1 Nephi 16–22 sa susunod na linggo, maaari mong banggitin na kasama rito ang isang salaysay na maaaring magbigay-inspirasyon at makatulong sa kanila kapag kailangan nilang gawin ang isang bagay na mukhang imposible.



## Karagdagang Resources

### Ang kamay ng Diyos sa American Revolution.

Sinabi ni George Washington: "Masama nga ang tao kapag kaya niyang tingnan ang mga pangyayari sa American Revolution nang hindi nakadarama ng matinding pasasalamat sa dakilang May-akda ng Sansinukob na ang banal na panghihimasok ay napakadalas ipakita para sa atin" (Liham kay Samuel Langdon, Set. 28, 1789, founders.archives.gov/documents/Washington/05-04-02-0070).

### Mga listahan ni Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa Aklat ni Mormon.

Mula sa "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 60–63).

**Pinabubulaanan ng Aklat ni Mormon ang mga paniniwala na:**

- Ang paghahayag ay nagwakas sa Biblia.
- Ang mga sanggol ay kinakailangang mabinyagan.
- Ang kaligayahan ay matatagpuan sa kasamaan.
- Ang indibiduwal na kabutihan ay sapat para sa kadakilaan (ang mga ordenansa at tipan ay kinakailangan).
- Ang Pagkahulog ni Adan ay nagpasa sa sangkatauhan ng "orihinal na kasalanan."

**Nililinaw ng Aklat ni Mormon ang pag-unawa tungkol sa:**

- Ating buhay bago tayo isinilang.
- Kamatayan. Ito ay mahalagang bahagi ng dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos.
- Kabilang-buhay, na nagsisimula sa paraiso.
- Kung paano nagiging imortal na kaluluwa ang nabuhay na mag-uling katawan, na muling sumanib sa espiritu nito.
- Kung paano magiging batay sa ating mga gawa at naisin ng ating puso ang paghatol sa atin ng Panginoon.
- Kung paano isinasagawa nang wasto ang mga ordenansa: halimbawa, binyag, sakramento, pagkakaloob ng Espiritu Santo.
- Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
- Pagkabuhay na Mag-uli.
- Mahalagang papel ng mga anghel.
- Walang-hanggang katangian ng priesthood.
- Kung paano mas naiimpluwensyahan ang ugali ng tao ng kapangyarihan ng salita kaysa ng kapangyarihan ng tabak.

### Bakit kailangan natin ang Aklat ni Mormon.

Itinuro ni Elder Tad R. Callister:

"Ang Biblia ay isang saksi ni Jesucristo; isa pang saksi ang Aklat ni Mormon. Bakit napakahalaga ng pangalawang saksing ito? Maaaring makatulong ang sumusunod na paglalarawan: Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo mula sa iisang tuldok sa papel? Ang sagot ay walang katapusan. Sandaling ipagpalagay na ang iisang tuldok ay kumakatawan

sa Biblia at na daan-daan sa mga tuwid na linyang iginuhit patawid ng tuldok na iyon ay kumakatawan sa iba't ibang interpretasyon ng Biblia at bawat isa sa mga interpretasyong iyon ay kumakatawan sa ibang simbahan.

"Gayunman, ano ang mangyayari kung sa papel na iyon ay may isa pang tuldok na kumakatawan sa Aklat ni Mormon? Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo sa pagitan ng dalawang tuldok na ito: ang Biblia at ang Aklat ni Mormon? Isa lang. Isang interpretasyon lang ng mga doktrina ni Cristo ang mamamayani sa patotoo ng dalawang saksing ito" ("Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 75).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Mamuno sa inspiradong mga talakayan.** Lahat ay may maiaambag sa mga talakayan sa klase, ngunit kung minsan hindi lahat ay nabibigyan ng pagkakataon. Humanap ng mga paraan para maragdagan ang mga pagkakataon ng mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang patotoo. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 33.)



*Si Lehi at ang Liahona*, ni Joseph Brickey

ENERO 27–PEBRERO 2

# 1 Nephi 16–22

"IHAHANDA KO ANG LANDAS NA INYONG TATAHAKIN"

Habang binabasa mo ang 1 Nephi 16–22, pag-isipan kung paano maaaring makatulong sa mga tao sa klase mo ang halimbawa ni Nephi sa pagharap sa mga hamon.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Nakita ni Nephi ang kahalagahan ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa kanyang sarili at sa kanyang mga tao (tingnan sa 1 Nephi 19:23). Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga alituntunin na natutuhan nila mula sa salaysay tungkol sa paglalakbay ni Nephi patungo sa lupang pangako na may kaugnayan sa sarili nilang buhay.



## Ituro ang Doktrina

1 NEPHI 16:10–16, 23–31; 18:10–13, 20–22

### Gumagamit ang Diyos ng maliliit na pamamaraan para isakatuparan ang mga dakilang bagay.

- May maiisip ka ba, o ang isang tao sa klase mo, na isang maliit na bagay na magagamit para magawa ang isang malaking bagay? (tingnan sa 1 Nephi 16:29). Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin ang natutuhan nila tungkol sa alituntuning ito matapos basahin ang mga talatang ito nang mag-isa o grupu-grupo: 1 Nephi 16:25–31; Alma 37:3–8; at Doktrina at mga Tipan 64:33; 123:12–17. Paano nagamit ng Diyos ang maliliit na pamamaraan para isakatuparan ang mga dakilang bagay sa ating buhay?
- Maaaring makinabang ang klase mo sa pagtalakay kung paano pinapatnubayan ng Ama sa Langit ang ating landas. Para makapagsimula, maaari mong hilingin sa klase na talakayin ang mga alituntuning nagpapagana sa Liahona (tingnan sa 1 Nephi 16:10–16, 23–31; 18:10–13, 20–22; tingnan din sa Alma 37:38–47). Paano maituturing na "maliliit na pamamaraan" ang mga alituntuning ito? Maaaring ilista ng mga miyembro ng klase sa pisara ang mga bagay na nailaan ng Diyos para gabayan tayo (tingnan ang "Karagdagang Resources" para sa mga ideya). Anong maliliit na hakbang ang magagawa natin para matanggap ang patnubay ng Diyos?

**1 NEPHI 16:18–32; 17:7–16; 18:1–4**

### Kapag sinunod natin ang mga utos, tutulungan tayo ng Diyos na harapin ang mga hamon.

- Ang mga miyembro ng klase mo ay maaaring nahaharap sa mga gawain at hamon na mukhang imposible. Paano mo magagamit ang karanasan ni Nephi sa sarili niyang mga tungkulin na mukhang imposibleng gawin—ang pakainin ang kanyang pamilya sa ilang at gumawa ng barko—para matulungan sila? Marahil ay maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang 1 Nephi 16:18–32; 17:7–16; at 18:1–4, na naghahanap ng mga alituntunin na makakatulong sa kanila kapag naharap sila sa mabigat na hamon (halimbawa, itinuturo sa 1 Nephi 16:24–26 na ang pagdarasal at pagpapakumbaba ay nagtutulot sa atin na tumanggap ng inspirasyon at patnubay mula sa Diyos). Maaari kang magsimula sa pagbibigay sa kanila ng halimbawa ng isang alituntuning nakita mo sa mga talatang ito. Kapag nagbahagi sila ng kanilang natuklasan, maaari din silang magbahagi ng mga personal na karanasang may kaugnayan dito.

**1 NEPHI 16:18–32; 17:7–22**

### Ang pananampalataya ay humahantong sa pagkilos.

- Ang mga karanasan ni Lehi at ng kanyang pamilya sa ilang ay naglalarawan ng kapangyarihan ng pananampalataya at ng mga bunga ng kawalan ng paniniwala. Para matuklasan ng mga miyembro ng klase ang mga katotohanang ito, maaari mong isulat ang mga tanong na ito sa pisara: *Paano kumilos si Nephi ayon sa kanyang pananampalataya? Paano siya napagpala dahil dito? Ano ang mga bunga ng kawalan ng paniniwala nina Laman at Lemuel?* Anyayahan ang mga miyembro ng klase na grupu-grupong hanapin ang mga sagot sa mga tanong na ito sa 1 Nephi 16:18–32 o 17:7–22 at ibahagi ang natuklasan nila.

**1 NEPHI 19:22–24**

### Maihahalintulad natin ang mga banal na kasulatan sa ating sarili.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan kung paano ihalintulad ang mga banal na kasulatan sa kanilang sarili, maaari nilang basahin ang mga halimbawa kung paano ito ginawa ni Nephi. Halimbawa, sa 1 Nephi 4:1–3 at 17:23–32, 41–45, anong mga alituntunin ang itinuro ni Nephi sa pamamagitan ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa sitwasyon ng kanyang pamilya? Ang salaysay ni Elder Robert D. Hales sa "Karagdagang Resources" ay naglalarawan kung paano tayo mapagpapala ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa ating sarili. Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na tukuyin ang mga hamong kinakaharap nila o ng mga miyembro ng kanilang pamilya at pagkatapos ay hanapin ang mga salaysay sa banal na kasulatan na maaaring magbigay sa kanila ng mga ideya at tulong para sa mga sitwasyong iyon. Ayon sa 1 Nephi 19:22–24, paano tayo mapagpapala ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa ating sarili?

- Ang pagtalakay sa 1 Nephi 19:22–24 ay maaaring maging magandang pagkakataon para maibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano nila "inihahalintulad ang mga banal na kasulatan" sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya, pati na rin ang mga pagpapalang natanggap nila sa paggawa nito. Isiping ilista sa pisara ang mga ideya ng mga miyembro ng klase kung paano ihalintulad ang mga banal na kasulatan sa kanilang sarili (para sa ilang mungkahi, tingnan ang listahan sa "Karagdagang Resources"). Sa susunod na klase, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang gamitin nila ang mga ideya sa listahan.

**1 NEPHI 20–21**

### Titipunin ng Panginoon ang sambahayan ni Israel sa mga huling araw.

- Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang makabuluhang mga turong natagpuan nila sa 1 Nephi 20–21, isiping sumulat ng mga heading na katulad nito sa pisara: *Mga Anak ni Israel, Pamilya ni Lehi,* at *Mga Tao sa Ating Panahon.* Bigyan sila ng panahong repasuhin ang 1 Nephi 20–21 at ilista sa ilalim ng bawat heading kung paano naaangkop ang mga propesiya ni Isaias sa mga grupong ito.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 2 Nephi 1–5, anyayahan silang pag-isipan kung ano ang sasabihin nila sa kanilang pamilya kung maikli ang buhay nila sa lupa. Ipaliwanag na ang unang ilang kabanata ng 2 Nephi ay naglalaman ng huling mensaheng ibinigay ni Lehi sa kanyang pamilya.



## Karagdagang Resources

### Ang Ating "mga Liahona."

Itinuro ni Elder David A. Bednar: "Kumikilos ang Espiritu Santo sa ating buhay katulad mismo ng ginawa ng Liahona para kay Lehi at sa kanyang pamilya, alinsunod sa ating pananampalataya at pagsisikap at pagsunod" ("Nang sa Tuwina ay Mapasaatin ang Kanyang Espiritu," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2006, 31).

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2005, sinabi ni Elder Lowell M. Snow ng Pitumpu: "Ang pangkalahatang kumperensyang ito mismo ay isang makabagong Liahona, isang panahon at lugar upang tumanggap ng inspiradong patnubay at direksyon na nagpapaunlad sa atin" ("Kompas ng Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2005, 97).

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang Panginoon ding iyon na naglaan ng isang Liahona para kay Lehi ang naglalaan para sa inyo at sa akin ngayon ng isang pambihira at mahalagang kaloob na nagbibigay ng direksyon sa ating buhay. . . . Ang kaloob na tinutukoy ko ay kilala bilang ang inyong patriarchal blessing" (Thomas S. Monson, "Your Patriarchal Blessing: A Liahona of Light," *Ensign,* Nob. 1986, 65).

### Paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa ating sarili.

Itinuro ni Elder Robert D. Hales:

"Ilang taon na ang nakararaan, tinuturuan ko ang anak kong lalaki tungkol sa buhay at mga karanasan ng kapatid ni Jared. Bagama't nakakatuwa ang kuwento, hindi siya nakaugnay. Tapos ay itinanong ko kung ano ang kahulugan sa kanya ng kuwento. Napakahalagang itanong sa ating mga anak na, 'Ano ang kahulugan nito sa iyo?' Sabi niya, 'Alam ninyo, walang ipinag-iba iyan sa ginawa ni Joseph Smith sa kakahuyan nang magdasal siya at makatanggap ng sagot.'

"Sabi ko, 'Halos kaedad mo si Joseph. Palagay mo ba'y makakatulong sa iyo ang dasal na tulad ng sa kanya?' Kapagdaka'y hindi na kuwento sa malayong lupain ang pinag-uusapan namin. Ang usapan ay tungkol na sa aming anak—ang buhay niya, pangangailangan, at kung paano makakatulong sa kanya ang pagdarasal.

"Bilang mga magulang, responsibilidad nating tulungan ang ating mga anak na '[ihalintulad sa atin at sa ating mga anak] ang lahat ng banal na kasulatan [lahat ng bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo], . . . para sa kapakinabangan at kaalaman [ng ating mga pamilya]'" ("Lakip ang Lahat ng Damdamin ng Nagmamahal na Magulang: Isang Mensahe ng Pag-asa para sa mga Pamilya," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 90).

### Mga mungkahi para sa paghahalintulad ng mga banal na kasulatan.

- Pag-isipan ang mga pangyayari o sitwasyon sa ating panahon na kahalintulad ng nasa mga banal na kasulatan na binabasa mo.
- Hanapin kung ano ang nalalaman, natututuhan, o ginagawa ng mga tao sa mga banal na kasulatan na maaaring makatulong sa iyo sa isang personal na problema o tanong sa kasalukuyan.
- Tukuyin ang mga alituntunin mula sa kuwentong iyon na makakatulong sa sarili mong mga sitwasyon.



*Eva at Adan*, ni Douglas Fryer

PEBRERO 3–9

# 2 Nephi 1–5

"KAMI AY NAMUHAY NANG MALIGAYA"

Simulan ang iyong espirituwal na paghahanda sa pagbasa sa 2 Nephi 1–5 at pagtatala ng iyong mga impresyon. Kulang ang oras mo para talakayin nang minsanan ang lahat ng alituntunin sa mga kabanatang ito sa klase, kaya sundin ang Espiritu sa iyong paghahanda at bigyang-pansin ang mga kabatirang ibinahagi ng mga miyembro ng klase para maipasiya mo kung aling mga alituntunin ang pagtutuunan mo at paano mo gagabayan ang usapan.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Malamang ay may minarkahan o itinala na ang mga miyembro ng klase mo na kahit isang talata lang sa 2 Nephi 1–5. Para masimulan ang klase, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga talatang makabuluhan sa kanila. Anyayahan ang klase na ibuod ang isang alituntunin sa doktrina na natutuhan nila mula sa mga talatang ibinahagi.

## Ituro ang Doktrina

2 NEPHI 2:11–30

### Malaya tayong kumilos para sa ating sarili.

- Kadalasan, ginagamit ng mga tao ang kanilang kalayaan para magdulot ng labis na pagdurusa sa iba. Kaya bakit napakahalaga ng kalayaan sa Ama sa Langit? Maaari mo sigurong isulat ang tanong na ito sa pisara, at maaaring hanapin ng mga miyembro ng klase ang mga sagot sa 2 Nephi 2:11–30 at isulat ang kanilang mga sagot sa pisara. Paano sinusubukan ng kaaway na sirain ang ating kalayaan? Paano tayo tinutulungan ng Tagapagligtas na "[piliin ang] kalayaan at buhay na walang hanggan"? (2 Nephi 2:27). Isiping sama-samang kantahin ang isang himno tungkol sa kalayaan, at anyayahan ang mga miyembro ng klase na idagdag sa kanilang listahan ang iba pang mga kabatirang natamo nila mula sa himno.
- Ang outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay tinutukoy ang apat na mahahalagang kondisyon na dahilan upang maging posible ang kalayaan. Narito ang isang paraan na makakabatay ka sa natutuhan ng mga miyembro ng klase sa tahanan: Isulat sa pisara ang apat na kondisyon. Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga pahayag mula sa 2 Nephi 2 na nagtuturo kung bakit ang mga kundisyong ito ay mahalaga sa pagkakamit ng ating banal na potensyal.

2 NEPHI 2:15–29

## Ang Pagkahulog at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay mahahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit.

- Maraming Kristiyano ang naniniwala na ang Pagkahulog ay isang trahedya at na si Eva ay gumawa ng malaking pagkakamali. Nililinaw sa mga talatang ito sa 2 Nephi 2 ang mga katotohanan tungkol sa Pagkahulog nina Eva at Adan, at pinatototohanan nito na tinutubos tayo ni Jesucristo mula sa Pagkahulog. Ang isang paraan para matalakay ang mga ideyang ito ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang 2 Nephi 2:15–25 at ilista ang mga katotohanang natutuhan nila tungkol sa nangyari sa Halamanan ng Eden. Anong iba pang mga kabatiran ang nakita nila sa mga sipi mula kay Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources"? Paano tayo tinubos ni Jesucristo mula sa Pagkahulog? (tingnan sa 2 Nephi 2:6–8, 26–29).
- Matapos gawin ang isang aktibidad na tulad ng nauna, maaari mong idispley ang ilang tanong gaya ng mga sumusunod at anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kabatiran:
    - Paano itinatama ng mga turo ni Lehi sa mga talatang ito ang ilang karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa Pagkahulog?
    - Sa anong mga paraan naging isang pagpapala ang Pagkahulog?
    - Paano mas naipauunawa sa atin ng tamang pagkaunawa sa Pagkahulog ang ating pangangailangan kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala?
    - Ano ang isang dahilan kung bakit ninyo pinasasalamatan ang pagpili nina Eva at Adan sa Halamanan ng Eden?
    - Paano naging kahalintulad ng pagpili nina Eva at Adan na kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama ang pagpili ninyong pumarito sa lupa?
    - Ano ang layunin ng buhay? Bakit kinailangan ang Pagkahulog para makamit ang layuning ito?

2 NEPHI 4:15–35

## Makakabaling tayo sa Diyos sa oras ng ating kahinaan.

- Ang mga isinulat ni Nephi sa 2 Nephi 4:15–35 ay makapagbibigay sa atin ng pag-asa at kapanatagan kapag nahihirapan tayo sa ating mga pagpupunyagi at kahinaan. Marahil ay maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito nang magkakapares at hanapin ang mga talatang maaari nilang gamitin para aliwin ang isang taong nabibigatan sa kanyang mga paghihirap. Pagkatapos, maaaring ibahagi ng bawat magkapares ang mga talatang ito sa klase. May isang tao siguro sa klase na maaaring magbahagi ng isang karanasan kung saan napanatag siya sa pamamagitan ng pagbaling sa Diyos, tulad ni Nephi.
- Ang isa pang paraan para marebyu ang 2 Nephi 4 ay sa pamamagitan ng pag-anyaya nang maaga sa ilang miyembro ng klase na pumasok na handang magbahagi ng mga talata at parirala mula sa kabanatang ito na makabuluhan sa kanila. Hilingin na ibahagi nila kung ano ang ginagawa nila kapag nahihirapan silang daigin ang kanilang mga kahinaan. Ang isang himnong tungkol sa kapanatagan at pag-asa, tulad ng "Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?" (*Mga Himno,* blg. 74), ay maaaring makatulong sa talakayang ito. Halimbawa, maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano pinatitibay ng himno ang halimbawa ng pag-asa ni Nephi sa Panginoon sa mga oras ng kawalang-pag-asa.

2 NEPHI 5

## Ang kaligayahan ay matatagpuan sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo.

- Sa kabila ng mga hamong nakaharap ni Nephi at ng kanyang mga tao, nagawa nilang magbuo ng isang lipunan batay sa mga alituntuning nagdudulot ng kaligayahan. Anong mga alituntunin ang nakita ng mga miyembro ng klase sa pag-aaral nila ng 2 Nephi 5 na nakatulong sa mga Nephita na makadama ng kaligayahan? Maaari mong bigyan ng papel ang mga miyembro ng klase at anyayahan silang saliksikin ang 2 Nephi 5 para sa mga alituntuning nagdudulot ng kaligayahan at isulat ang mga ito. Ano ang ipinagkaiba ng mga paraan ng mundo sa paghahanap ng kaligayahan sa nakikita natin sa 2 Nephi 5? Anong mga mithiin ang maitatakda ng mga miyembro ng klase para masunod ang isa sa mga alituntuning ito?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sabihin sa mga miyembro ng klase na nasa 2 Nephi 6–10 ang isa sa pinakamagagandang sermon tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa buong banal na kasulatan. Maaari ka ring magbahagi ng isang talatang nakita mo sa mga kabanatang ito na nagpapasabik sa iyo na basahin ito.



## Karagdagang Resources

### Ang Pagkahulog ay bahagi ng plano ng Diyos.

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks:

"Nang tanggapin nina Eva at Adan ang unang utos, maiiba na ang kanilang kalagayan, wala na sa daigdig ng mga espiritu kundi sa mga pisikal na katawang hindi pa saklaw ng kamatayan at hindi pa kayang magkaanak. Hindi nila maaaring sundin ang unang utos ng Ama nang hindi nalalagpasan ang hadlang sa pagitan ng lubos na kaligayahan sa Halamanan ng Eden at ng matitinding pagsubok at magagandang pagkakataon sa mortal na buhay. . . .

". . . Ipinaliwanag ni Propetang Lehi na 'kung si Adan ay hindi lumabag, hindi sana siya nahulog' (2 Nephi. 2:22), kundi nanatili sana siya sa dating kalagayan nang siya ay likhain.

". . . Ang Pagkahulog ay ipinlano, pagtatapos ni Lehi, dahil 'lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay' (2 Nephi. 2:24).

"Si Eva ang unang lumagpas sa mga limitasyon ng Eden upang pasimulan ang mga kondisyon ng mortalidad. Ang ginawa niya, anuman ang dahilan, ay isang tuwirang paglabag ngunit may walang-hanggang kaluwalhatiang idinulot na nagbukas ng pintuan tungo sa buhay na walang hanggan. Ipinakita ni Adan ang kanyang karunungan nang gawin din niya ito. At sa gayon sina Eva at 'Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon'(2 Nephi 2:25).

"Kinamuhian si Eva ng ilang Kristiyano dahil sa kanyang ginawa, ipinapalagay na siya at ang kanyang mga anak na babae ay nagkasala na rin dahil dito. Hindi ang mga Banal sa mga Huling Araw! Dahil sa nalaman natin sa paghahayag, nagpapasalamat tayo sa ginawa ni Eva at pinupuri ang kanyang talino at tapang sa dakilang pangyayaring ito na tinatawag na Pagkahulog. . . .

"Ipinapakita sa makabagong paghahayag na naunawaan ng una nating mga magulang ang kahalagahan ng Pagkahulog. Sabi ni Adan, 'Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng kagalakan, at muli sa laman aking makikita ang Diyos' (Moises 5:10)" ("The Great Plan of Happiness," *Ensign,* Nob. 1993, 72–73).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tulungan ang mga hindi dumadalo.** Ang pagtuturo ay higit pa sa pamumuno sa isang talakayan sa araw ng Linggo; kasama rito ang paglilingkod nang may pagmamahal at pagpapala sa iba sa pamamagitan ng ebanghelyo. Maaari ka sigurong mag-isip ng isang taong hindi dumadalo at bigyan siya ng paanyayang makibahagi sa darating na lesson. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 8–9.)



*Huwag Mangyari ang Aking Kalooban, Kundi ang Iyo*, ni Harry Anderson

PEBRERO 10–16

# 2 Nephi 6–10

"O KAYDAKILA NG PLANO NG ATING DIYOS!"

Ang isang magandang paraan para maihanda ang sarili mo na magturo ay basahin muna ang 2 Nephi 6–10 para sa iyong sarili. Itala ang anumang impresyong matatanggap mo, at gamitin ang outline na ito para makakita ng karagdagang mga kabatiran at ideya sa pagtuturo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Itinuro ni Jacob sa kanyang mga tao na ang mga turo ni Isaias "ay maaaring ihalintulad sa inyo" (2 Nephi 6:5). Maaari kang magsimula sa paghiling sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng anuman sa mga turo ni Jacob sa 2 Nephi 6–10 na sa tingin nila ay maihahalintulad sa kanilang buhay. Maaari nilang ipaliwanag kung bakit makabuluhan ang turo para sa kanila.



## Ituro ang Doktrina

2 NEPHI 6–8

### Ang Panginoon ay maawain sa Kanyang mga tao at tutupad sa Kanyang mga pangako.

- Para makapagbigay ng kaunting konteksto sa mga mensahe ng 2 Nephi 6–8, maaaring makatulong sa klase mo na gumawa ng simpleng time line ng mga pangyayaring inilarawan sa 2 Nephi 6:8–15. Ano ang ipinahihiwatig ng mga pangyayaring ito tungkol sa Panginoon at sa Kanyang damdamin para sa Kanyang mga tao? (tingnan din sa 2 Nephi 7:1–3; 8:3). Maaari mong ipaliwanag na bilang mga miyembro ng Simbahan, tayo ay mga pinagtipanang tao ng Diyos ngayon, at tinitipon tayo mula sa sanlibutan tungo sa kaligtasan ng ebanghelyo. Ano ang mga mensahe ng mga kabanatang ito para sa atin ngayon?

2 NEPHI 9

### Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, inililigtas ni Jesucristo ang lahat ng tao mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan.

- Ang isang paraan para mapalalim ang pagpapahalaga natin sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay pag-isipan kung ano kaya ang mangyayari sa atin kung wala ang Pagbabayad-sala. Mapagninilayan ng mga miyembro ng klase ang mga bagay na ito habang pinag-aaralan nila ang 2 Nephi 9. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na simulang pag-aralan ang mga talata 4–9 at pagkatapos ay ilista sa pisara kung ano kaya ang mangyayari kung wala ang Pagbabayad-sala ni Cristo. Ayon sa mga talata 10–14, paano tayo sinagip ng Tagapagligtas mula sa kapalarang ito? Ang mensahe ni Elder Jeffrey R. Holland sa "Karagdagang Resources" ay makakatulong na

maipaunawa sa klase mo ang pangangailangan natin sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang anumang naiisip o nadarama nila na binibigyang-inspirasyon ng mensahe ni Elder Holland tungkol sa Tagapagligtas.

- Hilingin sa mga miyembro ng klase na isipin kung paano nila ipaliliwanag ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa isang tao na hindi na alam kung ano ito o kung bakit ito kailangan. Ang mga katotohanang matatagpuan sa 2 Nephi 9 ay maaaring ihanda ang mga miyembro ng klase para sa ganitong usapan. Marahil ay maaari nilang saliksikin ang mga talata 4–12, na hinahanap kung paano dinaraig ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang pisikal at espirituwal na kamatayan. Batay sa natutuhan natin mula sa mga talatang ito, bakit tinatawag na "walang-hanggang pagbabayad-sala" ang sakripisyo ng Tagapagligtas? (2 Nephi 9:7).

- Hangang-hanga si Jacob sa plano ng pagtubos ng Diyos kaya siya napabulalas ng "O kaydakila" at "O ang kadakilaan" nang ilarawan niya ang plano. Para mas maunawaan ng mga miyembro ng klase ang mga damdaming ito para sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala, isiping anyayahan silang saliksikin ang 2 Nephi 9 para sa mga ibinulalas ni Jacob (karamihan sa mga ito ay matatagpuan sa mga talata 8–20). Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa Diyos at sa Kanyang plano? Anong mga karanasan ang nagpadama sa atin ng nadama ni Jacob tungkol sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak? Maaari din kayong kumanta ng isang awitin tungkol sa kadakilaan ng Diyos, tulad ng "Dakilang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 48), para mapagtibay ang talakayang ito.

**2 NEPHI 9:27–54**

### Makakalapit tayo kay Cristo at matatanggap natin ang maluwalhating mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.

- Maaari kang magpasimula ng talakayan tungkol sa mga turo ni Jacob sa mga talatang ito sa pamamagitan ng paghiling sa mga miyembro ng klase na isipin kung paano nila aanyayahan ang isang tao na magsisi at lumapit kay Cristo. Paano ito ginawa ni Jacob sa 2 Nephi 9:50–53? Anong mga pagpapala ang sinabi niyang darating sa ating buhay kapag tinanggap natin ang mga paanyayang ito?

- Sa 2 Nephi 9, gumamit si Jacob ng dalawang makapangyarihan at magkasalungat na parirala: "ang maawaing plano ng dakilang Lumikha" at "yaong tusong plano niyang masama" (2 Nephi 9:6, 28). Para matuto ang mga miyembro ng klase mula sa pagkakasalungat na ito, maaari kang magdrowing ng isang landas sa pisara at sulatan ito ng *Plano ng Ating Ama sa Langit.* Anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang 2 Nephi 9:27–52, na hinahanap ang payong ibinigay ni Jacob na tutulong sa atin na masunod ang plano ng Ama sa Langit. Hilingin sa kanila na isulat ang natuklasan nila sa tabi ng landas. Ano ang itinuro ni Jacob kung paano tayo tinutukso ni Satanas na lumayo sa plano ng ating Ama sa Langit? Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito kung saan tayo dadalhin ng pagsunod sa plano ng Ama sa Langit at kung saan hahantong ang pagsunod kay Satanas? (tingnan sa 2 Nephi 9:9, 18). Ayon sa mga talatang ito, ano ang magagawa natin para mas lubos na masunod ang plano ng ating Ama sa Langit?

- Sa 2 Nephi 9:28–38, nagbabala si Jacob laban sa ilang pag-uugali at asal na pumipigil sa atin na sundin ang plano ng Diyos para sa atin. Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga ito. Alin sa mga pag-uugali at asal na ito ang mukhang mas laganap ngayon? Bakit lubhang mapanganib ang mga ito? Ano ang matututuhan natin mula sa 2 Nephi 9:50–53 tungkol sa pag-iwas sa mga panganib na ito?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para maging tiwala ang mga miyembro ng klase sa pagbasa sa mga isinulat ni Isaias na sinipi ni Nephi sa 2 Nephi 11–24, maaari mong ipaliwanag na isinama ni Nephi ang mga sulat na ito para palakasin ang pananampalataya ng kanyang mga tao kay Jesucristo. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ituring ang babasahin sa susunod na linggo bilang isang pagkakataon na patatagin ang sarili nilang pananampalataya sa Kanya.



## Karagdagang Resources

### Ang Pangangailangan Natin sa Isang Tagapagligtas

Ikinuwento ni Elder Jeffrey R. Holland ang isang rock climber na nabitin sa isang matarik na bangin nang walang anumang makapipigil sa kanyang pagkahulog tungo sa kamatayan. Nang magsimulang dumulas ang kanyang kapit sa mabuhanging ungos, nadama niyang sinunggaban siya ng mga kamay ng kanyang nakababatang kapatid sa kanyang mga pulsuhan at hinatak siya tungo sa kaligtasan. Inihambing ni Elder Holland ang karanasan ng climber sa ating kalagayan sa makasalanang mundong ito:

“Totoong may Eva at Adan na pinaalis sa Eden, at dumanas ng lahat ng bunga ng pagkahulog. . . . Dahil tayo ay isinilang sa makasalanang daigdig na iyon at dahil tayo man ay lalabag sa mga batas ng Diyos, papatawan din tayo ng mga parusang ipinataw kina Eva at Adan.

“Kalunus-lunos na kalagayan! Ang buong sangkatauhan ay nahuhulog na lahat—bawat lalaki, babae, at bata ay napapalapit sa permanenteng kamatayan, napapalapit sa walang-hanggang espirituwal na kalungkutan. Iyan ba ang kahulugan ng buhay? Ito na ba ang katapusan ng buhay ng tao? Lahat ba tayo ay mananatili na lang na nakabitin sa malamig na talampas sa malupit na sansinukob, bawat isa ay naghahanap ng matutuntungan, bawat isa ay naghahanap ng anumang makakapitan—walang anumang makapa kundi mga buhanging lumulusot sa ating mga daliri, walang makasagip, walang mahawakan, at walang humahawak? . . .

“Ang sagot sa mga tanong na iyon ay malinaw at walang-katapusang hindi! . . . Ang Pagbabayad-sala ay lubusang magtatagumpay laban sa pisikal na kamatayan, na magkakaloob ng pagkabuhay na mag-uli nang walang kondisyon sa bawat taong isinilang at isisilang sa daigdig na ito. Mabuti na lang at maglalaan din ito ng kapatawaran para sa personal na mga kasalanan ng lahat, mula kay Adan hanggang sa katapusan ng mundo, kapalit ng pagsisisi at pagsunod sa mga utos ng Diyos” (“Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma,” *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2015, 105–6).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Ibahagi nang madalas ang iyong patotoo.** Ang iyong simple at taos-pusong patotoo tungkol sa katotohanan ay maaaring makaimpluwensya nang malaki sa mga tinuturuan mo. Hindi ito kailangang maging mahusay o mahaba. Isiping ibahagi ang iyong personal na patotoo tungkol sa Tagapagligtas habang tinatalakay ninyo ang 2 Nephi 9.



PEBRERO 17–23

# 2 Nephi 11–25

"NAGAGALAK TAYO KAY CRISTO"

Bukod sa paghahalintulad ng 2 Nephi 11–25 sa sarili mo, isipin kung paano mo matutulungan ang mga tinuturuan mo na ihalintulad ang mga kabanatang ito sa kanilang sarili (tingnan sa 2 Nephi 11:8). Kapag may ipinararating sa iyo ang Espiritu na mga kaisipan at ideya, isulat ang mga ito.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Bago talakayin ang partikular na mga talata mula sa 2 Nephi 11–25, maaaring makatulong na hilingin sa mga miyembro ng klase na magkunwari na may kaibigan sila na nahihirapang makahanap ng anumang kabuluhan o inspirasyon sa mga isinulat ni Isaias. Ano kayang mga talata ang ibabahagi nila sa kaibigang ito?

## Ituro ang Doktrina

**2 NEPHI 11–24**

### Pinatotohanan ni Isaias si Jesucristo.

- Maaaring mas madaling maunawaan ang mga propesiya ni Isaias kapag alam natin kung bakit isinulat ang mga ito. Para magpasimula ng talakayan tungkol sa mga propesiya ni Isaias sa 2 Nephi, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang kabanata 11 at ilista ang ilan sa mga layunin ni Nephi sa kanyang malawak na pagsipi kay Isaias. Maaari din silang magbahagi ng mga talatang natagpuan nila sa personal na pag-aaral nila o ng kanilang pamilya ng 2 Nephi 12–24 na pakiramdam nila ay tumupad sa mga layuning iyon. Paano nakatulong sa mga miyembro ng klase ang pag-unawa sa mga layunin ni Nephi para mas maunawaan ang mga isinulat ni Isaias? Hikayatin silang isaisip ang mga layuning ito habang tinatalakay nila ang mga isinulat ni Isaias sa klase.
- Dahil gumamit si Isaias ng maraming simbolismo, madaling hindi mapuna ang kanyang malakas na patotoo tungkol kay Jesucristo. Narito ang isang aktibidad na makakatulong sa klase na magtuon ng pansin sa patotoong ito. Maaari kang maghanda ng ilang papel na sinulatan ng mga scripture reference mula sa 2 Nephi 12–24 na nagtuturo tungkol sa Tagapagligtas (halimbawa, 2 Nephi 13:13; 14:4–6; 15:1–7; 16:1–7; 17:14; 18:14–15; 19:6–7; 21:1–5; 22:2). Bawat miyembro ng klase ay maaaring pumili ng isa sa mga papel, pag-aralan ang mga talatang nakasulat dito, at isulat sa papel ang natutuhan niya tungkol kay Jesucristo. Pagkatapos ay maaaring magpalitan ng papel ang mga miyembro ng klase at magdagdag ng iba pang kaisipan o kabatiran na natutuhan nila tungkol sa Tagapagligtas mula sa mga talata ring iyon. Pagkatapos ay maaari mong

bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa Isaias at sa isa't isa na nagpalalim sa pagpapahalaga nila kay Jesucristo.

- Nakalista sa propesiya sa 2 Nephi 19:6 ang ilang titulo ni Jesucristo. Isiping hilingin sa isang tao na ilista ang mga ito sa pisara at anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin kung bakit bawat isa sa mga titulong ito ay akmang paglalarawan sa Tagapagligtas. Paano Niya nagampanan ang mga papel na ito sa ating buhay? Para malaman ang iba pa tungkol sa ilan sa mga titulong ito, maaaring makatulong na hanapin ang mga reperensya sa mga talababa para sa 2 Nephi 19:6.

**2 NEPHI 12:2–5; 21:10–12; 22**

### Sa mga huling araw, titipunin ng Diyos ang mga tao at magtatamasa sila ng kapayapaan.

- Ang ilang bahagi ng mga propesiya ni Isaias ay lalong mahalaga sa atin dahil inilalarawan ng mga ito ang mga aspeto ng gawain ng Diyos sa mga huling araw. Halimbawa, maaari mong suriin ang 2 Nephi 21:10–12, na naglalarawan ng "pinakasagisag" (watawat o bandila) na itataas upang tipunin ang mga tao ng Diyos. Paano natin nakitang espirituwal na tinipon ng Panginoon ang Kanyang mga tao? Maaari sigurong pag-usapan ng ilang miyembro ng klase kung bakit nila gustong makitipon o makiisa sa mga tao ng Diyos sa Simbahan. Baka ikasiya pa nilang gumawa ng sarili nilang mga bandila na naglilista o naglalarawan ng ilan sa mga katotohanan ng ebanghelyo na sa pakiramdam nila ay "hinahanap" ng mga tao at makakatulong sa kanila na "tipunin" at "sama-samang tipunin" (mga talata 10 at 12) ang mga anak ng Diyos sa ating panahon. Paano tayo tumutulong sa pagtitipon?

- Ang isa pang paraan ng pagtalakay sa doktrinang ito ay sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng sumusunod na mga tema: *Pagkalat ng Israel, Pagtitipon ng Israel,* at *Mga Propesiya ni Cristo.* Maaari kang mag-atas ng mga kabanata mula sa 2 Nephi 12–24 sa mga grupo ng mga miyembro ng klase at anyayahan silang hanapin ang mga talata na nagtuturo tungkol sa mga bagay na ito at isulat ang mga talatang ito sa ilalim ng tamang heading sa pisara. Ano ang mga mensahe ng mga talatang ito para sa atin? (Maaaring makatulong na sabihin sa mga miyembro ng klase na matutulungan sila ng Doktrina at mga Tipan 113:1–6 na maunawaan ang 2 Nephi 21:1–5, 10.)

- Ang mga himnong tulad ng "Sa Tuktok ng Bundok" (*Mga Himno,* blg. 4) o "Tanglaw Ko ang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 49), na ang ilang bahagi ay batay sa mga propesiya sa 2 Nephi 12:2–5 at 2 Nephi 22, ay makapagbibigay-diin sa mga mensahe at diwa ng mga salita ni Isaias.

**2 NEPHI 14:4–6**

### Ang ating tahanan at "mga pagtitipon" ng Sion ay maaaring maging mga lugar ng kaligtasan at kanlungan.

- Sa 2 Nephi 14:4–6 ay nagpropesiya si Isaias tungkol sa kaligtasan at kapayapaang tatamasahin ng mabubuti kapag "nahugasan" at "nalinisan" na ng Panginoon ang kanilang mga kasalanan. Bagama't inilalarawan sa mga talatang ito ang mga kondisyong iiral sa Milenyo, maaaring makatulong ang mga ito sa mga miyembro ng klase habang naghahangad sila ng espirituwal na kaligtasan sa gitna ng kasamaan sa mga huling araw. Anyayahan silang pagnilayan at talakayin ang ibig sabihin ng magkaroon ng "isang ulap at usok" at "isang nagniningas na apoy" sa kanilang "pook" at "mga pagtitipon" (talata 5; tingnan din sa Exodo 13:21–22). Ano ang ilang bagay na maaaring ikumpara sa init, bagyo, at ulan na binanggit sa talata 6? Paano tayo makakahanap ng kanlungan? (tingnan din sa D at T 115:6). Marahil ay maaaring magmungkahi ng mga paraan ang mga miyembro ng klase para matiyak na ang ating tahanan at mga pagtitipon sa Simbahan ay mga lugar ng espirituwal na proteksyon.

**2 NEPHI 25:19–29**

### "Ang tamang landas ay maniwala kay Cristo."

- Ang mga miyembro ng klase mo ay malamang na makaugnay sa hangarin ni Nephi na "hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo." Paano "masigasig [na gumawa]" si Nephi para maisakatuparan ang mithiing ito? (2 Nephi 25:23). Maaari sigurong saliksikin ng mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 25:19–29 para makita ang mga katotohanan tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo na gusto ni Nephi na malaman ng kanyang mga tao. Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi ang nagawa nila para maituro ang mga katotohanang ito sa kanilang pamilya o mga kaibigan. Halimbawa, paano nila naituro ang katotohanan na "naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya,

sa kabila ng lahat ng ating magagawa"? (Ang pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa "Karagdagang Resources" ay makapagbibigay ng ilang ideya tungkol sa katotohanang ito.) Paano nila natulungan ang iba na "magalak kay Cristo"?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring maging interesado ang mga miyembro ng klase na malaman na matutulungan sila ng 2 Nephi 26–30 na tumugon sa mga tao na nagsasabing, "Hindi namin kailangan ang Aklat ni Mormon."



## Karagdagang Resources

### "Sapagka't sa atin ay isinilang ang isang bata."

Para makaragdag sa talakayan ninyo tungkol sa 2 Nephi 19:6, panoorin o pakinggan ang pag-awit ng Tabernacle Choir at Temple Square ng "For Unto Us A Child Is Born" (ChurchofJesusChrist.org).

### "Naliligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa."

Sa pagbibigay ng komentaryo tungkol sa mga salita ni Nephi sa 2 Nephi 25:23, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf:

"Kung minsa'y naiisip ko kung nagkakamali tayo sa pag-unawa sa mga katagang 'sa kabila ng lahat ng ating magagawa.' Kailangan nating maunawaan na ang 'sa kabila' ay hindi katumbas ng 'dahil.'

"Hindi tayo naliligtas 'dahil' sa lahat ng ating magagawa. May nakagawa na ba sa atin ng *lahat* ng ating magagawa? Naghihintay ba ang Diyos hanggang sa maubos natin ang lahat ng pagsisikap bago Siya makialam sa ating buhay sa pamamagitan ng Kanyang nakapagliligtas na biyaya? . . .

"Natitiyak ko na alam ni Nephi na ang biyaya ng Tagapagligtas ay *nagtutulot* at *nagbibigay-kakayahan* sa atin na iwasang magkasala [tingnan sa 2 Nephi 4:19–35; Alma 34:31]. Kaya nga nagsumigasig si Nephi na hikayatin ang kanyang mga anak at kapatid 'na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos' [2 Nephi 25:23].

"Kunsabagay, *iyan* ang ating magagawa! At *iyan* ang ating gawain sa mortalidad!" ("Ang Kaloob na Biyaya," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2015, 110).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magtanong ng mga bagay na nag-aanyaya ng patotoo.** "Ang pagtatanong ng mga bagay na naghihikayat sa mga mag-aaral na magpatotoo tungkol sa mga alituntuning itinuturo ay maaaring maging mabisang paraan para maanyayahan ang Espiritu. . . . Ang kanilang mga patotoo—at ang mga patotoo ng iba sa klase—ay lalago kapag pinatotohanan ng Espiritu ang katotohanan" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 32).


*Aakayin Niya Kayo sa Kamay,* ni Sandra Rast

PEBRERO 24–MARSO 1

# 2 Nephi 26–30

"ISANG KAGILA-GILALAS AT KAMANGHA-MANGHANG GAWAIN"

Alalahanin na ang tahanan ang dapat maging sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo. Ang personal na pag-aaral mo at pag-aaral ng iyong pamilya ng 2 Nephi 26–30 ang dapat maging batayan ng paghahanda mong magturo. Magplano ng mga paraan para makabatay sa, magpatibay ng, at mahikayat ang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng mga tao sa klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Sa simula ng lesson, bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay mula sa 2 Nephi 26–30 na natagpuan nilang makabuluhan nang mag-aral sila sa tahanan. Halimbawa, maaari mong hilingin na ibahagi nila nang maikli ang isang talatang nakatulong sa kanila na maunawaan ang ating panahon at mga hamong kinakaharap natin.

## Ituro ang Doktrina

2 NEPHI 26:24–28, 33

### Lahat ng bagay na ginagawa ng Panginoon ay dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin.

- Kung inspirado kang talakayin ang mga turo ni Nephi tungkol sa pagmamahal ng Panginoon, maaari mo ring subukan ito: Matapos ninyong sama-samang basahin ang 2 Nephi 26:24, anyayahan ang mga miyembro ng klase na gumawa ng listahan ng mga bagay na nagawa ni Jesucristo para sa kanila nang dahil sa pagmamahal. Paano Niya "[inilalapit] ang lahat ng tao sa kanya"? Ano ang inspirado tayong gawin bilang tugon sa Kanyang mga pagpapahayag ng pagmamahal?
- Ang mga paanyaya ng Panginoon sa 2 Nephi 26:24–28, 33 ay malalakas na katibayan ng Kanyang pagmamahal. Ang isang paraan na maaari mong matulungan ang mga miyembro ng klase na matuklasan ang mga paanyayang ito ay hilingan silang ibuod ang mensahe ng Panginoon sa mga talatang ito sa isang pangungusap. Marahil ay handang ibahagi ng ilang miyembro ng klase ang kanilang buod. Paano maaaring makaimpluwensya ang mga talatang ito sa paraan ng pag-anyaya natin sa iba na lumapit kay Cristo? Hikayatin ang klase na itala ang ilan sa kanilang mga naiisip at nadarama. Para maanyayahan ang Espiritu, isiping magpatugtog ng recording ng isang himno tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas, tulad ng "Magsipaglapit kay Jesucristo" (*Mga Himno,* blg. 68), habang nagninilay ang mga miyembro ng klase.

**2 NEPHI 27; 29; 30:3–8**

### Ang Aklat ni Mormon ay mahalaga sa gawain ng Diyos sa mga huling araw.

- Ang mga tao sa klase mo ay maaaring mangailangan ng kaunting tulong sa pag-unawa sa propesiya sa 2 Nephi 27 tungkol sa isang aklat na mahigpit na nakasara at sa isang taong marunong. Maaaring makatulong ang kuwento sa kasaysayan sa "Karagdagang Resources." Aakma ba sa klase mo kung isasadula nang maikli ng ilang miyembro ng klase ang mga pangyayaring inilarawan sa salaysay na ito at sa 2 Nephi 27:15–22? Bakit kaya ipinakita kay Nephi ang mga pangyayaring ito nang napakaaga? Ano ang itinuturo sa atin ng propesiya ni Nephi tungkol sa kahalagahan ng Aklat ni Mormon? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi sa isa't isa kung paano sila nagkaroon ng sariling patotoo sa Aklat ni Mormon.

- Mayroon ba sa klase mo na maaaring magbahagi ng isang karanasan nang mag-anyaya sila ng isang tao na basahin ang Aklat ni Mormon? Ano ang ilang dahilan para hindi tanggapin ng isang tao ang paanyayang basahin ang Aklat ni Mormon? Ang tugon ng Panginoon sa gayong dahilan ay matatagpuan sa 2 Nephi 29:6–11. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga talatang ito at pagkatapos ay isadula kung paano sila maaaring tumugon nang may pagmamahal sa isang taong nagsasabi na hindi kailangan ang Aklat ni Mormon. Ano ang iba pang mga ideya ng mga miyembro ng klase kung paano nila matutulungan ang iba na "[malaman] na pagpapala [ang Aklat ni Mormon] sa kanila mula sa kamay ng Diyos"? (2 Nephi 30:6).

**2 NEPHI 28**

### Hangad ni Satanas na manlinlang.

- Ang outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay nagmumungkahing saliksikin ang mga kasinungalingan ni Satanas na inilarawan sa 2 Nephi 28. Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang natuklasan nila, o maaari nilang suriing mabuti ang 2 Nephi 28 sa klase at ilista ang mga kasinungalingan ni Satanas na natukoy nila. Maaari ding makatulong na hayaan silang magbuo ng maliliit na grupo para hanapin ang mga banal na kasulatan na pinasisinungalingan ang mga panlilinlang na ito (kung kailangan nila ng tulong, maaari mong ibahagi ang mga mungkahi sa "Karagdagang Resources"). Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga grupo sa isa't isa ang natuklasan nila at talakayin kung paano nila mapapansin ang "mali at palalo at mga hangal na doktrina" ng kaaway (2 Nephi 28:9).



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 2 Nephi 31–33 kung alam nila na nasa mga kabanatang ito ang huling nakatalang mga salita ni Nephi, kabilang na ang isa sa pinakasimple ngunit napakalinaw na mga paliwanag tungkol sa doktrina ni Cristo.



## Karagdagang Resources

### "Pagkatapos ay sasabihin ng marunong: Hindi ko ito mababasa" (2 Nephi 27:8).

Noong Pebrero 1828, si Martin Harris, isang kaibigan ni Joseph Smith, ay "naglakbay pasilangan patungong New York City na dala ang isang kopya ng ilan sa mga letrang nakatitik sa [gintuang] mga lamina para ipakita ito sa mga iskolar. Marahil ay gusto niya ng dagdag na katiyakan na ang mga lamina ay tunay, o maaaring naisip niya na matutulungan sila ng isang patunay para maipangutang ang paglalathala ng pagsasalin. Ano't anuman, iginiit niya na ang Panginoon ang nagtulak sa kanya na magbiyahe.

"Noon, si Joseph man o si Martin ay walang gaanong alam tungkol sa wika sa mga lamina. Ang alam lang nila ay ang sinabi ng anghel na si Moroni kay Joseph: na iyon ay talaan ng sinaunang Amerika. Sa gayon, sa halip na maghanap ng isang iskolar na nakakaalam ng wika ng mga taga-Egipto (kalaunan ay nalaman ni Joseph na ang wika sa mga lamina ay tinatawag na 'binagong wika ng mga taga-Egipto'), binisita ni Martin ang ilang iskolar na interesado sa mga bagay na sinauna, lalo na ang mga sinaunang bagay sa Amerika.

“. . . [Kabilang sa mga iskolar na binisita ni Martin si] Charles Anthon, isang batang propesor ng grammar and linguistics sa Columbia College. Matagal nang nangongolekta si Anthon ng mga kuwento at talumpating mailalathala tungkol sa mga Indian sa Amerika at sabik siyang masiyasat ang dokumentong dala ni Martin sa kanya.

“Sabi ni Martin, sinabi raw ni Anthon na tunay ang mga letrang nakatitik hanggang sa malaman nito kung paano ito nakuha ni Joseph Smith. Iminungkahi nito na dalhin ni Martin sa kanya ang mga lamina. Tumanggi si Martin, at sumagot si Anthon, na sinasabi sa ibang mga salita ang isang talata sa Isaias, ‘Hindi ako makakabasa ng isang aklat na mahigpit na nakasara.’ Bagama’t itinanggi ni Anthon kalaunan ang mga detalye ng salaysay ni Martin tungkol sa kanilang pagkikita, ito ang alam natin: tumigil si Martin sa kanyang pagbisita sa mga iskolar sa silangan na mas kumbinsido kaysa rati na si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos at na ang mga lamina at ang mga letrang nakatitik doon ay sinauna. Itinuring nila ni Joseph ang pagbisita kay Anthon na katuparan ng propesiya ni Isaias (binanggit din sa Aklat ni Mormon mismo) na tungkol sa isang ‘aklat na natatatakan, na ibinibigay ng mga tao sa isang marunong bumasa, na sinasabing, Iyong basahin ito, isinasamo ko sa iyo: at kaniyang sinasabi, Hindi ko mababasa, sapagka’t natatatakan’ [Isaias 29:11; tingnan din sa 2 Nephi 27:15–18]” (“The Contributions of Martin Harris,” *Revelations in Context* [2016], 3–4, history .ChurchofJesusChrist.org).

## Mga talata sa banal na kasulatan na pinasisinungalingan ang mga panlilinlang ni Satanas.

| Maling doktrina | Tunay na doktrina |
|---|---|
| “Sa araw na ito ay hindi na siya Diyos ng mga himala; tapos na ang kanyang gawain” (2 Nephi 28:6). | Moroni 7:35–37 |
| “[Ang] Diyos . . . [ay] bibigyan ng katwiran ang paggawa ng kaunting kasalanan” (2 Nephi 28:8). | Doktrina at mga Tipan 1:31 |
| “Mainam ang lahat sa Sion” (2 Nephi 28:21). | Doktrina at mga Tipan 68:31; 82:14 |
| “Hindi ako diyablo, sapagkat walang diyablo” (2 Nephi 28:22). | 2 Nephi 2:17; Doktrina at mga Tipan 76:25–27 |
| “Hindi na namin kailangan pa ng salita ng Diyos, sapagkat sapat na ang kaalaman namin” (2 Nephi 28:29). | 2 Nephi 28:30; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9 |

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Huwag matakot sa katahimikan.** “Ang magagandang tanong ay nangangailangan ng oras para masagot. Nangangailangan ito ng pagninilay, pagsasaliksik, at inspirasyon. Ang oras na ginugugol mo sa paghihintay ng mga sagot sa isang tanong ay maaaring maging sagradong oras ng pagninilay. Iwasang matuksong tapusin kaagad ang oras na ito sa pagsagot sa sarili mong tanong o pagtuloy sa ibang paksa” (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 31).



*Nagtuturo si Cristo sa Kanyang mga Disipulo*, ni Justin Kunz

MARSO 2–8

# 2 Nephi 31–33

"ITO ANG DAAN"

Habang pinag-aaralan mo ang 2 Nephi 31–33, isaisip ang mga miyembro ng klase mo at isipin ang mga karanasan nila sa mga katotohanang itinuro ni Nephi. Paano mo sila maaanyayahang ituro sa isa't isa ang natutuhan at nadama nila tungkol sa mga doktrinang ito?

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Nagkaroon na ba ng makabuluhang karanasan ang sinuman sa klase mo sa linggong ito sa isa sa mga mungkahi sa pag-aaral sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*? Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga karanasan.



## Ituro ang Doktrina

**2 NEPHI 31–32**

### Si Jesucristo at ang Kanyang doktrina ang tanging daan tungo sa buhay na walang hanggan.

- Marahil ay makikinabang ang klase mo na makita kung paano nauugnay sa isa't isa at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang pananampalataya, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Para magawa ito, maaari kang magdrowing ng isang landas sa pisara at anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat sa landas na ito ang ilan sa mga alituntuning matatagpuan sa 2 Nephi 31. Bawat miyembro ng klase ay maaaring pumili ng isa sa mga alituntuning ito at saliksikin ang 2 Nephi 31–32 para maghanap ng isang bagay na itinuro ni Nephi tungkol dito. Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi sa isa't isa ang natuklasan nila at talakayin kung paano nito mas naipauunawa sa kanila ang mga alituntunin. Paano naghahatid ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay ang pamumuhay ayon sa mga alituntuning ito?
- Paano ka maaaring magpasimula ng talakayan tungkol sa payak at simpleng paglalarawan ni Nephi sa "daan" tungo sa kaligtasan? (2 Nephi 31:21). Marahil ay maaari mong itanong sa mga miyembro ng klase kung ano ang sasabihin nila kung may 60 segundo lang sila para ipaliwanag kung ano ang kailangang gawin ng isang tao para tumanggap ng kaligtasan. Pagkatapos ay maaaring suriin ng mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 31–32, na naghahanap ng mga pahayag na maaaring makatulong. Ano ang matututuhan natin mula sa mga kabanatang ito tungkol sa mahalagang papel ng Tagapagligtas sa ating kaligtasan? Ang mga pahayag sa "Karagdagang Resources" ay maaaring makatulong sa pag-uusap na ito.

- Kung minsan ang tingin natin sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay magkakaiba at magkakahiwalay, ngunit magkakaugnay sila talaga. Para maipakita sa mga miyembro ng klase kung paano nagkakaugnay ang mga alituntunin sa 2 Nephi 31, anyayahan ang mga miyembro ng klase, nang isa-isa o sa maliliit na grupo, na basahin ang mga talata 4–21 at gumawa ng isang diagram na nagpapakita kung paano nakabatay sa isa't isa, nauugnay sa isa't isa, at kung anu-ano pa ang pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang sa wakas. Hikayatin silang maging malikhain. Kapag nagbahagi sila ng kanilang diagram sa klase, hilingin sa kanila na ibahagi ang natutuhan nila tungkol sa mga alituntuning ito. Paano natin magagawang bahagi ang mga ito ng ating pang-araw-araw na buhay?

**2 NEPHI 31:15–20**

### "Siya na makapagtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas."

- Nauunawaan ba ng mga miyembro ng klase ang ibig sabihin ng magtiis hanggang wakas? Narito ang isang aktibidad na makakatulong. Isulat sa pisara ang *Paano ko malalaman kung nagtitiis ako hanggang wakas?* Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang 2 Nephi 31:15–20 para maghanap ng mga posibleng sagot sa tanong na ito. Hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat sa pisara ang anumang makakatulong na mga salita o pariralang nakita nila. Bakit mahalagang bahagi ng doktrina ni Cristo ang pagtitiis hanggang wakas? Maaari mo ring ibahagi ang pahayag ni Elder Dieter F. Uchtdorf sa "Karagdagang Resources" o ang pahayag tungkol sa pagtitiis hanggang wakas sa pahina 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.

- May kakilala ba ang mga miyembro ng klase na isang halimbawa ng pagtitiis hanggang wakas? Ano ang nakatulong sa taong ito na "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo"? (talata 20). Isiping ibahagi ang mga kuwento ng ibang mga tao na binanggit sa mga banal na kasulatan na nagtiis hanggang wakas.

**2 NEPHI 32:1–6**

### Ipapakita sa atin ng Espiritu Santo ang dapat nating gawin.

- Sa 2 Nephi 32, binanggit ni Nephi na nahiwatigan niyang may problema ang kanyang mga tao tungkol sa pagsunod sa doktrina ni Cristo. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang problemang ito sa 2 Nephi 32:1 at pagkatapos ay basahin ang sagot ni Nephi sa 2 Nephi 32:2–6. Paano muling sasabihin ng mga miyembro ng klase sa sarili nilang mga salita ang itinuro ni Nephi? Ano ang mga naranasan ng mga miyembro ng klase nang maipakita sa kanila ng Espiritu Santo o ng mga salita ni Cristo ang kailangan nilang gawin?

**2 NEPHI 33**

### Hinihikayat tayo ng Aklat ni Mormon na maniwala kay Cristo.

- Umasa si Nephi na mahihikayat tayo ng kanyang mga salita "na gumawa ng mabuti [at] maniwala [kay Cristo]" (2 Nephi 33:4). Anong mga talata o kuwento mula sa 1 at 2 Nephi ang nakahikayat sa atin na gumawa ng mabuti at maniwala kay Cristo? Isiping maghanap ng ilang himno na maaaring kantahin o pakinggan ng klase mo na nagbibigay-diin sa mga mensaheng ito, tulad ng "Ako'y Naniniwala kay Cristo" o "Ako ba'y May Kabutihang Nagawa?" (*Mga Himno,* blg. 76, 135).



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Ang isang paraan para mahikayat ang mga miyembro ng klase na pag-aralan ang Jacob 1–4 sa susunod na linggo ay ipaliwanag na sa mga kabanatang ito ay makikita nila ang mga babala ni Jacob tungkol sa dalawang kasalanang laganap lalo na sa ating panahon.



## Karagdagang Resources

### Ang doktrina ni Cristo.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland: "Ang 'doktrina ni Cristo' na itinuro ni Nephi sa kanyang maringal at ibinuod na diskurso ay nakatuon sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Hindi layunin ng pahayag na ito na saklawin ang buong plano ng kaligtasan, lahat ng

mabubuting katangian ng buhay-Kristiyano, o ang mga gantimpala na naghihintay sa atin sa magkakaibang antas ng kaluwalhatian sa langit. Hindi tinatalakay sa pahayag na ito ang mga katungkulan sa priesthood, ang mga ordenansa sa templo, o maraming iba pang totoong doktrina. Lahat ng ito ay mahalaga, ngunit batay sa paggamit dito sa Aklat ni Mormon, 'ang doktrina ni Cristo' ay simple at tuwiran. Ito ay nakatuon lamang sa mga unang alituntunin ng ebanghelyo, kabilang na ang panghihikayat na magtiis, manindigan, magpatuloy. Tunay ngang sa kalinawan at kasimplihan ng 'mga doktrina ni Cristo,' matatagpuan ang epekto nito" (*Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* [1997], 49–50).

Sabi ni Elder D. Todd Christofferson: "Sumasamo ako sa lahat . . . na hangarin sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang [isang] patotoo . . . ukol sa banal na pagkatao, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Tanggapin ang Kanyang doktrina sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay habambuhay ninyong sundin ang mga batas at tipan ng ebanghelyo ni Jesucristo" ("Ang Doktrina ni Cristo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2012, 89).

### Pagtitiis hanggang wakas.

Ipinaliwanag ni Elder Dieter F. Uchtdorf:

"Noong bata pa ako, ang ibig sabihin sa akin ng 'magtiis hanggang wakas' ay kailangan kong sikapin pang manatiling gising hanggang matapos ang mga miting namin sa Simbahan. Kalaunan noong tinedyer ako . . . iniugnay ko ito sa mga pagsisikap ng ating mahal na matatandang miyembro na manatiling tapat hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay. . . .

". . . Ang pagtitiis hanggang wakas ay hindi lang basta pagpapabaya sa mga kahirapan ng buhay o 'basta magtiyaga lang.' Ang atin ay isang aktibong relihiyon, na tumutulong sa mga anak ng Diyos na makatahak sa tuwid at makipot na landas upang mapaghusay ang kanilang ganap na potensyal sa buhay na ito at makabalik sa Kanya balang-araw. Sa pananaw na ito, ang pagtitiis hanggang wakas ay nagpapadakila at maluwalhati, hindi malupit at malungkot. Ito ay isang masayang relihiyon, ng pag-asa, lakas, at kaligtasan. . . .

"Ang pagtitiis hanggang wakas ay nagpapahiwatig ng '[pagtitiyaga] sa mabubuting gawa' (Mga Taga Roma 2:7), pagsisikap na sundin ang mga kautusan (tingnan sa 2 Nephi 31:10), at paggawa ng kabutihan (tingnan sa DT 59:23)" ("Hindi ba't May Dahilan upang Tayo ay Magsaya?" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 20).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Sama-sama tayong natututo.** Bilang isang guro, hindi ka lang nagbibigay ng impormasyon—natututo kang kasabay ng iba pa sa klase mo. Ibahagi sa kanila kung ano ang ginagawa mo para matuto mula sa mga banal na kasulatan.



*Forgiven*, ni Greg K. Olsen

MARSO 9–15

# Jacob 1–4

MAKIPAGKASUNDO SA DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAYAD-SALA NI CRISTO

Maraming turo sa Jacob 1–4 na angkop sa ating panahon. Habang binabasa mo ang mga kabanatang ito, isipin kung paano mo matutulungan ang mga tinuturuan mo na mamuhay ayon sa doktrinang itinuro ni Jacob.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para makapagbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga kabatiran mula sa Jacob 1–4, maaari mo silang bigyan ng maliliit na papel at anyayahan silang isulat ang isang scripture reference mula sa mga kabanatang ito na makabuluhan sa kanila. Ilagay ang mga papel sa isang lalagyan, dumukot ng ilan, at anyayahan ang mga taong sumulat sa mga reperensya na ibahagi ang kanilang mga kabatiran.

## Ituro ang Doktrina

JACOB 1:6–8, 15–19; 2:1–11; 4:18

### Ang mabubuting pinuno ay masigasig na nagsisikap para sa kapakanan ng mga kaluluwa.

- Maaari kang magpasimula ng talakayan tungkol sa masigasig na mga pagsisikap ni Jacob sa kanyang mga tao sa paghiling sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan na napagpala sila ng paglilingkod ng isang pinuno ng Simbahan. O kaya'y hilingin sa isang lokal na lider ng Simbahan—noon o ngayon—na ikuwento ang isang pagkakataon na naging inspirado siyang paglingkuran ang isang tao. Pagkatapos ay maaaring hanapin ng mga miyembro ng klase ang mga salita at parirala sa Jacob 1:6–8, 15–19; 2:1–11; at 4:18 na nagpapaunawa sa atin kung ano ang nadama ni Jacob tungkol sa kanyang calling at sa mga taong pinaglingkuran niya. Paano natin nakita na ginagampanang mabuti ng ating mga lider ang kanilang tungkulin? Ano ang iminumungkahi ng mga talatang ito tungkol sa paraan na dapat nating suportahan ang ating mga lider?



Tulad ni Jacob, ang mga lider ng Simbahan ngayon ay "[tinutupad] ang [kanilang] tungkulin sa Panginoon."

JACOB 2:12–21

### Dapat nating iwasan ang kapalaluan at tulungan ang mga nangangailangan.

- Matindi ang mga babala ng Panginoon sa mga Nephita tungkol sa kapalaluan. Para mapasimulan ang talakayan tungkol sa paksang ito, maaari mong kontakin nang maaga ang ilang miyembro ng klase at hilingin na humanap sila ng mga paraan na hinihikayat ni Satanas ang pagmamahal sa kayamanan sa ating mundo ngayon. Pagkatapos ay anyayahan silang ibahagi sa klase ang napansin nila. Maaaring magpares-pares ang mga miyembro ng klase sa pagbabasa ng Jacob 2:12–21 at hanapin kung ano ang itinuro ng Panginoon kung paano natin dapat ituring ang materyal na yaman. Pagkatapos ay maaari silang gumawa at magbahagi ng isang poster na nagtataguyod sa alituntuning iyon. Magbigay ng oras para mapagnilayan ng bawat miyembro ng klase kung ano ang magagawa nila para magamit ang natutuhan nila mula sa mga mensahe ni Jacob.

- Maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase mo ang Jacob 2:12–21 at isulat ang sarili nilang mga tanong na idaragdag sa listahan ni Elder Perry. Ano ang idinaragdag ng pahayag ni Elder Perry sa "Karagdagang Resources" sa pagkaunawa natin sa mga turo ni Jacob?

JACOB 2:23–35

### Nalulugod ang Panginoon sa kalinisang-puri.

- Itinuro ni Elder David A. Bednar na nabubuhay tayo "sa daigdig na lumalait sa kasagraduhan ng kapangyarihang lumikha ng buhay at humahamak sa kahalagahan ng buhay ng tao" ("Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 41–44). Paano mo maaaring tulungan ang mga miyembro ng klase na gamitin ang Jacob 2:23–35 para labanan ang mga mensahe ng mundo tungkol sa kalinisang-puri? Maaaring ang isang paraan ay isulat sa pisara ang *Ano ang pakiramdam ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri?* at anyayahan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga sagot sa tanong. Ang ilan sa kanila ay maaaring magsaliksik sa Jacob 2:23–35, at ang iba naman ay sa mensahe ni Elder Bednar na binanggit sa itaas. Maaari nilang ilista sa pisara ang mga sagot na nakita nila. Para matalakay ang mga pamantayan at pagpapalang kaakibat ng pagsunod sa batas ng kalinisang-puri, maaari mong rebyuhin ang "Kadalisayan ng Puri" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 35–37) o ipakita ang isa sa mga video na nakalista sa "Karagdagang Resources." Ano ang mga pagpapala ng malinis na pamumuhay?

JACOB 4:4–11

### Naniwala ang mga Nephita kay Jesucristo.

- Gustong ipaalam sa atin ni Jacob na kahit nabuhay sila ng kanyang mga tao nang daan-daang taon bago ang mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, alam nila ang tungkol sa Kanya at inasam na mailigtas Niya. Ayon sa Jacob 4:4–5, bakit sinunod ng mga Nephita ang batas ni Moises? Ano ang mayroon tayo sa ating panahon na nagtutuon ng ating mga kaluluwa sa Tagapagligtas? Anong mga simbolo o pagkakatulad ang ginamit ni Jacob para magturo tungkol kay Jesucristo? (tingnan din sa Genesis 22:1–13).

JACOB 4:8–18

### Maiiwasan ko ang espirituwal na pagkabulag sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa Tagapagligtas.

- Mayroon bang sinuman sa klase mo na nagpasuri sa mata kamakailan? Kung mayroon, maaari mong hilingin sa taong iyon na ilarawan kung paano sinuri ng doktor ang kanyang paningin. Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ng maging espirituwal na bulag. Paano naging katulad ng pisikal na pagkabulag ang espirituwal na pagkabulag? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magmungkahi ng mga paraan na masusuri natin kung tayo ay espirituwal na bulag. Maaari din nilang rebyuhin ang Jacob 4:8–18 at magmungkahi sila ng ilang bagay na magagawa natin para pag-ibayuhin ang ating kakayahang "makita" ang mga espirituwal na bagay.

- Nagbalangkas si Elder Quentin L. Cook ng apat na paraan na maaaring tumingin ang mga tao "nang lampas sa tanda" sa ating panahon (tingnan sa "Karagdagang Resources"). Ano ang idinaragdag ng kanyang sinabi sa pagkaunawa natin sa Jacob 4:13–15? Ano ang ibig sabihin ng tumingin nang lampas sa tanda? Paano natin maiiwasang tumingin nang lampas sa tanda?



# Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Jacob 5–7, sabihin sa kanila na makikita nila ang sagot sa tanong sa Jacob 4:17 kapag binasa nila nang may panalangin ang susunod na tatlong kabanata.



# Karagdagang Resources

## Ang ating saloobin sa materyal na kayamanan

Sa pagtukoy sa Jacob 2:13–19, itinuro ni Elder L. Tom Perry: "Kailangan nating isapuso ang payo ni Jacob. Dapat nating basahin ang talatang ito sa banal na kasulatan na para bang isinulat ito talaga para sa atin sa mga panahong ito, dahil totoo iyan. Ang kanyang mga salita ay dapat maging dahilan para masusi nating tanungin ang ating sarili. Nasa tamang ayos ba ang mga bagay-bagay sa sarili nating buhay? Namumuhunan ba tayo, una sa lahat, sa mga bagay na likas na walang hanggan? Mayroon ba tayong walang-hanggang pananaw? O kaya'y nahulog na ba tayo sa bitag na mamuhunan muna sa mga bagay ng mundong ito at pagkatapos ay kalimutan ang Panginoon?" ("United in Building the Kingdom of God," *Ensign,* Mayo 1987, 34).

## Pagtingin nang lampas sa tanda

Nagbalangkas si Elder Quentin L. Cook kung paano tayo maaaring tumingin "nang lampas sa tanda":

**"Pagpapalit sa mga katotohanan ng ebanghelyo ng mga pilosopiya ng tao"**

"Ang ilang tao ay tila ikinahihiya ang kapayakan ng mensahe ng Tagapagligtas. Ninanais nila na dagdagan ng kasalimuutan at maging ng kalabuan ang katotohanan upang ito ay maging mapanghamon sa intelektuwal o mas maging bagay sa kasalukuyang mga paniniwala sa akademya. . . . Tumitingin tayo nang lampas sa tanda kapag tumatanggi tayo na tanggapin ang payak na mga katotohanan ng ebanghelyo sa kung ano talaga ang mga ito."

**"Panatismo sa ebanghelyo"**

"Tumitingin tayo nang lampas sa tanda kapag iniaangat natin ang anuman sa mga alituntunin, gaano man kahalaga ito, sa isang antas na magpapahina sa ating [katapatan] sa iba pang kasing-halagang alituntunin o kapag tayo ay naninindigan nang laban sa mga turo ng mga Kapatid."

**"Mga diumano ay gawang kabayanihan bilang kapalit ng pang-araw-araw na paglalaan"**

"May mga miyembro na nagsasabi na ilalaan nila ang kanilang sarili nang may kasiglahan kapag binigyan ng mataas na katungkulan, ngunit nakikita nila ang home teaching o visiting teaching [tinatawag na ngayong ministering] na hindi maituturing na kabayanihan upang paglaanan ng ganap na paglilingkod."

**"Pagturing sa mga patakaran nang higit sa doktrina"**

"Ang mga nakahandang sumunod sa mga patakaran nang walang pagtukoy sa doktrina at alituntunin ay madaling makagawa, lalung-lalo na, ng pagtingin nang lampas sa tanda" ("Pagtingin nang Lampas sa Tanda," *Ensign* o *Liahona,* Mar. 2003, 21–24).



*Alegoriya ng Punong Olibo,* ni Brad Teare

MARSO 16–22

# Jacob 5–7

GUMAGAWA ANG PANGINOON NA KASAMA NATIN

Simulan ang paghahanda mong magturo sa pagbasa sa Jacob 5–7 nang personal at kasama ang pamilya mo. Ano ang natutuhan mo na lubos na makakatulong sa mga tinuturuan mo? Ang outline na ito ay makapagbibigay sa iyo ng iba pang mga ideya.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Ano ang nakita ng mga miyembro ng klase sa Jacob 5–7 na naghikayat sa kanila na "makagawa sa olibohan" kung saan sila nakatira? (Jacob 5:15).

## Ituro ang Doktrina

JACOB 5

### Inaanyayahan ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod na gumawang kasama Niya sa Kanyang olibohan.

- Dahil mahaba at medyo kumplikado ang talinghaga ng mga puno ng olibo, maaari kayong magtulungan bilang isang klase na gumawa ng maikling buod ng talinghaga. Halimbawa, maaari mong idrowing ang mga pangunahing bahagi ng talinghaga sa pisara o gumawa ka ng time line ng mga pangyayari (para sa halimbawa, tingnan ang diagram sa dulo ng outline na ito). Maaaring dagdagan ng mga miyembro ng klase ng mga scripture reference o paglalarawan ang drowing at talakayin kung ano ang kahulugan ng ilan sa mga simbolo, tulad ng likas at ligaw na mga puno ng olibo, Panginoon ng olibohan, tagapagsilbi, at mabuti at masamang bunga. Sa talakayang ito, rebyuhin ang mga talata 61–75, na naglalarawan sa gawain ng Panginoon sa ating panahon. Paano tayo naglilingkod sa olibohan ng Panginoon? Paano nauugnay ang mga talatang ito sa gawaing ginagawa natin?
- Ang mga salita ng "Panginoon ng olibohan" ay maaaring magpalubag ng loob ng mga magulang ng suwail na mga anak. Halimbawa, ano ang iminumungkahi sa Jacob 5:41, 46–47 tungkol sa nadarama ng ating Ama sa Langit tungkol sa Kanyang mga anak na naliligaw ng landas? Paano Niya sinisikap na iligtas sila? (tingnan sa mga talata 61–75).
- Itinuturo sa Jacob 5:61–75 na ang Panginoon ay gumagawa na kasama ng Kanyang mga tagapagsilbi sa Kanyang olibohan. Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito sa maliliit na grupo at talakayin ang mga karanasan na nagpakita sa kanila na ang Panginoon ay gumagawa na kasama ng Kanyang mga lingkod para isulong ang Kanyang gawain. Anong iba pang mga kabatiran ang maidaragdag ng mga miyembro ng klase sa mensahe ni Pangulong Henry B. Eyring na "Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan"? (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 81–84).

JACOB 6:3–13

### Naaalala ng Panginoon ang Kanyang mga tao nang may pagmamahal at awa.

- Inaanyayahan tayo ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* na saliksikin ang Jacob 6:3–5 para sa mga mensaheng gustong bigyang-diin ni Jacob at pagkatapos ay hanapin sa mga mensaheng iyon ang talinghaga ng mga puno ng olibo (tingnan sa Jacob 5). Marahil ay makakatulong sa mga miyembro ng klase na makinig mula sa mga taong gumawa ng aktibidad na ito o mula sa paggawa ng aktibidad na ito bilang isang klase. Maaari nilang ilista sa pisara ang mga katotohanan ng ebanghelyo na nakita nila sa Jacob 6. Pagkatapos, sa ilalim ng bawat katotohanan, maaari nilang ilista ang mga talata mula sa talinghaga sa Jacob 5 na nagpaparating ng mensaheng iyon. Paano nailarawan ng mga miyembro ng klase ang mga mensaheng ito sa kanilang sariling buhay?
- Ang isang kahulugan ng salitang *mangunyapit* ay kumapit nang mahigpit, mabuti, at walang pag-aalinlangan. Maaari mong ibahagi ang kahulugang ito sa klase mo at itanong kung anong mga kabatiran ang ibinibigay nito sa kanila tungkol sa Jacob 6:5.

JACOB 7:1–23

### Makapaninindigan tayong mabuti kapag hinahamon ng iba ang ating pananampalataya.

- Karamihan sa atin ay nakaranas na ng oposisyon sa ating pananampalataya tulad ni Jacob nang makausap niya si Serem. Ang isang paraan para matulungang maghanda ang mga miyembro ng klase para sa gayong oposisyon ay ipasaliksik sa kanila ang Jacob 7:1–23 para sa mga alituntunin na nakatulong kay Jacob na manindigan. Anong iba pang mga halimbawa ng matatag na paninindigan sa ating pananampalataya ang maibabahagi natin—mula sa mga banal na kasulatan, sa kasaysayan ng ating pamilya, o sa sarili nating buhay? Marahil ay may mga mensahe mula sa mga pinuno ng Simbahan na nakatulong sa atin nang hangarin ng iba na mawalan tayo ng pananampalataya (tingnan, halimbawa, sa Quentin L. Cook, "Matatag sa Pagpapatotoo kay Jesus," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2016, 40–43). Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga mensaheng nakatulong sa kanila.
- Nang harapin ni Serem si Jacob, hinangad niyang mawalan ng pananampalataya si Jacob, ngunit di-natinag ang pananampalataya ni Jacob (tingnan sa Jacob 7:5). Maaaring masiyahan ang mga miyembro ng klase na isadula ang pag-uusap nina Jacob at Serem, gamit ang Jacob 7:1–23 bilang script. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa mga taktika at turo ng mga taong kumakalaban sa gawain ng Diyos? Ano ang matututuhan natin mula kay Jacob kung paano maging mas matatag ang ating pananampalataya?

JACOB 7:24–25

### Maaari tayong magtiwala sa Diyos.

- Nabuhay ang mga Nephita na palaging may banta ng pagsalakay ng mga Lamanita. Bagama't maaaring hindi tayo maharap sa araw-araw na banta ng pisikal na pakikipaglaban, anong espirituwal na mga panganib ang kinakaharap natin? Ano ang matututuhan natin mula sa pagtugon ng mga Nephita sa kanilang sitwasyon, na inilarawan sa Jacob 7:24–25? Maaari mong kantahin o basahin at pagkatapos ay talakayin ang mga himno ng Simbahan na gumagamit ng mga labanan bilang metapora, tulad ng "O mga Sundalong Sakop ni Cristo" o "Masdan! Hukbong Kaygiting" (*Mga Himno,* blg. 149, 153).




## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang aklat ni Enos, sabihin sa kanila na matuturuan sila nitong gawing mas makabuluhan ang kanilang mga dalangin.

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Isentro ang iyong pagtuturo sa doktrina.** Tiyaking nakatuon ang mga talakayan ng klase mo sa batayang doktrina sa mga banal na kasulatan. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng paghiling sa mga miyembro ng klase na basahin ang mga banal na kasulatan at pagkatapos ay ibahagi ang mga katotohanang nakita nila, pati na rin ang mga karanasan nila sa pamumuhay ayon sa mga katotohanang iyon. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 20–21.)

# Ang Talinghaga ng mga Punong Olibo (Jacob 5)





*Jacob at Enos,* ni Scott Snow

MARSO 23–29.

# Enos–Mga Salita ni Mormon

PINAPATNUBAYAN NIYA AKO NA GAWIN ANG KANYANG KALOOBAN

Maghandang magturo sa pamamagitan ng pagbasa sa Enos–Mga Salita ni Mormon at paggawa ng isang teaching plan (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 19). Ang mga mungkahi at doktrina sa outline na ito ay makapagbibigay rin sa iyo ng mga ideya.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila sa bahay, maaari mo silang igrupu-grupo at atasan ang bawat grupo na basahin ang isa sa mga kabanata sa Enos–Mga Salita ni Mormon. Hilingin na magmungkahi sila ng mga talata mula sa kabanatang iyon na sa tingin nila ay dapat talakayin ng klase. Ilista ang mga talatang ito sa pisara, at pumili ng ilang tatalakayin.



## Ituro ang Doktrina

ENOS 1:1–17

### Mapapatawad tayo mula sa ating mga kasalanan kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo.

- Narito ang ilang tanong na maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan at talakayin habang pinag-aaralan ninyo ang Enos 1:1–17: Ano ang matututuhan natin mula sa mga karanasan ni Enos tungkol sa pagtanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan? Paano ipinamalas ni Pablo ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo? Paano nakaapekto ang karanasang ito kay Enos at ano ang tingin niya sa kanyang sarili at sa iba?

ENOS 1:4–17

### Ang ating taos-pusong mga panalangin ay masasagot.

- Para mapalalim ng mga miyembro ng klase ang kanilang pagkaunawa sa panalangin, maaari mo silang hatiin sa maliliit na grupo at anyayahan ang bawat grupo na pag-aralan ang isa sa sumusunod na mga talata mula sa Enos 1: mga talata 2–8, 9–11, o 12–17. Pagkatapos ay hilingin sa bawat grupo na ituro sa iba pa sa klase ang natutuhan nila tungkol sa panalangin mula sa mga talatang nakaatas sa kanila. Halimbawa, maaari mo silang anyayahan na magbahagi ng mga salita at parirala na naglalarawan kung paano nanalangin si Enos.

- Bukod pa sa pag-aaral *kung paano* nanalangin si Enos, marami rin tayong matututuhan mula sa *kung ano* ang ipinagdasal ni Enos. Marahil ay maaaring tukuyin ng mga miyembro ng klase kung sino o kung ano ang ipinagdasal ni Enos sa Enos 1:4–17. Ayon sa mga talatang ito, bakit hinangad ni Enos na ipagdasal ang iba? Anong iba pang mga katotohanan tungkol sa panalangin ang matututuhan natin mula kay Enos?

JAROM–OMNI

### Kung susundin natin ang mga utos, uunlad tayo.

- Nagsulat si Jarom at ang mga manunulat ng Omni tungkol sa bansa ng mga Nephita, ngunit ang kanilang mga mensahe ay angkop din sa mga indibiduwal. Ano ang matututuhan natin mula sa mga aklat nina Jarom at Omni kung paano humahantong ang kabutihan sa kaunlaran? (halimbawa, tingnan sa Jarom 1:7–12 at Omni 1:5–7, 12–18). Maaaring makatulong na ipaliwanag ng mga miyembro ng klase kung ano ang *kaunlaran* gamit ang diksyunaryo at mga banal na kasulatan (halimbawa, tingnan sa Alma 37:13; 48:15). Paano maikukumpara ang pakahulugan ng mundo sa pakahulugan ng Panginoon? Paano tinutulungan ng Panginoon ang Kanyang mga tao na umunlad?

- Tulad ng masigasig na pagsisikap ng mga propetang Nephita na ituro ang mga kautusan sa mga tao, nagtuturo din sa atin ang ating mga propeta sa mga huling araw tungkol sa mga kautusan. Matapos basahin ang Jarom 1:9–12, maaaring talakayin ng mga miyembro ng klase ang mga turo ng mga pinuno ng Simbahan kamakailan na naghihikayat sa kanila na sundin ang mga kautusan. Maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na rebyuhin ang mga mensahe sa nakaraang kumperensya sa mga magasin ng Simbahan o sa Gospel Library app. O kaya'y maaari nilang rebyuhin ang mga pamantayang tinalakay sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan.* Kung kailangan, maaari kang sumangguni sa listahan ng mga mensahe sa "Karagdagang Resources." Paano tayo natutulungan ng pagsunod sa mga kautusan na "umunlad" sa buhay?

OMNI

### Dinala ng Panginoon ang maraming tao sa lupang pangako.

- Ang Aklat ni Mormon ay may isang masalimuot na kasaysayan, at mahirap subaybayan ang iba't ibang grupo ng mga tao na inilalarawan nito. Maaaring ang isang paraan para malaman ang tungkol sa bawat isa sa mga tao sa Aklat ni Mormon ay gumawa ng isang tsart sa pisara at anyayahan ang klase na punan ito ng impormasyon tungkol sa bawat grupo ng mga tao (tulad ng mga Nephita, Lamanita, at mga mamamayan ng Zarahemla). Halimbawa, maaaring isulat sa tsart ang sumusunod na mga heading: *Pangalan ng grupo, Kailan at paano sila dumating,* at *Ano ang nangyari sa kanila.* Sama-samang talakayin kung bakit makakatulong na maunawaan ang mga bagay na natutuhan ninyo tungkol sa bawat grupo. Makakatulong ang mga entry na ito sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (ChurchofJesusChrist.org): "Coriantumer," "Jaredita, mga," "Lamanita, mga," "Mulek," "Nephita, mga," at "Zarahemla."

MGA SALITA NI MORMON 1:1–8

### Kikilos ang Diyos sa pamamagitan natin kung susunod tayo sa Kanyang patnubay.

- Bilang bahagi ng isang talakayan tungkol sa Mga Salita ni Mormon, maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na pumasok na handang ibahagi kung bakit nahikayat si Mormon na isama ang maliliit na lamina (1 Nephi–Omni) sa Aklat ni Mormon. Maaaring maghanda ang miyembrong ito ng klase sa pamamagitan ng pagbasa sa Mga Salita ni Mormon at iba pang resources, tulad ng Doktrina at mga Tipan 10:8–19, 39–45; outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya;* at kabanata 5 ng *Mga Banal,* tomo 1. Hikayatin siyang isama ang kaugnay na mga detalye tungkol sa pagkawala ng 116 na pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon at kung bakit kinailangang ipalit ang maliliit na lamina sa nawalang mga pahina. Anong mga katotohanan ang matututuhan ng mga miyembro ng klase mula rito kung paano kumikilos ang Panginoon sa pamamagitan ng tao? Ano ang nakita ng mga miyembro ng klase sa Mga Salita ni Mormon 1:1–8 na naghihikayat sa kanila na sundin ang patnubay ng Diyos kahit hindi nila lubos na nauunawaan ang mga dahilan?

- Pinagpala ni Mormon ang buhay ng milyunmilyon dahil sinunod niya ang mga paramdam ng Espiritu tungkol sa maliliit na lamina (tingnan sa Mga Salita ni Mormon 1:7). Mag-isip ng mga paraan na matutulungan mo ang mga miyembro ng klase mo na maunawaan na mapagpapala rin nila ang iba kapag hinangad nilang maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos at sinunod nila ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Paano kumilos ang Diyos sa pamamagitan ni Mormon? Ano ang nakita ng mga miyembro ng klase na ginawa ng Panginoon sa pamamagitan nila o ng iba nang dinggin nila ang Espiritu at hinangad nilang gawin ang kalooban ng Diyos? Ang kuwento tungkol kay Pangulong Thomas S. Monson sa "Karagdagang Resources" ay naglalaan ng isang halimbawa na maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga halimbawa mula sa sarili nilang buhay.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Dahil paparating na pareho ang pangkalahatang kumperensya at Pasko ng Pagkabuhay sa susunod na ilang linggo, hikayatin ang mga miyembro ng klase na pakinggan ang mga mensahe kung saan ibinabahagi ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang kanilang espesyal na pagsaksi kay Jesucristo.



## Karagdagang Resources

### Mga Video ng Aklat ni Mormon tungkol kay Enos.

Maghanap ng mga video na nagpapakita ng mga salaysay mula sa aklat ni Enos sa Book of Mormon video collections sa ChurchofJesusChrist.org o sa Gospel Library app.

### Mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa pagsunod sa mga kautusan.

- Thomas S. Monson, "Ang mga Utos sa Tuwina'y Sundin," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 83–85
- Dieter F. Uchtdorf, "Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 120–23
- Dallin H. Oaks, "Walang Ibang mga Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2013, 72–75

### "Kamayan ang bawat bata."

Samantalang naglilingkod si Pangulong Thomas S. Monson bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, nagsalita siya sa isang pagtitipon ng mga batang Primary sa isang nayon sa Samoa. Pagkatapos, nahikayat siyang batiin nang personal ang bawat isa sa 247 batang dumalo. Gayunman, natanto niya na wala na siyang oras; sinubukan niyang kalimutan ang pagbati sa mga bata ngunit hindi niya magawa.

Sa huli ay bumaling siya sa guro ng mga bata at nagsabing, "Gustung-gusto kong kamayan ang bawat bata. Posible kaya?"

Ngumiti ang guro at kinausap ang mga bata sa wikang Samoan. Sabik silang nagtanguan. Pagkatapos ay sinabi ng guro kay Elder Monson na nang malaman niya na bibisita ang isa sa Labindalawang Apostol sa Samoa, nangako siya sa mga bata na kung taimtim silang magdarasal at mananampalataya, bibisita si Elder Monson sa kanilang nayon at hihikayatin ng Espiritu Santo na kamayan ang bawat bata (tingnan sa Thomas S. Monson, "Friend to Friend: Talofa Lava," *Friend,* Mayo 1972, 12–13).



*Christ and the Apostles*, ni Del Parson

MARSO 30–ABRIL 12

# Pasko ng Pagkabuhay

"BABANGON SIYA . . . NA MAY PAGPAPAGALING SA KANYANG MGA BAGWIS"

Ang Linggo ng Pagkabuhay ay isang napakagandang pagkakataon para mapalakas ng mga miyembro ng klase mo ang kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli—at mapalakas ang patotoo ng isa't isa. Isaisip ito habang pinag-aaralan mo ang mga banal na kasulatan bilang paghahanda para sa lesson na ito. Humingi ng espirituwal na patnubay kung ano ang aantig sa puso ng mga tao sa klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Maaaring nagkaroon na ang mga miyembro ng klase mo ng mga makabuluhang karanasan sa nakalipas na dalawang linggo sa pagbasa sa itinuturo ng Aklat ni Mormon tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Bigyan sila ng ilang minuto para maghanap ng isang talata na nakaantig sa kanila, at pagkatapos ay anyayahan silang ibahagi ang nakita nila.

## Ituro ang Doktrina

2 NEPHI 9:7–15; ALMA 11:41–45; 40:21–23

### Pagkabuhay na Mag-uli ang permanenteng pagsasanib na muli ng katawan at espiritu.

- Maaaring maging epektibong paraan ang mga pagkukumpara para ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari mo sigurong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang 2 Nephi 9:7–15 at Alma 11:41–45 at tukuyin ang mga salita at parirala sa mga talatang ito na nagtuturo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Saan ikinukumpara ang kamatayan? Paano inilarawan ang pagkabuhay na mag-uli? Bakit natin kailangan ang nabuhay na mag-uling katawan? (tingnan din sa D at T 93:33–34). Maaaring talakayin ng mga miyembro ng klase kung paano nila maaaring gamitin ang mga pagkukumparang ito para magturo sa isang tao tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Habang ibinabahagi nila ang kanilang

mga ideya sa klase, maaari mong talakayin sa kanila kung bakit nila pinahahalagahan ang mga katotohanang ito tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli.

- Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga pagkakataon na nagpasalamat sila sa kanilang kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. Paano mas regular na maiimpluwensyahan ng kaalamang iyon ang ating buhay? Maaari mong tulungan ang mga miyembro ng klase mo na sagutin ang tanong na ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa bawat isa sa kanila na saliksikin ang 2 Nephi 9:7–15; Alma 11:41–45; o Alma 40:21–23 at ilista sa pisara ang mga katotohanang makikita nila tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. Pagkatapos ay maaari mong isulat sa pisara ang sumusunod na dalawang pangungusap at hilingin sa mga miyembro ng klase na magnilay-nilay nang ilang minuto bago ibahagi kung paano nila kukumpletuhin ang mga ito: *Kung hindi ko alam ang mga bagay na ito. . .* at *Dahil alam ko ang mga bagay na ito. . . .*



*Gethsemane,* ni Michael T. Malm

**MOSIAS 3:5–7; 15:5–9; ALMA 7:11–13**

## Dinala ni Jesucristo sa Kanyang sarili ang ating mga kasalanan, pasakit, at kahinaan.

- Ang pagninilay at pagtalakay sa pagdurusa ng Tagapagligtas alang-alang sa atin ay mag-aanyaya sa Espiritu at maghihikayat ng damdamin ng pagmamahal at pasasalamat sa Tagapagligtas. Para mahikayat ang gayong pagninilay at talakayan, maaari kang magdrowing ng tsart sa pisara na katulad ng iminungkahi sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* at anyayahan ang mga miyembro ng klase na kumpletuhin ito gamit ang Mosias 3:5–7; 15:5–9; at Alma 7:11–13 at ang sarili nilang mga karanasan. Ayon sa patnubay ng Espiritu, maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa nagawa ni Jesucristo para sa kanila.

- Ang sagradong musika ay maaaring mag-anyaya sa Espiritu at magpatibay sa doktrinang itinuturo mo. Marahil ay maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang Mosias 3:5–7; 15:5–9; at Alma 7:11–13 at hanapin at kantahin ang mga himno na nadarama nilang tumutugma sa mga mensahe sa mga talatang ito (maaari mo ring anyayahan ang isang tao na kantahin o tugtugin ang mga himno). Makakatulong ang scripture index na nasa likod ng himnaryo, at may iba pang mga himnong iminungkahi sa "Karagdagang Resources." Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga parirala mula sa mga himno at talata sa banal na kasulatan na tutulong sa kanila na mas pahalagahan ang sakripisyo ng Tagapagligtas.

**ENOS 1:1–19; MOSIAS 5:1–2; 27:8–28:4; ALMA 24:7–19**

## Nililinis tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at tinutulungan tayong maging perpekto.

- Ang isang mabisang paraan para matuto tungkol sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na baguhin ang ating buhay ay pag-aralan ang mga halimbawa kung paano Niya nabago ang buhay ng iba nang magsisi sila at lumapit sa Kanya. Maraming gayong halimbawa sa Aklat ni Mormon. Marahil ay maaari mong atasan ang bawat miyembro ng klase na magbasa tungkol sa isa sa mga halimbawang ito, tulad ni Enos (tingnan sa Enos 1:1–19), mga tao ni Haring Benjamin (tingnan sa Mosias 5:1–2), Nakababatang Alma (tingnan sa Mosias 27:8–28:4), o mga Anti-Nephi-Lehi (tingnan sa Alma 24:7–19), o maaari silang mag-isip ng iba pang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay maaaring ibuod ng ilang miyembro ng klase ang mga karanasang nababasa nila. Marahil ay masisiyahan ang klase mo na gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga clue para mahulaan ng iba pa sa klase kung sino ang inilalarawan nila. Maaari din nilang talakayin ang mga tanong na gaya nito: Paano nagbago ang mga tao sa mga halimbawang ito? Ano ang papel na ginampanan ng Tagapagligtas sa kanilang pagbabago? Marahil ay maaaring ikuwento ng ilang miyembro ng klase kung paano nakagawa ang Tagapagligtas ng "malaking pagbabago . . . sa [kanilang] puso" (Mosias 5:2). Para

malaman ang iba pa kung paano tayo binabago ng Tagapagligtas—at kung bakit napakahalaga ng pagbabagong iyon—maaari mong ibahagi sa klase ang analohiyang ibinigay ni Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources."



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mosias 1–3, maaari mo silang anyayahan na pagnilayan ang isang pagkakataon na nadama nila ang hangaring magalak matapos basahin o pakinggan ang isang mensahe ng ebanghelyo. Anyayahan silang maghanap ng mga katotohanang ikagagalak nila kapag binasa nila ang Mosias 1–3.



## Karagdagang Resources

### Mga himno tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

- "Ako'y Naniniwala kay Cristo," *Mga Himno,* blg. 76
- "Buhay ang Aking Manunubos," *Mga Himno,* blg. 78
- "Ama, Kayo ang Susundin," *Mga Himno,* blg. 111

Ang mga video ng Tabernacle Choir at Temple Square na kumakanta ng ilan sa mga himnong ito ay matatagpuan sa ChurchofJesusChrist.org.

### Analohiya: Kailangan ay hindi lang tayo malinis.

Ibinahagi ni Pangulong Dallin H. Oaks ang isang analohiya para ipaliwanag kung paano tayo inihahanda ng Tagapagligtas na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos:

"[Iniisip] nating ang mga bunga ng pagsisisi ay paglilinis lamang sa atin mula sa kasalanan, ngunit kulang ang pananaw na iyan. . . . Ang taong nagkakasala ay tulad ng isang puno na madaling humapay dahil sa hangin. Kapag mahangin at maulan, ang puno ay humahapay hanggang sa lupa kaya't ang mga dahon ay napuputikan, tulad ng kasalanan. Kung nakatuon lamang tayo sa paglilinis ng mga dahon, ang kahinaan ng puno kaya ito humahapay at nadurumihan ang mga dahon nito ay naroon pa rin. Gayundin na ang isang taong nalulungkot lamang sa duming dulot ng kasalanan ay magkakasalang muli sa susunod na pag-ihip ng hangin. Patuloy pa rin ang paghapay nito hangga't hindi napapalakas ang puno.

"Kapag ang tao ay dumaan sa proseso na nagbubunga ng tinatawag sa banal na kasulatan na 'bagbag na puso at nagsisising espiritu,' hindi lamang nililinis ng Tagapagligtas ang taong iyon mula sa kasalanan. Binibigyan Niya ito ng panibagong lakas. Ang pagpapalakas ay kailangan natin upang matanto ang layunin ng paglilinis, ang makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit. Para makapasok sa Kanyang kinaroroonan, kailangang hindi lang tayo basta malinis. Kailangan din tayong magbago mula sa isang taong mahina na nagkasala at maging isang taong malakas at may espirituwal na kakayahang mamuhay sa piling ng Diyos" ("Ang Pagbabayad-sala at Pananampalataya," *Liahona,* Abr. 2008, 12–13).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Mamuhay nang marapat sa patnubay ng Espiritu.** Kapag ipinamumuhay mo ang ebanghelyo, karapat-dapat ka sa patnubay ng Espiritu, na siyang tunay na guro. Kapag hinangad mo ang Kanyang patnubay, bibigyan ka ng Espiritu Santo ng mga ideya at impresyon kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng iyong mga tinuturuan. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 5.)



Minerva K. Teichert (1888–1976), *King Benjamin's Farewell Address*, 1935, langis sa masonite, 36 x 48 pulgada. Brigham Young University of Art

**ABRIL 13–19.**

# Mosias 1–3

"PUSPOS NG PAG-IBIG SA DIYOS AT SA LAHAT NG TAO"

Maraming alituntunin sa Mosias 1–3 na maaari mong talakayin sa klase mo. Ipagdasal na patnubayan kang malaman kung aling mga alituntunin ang magiging pinakamakabuluhan sa mga tinuturuan mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na magkuwento tungkol sa pag-aaral nila o ng kanilang pamilya ng Mosias 1–3, anyayahan silang ibahagi sa isa pang tao ang isang talata na para sa kanila ay nagbibigay-inspirasyon.

## Ituro ang Doktrina

**MOSIAS 2:1–9**

### Ang pagtanggap ng salita ng Diyos ay nangangailangan ng paghahanda.

- Maaaring ang isang paraan para makapagsimula ng talakayan tungkol sa paghahandang matanggap ang salita ng Diyos ay pag-usapan ang mga bunga ng paghahanda—o hindi paghahanda—para sa iba pang mga bagay. Halimbawa, maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung paano naapektuhan ng kanilang paghahanda o hindi paghahanda ang isang karanasan nila sa eskuwela o sa trabaho o sa iba pang aktibidad. Pagkatapos nilang magbahagi, maaari mong anyayahan ang kalahati ng klase na basahin ang Mosias 2:1–9, na hinahanap ang mga ginawa ng mga tao ni Haring Benjamin para maghandang tanggapin ang salita ng Diyos. Maaaring saliksikin ng natitirang kalahati ang mga talata ring iyon, na hinahanap naman ang mga ginawa ni Haring Benjamin na nagpapakita ng kanyang damdamin tungkol sa salita ng Diyos at sa pangangailangang ibahagi ito. Pagkatapos ay hilingin sa bawat grupo na ibahagi ang kanilang mga ideya. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito na makakatulong sa atin na matanggap ang salita ng Diyos?

**MOSIAS 2:10–26**

### Kapag naglilingkod tayo sa iba, naglilingkod din tayo sa Diyos.

- Si Haring Benjamin ay isang ulirang lingkod ng Diyos at ng mga nasa paligid niya. Ano ang matututuhan ng mga miyembro ng klase mo mula sa kanya para matulungan sila sa mga pagsisikap nilang maglingkod sa iba? Isiping magpasimula ng talakayan sa paghiling sa mga miyembro ng klase na ilista ang mga balakid na kinakaharap ng mga tao sa paglilingkod sa iba—tulad ng mga dahilan kaya hindi tayo naglilingkod o mga dahilan kaya hindi gaanong nakakatulong ang ating paglilingkod gaya ng inaasahan. Pagkatapos ay maaari nilang pag-aralan ang Mosias

2:10–26 at ilista ang mga katotohanang itinuro ni Haring Benjamin tungkol sa paglilingkod sa iba na makakatulong para malagpasan nila ang mga balakid na inilista nila. Ano ang magagawa ng mga tao at pamilya para makapagtuon ng pansin sa paglilingkod sa pang-araw-araw nilang buhay? Isiping ibahagi ang kuwento ni Pangulong Thomas S. Monson sa "Karagdagang Resources" bilang isang mungkahi.

- Ang isang himnong tulad ng "Isang Taong Manlalakbay" (*Mga Himno,* blg. 22) ay maaaring makapagbigay-diin sa mensaheng matatagpuan sa Mosias 2:17—kapag naglilingkod tayo sa iba, naglilingkod tayo sa Diyos. Paano mo maaaring gamitin ang resources na iyon para mabigyang-diin ang mensahe ni Haring Benjamin? Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang karanasan nila nang paglingkuran nila ang iba o paglingkuran sila ng isang tao nang katulad ni Cristo. Bilang bahagi ng inyong talakayan, isiping ibahagi ang siping ito mula kay Pangulong Henry B. Eyring: "Kapag tinulungan natin ang sinuman, nadarama ito ng Tagapagligtas na para bang Siya ang tinulungan natin" ("Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?" *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2015, 22). Sa palagay ninyo, bakit tayo naglilingkod sa Diyos kapag naglilingkod tayo sa ibang tao?



Ang paglilingkod sa iba ay nagpapadama sa atin ng pagmamahal ng Diyos.

**MOSIAS 2:38–41**

### Ang kaligayahan ay nagmumula sa pagsunod sa mga utos ng Diyos.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na "isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos," maaaring makatulong na magsimula sa isang kahulugan ng kaligayahan. Paano ilalarawan ng mga miyembro ng klase ang kaligayahang nagmumula sa pagsunod sa Diyos? Marahil ay maaari nilang isipin na kunwari'y may kaibigan silang nagsasabi na masaya siya kahit hindi niya sundin ang mga kautusan. Anyayahan silang basahin ang Mosias 2:38–41 at talakayin kung paano nila maipauunawa sa kanilang kaibigan ang pagkakaiba ng makamundong kaligayahan sa walang-hanggang kaligayahan. Anong mga karanasan o halimbawa mula sa buhay ng mga tao ang maibabahagi ng mga miyembro ng klase na nagpapakita ng walang-hanggang kaligayahan?

**MOSIAS 3:1–20**

### Dumarating ang kaligtasan "sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoon."

- Kasama sa mensahe ni Haring Benjamin ang malakas at malinaw na mga propesiya tungkol sa pagsilang, ministeryo, at nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga talata mula sa Mosias 3:1–20 na partikular na nakaaantig at nagpapaunawa sa kanila tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang misyon. Hilingin na ibahagi nila kung bakit sila naaantig sa mga talatang ito.

- Itinuturo sa pambungad sa Aklat ni Mormon na ang aklat ay "nagbabanghay ng plano ng kaligtasan." Para makita ng mga miyembro ng klase kung paano nakakatulong ang sermon ni Haring Benjamin na isakatuparan ang layuning ito ng Aklat ni Mormon, maaari mong isulat sa pisara ang *Ginagawang Posible ni Jesucristo ang Kaligtasan.* Maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang Mosias 3:1–20, at pagkatapos ay maaaring ilista mo o nila sa pisara ang mga katotohanang natutuhan nila tungkol sa plano ng kaligtasan. Itanong sa mga miyembro ng klase kung ano ang natutuhan nila kung paano ginagawang posible ni Jesucristo ang plano ng kaligtasan. Pagkatapos ay bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na rebyuhin ang Mosias 3:18–19 at ibahagi kung ano ang kailangan nating gawin para maging mga banal at tumanggap ng kaligtasan. Paano tayo tinutulungan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na isakatuparan ito? Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa papel na ginagampanan ng Tagapagligtas sa plano ng kaligtasan.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Naranasan na ba ng mga miyembro ng klase mo na binago sila ng isang doktrinang itinuro sa isang mensahe, lesson, o talata sa banal na kasulatan? Sabihin sa kanila na mababasa nila sa Mosias 4–6 ang malaking epekto ng mga katotohanang itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao.



## Karagdagang Resources

### Paglilingkod sa iba.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Ilang taon na ang nakalilipas nabasa ko ang isang artikulong isinulat ni Jack McConnell, MD. Lumaki siya sa mga burol ng timog-kanlurang Virginia sa Estados Unidos bilang isa sa pitong anak ng isang ministrong Metodista at inang namamalagi sa tahanan. Simple lang ang buhay nila noon. Naaalala niya na noong bata pa siya, sa araw-araw na pag-upo ng pamilya sa paligid ng mesa ay itinatanong ng tatay niya [sa bawat isa], 'At ano ang ginawa [mo] ngayon para sa isang tao?' Ang mga bata ay determinadong gumawa ng mabuti araw-araw para makapag-ulat sa kanilang ama na may natulungan sila. Para kay Dr. McConnell ang gawaing ito na pinakamahalagang pamana ng kanyang ama, dahil ang ekspektasyon na *iyon* at mga salitang *iyon* ang naging inspirasyon niya at ng kanyang mga kapatid sa pagtulong sa iba sa buong buhay nila. Nang tumanda na sila, ang kagustuhan nilang makapaglingkod ay nagbago at naging marubdob na hangaring tulungan ang iba.

"Bukod sa pagiging bantog na doktor ni Dr. McConnell . . . bumuo siya ng samahan na tinatawag niyang Volunteers in Medicine, na nagbigay ng pagkakataon sa mga retiradong tauhan ng medisina na magboluntaryo sa mga free clinic na naglilingkod sa mga taong walang [insurance]. Sinabi ni Dr. McConnell na ang oras niya sa paglilibang simula nang magretiro ay 'naging 60-oras bawat linggo ng libreng pagtatrabaho, na ang [kanyang] enerhiya ay nadagdagan at may nadarama siyang kasiyahan sa [kanyang] buhay na wala doon noon.' [Jack McConnell, "And What Did You Do for Someone Today?" *Newsweek,* Hunyo 18, 2001, 13.] . . .

"Siyempre, hindi puwedeng maging Dr. McConnells tayong lahat, na nagtatatag ng mga medical clinic para tulungan ang mahihirap; kaya lang, laging nariyan ang mga pangangailangan ng iba, at may magagawa ang bawat isa sa atin para makatulong sa iba. . . .

"Mga kapatid, napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-alo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala, o dayuhan. Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin. . . . Nawa ay itanong natin sa sarili ang tanong na bumungad kay Dr. Jack McConnell at sa kanyang mga kapatid sa bawat gabi sa hapunan: 'Ano ang nagawa ko ngayon para sa isang tao?'" ("Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 84–87).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maging kasangkapan ng Espiritu.** Ang layunin mo bilang guro ay hindi para maglahad kundi para tulungan ang iba na matanggap ang impluwensya ng Espiritu Santo—ang tunay na guro. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 10.)



*Naglilingkod sa Inyong Diyos,* ni Walter Rane

ABRIL 20–26

# Mosias 4–6

"ISANG MALAKING PAGBABAGO"

Basahin ang Mosias 4–6, at itala ang iyong mga espirituwal na impresyon. Kapag tumanggap ka ng mga impresyon, maaari mong itanong, tulad ng iminungkahi ni Elder Richard G. Scott, na "May dapat pa ba akong malaman?" ("Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 8).

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Maaari mong simulan ang talakayan sa klase sa paghiling sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang isa sa mga turo ni Haring Benjamin sa Mosias 4–5 na gusto nilang mas maipamuhay.



## Ituro ang Doktrina

MOSIAS 4:1–12

### Sa pamamagitan ni Jesucristo, matatanggap at mapapanatili natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.

- Mali ang paniniwala ng ilang tao na ang pagsisisi ay nangangailangan ng kaunting pagsisikap; ang iba naman ay naniniwala na nangangailangan ito ng napakalaking pagpupunyagi. Para mas maunawaan ng mga miyembro ng klase kung ano ang kailangan para mapatawad ang mga kasalanan, maaari mo silang anyayahan na saliksikin ang mga turo ni Haring Benjamin sa Mosias 4:1–12, na hinahanap ang mga kondisyon para mapatawad ng Ama sa Langit ang ating mga kasalanan. Maaaring ilista ng mga miyembro ng klase sa pisara ang nahanap nila. Hilingin na mag-isip sila ng isang analohiya para maipaliwanag ang natutuhan nila. Halimbawa, maaari nilang ikumpara ang kapatawaran ng mga kasalanan sa isang may utang na "nagbabayad" o nagkakansela ng utang. O kaya'y maaari nilang ikumpara ang pagpapanatili ng kapatawaran ng ating mga kasalanan sa pangangalaga sa isang bagay na kailangan ng patuloy na pangangalaga, tulad ng isang hardin o isang bahay.
- Isiping itanong sa mga miyembro ng klase kung ano kaya ang sasabihin nila sa isang taong nag-iisip kung ang pagsisisi ay nararapat na pagsikapan. Paano kaya nila tutulungan ang isang taong pinanghihinaan ng loob at nakakaramdam na imposibleng madaig ang kasalanan at kahinaan? Maaari mong tulungan ang mga miyembro ng klase na maghanda para sa gayong mga pag-uusap sa paghiling sa kanila na mag-ukol ng ilang minuto sa pagsasaliksik sa mga salita ni Haring Benjamin sa Mosias 4:1–12 para sa mga katotohanang makakatulong sa isang tao sa isa sa mga sitwasyong ito. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase sa katabi nila ang mga katotohanang natuklasan nila.

MOSIAS 4:11–27

### Kapag nagsisi tayo, mapupuspos tayo ng pag-ibig ng Diyos.

- Paano natin malalaman kung napatawad na ang ating mga kasalanan? Inilarawan ni Haring Benjamin ang ilang bunga ng tunay na pagsisisi—anyayahan ang mga miyembro ng klase mo na hanapin ang mga ito sa Mosias 4:13–16. Maaari mo rin silang anyayahan na pagnilayan ang sarili nilang buhay at suriin kung gaano kahusay nila ipinamumuhay ang mga turo sa mga talatang ito. Anong mga palatandaan ang nakikita ng mga miyembro ng klase na sila ay nagbabalik-loob? Paano nagbabago ang relasyon natin sa iba kapag lumapit tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi? Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano nila nakitang nangyari ito sa kanilang buhay.
- Ang Mosias 4:11–12 at 14–16 ay maaaring maghikayat ng isang talakayan kung ano ang nagbibigay-inspirasyon sa pagiging mabuting magulang. Ano ang itinuturo sa inyo ng mga talatang ito kung paano maging mas mabubuting magulang?
- Kung inspirado kang talakayin ang mga turo ni Haring Benjamin tungkol sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magsalitan sa pagbasa sa mga talata mula sa Mosias 4:16–27. Matapos basahin ang bawat talata, maaaring ibuod ng taong nagbabasa sa sarili niyang mga salita ang itinuro ni Haring Benjamin. Ang mensahe ni Elder Jeffrey R. Holland na "Hindi Ba't Tayong Lahat ay mga Pulubi?" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 40–42) ay maaaring gamitin para makatulong sa talakayang ito. Paano natin masusunod ang payo ni Haring Benjamin na huwag "tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa [ating] lakas"? (Mosias 4:26–27). Paano nauugnay ang utos na "ibahagi [natin] ang [ating] kabuhayan sa mga maralita" sa kapatawaran ng ating mga kasalanan?

MOSIAS 4:29–30

### Kailangan nating bantayan ang ating mga iniisip, sinasabi, at ginagawa.

- Kung minsan ay parang mas madali kung binigyan tayo ng Panginoon ng detalyadong listahan ng bawat posibleng kasalanan. Sa halip, sinabi Niya sa atin, "Bantayan ang inyong sarili . . . at [magpatuloy] sa pananampalataya sa inyong mga narinig hinggil sa pagparito ng ating Panginoon" (Mosias 4:30). Para matalakay ng klase ang alituntuning ito, maaari kang magtanong sa kanila ng tulad nito: Paano naaapektuhan ng ating mga iniisip, sinasabi, at ginagawa ang ating sarili at ang iba? Ano ang ibig sabihin ng "magpatuloy sa pananampalataya"? Anong payo ang maibabahagi natin sa isa't isa na makakatulong sa atin na "bantayan" ang ating sarili?

MOSIAS 5:1–7

### Ang Espiritu ng Panginoon ay maaaring maging sanhi ng malaking pagbabago sa ating puso.

- Para makapagsimula ng talakayan tungkol sa walang-kapantay na pagbabagong maidudulot ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating buhay, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng ilang dahilan kung bakit kadalasa'y mahirap gumawa ng nagtatagal na mga pagbabago sa ating buhay. Pagkatapos ay anyayahan silang basahin ang Mosias 5:1–5, na hinahanap ang "malaking pagbabago" na naranasan ng mga tao ni Haring Benjamin. Anong mga katotohanan tungkol sa pagbabago ng puso ang matututuhan natin mula sa kanilang karanasan? Isiping hilingin sa ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano sila natulungan ng Espiritu Santo na baguhin ang kanilang puso.



Mababago ng Tagapagligtas ang ating puso at buhay. *Nagpapagaling na mga Kamay,* ni Adam Abram

- Matapos talakayin ang mga katotohanan sa Mosias 5:1–7, maaaring magtaka ang ilang miyembro ng klase kung bakit parang hindi kasing dramatiko o agaran ang pagbabago ng kanilang puso kumpara sa mga karanasan ng mga tao ni Haring Benjamin. Sinasagot ng pahayag ni Elder D. Todd Christofferson sa "Karagdagang Resources" ang tanong na ito. Ano ang matututuhan natin mula kay Elder Christofferson tungkol sa pagbabalik-loob?

MOSIAS 5:5–15

### Inaanyayahan ako ng Diyos na makipagtipan sa Kanya.

- Maipapaunawa ng Mosias 5:5–15 sa mga miyembro ng klase ang mga pagpapalang tinatanggap nila kapag gumagawa at tumutupad sila ng mga tipan sa Diyos. Maaari mo silang anyayahan na rebyuhin ang mga talatang ito na nasasaisip ang mga tipan sa binyag at ordenansa ng sakramento at ibahagi ang natutuhan nila. (Tingnan din sa DT 20:77, 79.)



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring maraming miyembro sa klase mo ang dumaranas o nakaranas kamakailan ng personal na paghihirap o pagsubok. Sabihin sa kanila na sa Mosias 7–10 mababasa nila ang tungkol sa isang grupo ng mga tao na natutong magtiwala sa Panginoon sa mga panahon ng kanilang pagsubok.



## Karagdagang Resources

### Ang pagbabago kadalasan ay isang proseso.

Nagsalita si Elder D. Todd Christofferson tungkol sa malaking pagbabago ng puso na inilarawan sa mga banal na kasulatan:

"Maaaring itanong ninyo, Bakit hindi nangyayari sa akin nang mabilis ang malaking pagbabagong ito? Dapat ninyong tandaan na ang mga di pangkaraniwang halimbawa ng mga tao ni Haring Benjamin, ni Alma, at iba pa sa mga banal na kasulatan ay sadyang ganoon—pambihira at hindi pangkaraniwan. Para sa karamihan sa atin, mas dahan-dahan ang mga pagbabago at matagal bago dumating. Ang pagsilang muli, di tulad ng ating pisikal na pagsilang, ay isang proseso sa halip na pangyayari. At ang pakikibahagi sa prosesong iyon ay [pangunahing] layunin ng mortalidad.

"At kasabay nito, huwag tayong mangatwiran na pangkaraniwang pagsisikap lamang ang gagawin natin. Huwag tayong masiyahan na magtira pa ng kaunting hangarin na gumawa ng masama. Mamuhay tayo nang marapat upang makibahagi sa sacrament bawat linggo at patuloy na lumapit sa Banal na Espiritu upang matanggal ang anumang natitirang karumihan sa atin. [Pinatototohanan ko na] habang patuloy kayo sa landas ng espirituwal na pagsilang na muli, tatanggalin ng nagbabayad-salang biyaya ni Jesucristo ang inyong mga kasalanan at ang mga mantsa ng kasalanang iyon sa inyo, hindi na magiging kaakit-akit ang mga tukso, at sa pamamagitan ni Cristo kayo ay magiging banal, tulad Niya at ng Ama na banal" ("Isinilang na Muli," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2008, 78).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maghanap ng magagandang halimbawa sa mga banal na kasulatan.** Habang binabasa mo ang mensahe ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, maghanap ng mga aral sa kanyang halimbawa na makakatulong sa iyo na maging mas mahusay na guro. Halimbawa, ano ang ginawa ni Haring Benjamin para malaman kung nauunawaan ng kanyang mga tao ang itinuturo niya?



Minerva Teichert (1888-1976), *Ammon before King Limhi*, 1949-1951, langis sa masonite, 35 15/16 x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art, 1969.

ABRIL 27–MAYO 3

# Mosias 7–10

"SA LAKAS NG PANGINOON"

Ang outline na ito ay maaaring maging isang mahalagang resource, pero dapat itong makatulong, hindi pumalit, sa inspirasyong tinatanggap mo habang pinag-aaralan mo ang Mosias 7–10.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Paminsan-minsa'y maaaring makatulong na talakayin sa klase ang mga pagpapalang tinatanggap ng mga miyembro ng klase kapag sinisikap nilang gawing sentro ng kanilang pag-aaral ng ebanghelyo ang kanilang tahanan. Anong mga talata mula sa Mosias 7–10 ang pinagnilayan o tinalakay ng mga miyembro ng klase sa kanilang tahanan sa buong linggo? Paano nito naapektuhan ang kanilang buhay?

## Ituro ang Doktrina

MOSIAS 7:14–33

### Kung tayo ay babaling sa Panginoon, magtitiwala sa Kanya, at paglilingkuran Siya, ililigtas Niya tayo.

- Nang pag-aralan ng mga miyembro ng klase ang Mosias 7:14–33, maaaring nahikayat sila ng mga karanasan ng mga tao ni Limhi na magsisi at magbalik-loob sa Panginoon para maligtas sila. Para makahikayat ng talakayan, maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na dumating sa klase na handang ibuod kung paano bumagsak sa pagkaalipin ang mga tao ni Limhi. Ang iba naman ay maaaring ibahagi ang natutuhan nila mula kay Limhi tungkol sa pagkakaroon ng pananampalataya at pag-asa sa Tagapagligtas. Ano ang matututuhan natin mula sa mga paalala ni Limhi kung paano nailigtas ng Diyos ang Kanyang mga tao? (tingnan sa mga talata 19–20). Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga salaysay sa banal na kasulatan o ng mga personal na karanasan na naghikayat sa kanila na magtiwala sa Diyos.

- May mga pagkakataon ang mga miyembro ng klase mo na hikayatin ang iba na bumaling sa Diyos kapag ang mga ito ay inaalipin ng kasalanan o dumaranas ng iba pang mga paghihirap. Marahil ay makakatulong sa kanila na pag-aralan kung paano hinikayat ni Limhi ang kanyang mga tao. Maaaring basahin muna nila ang paglalarawan sa Mosias 7:20–25 tungkol sa pagkaalipin ng mga tao ni Limhi at isipin ang isang taong kilala nila na inaalipin ng kasalanan. Pagkatapos ay maaari nilang tukuyin ang mga katotohanang itinuro ni Limhi sa Mosias 7:18–20, 33 para tulungan ang kanyang mga tao. Paano natin masusundan ang halimbawa ni Limhi kapag hinikayat natin ang ating mga mahal sa buhay na magtiwala sa Diyos?

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na mas maunawaan ang tulong na ibinibigay ng Diyos sa oras ng paghihirap, maaari ninyong sama-samang kantahin at talakayin ang himnong "Manunubos ng Israel" (*Mga Himno,* blg. 5) o ang isa pang awitin na naglalarawan kung paano tayo inililigtas ng Tagapagligtas. Ano ang idinaragdag ng Mosias 7:17–20; Eter 12:27; at II Mga Taga Corinto 12:7–10 sa ating pang-unawa? Marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung saan iniligtas sila ng Panginoon, kahit sa maliliit na paraan, dahil nanampalataya sila sa Kanya.

MOSIAS 7:26–27

### Nilikha ang tao sa wangis ng Diyos.

- Sa mga talatang ito, ipinaliwanag ni Limhi ang ilan sa mga katotohanang itinuro ni Abinadi na hindi matanggap ng mga tao. Anong mga katotohanan ang matutukoy ng mga miyembro ng klase sa mga talatang ito? Paano naaapektuhan ng mga katotohanang ito ang pagtingin natin sa Diyos at sa ating sarili?

MOSIAS 8:12–19

### Ang Panginoon ay naglalaan ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag para tulungan ang sangkatauhan.

- Si Ammon ay nagkaroon ng pagkakataong ipaliwanag kay Limhi ang tungkulin ng isang tagakita at patotohanan ang kahalagahan ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Maaari mong linawin na sa ating panahon, ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay sinasang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Paano tayo makapagsasalita nang buong tapang, gaya ni Ammon, tungkol sa pangangailangan sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag? (tingnan sa Mosias 8:13–18). Marahil ay maaaring magplano ang mga miyembro ng klase ng isang media post na magpapaunawa sa iba sa tungkulin ng isang propeta, tagakita, at tagapaghayag sa ating panahon. Ano ang narinig natin sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya na maaari nating ibahagi sa ating mga kaibigan, kapamilya, at kapitbahay para turuan sila tungkol sa pangangailangan sa mga propeta?

- Dahil sa pagbasa sa Mosias 8:12–19, maaaring magpatotoo ka o ang ibang mga miyembro ng klase tungkol sa mga propeta, tulad ng ginawa ni Ammon, o magpasalamat para sa paghahayag sa pamamagitan ng mga propeta, tulad ng ginawa ni Limhi (tingnan sa Mosias 8:19).

- Si Propetang Joseph Smith ang tagakita na tumatayong pinuno ng dispensasyong ito (tingnan sa D at T 21:1). Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa paglalarawan ni Ammon sa isang tagakita (tingnan sa Mosias 8:13–18). Pagkatapos ay maaari nilang talakayin ang mga paraan na naging tagakita si Joseph Smith. Maaaring makatulong ang (D at T 135:3C 135:3 and Moses 6:36 sa talakayang ito.)

MOSIAS 9:14–19; 10:6–10

### Maaari nating harapin ang ating mga hamon "sa lakas ng Panginoon."

- Dalawang beses lumitaw ang pariralang "sa lakas ng Panginoon" sa talaan ni Zenif tungkol sa kanyang mga tao at sa kanilang mga pakikipaglaban sa mga Lamanita—sa Mosias 9:14–19 at 10:6–10. Marahil ay maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito at ibahagi kung ano sa palagay nila ang kahulugan ng pariralang ito. Paano natin makakamtan ang "lakas ng Panginoon"? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng karanasan kung saan matagumpay nilang nalagpasan ang mga pagsubok sa lakas ng Panginoon.

MOSIAS 10:11–17

### Ang ating mga pagpili ay makakaimpluwensya sa mga henerasyon.

- Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na tahimik na basahin ang Mosias 10:11–17 at humanap ng mga paraan na naapektuhan ang mga Lamanita ng mga pagpapasiya at paniniwala ng kanilang mga ninuno. Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa magiging epekto ng ating mga pasiya sa iba? Paano natin gugustuhing ilarawan tayo ng ating mga kapamilya sa loob ng isa o dalawang henerasyon? Maaari sigurong isulat ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga bagay na gugustuhin nilang isama sa gayong paglalarawan.

- Maaaring makatulong ang isang simpleng object lesson—tulad ng isang hanay ng mga domino—para ilarawan ang magiging epekto ng mga pasiya ng mga tao sa kanilang mga inapo. Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mosias 10:11–17 at talakayin kung paano

lubhang naapektuhan ng mga pasiya ng kanilang mga ninuno ang mga paniniwala at ugali ng mga Lamanita ilang siglo bago iyon. Ang kuwento ni Elder Donald L. Hallstrom, na matatagpuan sa "Karagdagang Resources," ay isa pang halimbawa na maaari mong ibahagi. Marahil ay maaaring mag-isip ang mga miyembro ng klase ng mga kuwento mula sa kanilang buhay o sa kasaysayan ng kanilang pamilya tungkol sa isang matwid na tao na isang mabuting impluwensya sa mga henerasyon.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sa linggong ito natutuhan ng mga miyembro ng klase ang negatibong epekto ng mga pasiya ng mga Lamanita sa kanilang mga anak. Ipaalam sa mga miyembro ng klase na sa Mosias 11–17 mababasa nila ang tungkol sa isang tao na ang kabutihan ay nagpabago sa buhay ng marami.



## Karagdagang Resources

### Ang ating mga desisyon ay makakaapekto sa mga henerasyon.

Ikinuwento ni Elder Donald L. Hallstrom kung paano pinagpala ng katapatan ng kanyang lolo't lola ang sumunod na mga henerasyon:

"May dalawang anak ang mga lolo't lola ko sa tatay, isang lalaki (ang tatay ko) at isang babae. . . . Nag-asawa ang [kanilang anak na babae] noong 1946 at pagkaraan ng apat na taon ay nagdalantao. May napakaespesyal na dahilan para asamin ng mga magulang ang anak na babae (na sa pagkakataong ito ay nag-iisang anak na babae) na manganak sa unang pagkakataon. Walang nakakaalam na kambal ang ipinagbubuntis niya. Ang malungkot, siya at ang kambal ay pawang nangamatay sa panganganak.

"Nagdalamhati ang lolo't lola ko. Gayunman, ang kanilang pagdadalamhati ay dagli nilang ibinaling sa Panginoon at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Hindi iniisip kung bakit nangyari ito at kung sino ang dapat sisihin, nagtuon sila sa pamumuhay nang matwid. Hindi mayaman ang lolo't lola ko; hindi sila kabilang sa mataas na lipunan; hindi sila nagkaroon ng mataas na katungkulan sa Simbahan kailanman—tapat lang silang mga Banal sa mga Huling Araw. . . .

"Ang katapatan nina Lolo Art at Lola Lou, lalo na sa gitna ng kahirapan, ay nakaimpluwensya na ngayon sa sumunod na apat na henerasyon. Naging tuwiran at malaki ang epekto nito sa kanilang anak (ang tatay ko) at sa nanay ko nang mamatay ang kapatid kong babae, na bunso nila, dahil sa mga komplikasyon sa panganganak. Sa edad na 34, namatay siya 10 araw matapos manganak, naulila ang 4 na anak, edad 10 araw hanggang 8 taong gulang. Sa halimbawang nakita nila sa nagdaang henerasyon, bumaling sa Panginoon ang aking mga magulang—nang walang pag-aalinlangan—upang [mapanatag]" ("Bumaling sa Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 78–79).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Makinig.** "Ang pakikinig ay pagpapakita ng pagmamahal. . . . Magpatulong sa Ama sa Langit na maunawaan mo ang sinasabi ng mga miyembro ng klase mo. Habang pinapansin mong maigi ang kanilang binibigkas at hindi binibigkas na mga mensahe, mas mauunawaan mo ang kanilang mga pangangailangan, problema, at hangarin" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 34).



*Si Abinadi sa Harap ni Haring Noe,* ni Andrew Bosley

MAYO 4–10

# Mosias 11–17

"ISANG ILAW . . . NA HINDI MAAARING MAGDILIM"

Isipin ang halimbawa ni Abinadi ng pagtuturo ng ebanghelyo. Ano ang nakikita mo sa Mosias 11–17 na makakatulong para maging mas mahusay kang guro?

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON ____________________

## Mag-anyayang Magbahagi

Para matulutan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng kanilang pamilya ng banal na kasulatan, maaari mo silang anyayahan na kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap: Kung pipili ako ng isang talata mula sa Mosias 11–17 na ibabahagi sa isang mahal sa buhay, iyon ay ang __________.

## Ituro ang Doktrina

MOSIAS 11–13; 17

### Maaari tayong manindigan sa katotohanan, kahit nag-iisa tayo.

- Kahit malamang ay hindi takot na mamatay ang mga miyembro ng klase mo para sa kanilang patotoo, maaari silang maharap sa oposisyon dahil sa kanilang mga paniniwala. Maaari siguro silang makakita ng mga pangyayari o talata sa Mosias 11–13 at 17 na nagdaragdag sa katapangan nilang manindigan para sa katotohanan. Ano ang nagbigay kina Abinadi at Alma ng lakas-ng-loob na maging matapang? Paano tayo magiging mas matibay at matatag sa pagtatanggol sa katotohanan? Ang mga sipi sa "Karagdagang Resources" ay maaaring makapagbigay ng ilang ideya.
- Para matuto ang klase mo mula sa iba pang mga halimbawa ng matapang na pagtatanggol sa katotohanan, maaari mong isulat ang *Mga Taong Nanindigan para sa Katotohanan* sa pisara. Maaari kang magsimula sa pagtalakay kay Abinadi, at pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng ilang bagay na hinangaan nila tungkol kay Abinadi nang magbasa sila tungkol sa kanya sa linggong ito. Pagkatapos ay maaari nilang banggitin ang iba pang kalalakihan at kababaihan—mula sa mga banal na kasulatan, sa kanilang pamilya, o sa mga personal na karanasan—na sa palagay nila ay mga halimbawa ng paninindigan para sa katotohanan. Ano ang nahihikayat tayong gawin dahil sa mga halimbawang ito?

MOSIAS 12:19–37

### Kapag pinag-aralan natin ang salita ng Diyos, kailangan nating gamitin ang ating puso sa pag-unawa.

- Nang pag-aralan nila ang Mosias 12:19–37 sa linggong ito, maaaring nagkaroon ng mga kabatiran ang mga miyembro ng klase tungkol

sa kahulugan ng gamitin ang ating puso sa pag-unawa sa salita ng Diyos. Isiping hilingin sa ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang mga iniisip. O maaari mo sigurong gamitin ang ilang minuto sa klase para sama-samang saliksikin ang mga talatang ito at talakayin ang imumungkahi nila kung paano gawing mas makabuluhan ang pag-aaral ng ebanghelyo. Halimbawa, bakit mahalaga na ang batas ng Diyos ay kapwa natin inuunawa at "sinusunod"? (Mosias 12:29).

- Ano ang matututuhan ng mga miyembro ng klase mo sa pagkukumpara ng mga ugali at gawi ng mga saserdote ni Noe sa paraan na dapat nating gamitin sa pag-aaral ng ebanghelyo? Anyayahan silang basahin ang Mosias 12:19–37, na hinahanap ang mga puna ni Abinadi sa mga saserdote ni Noe. Ano kaya ang maaaring sabihin ni Abinadi tungkol sa pag-aaral natin ng ebanghelyo ngayon? Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi kung ano ang ginagawa nila na nakakatulong sa kanila na gamitin ang kanilang puso sa pag-unawa at gawing mas makabuluhan ang pag-aaral nila ng ebanghelyo.



Ang epektibong pag-aaral ng ebanghelyo ay nangangailangan ng paggamit ng ating puso sa pag-unawa.

**MOSIAS 13:28–15:11**

### Ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala.

- Para makumbinsi ang nag-aalinlangang tagapakinig tungkol sa pagparito ng Mesiyas, sinipi ni Abinadi ang isang nakakaantig na propesiya mula kay Isaias (tingnan sa Mosias 14). May ilang paraan para marebyu ng mga miyembro ng klase ang kabanatang ito. Maaari nilang basahin ang ilang talata sa isang pagkakataon at talakayin ang mga ito, o maaari mong hatiin ang klase sa maliliit na grupo para pag-usapan ang mga makabuluhang talata, pati na ang mga talababa, para tumuklas ng mga karagdagang kabatiran. Hikayatin silang ibahagi ang natutuhan nila tungkol sa Tagapagligtas mula sa kabanatang ito.

- Nauunawaan ba ng mga miyembro ng klase mo kung ano ang ibig sabihin ng "[tinugunan ni Jesucristo] ang mga hinihingi ng katarungan"? (Mosias 15:9). Para mas makaunawa sila, maaari kayong magsimula sa sama-samang pagbasa sa "Katarungan" at "Awa, Maawain" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (scriptures.ChurchofJesusChrist.org). Marahil ay maaaring magboluntaryo ang isang tao na isulat sa pisara ang isang maikling kahulugan ng bawat salita. Pagkatapos ay maaari ninyong basahin ang Mosias 15:1–9 nang magkakasama. Paano tinugunan ni Jesucristo ang mga hinihingi ng katarungan? Paano Siya nagpapakita ng awa sa atin? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga analohiyang naglalarawan kung paano tinugunan ni Jesucristo ang mga hinihingi ng katarungan.

**MOSIAS 11; 12:33–37; 13:11–26**

### Ang mga kautusan ay dapat isulat sa ating puso.

- Maaari mong matulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung bakit mahalaga na "nakasulat sa [ating] puso" ang mga kautusan sa pamamagitan ng pagtatanong kung ano sa palagay nila ang kahulugan ng pariralang ito. Pagkatapos ay anyayahan silang ikumpara ang mga kautusang itinuro ni Abinadi sa Mosias 12:33–37 at 13:11–26 sa mga kasalanang ginagawa nina Haring Noe at ng kanyang mga tao (tingnan sa Mosias 11:1–7, 14–15). Paano naiiba ang mga kautusan "na nakasulat sa [ating] puso" sa pagiging pamilyar lamang sa mga ito? (Mosias 13:11). Paano natin malalaman kung ang mga kautusan ay nakasulat sa ating puso? Anong mga halimbawa ang maibabahagi natin?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Nadama na ba ng mga miyembro ng klase ang nadama ni Abinadi—na nawalan ng saysay ang kanilang mga pagsisikap na ibahagi ang ebanghelyo? Sabihin sa kanila na sa Mosias 18–26 mababasa nila ang tungkol sa saganang bunga ng mga pagsisikap ni Abinadi.



## Karagdagang Resources

### Mga turo ng mga propeta tungkol sa paninindigan para sa katotohanan.

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo ay handang lumantad, magsalita, at maiba sa mga tao sa mundo. . . . Hindi madali o [aw]tomatiko ang maging gayon kalakas na mga disipulo. Kailangan tayong magtuon sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kailangang mag-isip nang husto sa pagsisikap na magtuon sa Kanya sa *bawat* pag-iisip. Ngunit kapag ginawa natin ito, mawawala ang ating mga pagdududa at takot" ("Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2017, 40–41).

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Nawa ay maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin, at kung kailangan nating manindigang mag-isa, nawa ay magawa natin ito nang buong tapang, pinalalakas ng kaalaman na totoong hindi tayo nag-iisa kapag naninindigan tayo sa panig ng ating Ama sa Langit" ("Tapang na Manindigang Mag-isa," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 67).

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Isinulat ni Pablo kay Timoteo: 'Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pagibig, at ng kahusayan. Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon' (II Kay Timoteo 1:7–8). Sana'y ilagay ng lahat ng miyembro ng simbahang ito ang mga salitang ito sa lugar na makikita nila ito tuwing umaga sa pagsisimula ng araw niya. Bibigyan tayo nito ng lakas-ng-loob na magsalita, bibigyan tayo nito ng pananampalatayang magsikap, magpapalakas ito sa ating pananalig sa Panginoong Jesucristo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* [2016], 379).



Minerva K. Teichert (1888-1976), *Escape of King Limhi and His People*, 1949-1951, langis sa masonite, 35 7/8 x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art, 1969

**MAYO 11–17**

# Mosias 18–24

TAYO AY NAKIPAGTIPAN SA KANYA

Habang binabasa mo ang Mosias 18–24, isipin ang mga taong tinuturuan mo. Ano ang alam mo tungkol sa kanila? Mabibigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo ang iyong mga kaisipan at matutulungan kang tukuyin ang mga katotohanan ng ebanghelyo na higit na nauugnay sa kanila.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magmungkahi ng ilang alituntunin, o mga pahayag ng katotohanan, na nakita nila sa kanilang pag-aaral ng Mosias 18–24. (Nakalista ang ilang alituntunin sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*.) Hikayatin silang magbahagi ng mga talata mula sa Mosias 18–24 na nagtuturo ng mga alituntuning ito. Ano ang naging mga karanasan nila sa mga katotohanang ito?



## Ituro ang Doktrina

**MOSIAS 18:1–16**

### Ang binyag ay may kasamang isang tipan na maglingkod sa Diyos at tumayo bilang saksi Niya.

- Habang binabasa mo ang Mosias 18 at naghahanda kang magturo, maaari kang mahikayat na tulungan ang mga miyembro ng klase mo na rebyuhin at pagnilayan ang kanilang tipan sa binyag. Narito ang isang paraan para magawa mo ito: Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magtulungan sa paglilista sa pisara ng maraming pariralang maaalala nila na may kaugnayan sa paglalarawan ni Alma sa tipan sa binyag. Kapag tapos na sila, maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang Mosias 18:8–10 at idagdag ang anumang maaaring wala sa listahan. (Maaari din silang magdagdag ng mga parirala mula sa D at T 20:37, 77, at 79.) Makabubuting itanong sa kanila kung ano ang kahulugan ng bawat parirala at kung ano ang magagawa nila para masunod ang bahaging iyon ng tipan sa binyag. Paano tayo binibiyayaan ng Panginoon kapag sinikap nating tuparin ang bahagi natin sa tipan?
- Nang maghandang mabinyagan ang mga alagad ni Alma, itinuro sa kanila ni Alma na ang pagpasok "sa kawan ng Diyos" ay nangangailangan ng paggawa ng tipan na sundin ang Diyos at pangalagaan ang Kanyang mga anak (tingnan sa Mosias 18:8–9). Marahil ay maaaring magbahagi ng mga karanasan ang mga miyembro ng klase kung kailan sila o ang isang kakilala nila ay napalakas ng ibang tao sa pagtupad ng tipan sa binyag na inilarawan sa Mosias 18:8–10. Halimbawa, kailan sila napanatag o natulungan ng iba na dalhin ang kanilang mga pasanin? Paano tayo nahikayat ng mga karanasang ito na

tuparin ang ating tipan? Maaari mo ring ipaalala sa mga miyembro ng klase kung paano tumayo si Abinadi "bilang [isang] saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (talata 9). Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa habang hinahangad nating gampanan ang bahaging ito ng ating tipan sa binyag?



Kapag nabinyagan tayo, nakikipagtipan tayong maglingkod sa Diyos at sa iba.

**MOSIAS 18:17–31**

### Nagkakaisa ang mga tao ng Diyos.

- Inilalarawan sa Mosias 18:17–31 ang mga kautusang ibinigay ni Alma sa kanyang mga tao para tulungan silang magkaisa bilang mga miyembro ng Simbahan ni Cristo. Para mapag-isipan ng mga miyembro ng klase kung paano naaangkop ang mga kautusang ito sa kanila, maaari mong hilingin na saliksikin nila ang mga talatang ito sa maliliit na grupo at ilista ang mga kautusang makikita nila. Paano maaaring makatulong ang pagsunod sa mga kautusang ito na madama ng mga miyembro ng ward na mas nagkakaisa sila? May mga mithiin ba ang mga miyembro ng klase mo na magagawa nilang mag-isa o bilang isang grupo para matularan ang halimbawa ng mga tao ni Alma?

- Nagtatanong ang ilang tao, bakit ba natin kailangan ang isang simbahan? Para masagot ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito, maaari kang magdrowing ng outline ng isang gusali ng Simbahan sa pisara at isulat ang tanong na ito sa ilalim nito. Pagkatapos ay maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Mosias 18:17–31 at isulat ang mga posibleng sagot na makikita nila sa mga talatang ito. Makakakita rin sila ng mga sagot sa sipi mula sa mensahe ni Elder Christofferson sa "Karagdagang Resources." Marahil ay maaari mong ipasadula sa ilang miyembro ng klase kung paano nila sasagutin ang isang kaibigan na hindi naniniwala na kailangan ang isang organisadong simbahan. Bakit tayo nagpapasalamat na mapabilang sa Simbahan?

- Kahit gusto nating ipalagay na nadarama ng lahat na tanggap sila sa simbahan, sa kasamaang-palad, hindi iyon nadarama ng lahat. Ano ang matututuhan natin mula sa mga tao ni Alma sa Mosias 18:17–31 na makakatulong sa atin na lumikha ng isang lugar kung saan madarama ng lahat na sila ay kabilang?

**MOSIAS 21–24**

### Mapapagaan ng Panginoon ang ating mga pasanin.

- Ang dinadalang mga pasanin ng mga miyembro ng klase mo ay iba sa dinala ng mga tao ni Limhi o ni Alma noong sila ay nasa pagkabihag. Ngunit ang mga mensahe sa mga salaysay na ito ay angkop sa sinumang nabibigatan sa paghihirap o sa mahihirap na sitwasyon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa Mosias 21–24 kung paano tayo matutulungan ng Diyos sa gitna ng ating mga pagsubok. (Para sa maikling buod ng mga talang ito, tingnan sa L. Tom Perry, "Ang Kapangyarihang Magligtas," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2012, 94–97.) Maaari ding ibahagi ng mga miyembro ng klase kung kailan nila naranasan, tulad ng mga tao ni Alma, ang katuparan ng pangako ng Diyos na pagagaanin Niya ang kanilang mga pasanin at dadalawin sila sa kanilang mga paghihirap (tingnan sa Mosias 24:14).

- Maaaring makabuluhan para sa mga miyembro ng klase na mag-ukol ng ilang minuto sa pagsulat ng personal na mga pagsubok na naranasan nila at pagninilay sa mga paraan na tinutulungan sila ng Panginoon na dalhin ang kanilang mga pasanin. May mga talata ba mula sa Mosias 21–24 na naghihikayat sa kanila na bumaling sa Panginoon sa oras ng paghihirap? Paano nauugnay ang pangako ng Panginoon sa mga tao ni Alma sa Mosias 24:14 sa tipang ginagawa natin sa Panginoon sa binyag? (tingnan sa Mosias 18:8–10).



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mosias 25–28, hilingin na mag-isip sila ng isang taong kilala nila na nalihis mula sa ebanghelyo. Sabihin sa kanila na habang binabasa nila ang mga kabanatang ito, maaari silang makahanap ng mga kabatiran kung paano matutulungan ang taong iyon na makabalik.



## Karagdagang Resources

### Bakit ba natin kailangan ang Simbahan?

Sabi ni Elder D. Todd Christofferson: "Natanto ko na may mga taong itinuturing ang kanilang sarili na relihiyoso o espirituwal ngunit tumatangging makibahagi sa isang simbahan o ipinapalagay na hindi kailangan ang isang institusyong tulad nito. Ang pagsasabuhay ng relihiyon para sa kanila ay pawang pansarili lamang. Gayon pa man ang Simbahan ay nilikha Niya na sentro ng ating espirituwalidad—si Jesucristo. Mahalagang pag-isipan kung bakit pinili Niya na gumamit ng simbahan, ang Kanyang Simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, upang isakatuparan ang gawain Nila ng Kanyang Ama."

Pagkatapos ay ibinahagi ni Elder Christofferson ang mga dahilan kaya nagtatag ang Panginoon ng isang Simbahan (tingnan sa "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 108–11):

- "[Upang] ipangaral ang mabuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo at isagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan—sa madaling salita, ilapit ang mga tao kay Cristo."
- "Upang lumikha ng isang komunidad ng mga Banal na susuportahan ang isa't isa sa 'makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan' [2 Nephi 31:18]. . . . Nagkakaisa sa pananampalataya, tinuturuan at pinatatatag natin ang isa't isa at sinisikap na ipamuhay ang pinakamataas na pamantayan ng pagiging disipulo."
- Upang "may lingguhang pagtitipon para sa kapahingahan at pagpapanibago, ang oras at lugar para isantabi ang mga alalahanin ng mundo—ang araw ng Sabbath."
- "[Upang] magtamo ng kinakailangang bagay na hindi magagawa ng mga indibiduwal o maliliit na grupo [pati na] ang pagtugon sa kahirapan, . . . [pagdadala ng] ebanghelyo sa buong mundo . . . [pagtatayo at pagpapatakbo] ng mga templo, na mga bahay ng Panginoon, kung saan ang mahahalagang ordenansa at tipan ay pinangangasiwaan."
- Sa paggamit ng mga susi ng priesthood, "iniingatan ng mga priesthood leader ng Simbahan ang kadalisayan ng doktrina ng Tagapagligtas at ang integridad ng Kanyang nakapagliligtas na mga ordenansa, . . . tumutulong sila sa paghahanda sa mga taong nais na makatanggap nito, inaalam kung karapat-dapat ang mga nagnanais nito, at pagkatapos ay isinasagawa ang mga ito . . . [at tinutukoy kapwa] ang katotohanan at kabulaanan."



*Pagbabalik-loob ni Nakababatang Alma,* ni Gary L. Kapp

MAYO 18–24

# Mosias 25–28

"SILA AY TINAWAG NA MGA TAO NG DIYOS"

Ang pinakamagandang paraan para makapaghandang magturo ng tungkol sa Mosias 25–28 ay basahin ang mga kabanatang ito at ipamuhay ang mga alituntuning itinuturo ng mga ito. Kapag ginawa mo ito, mahihikayat ka ng Espiritu na ituro ang magiging pinakamahalaga para sa mga miyembro ng klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Maaaring nahihirapan ang ilang miyembro ng klase na magkaroon ng palagiang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng banal na kasulatan. Makakatulong kaya ang mga karanasan ng iba pang mga miyembro ng klase? Marahil ay maaari mong simulan ang klase mo sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay na ginawa nila sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya na naging maayos.



## Ituro ang Doktrina

MOSIAS 26:15–31; 27:23–37

### Malayang pinatatawad ng Diyos ang mga taong nagsisisi.

- Pagsisisi at kapatawaran ang paulit-ulit na tema sa mga kabanatang ito. Maaari mong siyasatin ang mga temang ito sa pagsulat ng *Pagsisisi* at *Kapatawaran* sa pisara at paghiling sa mga miyembro ng klase na ilista sa ilalim ng mga heading na iyon ang pumapasok sa isipan nila kapag iniisip nila ang mga salitang ito. Pagkatapos ay maaari nilang saliksikin ang Mosias 26:22–24, 29–31; at 27:23–37 para sa mga salita at pariralang nagtuturo sa kanila tungkol sa pagsisisi at kapatawaran. Maaaring idagdag ng mga miyembro ng klase ang mga salita at pariralang ito sa mga listahan sa pisara. Ano ang damdamin ng Diyos tungkol sa mga nagsisisi at humihingi ng tawad?
- Maaaring nag-iisip ang ilang tao kung naging sapat ang kanilang pagsisisi para patawarin sila ng Diyos. Para matulungan ang sinuman sa klase mo na maaaring gayon ang pakiramdam, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin na kunwari'y sila si Nakatatandang Alma at na isang miyembro ng Simbahan sa Zarahemla ang nagtanong sa kanila kung paano magkamit ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan (maisasadula siguro ninyo ang sitwasyong ito). Ano ang natutuhan ni Alma mula sa Panginoon sa Mosias 26:15–31 na maaaring makatulong sa miyembrong ito ng Simbahan? (tingnan din sa Moroni 6:8; DT 58:42–43). Maaari ding makatulong ang pahayag na ito ni Pangulong Henry B. Eyring: "Kung nadama ninyo ngayon ang impluwensya ng Espiritu Santo, maaari ninyo itong

gawing katibayan na nagkakaroon ng epekto ang Pagbabayad-sala sa inyong buhay” (“Gifts of the Spirit for Hard Times,” *Ensign,* Hunyo 2007, 23).

**MOSIAS 27:8–24**

### Dinirinig ng Diyos ang ating mga dalangin at sasagutin ang mga ito ayon sa Kanyang kalooban.

- Marami sa atin ang makakaugnay sa damdamin ni Nakatatandang Alma, na ang anak ay “naghihimagsik laban sa Diyos” (Mosias 27:11). Marahil ay maaaring talakayin ng mga miyembro ng klase kung paano nila maaaring gamitin ang salaysay sa Mosias 27:8–24 para bigyan ng pag-asa ang isang taong may kapamilya na naliligaw ng landas. Nauunawaan na hindi tayo maaaring humingi ng himala o magpawalang-bisa ng kalayaan ng isang tao, ano ang angkop nating maipagdarasal kapag naliligaw ng landas ang isang mahal sa buhay? (tingnan din sa Alma 6:6).

**MOSIAS 27:8–28:4**

### Lahat ng kalalakihan at kababaihan ay kailangang isilang na muli.

- Narito ang ilang tanong na maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na matuto tungkol sa pagkapanganak na muli: Ano ang ibig sabihin ng espirituwal na isilang na muli? (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob”). Paano tayo nagsisikap na makitungo sa iba kapag tayo ay espirituwal na isinilang na muli? Para masagot ng mga miyembro ng klase ang mga tanong na ito, maaari mo silang anyayahan na saliksikin ang Mosias 27:22–28:4 para sa mga palatandaan na si Alma at ang mga anak ni Mosias ay espirituwal na isinilang na muli.

- Lahat ay may kuwento ng pagbabalik-loob, dahil sabi nga ni Alma, “*buong* sangkatauhan . . . ay kinakailangang isilang na muli” (Mosias 27:25; idinagdag ang italics). Maaari sigurong ibahagi ng ilang miyembro ng klase kung paano sila nagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo—sa pamamagitan man ng malalaking espirituwal na pangyayari sa buhay nila o sa pamamagitan ng unti-unti, at kung minsa’y di-halata, na proseso na maaari lamang mapansin kapag nangyari na ito. Maaari mo ring bigyan ang mga miyembro ng klase ng oras sa klase na itala ang kanilang mga karanasan. (Kung walang oras para magawa ito sa klase, maaari mong imungkahi na gawin nila ito sa bahay.) Para mabigyang-diin na dapat ay tuluy-tuloy ang ating pagbabalik-loob, maaari mong imungkahi sa mga miyembro ng klase na rebyuhin paminsan-minsan ang isinulat nila at magdagdag ng mga bagong karanasan.

- Ginamit ni Alma at ng iba pa sa buong banal na kasulatan ang metapora ng maisilang na muli para ilarawan ang pagbabagong hatid ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating buhay. Ikinumpara ni Elder David A. Bednar ang pagbabagong ito sa pagiging pickle ng isang pipino (tingnan sa “Karagdagang Resources”). Para mapagnilayan ng mga miyembro ng klase ang itinuturo ng mga pagkukumparang ito tungkol sa pagbabalik-loob, maaari kang magdala ng pipino at pickle sa klase. O maaari mong anyayahan ang isang tao na magdala ng isang sanggol at talakayin kung bakit ang pagsilang ay magandang analohiya para sa nangyari kay Alma at sa mga anak ni Mosias. (Tingnan sa Mosias 27:23–28:7.)



*Nagalak ang Kanyang Ama,* ni Walter Rane



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mosias 29–Alma 4 sa susunod na linggo, maaari mong banggitin sa kanila na sa mga kabanatang ito, ang mga tao ni Nephi ay binigyan ng karapatang magpahayag sa kanilang pamahalaan. Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang mga karanasan habang sinisikap nating impluwensyahan sa kabutihan ang ating komunidad?



## Karagdagang Resources

### Isang habambuhay na proseso.

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: "Ang pagsilang muli, di tulad ng ating pisikal na pagsilang, ay isang proseso sa halip na pangyayari. At ang pakikibahagi sa prosesong iyon ang [pangunahing] layunin ng mortalidad" ("Isinilang na Muli," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2008, 78).

### Pagbabalik-loob at mga pickle.

Ibinahagi ni Elder David A. Bednar ang sumusunod na analohiya na ikinukumpara ang espirituwal na pagsilang na muli sa pagpi-pickle ng mga pipino:

"Ang pipino ay nagiging pickle kapag sinunod natin ang isang partikular na resipe at mga hakbang sa paggawa. Ang mga unang hakbang para magawang pickle ang isang pipino ay ang *paghahanda* at *paglilinis*. . . .

"Ang susunod na mga hakbang sa prosesong ito ay ang *paglulubog* at *pagbababad* ng mga pipino sa tubig na may asin (brine) sa matagal na panahon. . . . Ang mga pipino ay magiging mga pickle lamang kung lubos itong nakalubog sa tubig na may asin sa itinakdang panahon. Unti-unting binabago ng proseso ng pagbababad ang komposisyon ng pipino at nagiging malinaw ang hitsura nito at naglalasang pickle. Hindi maisasagawa ng manaka-nakang pagwiwisik ng o pagsawsaw sa tubig na may asin ang pagbabagong kailangan. Sa halip, kailangan ang palagian, matagalan, at lubusang paglubog para maganap ang pagbabagong hinahangad.

"Ang huling hakbang sa proseso ay *pagseselyado* ng mga ipinreserbang pickle sa mga garapong inisterilisa at nilinis na mabuti. Ang mga pickle ay inilalagay sa mga garapon, nakalubog sa kumukulong tubig na may asin, at iniisterilisa sa isang lalagyang may kumukulong tubig. Kailangang matanggal ang lahat ng dumi kapwa sa mga pickle at sa mga garapon para mapangalagaan at mapreserba ang yaring produkto. . . .

"Tulad ng kinakailangang paghahanda at paglilinis ng pipino bago ito gawing pickle, kayo at ako ay maihahanda rin sa pamamagitan ng 'mga salita ng pananampalataya at ng mabuting aral' (I Kay Timoteo 4:6) at lilinisin muna sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan na isinasagawa ng awtoridad ng Aaronic Priesthood. . . .

"Tulad ng pipino na naging pickle nang ilubog at ibabad ito sa tubig na may asin, kayo at ako man ay ipinanganak na muli nang turuan at tanggapin natin ang ebanghelyo ni Jesucristo. . . . Ang yugtong ito ng proseso ng pagbabago ay nangangailangan ng panahon, pagsisikap, at pagtitiyaga. . . .

". . . Paglulubog sa lalagyang may kumukulong tubig ang paraan para mapangalagaan at maipreserba ang mga pickle nang matagal. Sa gayunding paraan, unti-unti tayong nagiging dalisay at banal nang mahugasan kayo at ako sa dugo ng Kordero, maipanganak na muli, at makatanggap ng mga ordenansa at iginalang ang mga tipan na isinagawa ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood" ("Kinakailangan Ngang Kayo'y Ipanganak na Muli, " *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 19–21).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maghanda na nasasaisip ang mga tao.** "Kapag naghahanda ka, hayaang ang pag-unawa mo sa mga tinuturuan mo ang gumabay sa iyong mga plano. . . . Ang mga guro na katulad ni Cristo ay hindi nakatuon sa isang partikular na estilo o pamamaraan; nakatuon sila sa pagtulong sa mga tao na mapatibay ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at maging higit na katulad Niya" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 7).



*Si Nakababatang Alma na Nangangaral*, ni Gary L. Kapp

MAYO 25–31

# Mosias 29–Alma 4

"SILA AY NAGING MATATAG AT DI NATITINAG"

Noong panahon ni Alma, ang isang guro ng ebanghelyo ay hindi itinuturing na "nakahihigit kaysa sa mag-aaral; at sa gayon silang lahat ay pantay-pantay" (Alma 1:26). Habang naghahanda kang magturo, pagnilayan kung paano naaangkop ang alituntuning ito sa iyo at sa klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Maaaring napansin ng mga miyembro ng klase ang mga pagkakatulad ng mga pangyayaring inilarawan sa Mosias 29–Alma 4 sa mga bagay na nangyayari sa mundo ngayon o sa sarili nilang buhay. Bigyan sila ng ilang minuto para rebyuhin ang mga kabanata para makahanap ng halimbawa. Anyayahan silang ibahagi sa isang katabi ang natuklasan nila.



## Ituro ang Doktrina

MOSIAS 29:11–27; ALMA 2:1–7

### Maaari tayong maging mabuting impluwensya sa ating komunidad.

- Kung makikinabang ang mga miyembro ng klase sa pagtalakay kung paano iimpluwensyahan sa kabutihan ang lipunan, maaari mo silang anyayahan na mag-isip ng ilang isyung kinakaharap ng iyong komunidad at ilista ang ilan sa pisara (iwasan ang detalyadong talakayan tungkol sa mga isyung ito). Maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang Alma 2:1–7 para alamin kung ano ang isyung kinaharap ng mga Nephita at kung ano ang ginawa nila tungkol doon. Ano kaya ang mangyayari kung hindi nagkaroon ng karapatang magpahayag "ang mga tao ng Simbahan"? Ano pa ang matututuhan natin tungkol sa pagiging mabuting mamamayan mula sa salaysay na ito, mula sa Mosias 29:26–27, at mula sa kuwento sa "Karagdagang Resources"? Maaaring mag-isip ang mga miyembro ng klase ng isang bagay na gagawin nila para impluwensyahan sa kabutihan ang kanilang komunidad tungkol sa isa sa mga isyu sa pisara.

ALMA 1:2–9, 26

### Mapapansin at matatanggihan natin ang mga maling turo.

- Ang halimbawa ni Gedeon sa paglaban kay Nehor ay maaaring nakaantig sa klase mo. Maaari mo sigurong hilingin nang maaga sa isang tao na rebyuhin ang kasaysayan ni Gedeon at ibahagi ito sa klase (tingnan sa Mosias 19:1–8; 20:15–22; 22:1–9; at Alma 1:2–9). Batay sa rebyung ito, maaaring ilista ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga nagbibigay-inspirasyong katangian ni Gedeon. Halimbawa, nang marinig ni Gedeon ang mga maling turo ni Nehor, nilabanan ni

Gedeon si Nehor "sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos" (talata 9). Sa kanilang personal na pag-aaral, maaaring may natuklasan ang mga miyembro ng klase na mga talata sa banal na kasulatan na pinabubulaanan ang mga turo ni Nehor na matatagpuan sa Alma 1:3–6. Anyayahan silang ibahagi ang mga talatang natuklasan nila. May ilang talata ring iminungkahi sa "Karagdagang Resources." Paano tayo magiging higit na katulad ni Gedeon sa pagtatanggol natin sa katotohanan?

- Ang mga maling turo ni Nehor, na inilarawan sa Alma 1:3–6, ay makakatulong sa atin na malaman ang mga taktikang ginagamit ni Satanas para linlangin tayo. Halimbawa, madalas niyang itinatago ang kanyang mga kasinungalingan sa loob ng katotohanan. Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Alma 1:3–4 at tukuyin ang mga kasinungalingang sinabi ni Satanas at ang mga katotohanang ginamit niya para magmukha itong kaakit-akit. Ano ang ilang kasinungalingang may halong katotohanan na lumilinlang sa mga tao ngayon? Paano natin matutulungan ang ating pamilya at mga mahal sa buhay na matukoy ang tama at mali?

- Maaaring kantahin o basahin ng mga miyembro ng klase ang isang himno tungkol sa pagpapakumbaba, tulad ng "Magpakumbaba Ka" (*Mga Himno,* blg. 75), at talakayin kung paano naiiba ang mensahe nito sa mensahe ni Nehor sa Alma 1:2–9. Maaari din nilang ikumpara ang itinuro ni Nehor tungkol sa mga guro ng ebanghelyo sa itinuro at ipinakitang halimbawa ni Alma at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan (tingnan sa Alma 1:26; 4:15–20). Ano ang motibo ni Nehor? Paano ito naiba sa motibo ni Alma? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang nagtulak sa kanila na maglingkod sa Simbahan. Ano ang mungkahi sa Alma 1:26 tungkol sa ating responsibilidad bilang mga mag-aaral?

**ALMA 1:19–30; 4:6–15**

### Ang kapalaluan ay maaaring maging dahilan para tayo "maantala [sa ating] pag-unlad."

- Ang pagtalakay sa Alma 1 at Alma 4 ay makakatulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano nakakaapekto ang kapalaluan kapwa sa mga indibiduwal at sa Simbahan. Maaari mong hatiin ang klase sa dalawang grupo at hilingin sa isang grupo na pag-aralan ang kalagayan ng Simbahan ayon sa nakalarawan sa Alma 1:19–30, habang ang isa namang pangkat ay pag-aaralan ang kalagayan ng Simbahan matapos ang ilang taon, na nakalarawan sa Alma 4:6–15. Hilingin sa bawat grupo na ibahagi kung ano ang kalagayan ng Simbahan at ng mga miyembro nito ayon sa mga talatang binasa nila. Maaari silang sama-samang magplano ng magandang paraan para magawa ito—halimbawa, maaari silang mag-drowing ng isang larawan o maghanda ng isang maikling pagsasadula. Matapos magbahagi ang mga grupo sa isa't isa, hilingin sa kanila na talakayin ang natutuhan nila tungkol sa mga epekto ng kapalaluan sa Simbahan at mga miyembro nito at ang mga pagpapala ng pagpapakumbaba. Ano ang mga aral na dulot sa atin ng mga salaysay na ito ngayon?

**ALMA 4:12–20**

### Ang "salita ng Diyos" at "dalisay na patotoo" ay nagpapabago ng mga puso.

- Maraming taong nakakaugnay sa nadama ni Alma nang siya ay naging "labis na malungkot" (Alma 4:15) tungkol sa kasamaan at mga paghihirap ng kanyang mga tao. Maaari sigurong isipin ng mga miyembro ng klase ang isang inaalala nilang mahal sa buhay at isaisip ang taong iyon habang binabasa nila ang Alma 4:12–20. Pagkatapos magbasa ang mga miyembro ng klase, maaari kang magtanong ng mga bagay na tulad nito para maghikayat ng talakayan tungkol sa mga talata: Ano ang nagpagalak sa mga tao sa kanilang mahihirap na sitwasyon? Ano ang kahulugan sa inyo ng pariralang "siya ay hindi binigo ng Espiritu ng Panginoon"? (Alma 4:15). Anong mga sakripisyo ang ginawa ni Alma para tulungan ang kanyang mga tao, at ano kung minsan ang mga hinihiling sa atin na isakripisyo? Anong mga halimbawa ng bisa ng "dalisay na patotoo" ang nakita na natin? (Alma 4:19). Paano natin maibabahagi ang ating patotoo nang hindi tayo nagsesermon o nanghuhusga? Maaari mong bigyan ng panahon ang mga miyembro ng klase na sumulat ng mensahe ng patotoo sa kanilang mga mahal sa buhay.

- Marahil ay makikinabang ang mga miyembro ng klase sa pagtalakay kung ano ang "dalisay na patotoo." Paano nagawa ng mga patotoong ito, o ng iba pang narinig na natin, na "pukawin [tayo] sa pag-alaala sa [ating] tungkulin"? (Alma 4:19). Paano nakakatulong sa atin ang mga patotoong ito na madaig ang kapalaluan at pagtatalo?

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaari mong ipaliwanag sa mga miyembro ng klase na sa Alma 5–7 ay babasahin nila ang "dalisay na patotoo" ni Alma at aalamin ang mga epekto nito sa mga tao (tingnan sa Alma 4:19).

## Karagdagang Resources

### "Ipadama ninyo ang inyong impluwensya."

Nang matawag si Sister Belle S. Spafford bilang Relief Society General President noong 1945, agad naanyayahang dumalo ang mga lider ng Relief Society sa pulong ng isang kilalang national women's council. Ang mga pangkalahatang pinuno ng Relief Society ay mga miyembro na ng council na ito sa loob ng maraming taon, ngunit nadama nila na hindi naging maganda ang pagtrato sa kanila ng council kamakailan. Matapos makipagtalakayan sa kanyang mga counselor, inirekomenda ni Sister Spafford kay Pangulong George Albert Smith, ang Pangulo ng Simbahan, na dapat wakasan ng Relief Society ang pagiging miyembro nito sa council.

Nang talakayin nila ang rekomendasyon, sinabi ni Sister Spafford, "Alam ninyo, Pangulong Smith, wala kaming napapala sa Council."

Ikinuwento niya kalaunan:

"Gulat na tiningnan ako ng Pangulo. Sabi niya, 'Sister Spafford, ang lagi bang nasa isip ninyo ay kung ano ang mapapala ninyo? Hindi ba mas makabubuting isipin kung minsan kung ano ang maibibigay ninyo? Naniniwala ako,' pagpapatuloy niya, 'na ang mga babaeng Mormon ay may maibibigay sa kababaihan ng mundo, at may matututuhan din sila mula sa kanila. Sa halip na wakasan ang inyong pagiging miyembro, iminumungkahi ko na isama mo ang pinakamagagaling ninyong board member at bumalik sa pulong na ito.'

"Pagkatapos ay mariin niyang sinabi, 'Ipadama ninyo ang inyong impluwensya'" (Belle S. Spafford, *A Woman's Reach* [1974], 96–97).

Sinunod ni Sister Spafford ang payong ito. Naglingkod siya nang maraming taon sa council at kalaunan ay nahalal bilang isa sa mga pinuno nito.

### Mga talata sa banal na kasulatan na pinabubulaanan ang mga maling turo ni Nehor.

- Mateo 7:21–23
- Mga Gawa 20:33–35
- I Ni Pedro 5:2
- 2 Nephi 26:29–31
- 2 Nephi 33:9
- Enos 1:23
- Mosias 18:24–26
- Alma 1:26
- Alma 11:37
- Helaman 12:25–26

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tiyakin na totoong doktrina ang itinuturo mo.** "Patuloy na itanong sa iyong sarili, 'Paano matutulungan ng mga itinuturo ko ang mga miyembro ng klase ko na mapatatag ang kanilang pananampalataya kay Cristo, magsisi, gumawa at tumupad ng mga tipan sa Diyos, at matanggap ang Espiritu Santo?'" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 20).



*Ye Are Not Forgotten,* ni Jon McNaughton

HUNYO 1–7

# Alma 5–7

"INYO BANG NARANASAN ANG MALAKING PAGBABAGONG ITO SA INYONG MGA PUSO?"

Habang binabasa mo ang Alma 5–7, isipin ang mga miyembro ng klase mo na ipinamumuhay ang mga turo sa mga kabanatang ito. Mag-isip ng mga paraan na matutulungan mo silang makilahok sa talakayan ninyo sa Linggo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Maglaan ng ilang minuto para alalahanin ng mga miyembro ng klase ang nabasa nila sa Alma 5–7 at hanapin ang katotohanang gusto nilang ibahagi sa klase. Pagkatapos ay hilingin na ibahagi nila ito sa kanilang katabi.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 5:14–33

### Kailangan nating maranasan—at patuloy na madama—ang malaking pagbabago ng puso.

- Inanyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-isipan ang mga tanong sa Alma 5:14–33 sa outline para sa linggong ito ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Maaari kang magpasimula ng talakayan tungkol sa mga talatang ito sa paghiling sa mga miyembro ng klase na ibahagi kung anong mga tanong mula sa mga talatang ito ang makabuluhan sa kanila. Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na maggrupu-grupo para rebyuhin ang Alma 5:14–33 at tuklasin ang kahulugan ng makaranas ng pagbabago ng puso sa pamamagitan ng Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala. Maaari din nilang hanapin ang mga pagpapalang nagmumula sa isang pusong nagbago. Anong iba pang mga metapora ang ginamit para ilarawan ang pagbabagong inilalarawan ni Alma? (Halimbawa, tingnan sa Juan 3:1–7; II Mga Taga Corinto 5:17; Dale G. Renlund, "Pagpepreserba ng Malaking Pagbabago ng Puso," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 97–99.) Paano natin mapapanatili ang pagbabago ng puso sa buong buhay natin? (tingnan sa Alma 5:26).

ALMA 5:44–51

### Magkakaroon tayo ng sariling patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

- Tulad ni Alma, ang mga miyembro ng klase mo ay nagkaroon na ng sarili nilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Para malaman nila kung ano ang ginawa ni Alma para matanggap ang kanyang patotoo sa pamamagitan ng Espiritu, maaari kang mamigay ng mga piraso ng papel na may nakasulat na salitang

*Patotoo* sa bandang itaas. Maaaring magpares-pares ang mga miyembro ng klase para rebyuhin ang Alma 5:44–51 at gamitin ang natutuhan nila sa mga talatang ito para sumulat ng isang "resipe" para sa patotoo. Halimbawa, ang "mga sangkap" ng resipe ay maaaring ang mga katotohanang bumubuo sa ating patotoo. Ang "mga panuto" o tagubilin para sa resipe ay maaaring ang mga bagay na kailangan nating gawin para magkaroon ng patotoo. (Tingnan ang mensahe ni Elder Dieter F. Uchtdorf sa "Karagdagang Resources" para sa ilang ideya.) Anong "mga sangkap" at "mga panuto" ang maaari nilang idagdag sa kanilang resipe mula sa sarili nilang mga karanasan o sa iba pang mga karanasan sa mga banal na kasulatan? Sabihin sa magkakapares na ibahagi ang natutuhan nila at ang ginagawa nila para anyayahan ang Espiritu Santo na patotohanan ang katotohanan sa kanila.

**ALMA 6**

### Nagtitipon tayo bilang mga Banal upang marinig ang salita ng Diyos at gawin ang Kanyang gawain.

- Para maipaalala sa mga miyembro ng klase ang kahalagahan ng pagtitipon bilang isang grupo ng mga Banal, maaari mo silang anyayahang isipin na kunwari'y may isa silang kakilala na nakadarama na ang mapabilang sa isang simbahan ay hindi kailangan. Ano ang maaari nilang ibahagi mula sa Alma 6 para ituro sa taong ito ang ilan sa mga pagpapala ng pagiging kabilang sa isang simbahan? Paano natin higit na maisasakatuparan ang mga layunin ng pagtitipon na inilarawan ni Alma?

**ALMA 7:7–16**

### Dinala ng Tagapagligtas sa Kanyang sarili ang ating mga kasalanan, pasakit, at paghihirap.

- Maaaring may mga tao sa klase mo na kailangang malaman kaagad kung ano ang itinuturo sa Alma 7:7–16—na dinala ng Tagapagligtas sa Kanyang sarili hindi lamang ang ating mga kasalanan kundi maging ang ating mga pasakit, paghihirap, karamdaman, at sakit. Paano mo sila tutulungang tuklasin ito? Marahil ay maaari kang gumawa ng isang tsart sa pisara na may mga heading na *Ang pinagdusahan ng Tagapagligtas* at *Bakit Siya nagdusa.* Maaaring kumpletuhin ng klase ang tsart matapos basahin ang Alma 7:7–16. Maaari ding makatulong na isipin ang iba pang mga bagay na pinagdusahan ng Tagapagligtas noong Siya ay nabubuhay (tingnan ang halimbawa sa "Karagdagang Resources").

- Matapos talakayin ang itinuro ni Alma sa Alma 7:7–16, marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan nang sinaklolohan sila ng Tagapagligtas, na ibig sabihin ay tinulungan Niya sila (tingnan sa "Karagdagang Resources" para sa mga halimbawa ng mga paraan na sinasaklolohan tayo ni Jesus). Maaari mo ring ibahagi ang sumusunod na sipi mula kay Pangulong Dallin H. Oaks: "Inihayag ng ating Tagapagligtas na Siya ay "nagpakababa-baba sa lahat ng bagay" (D at T 88:6). . . . Masasabi pa nga natin na dahil Siya ay nagpakababa-baba sa lahat ng ito, nasa tamang-tamang lugar Siya para iangat tayo at bigyan tayo ng lakas na kailangan natin para matiis ang ating mga paghihirap. Humingi lang tayo" ("Pinalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 64).

- Ipinahayag ni Alma na ang pagparito ng Manunubos ay "higit na mahalaga kaysa sa" ano pa mang bagay. Marahil ay maaaring isipin ng mga miyembro ng klase na kunwari'y nasa isang history class sila at tinatalakay ang pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan. Anong mga talata mula sa Alma 7 ang ibabahagi nila para suportahan ang sinabi ni Alma sa talata 7? Ano ang ipinayo ni Alma sa kanyang mga tao na makakatulong sa atin na maghanda para sa pagparito ng Tagapagligtas?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 8–12, maaari mong sabihin sa kanila na ang mga kabanatang ito ay nagkukuwento tungkol sa dalawang lalaki. Ang isa ay walang pakialam sa Simbahan at ang isa naman ay isang masigasig na mang-uusig, ngunit pareho silang naging matapang na tagapagtanggol ng pananampalataya.



## Karagdagang Resources

### Pagkakaroon ng sarili nating patotoo.

Ibinigay ni Elder Dieter F. Uchtdorf ang sumusunod na huwaran sa banal na kasulatan para "[matanggap] ang personal na patotoong nag-ugat sa pagsaksi ng Espiritu Santo":

"**Una: Hangaring maniwala.** Hinihikayat tayo sa Aklat ni Mormon: 'Kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan, maging sa isang pagsubok sa aking mga salita, at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya, . . . kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala' (Alma 32: 27). . . . pinangakuan tayo ng tulong ng Diyos kahit ninais lang nating maniwala, pero dapat itong maging tunay at hindi pakunwaring pagnanais.

"**Ikalawa: Saliksikin ang mga banal na kasulatan.** Magtanong; pag-aralan ang mga ito; saliksikin ang mga sagot sa mga banal na kasulatan. Muli, may magandang payo sa Aklat ni Mormon para sa atin: 'Kung kayo ay magbibigay-puwang, na ang binhi ay maitanim sa inyong mga puso' sa masipag na pag-aaral ng salita ng Diyos, ang mabuting binhi 'ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib' kung hindi kayo mawawalan ng paniniwala. Ang mabuting binhing ito ay '[sisimulang] palakihin ang [inyong] kaluluwa' at 'liwanagin ang [inyong] pang-unawa' (Alma 32:28).

"**Ikatlo: Gawin ang kalooban ng Diyos; sundin ang mga utos. . . .** Kailangan nating lumapit kay Cristo at sundin ang Kanyang mga turo. Itinuro ng Tagapagligtas: 'Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin. Kung ang sino mang tao ay *nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban*, ay makikilala niya ang turo' [Juan 7:16–17; idinagdag ang italics]. . . .

"**Ikaapat: Magbulay-bulay, mag-ayuno, at manalangin.** Para tumanggap ng kaalaman mula sa Espiritu Santo, dapat natin itong hilingin sa Ama sa Langit [tingnan sa Alma 5:45–46; Moroni 10:3–4]" ("Ang Bisa ng Personal na Patotoo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 38–39).

### Ano ang pinagdusahan ni Jesucristo?

- Tukso (tingnan sa Mateo 4:1–10)
- Gutom at uhaw (tingnan sa Mateo 4:2; Juan 19:28)
- Pagkamatay ng isang mahal sa buhay (tingnan sa Mateo 14:10–13)
- Inabandona (tingnan sa Mateo 26:55–56)
- Nilibak (tingnan sa Mateo 27:29–31, 39–44)
- Karalitaan (tingnan sa Lucas 9:58)
- Ipinagkanulo (tingnan sa Marcos 14:43–46)
- Sakit na higit pa sa matitiis ng sinuman (tingnan sa Lucas 22:39–44; Mosias 3:7; D at T 19:16–19)

Anong iba pang mga paghihirap ang naranasan ng Tagapagligtas?

### Paano tayo sinasaklolohan ni Jesucristo?

- Pinatatawad ang ating mga kasalanan at inaalis ang pagkakasala (tingnan sa Enos 1:5–6)
- Pinalalambot ang puso ng iba (tingnan sa Mosias 21:15)
- Pinalalakas tayo para madala natin ang ating mga pasanin (tingnan sa Mosias 24:14–15)
- Pinagagaling tayo sa ating mga sakit (tingnan sa 3 Nephi 17:6–7)
- Ginagawa ang mahihinang bagay na maging malalakas at inaaliw tayo (tingnan sa Eter 12:27–29)
- Tinutulungan tayong makita ang mga paghihirap sa tamang pananaw (tingnan sa D at T 121:7–10)

Sa anong iba pang mga paraan tayo natulungan ni Jesus?

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Humusay bilang isang guro na katulad ni Cristo.** Bilang guro, mahalagang mag-isip ng mga paraan na matutulungan mo ang mga mag-aaral na magkaroon ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Isiping gamitin ang mga tanong sa personal na pagsusuri sa pahina 37 ng *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* na nakahikayat sa inyo.



*Teaching True Doctrine*, ni Michael T. Malm

HUNYO 8–14

# Alma 8–12

SI JESUCRISTO AY PAPARITO UPANG TUBUSIN ANG KANYANG MGA TAO

Simulan ang paghahanda mong magturo sa pagbasa sa Alma 8–12. Pagkatapos ay rebyuhin ang outline na ito para sa iba pang mga ideya na hihikayat sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila sa kanilang pag-aaral.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para pag-isipan ang kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya ng banal na kasulatan sa linggong ito. Paano nakaimpluwensya ang kanilang pag-aaral sa mga pasiyang ginawa nila sa buong linggo? Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga iniisip.



## Ituro ang Doktrina

ALMA 8

### Ang pagsisikap nating ibahagi ang ebanghelyo ay maaaring mangailangan ng pagsisikap at pagtitiyaga.

- Maraming tao ang nahihirapang magbahagi ng ebanghelyo—lalo na kapag tinanggihan na sila, tulad ni Alma noon. Ang halimbawa ni Alma ay maaaring makatulong sa kanila na magtiwala sa Diyos at makasumpong ng lakas-ng-loob na patuloy na ibahagi ang kanilang patotoo sa iba. Isipin ang mga tanong na ito sa talakayan: Ano ang matututuhan natin mula sa mensahe ng anghel kay Alma sa Alma 8:15? Ano naman ang reaksyon ni Alma sa mensahe, na matatagpuan sa Alma 8:14–32, na naghihikayat sa atin na patuloy na ibahagi ang ebanghelyo kapag tinatanggihan tayo? Ano ang maipapayo natin sa isang tao na nagsikap na ibahagi ang ebanghelyo ngunit tinanggihan? Maaaring makatulong ang payo ni Elder Jeffrey R. Holland sa “Karagdagang Resources” sa pag-uusap na ito.
- Ang kuwento tungkol kina Alma at Amulek ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang mga pag-sisikap ng mga miyembro sa gawaing misyonero. Ano ang natututuhan ng mga miyembro ng klase sa Alma 8:19–30 tungkol sa kaugnayan ng mga lokal na miyembro sa mga full-time missionary? (tingnan din sa Alma 10:1–12).

ALMA 9:18–30

### Hinahatulan ng Diyos ang Kanyang mga anak ayon sa taglay nilang liwanag at kaalaman.

- May isang seryosong babala sa mga talatang ito sa lahat ng miyembro ng Simbahan—kapag tumanggap na tayo ng liwanag at kaalaman, inaasahan tayong pahalagahan ito, pangalagaan ito, ipamuhay ito, at gamitin ito upang pagpalain ang iba. Para masuri ng mga miyembro ng klase ang responsibilidad na ito, maaari mong hilingin

na basahin nila ang mga turo ni Alma sa Alma 9:18–30 at ibahagi ang mga mensaheng nakita nila tungkol sa responsibilidad nila dahil sa kanilang nalalaman. Bakit maaaring mas malaki ang kaparusahan kapag nagkasala tayo laban sa mas dakilang liwanag? Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung ano ang magagawa nila para maging mas tapat sa liwanag at kaalaman na kanilang natanggap. Maaari mong imungkahi na basahin nila ang Doktrina at mga Tipan 50:24 habang nagninilay sila.

ALMA 11–12

### Ang plano ng Diyos ay isang plano ng pagtubos.

- Maaari mong pasimulan ang talakayan tungkol sa doktrinang ito sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na magdrowing ng diagram ng plano ng pagtubos sa pisara. Pagkatapos ay maaari mong hatiin ang mga bahagi ng Alma 11–12 sa mga miyembro ng klase at anyayahan silang hanapin ang mga katotohanang idaragdag nila sa diagram. Halimbawa, mula saan tayo tinutubos ng plano ng Diyos? (tingnan sa Alma 11:38–45). Paano pinagpapala ng pagkaalam sa mga katotohanang ito tungkol sa plano ng pagtubos ang ating buhay?

- Para maibahagi ng mga miyembro ng klase kung ano ang itinuturo ng Alma 11–12 sa kanila tungkol sa plano ng pagtubos, maaari mong isulat ang sumusunod na mga heading sa pisara: *Ang Pagkahulog, Ang Manunubos, Pagsisisi, Kamatayan, Pagkabuhay na Mag-uli,* at *Paghuhukom.* Maaaring pumili ang mga miyembro ng klase ng isa sa mga paksang ito at magsaliksik sa Alma 11–12 para sa mga katotohanang natutuhan nila tungkol doon. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat ang mga katotohanang nakita nila, kasama ang isang reperensya sa banal na kasulatan, sa ilalim ng angkop na heading sa pisara. Bilang isang klase, talakayin kung paano naiimpluwensyahan ng mga katotohanang ito ang ating buhay at mga desisyon.

- Maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase mo mula sa isang talakayang nakasentro sa Alma 12:31–32, kung saan itinuro ni Alma na matapos ang Pagkahulog, binigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng mga kautusan—ngunit *matapos* lamang ituro sa kanila ang Kanyang plano. Paano nakakaapekto ang pagkaalam tungkol sa plano sa ating pagtingin o damdamin tungkol sa mga kautusan? Maaari ka sigurong magsalita tungkol sa ilang partikular na kautusan; halimbawa, paano tayo natutulungan ng pagkaalam tungkol sa plano ng Diyos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath o sundin ang batas ng kalinisang-puri?

- Maaaring may mga tanong ang ilang miyembro ng klase tungkol sa Alma 11:26–39, kung saan sinabi ni Amulek na iisa lamang ang Diyos. Nililinaw sa sumusunod na mga talata kung paano naging "isang Diyos" ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos samantalang magkakahiwalay pa rin sila: Juan 17:20–23; 2 Nephi 31:21; at 3 Nephi 19:29. Maaari ding makatulong ang pahayag na ito ni Elder Jeffrey R. Holland: "Naniniwala tayo na Sila ay iisa sa bawat mahalaga at walang hanggang aspeto *ngunit* hindi tayo naniniwala na Sila ay tatlong tao sa iisang katawan" ("Ang Iisang Dios na Tunay, at Siyang Kanyang Sinugo, sa Makatuwid Baga'y si Jesucristo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 40).

ALMA 12:9–14

### Kung hindi natin patitigasin ang ating puso, mas marami tayong matatanggap na salita ng Diyos.

- Ang isa sa mga mensaheng ilang beses na itinuro nina Alma at Amulek ay kung paano naiimpluwensyahan ng kondisyon ng ating puso ang dami ng katotohanang matatanggap natin mula sa Panginoon. Para matuklasan ng mga miyembro ng klase ang katotohanan ng alituntuning ito, maaari mo silang anyayahan na basahin ang Alma 12:9–14 nang magkakapares o sa maliliit na grupo at talakayin ang mga resulta ng pagkakaroon ng matigas na puso. (Maaari mo ring hilingin na basahin nila ang Alma 8:9–11; 9:5, 30–31; at 10:6, 25.) Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng malambot na puso? (tingnan sa Jeremias 24:7; Alma 16:16; Helaman 3:35). Paano mas naipauunawa sa atin ng malambot na puso ang salita ng Diyos?

- Itinuro ni Alma na kapag pinatigas natin ang ating puso, "higit na maliit na bahagi" ng salita ng Diyos ang tinatanggap natin (Alma 12:10). Marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan mula sa mga banal na kasulatan na naglalarawan sa alituntuning ito. Paano pinalalambot ng Panginoon ang ating puso para patuloy tayong matuto pa mula sa Kanya? Anong mga personal na karanasan ang maibabahagi natin?

- Para maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang ibig sabihin ng magkaroon ng malambot na puso, maaari mong ibahagi ang ilan sa mga halimbawang nakalista sa "Karagdagang Resources."



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 13–16 sa linggong ito, maaari mong sabihin sa kanila na malalaman nila kung paano natupad ang mga salita ni Alma sa buhay ni Zisrom at ng mga tao ng Ammonihas.



## Karagdagang Resources

### Lakas-loob na manindigan.

Ibinigay ni Elder Jeffrey R. Holland ang sumusunod na panghihikayat sa mga taong pinagmamalupitan dahil sa pagbabahagi ng ebanghelyo o pagtatanggol dito:

"Kung hindi pa kayo natatawag, balang-araw ay kakailanganin ninyong ipagtanggol ang inyong pananampalataya o tiisin pa ang ilang harapang pang-aabuso dahil lamang sa miyembro kayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga sandaling iyon ay mangangailangan kapwa ng tapang at paggalang ninyo.

". . . Maaaring isipin ninyo kung sulit bang ipagtanggol nang buong tapang ang moralidad sa high school o magmisyon para lamang laitin ang inyong itinatanging mga paniniwala o sikaping labanan ang marami sa lipunan na kung minsan ay kinukutya ang katapatan sa relihiyon. Oo, sulit iyon. . . .

"Mga kaibigan, lalo na ang mga kaibigan kong kabataan, manalig. Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo na dumadaloy mula sa tunay na kabutihan ay kayang baguhin ang mundo. . . .

"Maging matatag. Tapat na ipamuhay ang ebanghelyo kahit hindi ito ginagawa ng ibang nasa paligid ninyo. Ipagtanggol ang inyong mga paniniwala nang may paggalang at habag, ngunit ipagtanggol pa rin ito" ("Ang Halaga—at mga Pagpapala—ng Pagkadisipulo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 6–9).

### Pinalambot ang kanilang puso.

Ang sumusunod na mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay nagbibigay ng mga halimbawa ng mga tao na ang puso ay pinalambot ng Panginoon:

- Ang kuwento ng pamilya Hatfield sa mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson na "Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood" (*Ensign* o *Liahona,* Mayo 2016, 66–67).
- Ang kuwento ni Harold Gallacher sa mensahe ni Pangulong Thomas S. Monson na "Ang Sagradong Tawag na Maglingkod" (*Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 55).
- Ang kuwento ni David sa mensahe ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na "Matuto kina Alma at Amulek" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2016, 73–74).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tumingin ayon sa pagtingin ng Diyos.** Sikaping tingnan ang mga miyembro ng klase mo tulad ng pagtingin sa kanila ng Diyos, at ipapakita sa iyo ng Espiritu ang kanilang banal na kahalagahan at potensyal. Kapag ginawa mo ito, gagabayan ka sa mga pagsisikap mong tulungan sila (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 6).



Paglalarawan kina Alma at Amulek na inilalabas mula sa bilangguan, ni Andrew Bosley

HUNYO 15–21

# Alma 13–16

"PUMASOK SA KAPAHINGAHAN NG PANGINOON"

Ang nagtatagal na pagbabalik-loob ay nangangailangan hindi lamang ng isang nagbibigay-inspirasyong Sunday School lesson minsan sa isang linggo. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na maghangad ng personal na espirituwal na mga karanasan sa buong linggo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Ano ang maaaring maghikayat sa mga miyembro ng klase na ibahagi sa isa't isa ang mga karanasan nila sa pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo? Maaari mo siguro silang anyayahan na magbahagi ng isang kabatirang natagpuan nila sa Alma 13–16 na ikinagulat nila o hindi nila inakala noon. Habang nagbabahagi sila, tanungin sila kung ano sa palagay nila ang kaibhang magagawa ng bagong kabatirang ito sa buhay nila.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 13:1–19

### Ang mga ordenansa ng priesthood ay tumutulong sa mga anak ng Diyos na matubos sa pamamagitan ni Jesucristo.

- Maaaring may natagpuan ang ilang miyembro ng klase mo na nagpalawak sa kanilang pagpapahalaga sa priesthood nang pag-aralan nila ang Alma 13. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang natuklasan. Maaari din ninyong sabay-sabay na basahin ang talata 2 at 16 at magtanong ka ng katulad ng "Paano tumutulong sa inyo ang priesthood at mga ordenansa nito na '[umasa] sa [Anak ng Diyos] upang matubos'?" Kung makakatulong, isang listahan ng mga ordenansa ang matatagpuan sa *Tapat sa Pananampalataya,* 90–91.



Tinutulungan tayo ng mga ordenansa ng priesthood na umasa kay Jesucristo para sa pagtubos.

- Maraming tao sa Ammonihas ang mga alagad ni Nehor, na nagturo ng mga maling ideya tungkol sa tungkulin ng mga saserdote. Para malaman ng mga miyembro ng klase ang tunay na katangian ng priesthood, maaari mong hilingin na ikumpara nila ang pananaw ni Nehor tungkol sa dapat gawin ng mga saserdote (tingnan sa Alma 1:3–6)

sa itinuro ni Alma (tingnan sa Alma 13:1–12). Sa anong mga paraan natutulad ang mga turo ni Nehor sa mga pananaw ng mundo tungkol sa kapangyarihan at pamumuno? Paano naiiba ang mga turo ni Alma?

- Ang pagbasa sa Alma 13:1–19 ay maaaring humantong sa isang talakayan tungkol sa pagiging "[handa] mula pa sa pagkakatatag ng daigdig" para sa ating mga responsibilidad sa gawain ng Panginoon. Ano ang iminumungkahi sa Alma 13:3 kung paano natin dapat tingnan o gawin ang mga responsibilidad na ito? (tingnan din sa DT 138:56).

**ALMA 13**

### Inaanyayahan tayo ng Panginoon na pumasok sa Kanyang kapahingahan.

- Itinuro ni Alma na ang priesthood ay tinutulungan tayong "makapasok sa kapahingahan ng Panginoon" (Alma 13:16). Para makapagsimula ng talakayan tungkol sa ideyang ito, maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 13:6, 12–13, 16, at 29 at ibahagi ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa "kapahingahan ng Panginoon." Maaari din nilang tukuyin ang mga katangian ng mga taong "[naka]kapasok sa kapahingahan ng Panginoon." Ano ang magagawa natin para maranasan ang kapahingahan ng Panginoon habang nabubuhay tayo?

**ALMA 14**

### Sa mga panahon ng pagsubok at trahedya, kailangan nating magtiwala sa Panginoon.

- Ang Alma 14 ay maaaring maging isang pagkakataon para talakayin kung paano tayo tapat na makakatugon kapag tayo o ang ating mga mahal sa buhay ay nahaharap sa pag-uusig o mga pagsubok kahit na sinisikap nating maging matwid. Maaari kang magsimula sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na isipin na kunwari'y mga journalist sila na nagrereport tungkol sa isang pangyayari sa Alma 14. Anong mga bagay ang maaari nilang itanong kay Alma o Amulek tungkol sa nangyari? Halimbawa, "Bakit tinulutan ng Panginoon na magdusa ka at ang iba pang mabubuting tao?" o "Ano ang maipapayo mo sa mga taong dumaranas ng mahihirap na pagsubok?" Batay sa nalalaman natin mula sa Alma 14, paano kaya sasagutin ni Alma o Amulek ang mga tanong na ito?

- Makakaugnay ang karamihan sa atin kahit paano sa nadama ni Amulek nang masaksihan niya ang paghihirap ng matatapat na tao ng Ammonihas: kami "rin ay nasaktan" (Alma 14:10), at kung may magagawa lang sana kami tungkol doon. Ano ang matututuhan natin sa sinabi ni Alma sa sitwasyong ito? (tingnan sa Alma 14:8–13). Maaari mong ibahagi ang mga pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball sa "Karagdagang Resources." Marahil ay maaaring ibuod ng mga miyembro ng klase ang pangunahing mensahe ng pahayag ni Pangulong Kimball sa sarili nilang mga salita.

**ALMA 15:16, 18**

### Ang pagiging disipulo ay nangangailangan ng sakripisyo.

- Iminumungkahi sa outline para sa linggong ito ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* na ilista kung ano ang isinuko ni Amulek at kung ano ang natamo niya nang tanggapin niya ang ebanghelyo. Handa siguro ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga listahang ginawa nila, o maaari nilang gawin ang mga listahang ito sa klase. Makakatulong ang mga talatang ito: Alma 10:4–5; 15:16, 18; 16:13–15; at 34:8. Bakit handa si Amulek na gawin ang sakripisyong iyon? Bakit tayo handang gawin iyon? Paano natin masusundan ang halimbawa ni Alma, na "pinalakas [si Amulek] sa Panginoon"?

**ALMA 16:1–10**

### Ang mga salita ng mga propeta ay matutupad.

- Ang Alma 16 ay nagbibigay ng mga halimbawa ng isang taong nagtiwala at mga taong hindi nagtiwala sa isang propeta. Para matuto ang mga miyembro ng klase mula sa mga halimbawang ito, maaari mong isulat sa pisara ang dalawang heading: *Zoram* at *Mga Tao ng Ammonihas*. Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang Alma 16:1–10 at isulat sa ilalim ng bawat heading ang mga salita at pariralang naglalarawan sa saloobin ng mga taong ito sa mga salita ng propetang si Alma. Ano ang ginagawa natin para ipakita sa Ama sa Langit na nagtitiwala tayo sa mga salita ng mga buhay na propeta?

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Isiping tanungin ang mga miyembro ng klase kung pinangarap na nilang maging mas mahusay sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang pagbasa sa Alma 17–22 ay magbibigay ng mga ideyang makakatulong sa kanila na tuparin ang mithiing ito.

## Karagdagang Resources

### Hindi palaging hinahadlangan ng Diyos ang trahedya.

Nagkomentong minsan si Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa tila di-maipaliwanag na mga trahedyang nangyayari sa mundo:

"Kaya ba sanang pigilan ng Panginoon ang mga trahedyang ito? Ang sagot ay, Oo. Ang Panginoon ay makapangyarihan. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan para kontrolin ang ating buhay, iligtas tayo sa pagdurusa, pigilan ang lahat ng aksidente, . . . pangalagaan tayo . . . maging sa kamatayan, kung loloobin niya. Pero hindi niya iyon gagawin. . . .

"Kung lahat ng maysakit na ipinagdarasal natin ay pagagalingin, kung lahat ng mabubuti ay poprotektahan at wawasakin ang masasama, ang buong programa ng Ama ay mawawalang-bisa at ang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, ang kalayaang pumili, ay magwawakas. Hindi na kailangang mabuhay ang tao sa pamamagitan ng pananampalataya. . . .

". . . Kung isasara natin ang mga pintuan sa kalungkutan at pangamba, baka hindi natin maisama ang ating pinakamagigiting na kaibigan at tagapagpala. Ginagawang banal ng pagdurusa ang mga tao habang natututo sila ng pagtitiyaga, matagalang pagtitiis, at pagkontrol sa sarili. . . .

". . . Nagpapasalamat ako na kahit sa pamamagitan ng priesthood ay hindi ko mapagagaling ang lahat ng maysakit. Baka mapagaling ko ang mga taong dapat nang mamatay. Baka maibsan ko ang pagdurusa ng mga taong dapat magdusa. Natatakot ako na baka mabigo ko ang mga layunin ng Diyos.

"Kung walang hangganan ang kapangyarihan ko, bagamat limitado ang pananaw at pang-unawa ko, baka nailigtas ko si Abinadi sa mga ningas ng apoy nang sunugin siya para mamatay, at sa gayon ay baka lalo ko siyang napinsala. Namatay siyang isang martir at nakamtan ang gantimpala ng isang martir—ang kadakilaan.

"Malamang na naprotektahan ko si Pablo laban sa kamalasan niya, kung walang hangganan ang aking kapangyarihan. Tiyak na napagaling ko sana ang kanyang 'tinik sa laman.' [II Mga Taga Corinto 12:7.] At sa paggawa ng gayon ay [maaaring] nasira ko ang programa ng Panginoon. . . .

"Natatakot ako na kung nasa Carthage Jail ako noong Hunyo 27, 1844, ay baka nailihis ko ang mga balang tumama sa katawan ng Propeta [na si Joseph Smith] at ng Patriarch [na si Hyrum Smith]. Siguro nailigtas ko sila sa pagdurusa at dalamhati, ngunit hindi sana sila namatay na martir at nagantimpalaan. . . .

"Sa gayong di-makontrol na kapangyarihan, tiyak na gugustuhin kong protektahan ang Cristo mula sa pagdurusa sa Getsemani, sa mga pang-iinsulto, sa koronang tinik, sa kahihiyan sa hukuman, sa pagkasugat ng katawan. Nilinis ko sana ang mga sugat niya at pinagaling ang mga ito, at binigyan siya ng malamig na tubig sa halip na suka. Siguro nailigtas ko siya sa pagdurusa at kamatayan, at nawala sana sa daigdig ang kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. . . .

"Sa pagharap sa tiyak na trahedya kailangan tayong magtiwala sa Diyos, nalalaman na sa kabila ng limitado nating pananaw ang kanyang mga layunin ay hindi mabibigo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 17–21, 25).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maghikayat ng masigasig na pagkatuto.** "Kapag naghanda kang magturo, sa halip na isiping, 'Ano ang gagawin ko para makapagturo?' itanong sa iyong sarili, 'Ano ang gagawin ng mga miyembro ng klase ko para matuto?'" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 29).


*Ammon and King Lamoni,* ni Scott M. Snow

HUNYO 22–28

# Alma 17–22

"GAGAWIN KO KAYONG KASANGKAPAN"

Bago mo matulungan ang iba na tuklasin ang mga katotohanan sa mga banal na kasulatan, kailangan mong tuklasin ang mga katotohanan para sa iyong sarili. Basahin ang Alma 17–22 na nasasaisip ang mga miyembro ng klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON ______________________________

______________________________

______________________________

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay na natutuhan nila sa kanilang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya, maaari mo silang anyayahan na pumili ng isang tao na nakalarawan sa Alma 17–22 at kumpletuhin ang pangungusap na gaya ng sumusunod: "Itinuro sa akin ni Abis ______" o " Itinuro sa akin ni Lamoni ______."

## Ituro ang Doktrina

ALMA 17:1–4

### Lumalakas ang ating pananampalataya kapag masigasig nating hinahangad na malaman ang katotohanan.

- Malamang ay ilang beses nang narinig ng mga miyembro ng klase ang kahalagahan ng mga simpleng gawi sa ebanghelyo. Maipapakita sa kanila ng Alma 17:1–4 ang malaking epekto ng mga gawing ito sa ating buhay. Maaari mong hilingin sa kalahati ng klase na saliksikin sa mga talatang ito ang ginawa ng mga anak ni Mosias at saliksikin ng natitirang kalahati ang mga resulta ng ginawa nila. Ano ang mga resulta ng paggawa ng mga bagay na ito sa ating buhay?
- Para sa mas malalim na talakayan tungkol sa ilan sa mga gawing nagpalakas sa mga anak ni Mosias, maaari mong isulat sa pisara ang *Pagsasaliksik sa mga Banal na Kasulatan, Panalangin,* at *Pag-aayuno.* Pagkatapos ay maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang nagtuturo tungkol sa mga pagpapalang nagmumula sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, panalangin, at pag-aayuno (maaaring makatulong ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Maaari nilang isulat sa pisara ang mahahanap nila at ibahagi sa isa't isa ang mga ideya kung paano pagbubutihin ang kanilang pag-aaral ng banal na kasulatan, panalangin, at pag-aayuno sa paraang mas mapapalapit sila sa Diyos.

ALMA 17–18

### Ang ating pagmamahal ay makakatulong sa iba na maghandang tanggapin ang ebanghelyo.

- Maraming paraan para maibahagi ang ebanghelyo, at lahat ng ito ay mas epektibo kapag pagmamahal ang motibo. Marahil ay maaaring

tukuyin ng mga miyembro ng klase ang mga talata sa Alma 17–18 na nagpapakita kung paano naganyak ng pagmamahal si Ammon para ibahagi ang ebanghelyo. Anong iba pang mga katotohanan tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa? Maaaring kayang magbahagi ng mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung saan napalambot ng taos na pagmamahal ang puso ng isang tao at nagtulot sa kanya na maging mas handang tanggapin ang mensahe ng ebanghelyo. Ang pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources" ay maaari ring makatulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng pagtiyak na ang ating mga pagsisikap ay nakasalig sa pagmamahal.



Minerva K. Teichert (1888–1976), Ammon Saves the King's Flocks, 1935–1945, oil on masonite, 35 x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art

**ALMA 18–22**

### Ang epektibong pagtuturo at pagkatuto tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo ay maaaring humantong sa pagbabago ng puso.

- Nang makuha nina Ammon at Aaron ang tiwala ni Haring Lamoni at ng kanyang ama, naipaunawa nila sa kanila ang mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo. Marahil ay makakatulong kung gagawa ang mga miyembro ng klase ng listahan ng mga katotohanang itinuro ni Ammon kay Lamoni (tingnan sa Alma 18:24–39) at ikukumpara ito sa listahan ng mga katotohanang itinuro ni Aaron sa ama ni Lamoni (tingnan sa Alma 22:1–16). Maaaring gawin ng kalahati ng klase ang isang listahan at ng natitirang kalahati ang isa pang listahan. Bakit kaya naakay ng pag-unawa sa mga katotohanang ito si Lamoni at ang kanyang ama na maniwala at magtiwala sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo?
- Ang mga salaysay tungkol sa pagtuturo nina Aaron at Ammon kay Haring Lamoni at sa kanyang ama ay nagbibigay ng magandang pagkakataon para talakayin ang epektibong pagtuturo at pagkatuto tungkol sa ebanghelyo. Anong mga alituntunin ng pagtuturo ang napapansin ng mga miyembro ng klase? (tingnan, halimbawa, sa Alma 18:24–28 at Alma 22:7–13). Anong mga alituntunin ng pag-aaral ang nakikita nila sa mga halimbawa ni Haring Lamoni at ng kanyang ama? (tingnan, halimbawa, sa Alma 18:25–31; 22:17–18).
- Para malaman kung paano makakaimpluwensya ang doktrina ng ebanghelyo sa ating buhay, maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Alma 18:40–41; 20:1–15; at Alma 22:15–18, 25–27 para malaman kung ano ang nadama at ginawa ni Haring Lamoni at ng kanyang ama matapos maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at magbalik-loob. Paano tayo inilalapit ng mga katotohanang ito kay Cristo? Ano ang ating magagawa para maunawaan at maipamuhay natin at ng ating mga mahal sa buhay ang mga katotohanang ito?

**ALMA 19–22**

### Ang ating patotoo ay maaaring makaimpluwensya nang malaki sa iba.

- Sa kanilang personal na pag-aaral ng Alma 19–22, napagnilayan na siguro ng mga miyembro ng klase ang malawak at matagalang epekto ng patotoo ng isang tao sa iba. Hikayatin silang ibahagi ang natutuhan nila. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salaysay sa Alma 19–22 tungkol sa mga personal na pagsisikap nating ibahagi ang ebanghelyo? Mabibigyang-diin ng kuwento ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa "Karagdagang Resources" ang puntong ito.
- Ano ang ilang magagandang analohiyang maaari mong ibahagi para ilarawan kung ano ang maaaring mangyari kapag ibinahagi natin ang ating patotoo sa iba? Ang mga posibleng halimbawa ay isang batong lumilikha ng alun-alon sa isang lawa o lebadurang nagpapaalsa sa masa ng tinapay. Matapos rebyuhin ang ilang halimbawa ng mga taong nagbabahagi ng kanilang patotoo sa Alma 19–22, maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano sila naapektuhan ng mga patotoo ng iba.

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaari mong itanong sa mga miyembro ng klase kung naisip na ba nila kung paano patatatagin at patitibayin ang kanilang conversion o pagbabalik-loob. Sa Alma 23–29, mababasa nila ang tungkol sa isang grupo ng mga tao na tumanggap sa ebanghelyo at "kailanman ay hindi nagsitalikod" (Alma 23:6).

## Karagdagang Resources

### Ibahagi ang ebanghelyo nang dahil sa pagmamahal.

Ibinahagi ni Pangulong Dallin H. Oaks ang isang mahalagang aral na natutuhan niya sa isang karanasan noong bata pa siya:

"Inatasan akong dalawin ang isang di-gaanong aktibong miyembro, isang matagumpay na propesyonal na malaki ang tanda sa akin. Sa paggunita ko sa aking mga ginawa, natanto kong babahagya ang pagmamalasakit ko sa lalaking dinalaw ko. Ginawa ko lang ang tungkulin ko, para lang makapag-ulat ako ng 100 porsiyento sa aking home teaching. Isang gabi, papatapos na ang buwan, tumawag ako kung maaari namin siyang dalawin ng aking kasama. Ang kanyang galit na sagot ay nagturo sa akin ng di-malilimutang aral.

"'Hindi, palagay ko'y ayaw ko kayong pumunta rito ngayong gabi,' sabi niya. 'Pagod na ako. Nakapantulog na ako. Nagbabasa ako, at ayaw ko nang maistorbo para lang makapag-ulat kayo ng 100 porsiyento sa inyong home teaching sa buwang ito.' Nasaktan ako sa sagot na iyon dahil batid kong natunugan niya ang makasarili kong motibo.

"Sana ay wala tayong aanyayahang makinig sa mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo na madaramang may iba pang dahilan sa paggawa natin nito maliban sa tunay na pagmamahal sa kanila at sa di-makasariling pagnanais na ibahagi ang isang bagay na alam nating mahalaga" ("Pagbabahagi ng Ebanghelyo," *Liahona,* Ene. 2002, 8).

### Kadalasan ay hindi hayag ang ating impluwensya.

Ikinuwento ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang tungkol sa isang missionary na nagreport sa kanyang mission president sa pagtatapos ng kanyang paglilingkod. Sabi ng missionary:

"Wala pang anumang resulta ang pagsisikap ko. Nasayang ko ang oras ko at ang pera ng tatay ko. Nagsayang lang ako ng oras. . . . Iisa lang ang nabinyagan ko sa loob ng dalawang taon na narito ako. Isang labindalawang-taong-gulang na batang lalaki iyon sa liblib na pook ng Tennessee."

Ipinasiya ng mission president na subaybayan ang batang bininyagan ng missionary na ito. Lumaki siya, nag-asawa, at lumipat sa Idaho. Nagmisyon ang kanyang mga anak, at nagmisyon ang kanilang mga anak. Naglakbay ang mission president papuntang Idaho at kinumusta ang mga misyon ng mga miyembro ng pamilyang iyon. Sinabi niya kalaunan, "Natuklasan ko na, dahil nabinyagan ang isang batang musmos sa liblib na pook ng Tennessee ng isang missionary na nag-akalang bigo ang kanyang misyon, mahigit 1,100 katao ang sumapi sa Simbahan" (*Teachings of Gordon B. Hinckley* [1997], 360–61).

#### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maglaan ng oras para makapagbahagi ang mga mag-aaral.** "Kapag ibinabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang natututuhan, hindi lang nila madarama ang Espiritu at mapapalakas ang sarili nilang patotoo, kundi mahihikayat din nila ang ibang mga miyembro ng klase na tuklasin ang mga katotohanan para sa kanilang sarili. . . . Maglaan ng oras para sa pagbabahagi ng mga estudyante sa bawat lesson—sa ilang pagkakataon, malalaman mo na ang mga talakayang ito *ay* ang lesson mismo" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 30).



*Mga Anti-Nephi-Lehi na Ibinabaon ang Kanilang mga Sandata ng Digmaan*, ni Jody Livingston

HUNYO 29–HULYO 5

# Alma 23–29

SILA “KAILANMAN AY HINDI NAGSITALIKOD”

Habang binabasa mo ang Alma 23–29, tandaan na para matulungan ang iba na matutuhan ang mga katotohanan sa mga kabanatang ito, kailangan ay mayroon ka mismong makabuluhang mga karanasan sa mga katotohanan.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat sa pisara ang mga talatang tila pinakamahalaga sa kanila sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya. Mag-ukol ng ilang minuto sa pag-anyaya sa ilang tao na talakayin ang isang katotohanang natutuhan nila mula sa mga talatang isinulat nila.



## Ituro ang Doktrina

ALMA 23–25; 27

### Ang ating pagbabalik-loob kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo ay nagpapabago sa ating buhay.

- Bilang mga disipulo ni Jesucristo, sinisikap nating lahat na palalimin ang ating pagbabalik-loob. Marahil ay mahihikayat ng kuwento tungkol sa mga Anti-Nephi-Lehi ang mga tinuturuan mo sa kanilang mga pagsisikap na gawin ito. Maaari kang magsimula sa pagsulat sa pisara ng isang tanong na gaya ng mga sumusunod: *Ano ang ibig sabihin ng magbalik-loob?* o *Anong klaseng mga pagbabago ang nagaganap sa buhay ng mga tao kapag sila ay nagbalik-loob?* Maaaring mahanap ng mga miyembro ng klase ang mga sagot sa mga talatang ito: Alma 23:6–7, 17–18; 24:17–19; 25:15–16; at 27:26–30. Maaaring kaya nilang magbahagi ng mga kabatiran mula sa iba pang mga talatang nabasa nila sa Alma 23–25 at 27. Maaari ding makakita ang mga miyembro ng klase ng makakatulong na mga sagot sa mga tanong na ito sa mensahe ni Elder David A. Bednar na “Nagbalik-loob sa Panginoon” (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 106–9; tingnan din sa “Karagdagang Resources”). Anong mga pagbabago ang ginawa ng mga Anti-Nephi-Lehi bunga ng kanilang pagbabalik-loob? Paano tayo nahihikayat ng kanilang halimbawa na palalimin ang ating pagbabalik-loob kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo?
- Paano mo mahihikayat ang mga miyembro ng klase na talikuran ang anumang maling tradisyon, magsisi, at maging determinadong huwag nang ulitin ang mga kasalanang iyon, tulad ng ginawa ng mga Anti-Nephi-Lehi? Isiping rebyuhin ang Alma 23:5–7 nang sama-sama. Ano ang ilang mabubuting tradisyong nabubuo natin sa tulong ng ebanghelyo? Ano ang maaaring kumatawan sa “mga sandata ng paghihimagsik”

ng mga Lamanita sa ating panahon? Paano natin maaaring "[ibaon] . . . ang mga ito nang malalim sa lupa"? (Alma 24:17). Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung anong mga maling tradisyon o mga sandata ng paghihimagsik ang kailangan nilang talikuran para mas lubusan nilang maipamuhay ang ebanghelyo.

ALMA 24:7–16

### Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapapatawad tayo kapag nagsisi tayo.

- Kung nadarama mo na dapat kayong magkaroon ng talakayan sa klase tungkol sa pagsisisi, ang salaysay tungkol sa mga Anti-Nephi-Lehi sa Alma 24 ay isang halimbawa na nakasisiglang gamitin. Maaari mong atasan ang bawat miyembro ng klase ng isang talatang babasahin mula sa Alma 24:7–16 at ipasulat sa kanila sa pisara ang isang bagay na natutuhan nila mula sa kanilang talata tungkol sa pagsisisi. Pagkatapos ay maaari nilang saliksikin ang sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan para makahanap ng mga karagdagang kabatiran tungkol sa pagsisisi: Isaias 53:5–6; 2 Nephi 2:6–8; at Mosias 5:2.

ALMA 24:13–15; 26; 29

### Ang ebanghelyo ay naghahatid ng kagalakan!

- Sa Alma 23–29, ang salitang "kagalakan" ay lumilitaw nang 24 na beses, kaya magandang matutuhan sa mga kabanatang ito kung paanong ang pamumuhay ng ebanghelyo—at pagbabahagi nito—ay naghahatid ng kagalakan. Maaari mong hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo at iparebyu sa bawat grupo ang ilan sa mga sumusunod na talata, na hinahanap ang mga dahilan kung bakit nagalak si Ammon, ang mga anak ni Mosias, at si Alma: Alma 24:13–15; 26:12–22; at 29:1–17. Maaaring ilista ng mga miyembro ng klase ang natuklasan nila sa pisara. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito kung paano naghahatid sa atin ng kagalakan ang ebanghelyo?
- Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Kapag nakatuon ang ating buhay sa plano ng kaligtasan ng Diyos . . . at kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, makadarama tayo ng kagalakan anuman ang nangyayari—o hindi nangyayari—sa ating buhay. Ang kagalakan ay nagmumula at dahil sa Kanya. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan" ("Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2016, 82). Marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan na nagpaunawa sa kanila sa katotohanan ng mga salita ni Pangulong Nelson.
- Nakadama sina Alma at Ammon ng malaking kagalakan sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na maghanap ng mga talata sa Alma 26 at 29 na maaaring makahikayat sa isang kabataan na magmisyon—o makahikayat sa sinuman na ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Isiping bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase na magplano ng isang bagay na magagawa nila para maibahagi ang ebanghelyo. Anyayahan silang kumilos ayon sa kanilang mga plano, at sa susunod na klase maaari mo silang hikayating talakayin ang kanilang mga pagsisikap.
- Nang tulungan ni Alma ang iba na magsisi, naalala niya ang kabutihan ng Diyos (tingnan sa Alma 29:10–13). Marahil ay maaari mong bigyan ng ilang sandali ang mga miyembro ng klase para pag-aralan ang mga talatang ito at ilista kung ano ang naalala ni Alma. Ano ang nagpapaalala sa atin ng kabutihan ng Diyos? Paano natin nakita ang kabutihan ng Diyos sa ating buhay?

ALMA 26–27

### Maaari tayong maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na malaman ang ibig sabihin ng maging "mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos" (Alma 26:3), maaari kang magdispley ng iba't ibang uri ng kasangkapan o kagamitan. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na magdala ng ilang kagamitan na ginagamit nila. Paano nakakatulong ang mga kasangkapang ito? Paano tayo parang mga kasangkapan sa gawain ng Diyos? Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na tukuyin ang mga paraan na naging kasangkapan si Ammon at ang kapwa niya mga missionary sa mga kamay ng Diyos (tingnan, halimbawa, sa Alma 26:1–5, 11–12). Anong mga kabatiran ang matatamo natin mula sa Doktrina at mga Tipan 4 tungkol sa pagiging mga kasangkapan sa Kanyang mga kamay? Maaari ding magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung kailan nadama nila ang galak na nagmumula sa pagiging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Marami sa ganitong mga maling ideyang nagliligaw sa mga anak ng Diyos ngayon ang karaniwan din noong panahon ni Alma. Sabihin sa mga miyembro ng klase na makikita nila sa Alma 30–31 kung paano tumugon si Alma at ang iba pa sa mga maling turong ito.



## Karagdagang Resources

### Nagbalik-loob sa Panginoon.

Itinuro ni Elder David A. Bednar:

"Ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo ay humihingi ng mahalaga at permanenteng pagbabago sa ating katauhan na nagiging posible sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang tunay na pagbabalik-loob ay nagdudulot ng pagbabago sa paniniwala, puso, at buhay ng isang tao upang tanggapin at sundin ang kagustuhan ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 3:19; 3 Nephi 9:20) at nakapaloob dito ang tapat na pangako na maging disipulo ni Cristo.

Matapos banggitin ang Alma 23:6–8, ipinaliwanag ni Elder Bednar:

"Dalawang mahalagang bagay ang inilarawan sa mga talatang ito: (1) *ang kaalaman ng katotohanan,* na maaaring sabihing patotoo, at (2) *pagbabalik-loob sa Panginoon,* na sa pagkaunawa ko ay pagbabalik-loob sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kaya, ang matinding kombinasyon ng patotoo at ng pagbabalik-loob sa Panginoon ang nagbunga ng katatagan at hindi pagkatinag at naglaan ng espirituwal na proteksiyon.

"Hindi sila kailanman tumalikod sa katotohanan at isinuko nila 'ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos.' Ang pagsasantabi ng taglay na 'mga sandata ng paghihimagsik' gaya ng kasakiman, kapalaluan, at pagsuway ay nangangailangan ng higit pa sa pananalig at kaalaman. Ang katapatan, pagpapakumbaba, pagsisisi, at pagsunod ay kailangan bago maisuko ang ating mga sandata ng paghihimagsik. Tayo ba ay mayroon pa ring mga sandata ng paghihimagsik na humahadlang sa ating pagbabalik-loob sa Panginoon? Kung mayroon, kailangan nating magsisi ngayon din.

"Mapapansin na hindi nagbalik-loob ang mga Lamanita dahil sa mga misyonero na nagturo sa kanila o sa napakahuhusay na programa ng Simbahan. Hindi sila nagbalik-loob dahil sa mga katangian ng kanilang mga pinuno o para ipreserba ang isang pamana ng kultura o tradisyon ng kanilang mga ninuno. Sila ay nagbalik-loob sa Panginoon—sa Kanya bilang Tagapagligtas at sa Kanyang kabanalan at doktrina—at hindi sila kailanman tumalikod sa katotohanan" ("Nagbalik-loob sa Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 107–9).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Humingi ng patnubay mula sa iyong mga lider.** "Gusto kang tulungan ng iyong mga priesthood at auxiliary leader na magtagumpay. Hingan sila ng payo habang nagsisikap kang magpakahusay bilang guro at habang pinagninilayan mo ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 5).



*Lahat ng Bagay ay Nagpapatunay na May Diyos (Alma at Korihor)*, ni Walter Rane

HULYO 6–12

# Alma 30–31

"ANG BISA NG SALITA NG DIYOS"

Matapos basahin ang Alma 30–31 at hangarin ang inspirasyon para sa sarili mong buhay, pakinggan ang mga pahiwatig kung anong mga mensahe ang magpapala sa mga miyembro ng klase mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Kung nadarama mo na nag-aalangang magbahagi ang mga miyembro ng klase, maaari mo silang bigyan ng ilang minuto para rebyuhin ang Alma 30–31 o anumang mga tala na isinulat nila sa kanilang pag-aaral sa bahay sa linggong ito. Pagkatapos ay maaari silang magbahagi sa isang partner o sa klase ng isang makapangyarihang mensaheng nakita nila.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 30:6–31

### Sinusubukan ng kaaway na linlangin tayo sa pamamagitan ng maling doktrina.

- Habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng klase mo, mauunawaan kaya nila ang pagkakaiba sa pagitan ng mga katotohanan ng ebanghelyo at ng mga panghuhuwad ni Satanas kung gumamit ka ng isang object lesson? Kung gayon, maaari kang magpakita sa kanila ng ilang huwad na bagay, tulad ng pera-perahan o laruang pagkain, na may kasamang tunay na pera o pagkain. Paano natin masasabi na hindi totoo ang mga huwad na bagay? Pagkatapos ay maaaring tukuyin ng klase ang mga maling turo ni Korihor sa Alma 30:6–31. Ano kaya ang nakakaakit tungkol sa mga turong ito? Ano ang iniaalok sa atin ng mga katotohanan ng ebanghelyo na hindi maiaalok ng mga huwad na turo ni Satanas? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung ano ang nakatulong kay Alma na makahiwatig sa pagitan ng tunay na doktrina at ng maling doktrina (tingnan sa Alma 30:32–54). Anong iba pang mga paraan ang nakatulong sa mga miyembro ng klase?
- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan kung paano protektahan ang kanilang sarili mula sa mga epekto ng maling doktrina, maaari mong rebyuhin ang paglalarawan sa isang anti-Cristo sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Aling mga talata sa Alma 30:6–31 ang nagpapakita na akma si Korihor sa paglalarawang ito? Alin sa kanyang mga turo ang kahalintulad ng mga huwad na turo sa ating panahon? (tingnan sa Alma 30:12–18, 23–28). Paano natin maiiwasan na malinlang ng mga turong ito?

ALMA 30:39–46

### Lahat ng bagay ay nagpapatotoo sa Diyos.

- Dahil nabubuhay tayo sa isang mundong katulad ng kay Alma, kung saan may ilang taong nagtuturo na walang Diyos, maaaring makatulong ang patotoo ni Alma sa Alma 30:39–44 sa mga miyembro ng klase mo. Maaari mo silang anyayahang basahin ang mga talatang ito at gumawa ng listahan sa pisara ng mga katotohanan at katibayang ibinibigay ni Alma na nagpapatotoo na mayroong Diyos. Ano pa ang iba nating mga patotoo na ang Diyos ay buhay? Bilang bahagi ng talakayan, isiping ibahagi ang pahayag ni Pangulong M. Russell Ballard sa "Karagdagang Resources." Maaari mo ring anyayahan ang isang tao na maghandang kantahin sa klase ang isang himno tungkol sa kabutihan ng Diyos, tulad ng "Dakilang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 48), o maaari ninyong kantahin nang sabay-sabay ang himno.
- Habang kausap ni Alma si Korihor, nahalata niya na "isinantabi [ni Korihor] ang Espiritu ng Diyos upang hindi ito magkaroon ng puwang sa [kanya]" (Alma 30:42). Isiping ipasaliksik sa mga miyembro ng klase ang Alma 30:39–46, na naghahanap ng iba pang mga pagtukoy sa Espiritu Santo. Anong papel ang ginagampanan ng Espiritu Santo sa pagpapatotoo sa atin sa katunayan ng Diyos at ni Jesucristo? Paano natin matutulungan ang mga taong may mga duda o tanong na mahanap ang katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu Santo?



*Hinarap ni Korihor si Alma,* ni Robert T. Barrett

ALMA 31

### Ang salita ng Diyos ay may kapangyarihang akayin ang mga tao sa kabutihan.

- Mayroon bang mga miyembro ng klase mo na maaaring magbahagi ng isang karanasan kung kailan "ang bisa ng salita ng Diyos" (Alma 31:5) ay nakatulong sa kanila o sa isang taong kilala nila na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang buhay? Maaari mong kontakin nang maaga ang mga miyembro ng klase para maging handa silang magbahagi ng kanilang mga karanasan. Hikayatin silang magbahagi ng mga talata mula sa Alma 31 na angkop sa kanilang mga karanasan. Maaari ding magbahagi ang iba pang mga miyembro ng klase ng mga paraan kung saan ang salita ng Diyos ay nagkaroon ng "malakas na bisa sa isipan [nila]" (Alma 31:5). Maaaring makinabang ang mga miyembro mula sa pagbabasa ng iba pang mga talata sa banal na kasulatan na nagpapatotoo tungkol sa kapangyarihan ng salita ng Diyos (tingnan ang "Karagdagang Resources" para sa ilang halimbawa).
- Nang pag-aralan ng miyembro ng klase mo ang Alma 31 ngayong linggo, maaaring nagkaroon sila ng inspirasyon sa halimbawa ng pagdarasal ni Alma para sa mga Zoramita. Isiping itanong sa kanila kung ano ang natutuhan nila mula sa kabanatang ito tungkol sa pagtulong sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na nalihis mula sa landas ng ebanghelyo o nahihirapan sa kanilang pananampalataya. Maaari mo ring hilingin sa kanila na saliksikin ang Alma 31 nang sama-sama at ilista sa pisara ang mga bagay na napansin nila tungkol kay Alma na nakatulong sa kanya na sagipin ang mga Zoramita. Paano natin mas magagamit ang salita ng Diyos sa ating mga pagsisikap na sagipin ang iba? (Para sa mga karagdagang kabatiran, maaari mong ibahagi ang sipi ni Elder Jeffrey R. Holland sa "Karagdagang Resources.")
- Ano ang nakikita ng mga miyembro ng klase sa Alma 31:30–38 na makakatulong sa mga nalulungkot para sa mga kasalanan ng iba na tulad ni Alma?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Itanong sa mga miyembro ng klase kung anong doktrina o mga alituntunin ng ebanghelyo ang maaari nilang ituro para kontrahin ang mga kasinungalingang natuklasan ni Alma sa mga Zoramita. Sabihin sa kanila na habang binabasa nila ang Alma 32–35 matutuklasan nila kung paano ginamit ni Alma ang salita ng Diyos para makita ng mga Zoramita na kailangan nilang magbago.



# Karagdagang Resources

## Mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa kapangyarihan ng salita ng Diyos.

- II Kay Timoteo 3:15–17
- Mga Hebreo 4:12
- 1 Nephi 15:23–24
- 2 Nephi 31:20; 33:4–5, 10
- Jacob 2:8
- Helaman 3:29–30
- Joseph Smith—Mateo 1:37

## Lahat ng bagay ay nagpapatunay na mayroong Diyos.

Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard na ang "mga walang-hanggang katibayan" na ibinigay ni Alma para sa pag-iral ng Diyos ay "patuloy na nagpapatotoo sa atin ngayon" (tingnan sa Alma 30:44):

"Sinabi ng mga astronaut na nakatanaw sa mundo mula sa kalawakan na napakaganda nito at mukha itong buhay na buhay. Isinulat ni United States Senator Jake Garn ang kanyang karanasan sa kalawakan: 'Imposible para sa akin na ilarawan ang kagandahan ng daigdig. Isang kamangha-mangha at kagila-gilalas na espirituwal na karanasan ang matanaw ang mundo mula sa kalawakan habang naglalakbay nang dalawampu't limang beses ang bilis kaysa sa tunog. Maaari din akong tumingin sa kadiliman ng kawalan sa kalawakan at makakita ng bilyun-bilyong bituin at galaxy na milyun-milyong light-years ang layo. Ang sansinukob ay napakalawak kaya imposible itong maunawaan. Pero naunawaan ko na ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay. Nadama ko ang kanyang presensya sa buong pitong araw ko sa kalawakan. Alam ko na nilikha ng Diyos ang daigdig na ito at ang sansinukob. . . . Alam ko na ang Diyos ay buhay at Siya ang Lumikha sa ating lahat' (liham kay M. Russell Ballard, 3 Marso 1988)" ("God's Love for His Children," *Ensign,* Mayo 1988, 58).

## Pagpapalusog sa iba sa pamamagitan ng salita ng Diyos.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland:

"Talaga bang pinangangalagaan natin ang ating mga kabataan at mga bagong miyembro sa isang paraan na susuporta sa kanila kapag nagkaroon sila ng mga problema sa buhay? O binibigyan natin sila ng isang uri ng masayang ideya—na wala namang espirituwal na halaga? . . . Noong isang matinding taglamig ilang taon na ang nakararaan, napansin ni Pangulong Boyd K. Packer na maraming usang namatay sa gutom samantalang puno ng dayami ang tiyan ng mga ito. Sa tapat na pagsisikap na tumulong, naibigay ng mga ahensya ang mga bagay na mukhang makakatulong ngunit hindi nila naibigay ang talagang kailangan. Nakalulungkot na *pinakain* nila ang mga usa ngunit hindi nila *napalusog* ang mga ito. . . .

"Hindi naman talaga banayad si Satanas sa kanyang mga turo; bakit tayo dapat maging banayad? Tinuturuan man natin ang ating mga anak sa bahay o nakatayo tayo sa harap ng mga tao sa simbahan, huwag nating gawing mahirap *kailanman* na mapansin ang ating pananampalataya. . . . Magbigay ng mga sermon na batay sa banal na kasulatan. Ituro ang inihayag na doktrina" ("A Teacher Come from God," *Ensign,* Mayo 1998, 26–27).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tulungan ang mga mag-aaral na tuklasin ang mga katotohanan para sa kanilang sarili.** Ang isa sa mga tungkulin mo bilang guro ay gabayan ang iyong mga mag-aaral na tuklasin ang mga katotohanan sa mga banal na kasulatan. Mas malamang na maunawaan at mapahalagahan nila ang mga alituntunin kung matutuklasan nila ang mga alituntuning ito para sa kanilang sarili sa halip na marinig lamang ang mga ito sa guro.



HULYO 13–19

# Alma 32–35

"ITANIM NINYO ANG SALITANG ITO SA INYONG MGA PUSO"

Ilang beses mo man nabasa ang Alma 32–35, basahing muli ang mga ito habang naghahanda kang magturo. Maging handang tumanggap ng mga bagong kabatiran mula sa Espiritu.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para matulungan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa pagbabasa ng Alma 32–35 sa bahay, maaari mo silang bigyan ng ilang minuto para rebyuhin ang mga kabanatang ito at isulat sa pisara ang anumang mga tema o paksang napansin nila. Bilang isang klase, talakayin kung bakit makabuluhan ang mga tema o paksang ito.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 32:1–16

### Maaari nating piliing magpakumbaba.

- Para mapamunuan ang isang talakayan tungkol sa pagpapakumbaba ayon sa itinuro sa Alma 32:1–16, maaari kang magsimula sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na bumanggit ng mga karanasan na maaaring maging dahilan para magpakumbaba ang isang tao (nagbibigay ang Alma 32:2–5 ng isang halimbawa). Maaaring handang magbahagi ang ilang miyembro ng klase ng sarili nilang mga karanasan sa pagkatutong magpakumbaba. Paano maaaring maging isang pagpapala ang "akayin na maging mapagpakumbaba" (Alma 32:12)? Maaaring makatulong ang mga pahayag tungkol sa pagpapakumbaba sa "Karagdagang Resources" na maghikayat ng isang talakayan. Maaari din ninyong basahin ang Doktrina at mga Tipan 112:10 o kantahin ang isang himno tungkol sa pagpapakumbaba, tulad ng "Magpakumbaba Ka" (*Mga Himno,* blg. 75), bilang isang klase.

ALMA 32:17–43; 33

### Nananampalataya tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagtatanim at pagpapalago ng Kanyang salita sa ating puso.

- Iniisip natin kung minsan na ang pagsamba ay mga bagay lamang na ginagawa natin sa mga pormal na kapaligiran gaya ng gusali ng simbahan (tingnan sa Alma 32:5, 9, 11), ngunit mas malawak ang pakahulugan ni Alma sa pagsamba. Halimbawa, itinuro niya na ang pagkakaroon at pagpapakita ng pananampalataya kay Jesucristo ay isang mahalagang paraan ng pagsamba na maaaring mangyari sa isang di-pormal na kapaligiran. Para maipaunawa sa klase mo ang alituntuning ito, maaari mong idrowing sa pisara ang isang binhi at isang puno at talakayin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod: Ano ang isinasagisag ng binhi? (tingnan sa Alma 32:28; 33:22–23). Paano natin maitatanim ang

binhi—o patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala—sa ating puso at mapapalago ito? (tingnan sa Alma 32:36–43; 33). Anong mga karanasan ang maibabahagi natin kung saan nagkaroon ng mahalagang bunga ang ating mga pagsisikap na sumunod sa Tagapagligtas? Paano naiimpluwensyahan ng mga turo ni Alma ang paraan ng pagsamba natin sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

- Ang "pagsubok" na inilarawan ni Alma para matulungan ang mga Zoramita na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ay maaari ding ipaalam sa atin kung totoo ang iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo. Para maipaunawa sa klase ang pagsubok na ipinagawa ni Alma, maaari mong talakayin kung ano ang isang pagsubok o eksperimento. Maaaring may isang tao sa klase na nakagawa na dati ng isang eksperimento at maaaring makatulong sa paliwanag na ito. Ano ang layunin ng isang pagsubok o eksperimento? Paano natutulad ang isang eksperimento sa pagsubok na ipinagawa ni Alma sa mga tao sa Alma 32:26–36? Marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng iba't ibang paraan kung saan "sinubukan" nila ang salita ng Diyos. Paano nila nalaman na "ang salita [ng Diyos] ay mabuti"? (Alma 32:28).

- Ano kaya ang maaaring sabihin ni Alma sa isang taong gustong magkaroon o magpalakas ng patotoo tungkol kay Jesucristo? Para masiyasat ang tanong na ito, maaari mong hatiin ang klase sa dalawang grupo. Maaaring basahin ng isang grupo ang Alma 32:26–36 para malaman kung ano ang sasabihin ni Alma sa isang taong nagsisikap na magkaroon ng patotoo, at basahin ng kabilang grupo ang Alma 32:36–43 para malaman kung ano ang sasabihin niya sa isang taong nanghina na ang patotoo. Pagkatapos ay maaaring maghalinhinan ang isang tao mula sa bawat grupo sa pagkatawan kay Alma at pagsasadula kung paano tulungan ang isang tao na magkaroon o magpalakas ng patotoo.

**ALMA 31:13–23; 33:2–11; 34:17–29**

### Maaari nating sambahin ang Diyos sa panalangin, kahit kailan at kahit saan.

- Maaari mong tulungan ang klase na pagkumparahin ang mga turo nina Alma at Amulek tungkol sa panalangin at pagsamba at ang mga maling ideya ng mga Zoramita. Maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang Alma 31:13–23 at ilista sa pisara kung ano ang pinaniwalaan ng mga Zoramita tungkol sa panalangin at pagsamba. Pagkatapos ay maaari silang maghanap ng mga katotohanan sa Alma 33:2–11 at 34:17–29 na kontra sa mga paniniwalang ito. Ano ang itinuturo sa atin ng mga talatang ito kung paano natin maaaring pagbutihin pa ang ating mga panalangin at pagsamba?

- Maaari kang maghikayat ng isang talakayan tungkol sa panalangin sa pagsulat ng mga salitang gaya ng *Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit?* at *Paano?* sa pisara. Maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Alma 33:2–11 at 34:17–29 para mahanap ang mga sagot sa mga tanong na ito tungkol sa panalangin. Halimbawa, maaari nilang sagutin ang mga tanong na gaya nito: Saan tayo maaaring manalangin? Ano ang maaari nating ipanalangin? Maaari din silang makahanap ng mga sagot sa mga titik ng isang himno tungkol sa panalangin, tulad ng "Naisip Bang Manalangin?" o "Sintang Oras ng Dalangin" (*Mga Himno,* blg. 82, 84). Paano natin mapagbubuti ang ating mga panalangin?

**ALMA 34:9–17**

### Ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay "walang katapusan at walang hanggan."

- Ginamit ni Amulek nang ilang beses ang mga salitang "walang katapusan" at "walang hanggan" para ilarawan ang sakripisyong ginawa ni Jesucristo para magbayad-sala para sa ating mga kasalanan. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga salitang ito sa Alma 34:9–14 at pagkatapos ay hanapin ang mga ito sa isang diksyunaryo. Sa anong mga paraan walang katapusan at walang hanggan ang sakripisyo ng Tagapagligtas? (tingnan sa Mga Hebreo 10:10; 2 Nephi 9:21; Mosias 3:13). Ayon sa Alma 34:15–17, ano ang kailangan nating gawin para matanggap ang mga pagpapala ng sakripisyo ng Tagapagligtas? Ano ang ibig sabihin ng "magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi"? (Alma 34:17).

**ALMA 34:32–35**

### "Huwag ninyong ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi."

- Ang isang analohiyang gaya ng sumusunod ay maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na pagnilayan ang mga panganib ng pagpapaliban ng ating pagsisisi: anyayahan silang isipin na kunwari'y nakatanggap sila ng paanyayang

makibahagi sa isang kaganapan na nangangailangan ng maraming taon ng pagsasanay at paghahanda, tulad ng isang kumpetisyon sa Olympics o isang musikal na pagtatanghal (pumili ng isang bagay na makabuluhan sa klase mo), ngunit ang kaganapang ito ay idaraos na kinabukasan. Talakayin sa klase kung bakit malamang na hindi sila magtagumpay sa kaganapan kahit gugulin nila ang natitirang oras ngayong araw sa paghahanda. Paano nauugnay ang halimbawang ito sa mga babala ni Amulek sa Alma 34:32–35? Bakit maaaring mapanganib na ipagpaliban ang ating mga pagsisikap na magsisi at magbago? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung ano ang magagawa nila para "maghanda para sa kawalang-hanggan" (talata 33) at gumawa ng mga planong gawin ito kaagad.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 36–38 sa darating na linggo, maaari mong ipaliwanag na si Alma ay "[nagdalamhati] dahil sa kasamaan ng kanyang mga tao," kaya't tinipon niya ang kanyang mga anak at tinuruan sila "hinggil sa mga bagay na nauukol sa kabutihan" (Alma 35:15–16). Nakasaad sa sumunod na ilang kabanata ng Alma kung ano ang nahikayat kay Alma na ituro sa kanyang mga anak.



## Karagdagang Resources

### Ano ang ibig sabihin ng magpakumbaba?

"Ang pagpapakumbaba ay pagkilala nang may pasasalamat na umaasa kayo sa Panginoon—na nauunawaang lagi ninyong kailangan ang Kanyang tulong. . . . Hindi ito tanda ng kahinaan, kakimian, o takot; pahiwatig ito na alam ninyo kung saan nagmumula ang inyong tunay na lakas" (*Tapat sa Pananampalataya* [2006], 148).

Ipinaliwanag ni Elder Quentin L. Cook: "Kapag talagang inisip natin ang Diyos Ama at si Cristong Anak, kung sino Sila, at ano ang nagawa Nila para sa atin, napupuno tayo ng pagpipitagan, paghanga, pasasalamat, at pagpapakumbaba. . . . Kabilang din sa pagpapakumbaba ang pagiging mapagpasalamat para sa maraming pagpapala at banal na tulong sa atin. Ang pagpapakumbaba ay hindi kinikilala na malaking tagumpay o kaya ay pagdaig sa malaking hamon. Ito ay tanda ng espirituwal na kalakasan. Ito ay pagkakaroon ng kumpiyansa na sa bawat araw at bawat oras ay makaaasa tayo sa Panginoon, maglilingkod sa Kanya, at makakamit ang Kanyang mga layunin" ("Ang Araw-Araw na Walang Hanggan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 52, 54).

### Mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa pananampalataya.

- 1 Mga Taga Corinto 12:9
- Mga Hebreo 11:1–6
- Santiago 2:14–18
- Eter 12:6
- Moroni 7:33; 10:11
- Doktrina at mga Tipan 63:9–11

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magtuon sa mga banal na kasulatan.** Kahit maraming suplementong sanggunian na maaaring magpayaman sa isang talakayan, tandaan na sa mga banal na kasulatan nagmumula ang doktrina. Tulungan ang mga miyembro na maghanap ng mga katotohanan sa mga banal na kasulatan. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 21.)



Paglalarawan ni Joshua Dennis

HULYO 20–26

# Alma 36–38

"UMASA SA DIYOS AT MABUHAY"

Habang naghahanda kang magturo, tandaan na ang mga miyembro ng klase ay malamang na may mga makabuluhang karanasan sa Alma 36–38. Ano ang magagawa mo para makaragdag sa mga karanasang iyon?

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Ang isang paraan para mahikayat ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natututuhan nila sa mga banal na kasulatan ay hatiin ang klase sa tatlong grupo at atasan ang bawat grupo ng isang kabanata mula sa Alma 36–38. Anyayahan ang bawat grupo na maghanap at magbahagi ng isang nagbibigay-inspirasyong talata mula sa kanilang kabanata.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 36

### Maaari tayong isilang sa Diyos kapag tayo ay nagpapakumbaba at nagsisisi.

- Maaaring magtaka ang ilang miyembro ng klase mo kung bakit hindi pa sila nagkaroon ng madulang karanasan sa pagbabalik-loob na gaya ng kay Alma. Maaaring makatulong sa kanila kung ibabahagi mo ang itinuro ni Elder David A. Bednar: "Para sa marami sa atin, ang pagbabalik-loob ay tuluy-tuloy na proseso at hindi minsanang pangyayari na bunga ng isang matinding karanasan" ("Nagbalik-loob sa Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 107–8). Bagama't hindi pangkaraniwan ang ilang bagay tungkol sa karanasan ni Alma sa pagbabalik-loob, ang kanyang karanasan ay nagtuturo ng mga alituntunin na kailangang isabuhay nating lahat sa patuloy nating pagbabalik-loob. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Alma 36 para mahanap ang mga alituntuning ito at ilista ang mga ito sa pisara. Ano pa ang nakatulong sa atin na higit na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo?
- Ginamit ni Alma ang pariralang "isilang sa Diyos," para ilarawan ang kanyang pagbabalik-loob. Para maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang konseptong ito, maaari mo silang anyayahang basahin ang mga sumusunod na talata nang isa-isa o magkakapares, na hinahanap ang ibig sabihin ng isilang sa Diyos: I Ni Juan 4:7; Mosias 5:7; 27:25–26; at Alma 5:14; 22:15. Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila. Pagkatapos ay maaari nilang saliksikin ang Alma 36, na hinahanap ang mga sagot sa tanong na ito: Ano ang nadarama at ikinikilos ng mga tao kapag sila ay isinilang sa Diyos? Para matulungan ang mga miyembro ng

klase na pagnilayan kung paano sila isinisilang sa Diyos, maaari mong ibahagi ang pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson na matatagpuan sa "Karagdagang Resources."

ALMA 37

### Iningatan ang mga banal na kasulatan "para sa isang matalinong layunin."

- Marahil ay makakatulong sa mga miyembro ng klase ang pag-aaral ng mga salita ni Alma nang ibigay niya ang mga sagradong talaan sa kanyang anak na si Helaman para maibahagi kung paano nila nadama ang kapangyarihan ng mga banal na kasulatan sa kanilang buhay. Hikayatin silang rebyuhin ang Alma 37 para mahanap ang mga mensaheng ibinigay ni Alma kay Helaman tungkol sa mga banal na kasulatan (tingnan lalo na sa mga talata 1–19 at 43–47). Paano natin ipinapakita na sagrado ang mga banal na kasulatan sa atin? Paano natin maituturo sa ating mga mahal sa buhay, gaya ni Alma, na "panatilihing banal ang lahat ng bagay na ito"? (Alma 37:2). Paano "[nagpapakita ng] kapangyarihan [ng Diyos]" ang mga banal na kasulatan sa atin? (Alma 37:14).

- Ang isang paraan para matuto tungkol sa mga pagpapala ng pagkakaroon ng mga banal na kasulatan ay pag-aralan ang sinabi ni Alma sa Alma 37 tungkol sa mga sagradong talaan at iba pang mga bagay na ipinagkatiwala niya kay Helaman. Maaari kang gumawa ng listahan ng mga sagradong bagay sa pisara: mga lamina ni Nephi at mga laminang tanso (Alma 37:2–20), dalawampu't apat na lamina ni Eter at mga pansalin (Alma 37:21–37), at Liahona (Alma 37:38–47). Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito para malaman ang itinuro ni Alma tungkol sa bawat isa sa mga bagay na ito. Sa anong mga paraan mapapalawak ng mga banal na kasulatan ang ating kaalaman? (tingnan sa Alma 37:8). Ano ang matututuhan natin mula sa mga salita ni Alma tungkol sa mga pagpapala ng pagkakaroon ng mga banal na kasulatan sa ating buhay ngayon?



Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan kung paano sundin ang Diyos.

ALMA 37:6–7, 41–42

### "Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay."

- Para maituro ang kahalagahan ng "maliliit at mga karaniwang bagay" sa gawain ng Diyos, nagbigay si Alma ng dalawang halimbawa: ang mga banal na kasulatan at ang Liahona (tingnan sa Alma 37:6–7, 41–42; tingnan din sa 1 Nephi 17:41). Matapos rebyuhin ang mga halimbawang ito, marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga halimbawa ng maliliit at mga karaniwang bagay sa gawain ng Diyos mula sa sarili nilang buhay. Maaari mong kontakin nang maaga ang isa o dalawang miyembro ng klase at pagdalahin sila ng isang bagay sa klase na maliit at naghatid ng malalaking bagay sa kanilang buhay. Maaari mo ring ibahagi ang pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources." Para maiakma ng mga miyembro ng klase sa kanilang sarili ang alituntuning ito, maaari kang magtanong ng gaya ng mga sumusunod: Bakit nabibigo tayo kung minsan na gawin ang maliliit at mga karaniwang bagay? Paano natin mahihikayat ang ating sarili at ang ating pamilya na daigin ang inklinasyong ito?

ALMA 37:38–47

### Magagabayan tayo ng mga salita ni Cristo sa araw-araw.

- Ang pagkukumpara ng salita ng Diyos sa Liahona ay maaaring makahikayat sa mga miyembro ng klase na maging mas masigasig at tapat sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Para magabayan ang talakayan tungkol dito, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 37:38–47 nang magkakapares, na naghahanap ng mga pagkakatulad ng Liahona sa salita ng Diyos. Maaari mo silang hamunin

na maghanap ng isang pagkakatulad sa bawat talata. Pagkatapos ay maaari mong isulat sa pisara ang bawat numero ng talata at hilingin sa mga miyembro ng klase na isulat sa tabi ng mga numero ang mga pagkakatulad na nakita nila. Ano ang ipinahihiwatig ng pagkukumparang ito kung paano natin dapat pag-aralan ang banal na kasulatan?

ALMA 38

### Ang pagbabahagi ng ating patotoo tungkol kay Jesucristo ay maaaring magpalakas sa ating mga mahal sa buhay.

- Ang mga salita ni Alma sa kanyang anak na si Siblon ay nagbibigay ng magandang halimbawa kung paano palakasin at hikayatin ang ating mga mahal sa buhay na ipamuhay ang ebanghelyo. Maaari sigurong basahin ng mga miyembro ng klase ang kabanatang ito at tukuyin kung paano pinalakas ni Alma si Siblon. Ang Alma 38 ay maikli—maaari mo pa ngang ipasiya na basahin ninyo ito bilang isang klase. Pagkatapos ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga talatang makabuluhan sa kanila o nagbigay sa kanila ng mga ideya para mapatatag ang sarili nilang mga kapamilya at kaibigan.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Naisip na ba ng mga miyembro ng klase kung paano payuhan ang isang mahal sa buhay na nakagawa ng malaking pagkakamali? Ipaliwanag na makakakita sila ng makakatulong na mga kabatiran sa Alma 39–42.



## Karagdagang Resources

### Ang pagbabalik-loob ay parang isang bagong pagsilang.

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Kapag dinanas na natin ang malaking pagbabagong ito, na nangyayari lamang sa pagsampalataya kay Jesucristo at sa patnubay ng Espiritu sa atin, para tayong nagiging bagong tao. Sa gayon, ang pagbabago ay inihahalintulad sa bagong pagsilang. Libu-libo sa inyo ang nakaranas na ng pagbabagong ito. Tinalikuran na ninyo ang buhay na puno ng kasalanan, na kung minsa'y matindi at mabigat na kasalanan, at dahil sa epekto ng dugo ni Cristo sa inyong buhay, naging malinis kayo. Ayaw na ninyong balikan ang dati ninyong buhay. Kayo ay tunay na isang bagong tao. Ito ang kahulugan ng pagbabago ng puso" ("A Mighty Change of Heart," *Ensign,* Okt. 1989, 4).

### Maliliit at mga karaniwang bagay.

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks:

"Naipaalala sa akin ang malakas na puwersa ng maliliit at mga karaniwang bagay sa paglipas ng panahon dahil sa isang bagay na nakita ko noong ako'y naglalakad isang umaga. . . . Ang makapal at matibay na kongkretong bangketa [noon] ay nagbibitak-bitak na. Dahil ba ito sa malaki at malakas na puwersa na tumutulak mula sa ilalim? Hindi, ang mga bitak na ito ay sanhi ng dahan-dahan at unti-unting paglaki ng isa sa mga ugat na gumagapang mula sa kalapit na puno. . . .

"Gayon din kalakas ang epekto sa pagdaan ng panahon ng maliliit at mga karaniwang bagay na itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan at ng mga buhay na propeta. Isipin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na itinuro sa atin na gawing bahagi ng ating buhay sa araw-araw. O isipin ang mga personal na panalangin at pagluhod at pagdarasal ng pamilya na regular na ginagawa ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw. . . . Bagama't bawat isa sa mga gawing ito ay tila maliliit at karaniwan, sa paglipas ng panahon ang mga ito ay humahantong sa matinding espirituwal na paglakas at pag-unlad. Nangyayari ito dahil ang bawat isa sa maliliit at mga karaniwang bagay na ito ay nag-aanyaya ng patnubay ng Espiritu Santo, ang Tagapagpatotoo na nagbibigay ng kalinawan sa atin at gumagabay sa atin patungo sa katotohanan" ("Maliliit at mga Karaniwang Bagay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2018, 90).

#### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Anyayahan ang mga mag-aaral na turuan ang isa't isa.** Kapag nagpapatotoo o nagbabahagi ng mga kabatiran ang mga miyembro ng klase, maaari nilang matulungan o mahikayat ang isa pang miyembro ng klase sa paraang maaaring hindi mo magagawa. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* 30.)



*Babae, Bakit Ka Umiiyak?* ni Mark R. Pugh

**HULYO 27–AGOSTO 2**

# Alma 39–42

"ANG DAKILANG PLANO NG KALIGAYAHAN"

Ang mga turo ni Alma sa Alma 39–42 ay mayaman sa doktrina at naglilinaw sa mahahalagang katotohanan. Habang pinag-aaralan mo ang mga kabanatang ito, pagnilayan kung aling mga katotohanan ang maaaring pinakamakabuluhan sa klase mo at ano ang magagawa mo para matulungan silang tuklasin ang mga katotohanang ito.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kaisipan at kabatiran tungkol sa Alma 39–42, maaari mo silang anyayahang rebyuhin nang bahagya ang mga kabanatang ito at maghanap ng isang bagay na sinabi o ginawa ni Alma na hinangaan nila.

## Ituro ang Doktrina

**ALMA 39**

### Ang kasalanang seksuwal ay karumal-dumal sa paningin ng Panginoon.

- Ano ang matututuhan natin mula sa tala ng karanasan ni Corianton sa pagkakasala at pagsisisi? Marahil ay maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang Alma 39:1–14, hanapin ng ilan sa kanila kung ano ang maling ginawa ni Corianton, hanapin ng iba kung ano ang maaaring nag-akay sa kanya na magkasala, at hanapin naman ng iba pa ang payo na ibinigay ni Alma sa kanya. Habang ibinabahagi nila ang natuklasan nila, maaari nilang talakayin kung paano natin maiiwasang magawa ang mga pagkakamaling iyon.
- Kapag nakakagawa ng kasalanang seksuwal ang mga tao, madalas silang panghinaan ng loob o mawalan ng pag-asa at nadarama nila na hindi sila gaanong mahalaga. Anong mga alituntunin sa Alma 39–42 ang naghihikayat sa mga miyembro ng klase na makadama ng pag-asa na humahantong sa pagsisisi? Ang pagbabahagi ng pahayag ni Sister Joy D. Jones sa "Karagdagang Resources" ay makakatulong sa mga miyembro ng klase na maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkamarapat at ng ating kahalagahan sa paningin ng Diyos. (Tingnan din sa Lynn G. Robbins, "Hanggang sa Makapitongpung Pito," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2018, 21–23.)
- Bilang bahagi ng inyong talakayan, maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na talakayin ang mga pamantayan ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri. Mas makakatulong siguro kung nakatuon ang inyong talakayan sa mga alituntunin sa halip na sa isang listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin. Halimbawa, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na tukuyin ang mga alituntuning itinuro ni Alma kay Corianton sa Alma 39. Bukod pa rito, maaari

nilang rebyuhin ang "Kadalisayan ng Puri" sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na nasasaisip ang mga tanong na tulad nito: "Kung kailangan ninyong ibuod ang lahat ng payong ito sa isang alituntunin, ano kaya iyon?" o "Anong mga alituntunin ang nakikita ninyo rito na nakakatulong sa inyo na ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri?" Maaari ding rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang bahaging ito sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* na hinahanap ang mga pagpapala ng pagsunod sa batas ng kalinisang-puri at ang mga bunga ng pagsuway sa batas na ito. Paano naiiba ang mga alituntuning ito sa itinuturo ng mundo? Paano naaapektuhan ng mga alituntuning ito ang paraan ng pag-iisip natin tungkol sa batas ng kalinisang-puri? Maaaring makinabang ang klase mo sa pagbasa sa pahayag ni Sister Wendy Nelson sa "Karagdagang Resources" habang sinasagot nila ang mga tanong na ito.

- Madaling maniwala kung minsan na hindi nakaapekto sa iba ang ating mga pasiya—na lihim ang ating mga kasalanan. Ano ang itinuro ni Alma kay Corianton sa Alma 39:11–12 tungkol sa epekto ng kanyang mga pasiya? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung sino ang maaaring maapektuhan ng mga pasiyang ginagawa nila, kapwa mabuti at masama. Maaari din nilang ibahagi kung paano sila natulungan ng mga kilos at halimbawa ng iba na piliin ang tama.

**ALMA 40–42**

## Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay ginagawang posible ang plano ng pagtubos.


- Itinuro ni Alma kay Corianton ang mga katotohanang kailangang maunawaan nating lahat, kabilang na ang mga katotohanan tungkol sa layunin ng buhay, daigdig ng mga espiritu, pagkabuhay na mag-uli, at paghuhukom. Isiping pumili ng isa sa mga turo ni Alma at bigyan ng dalawang minuto ang mga miyembro ng klase para saliksikin ang Alma 40–42 (nang isa-isa o magkakapares) at isulat ang pinakamaraming katotohanang matutuklasan nila tungkol sa paksang iyon. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase sa isa't isa o sa klase ang natuklasan nila. Maaari mong ulitin ang prosesong ito para sa iba pang mga paksa kung may oras pa. Bakit mahalaga na maunawaan ng anak ni Alma na si Corianton ang partikular na mga katotohanang ito?

- Ang mga paglalarawan ni Alma sa kalagayan ng mga kaluluwa pagkaraan ng buhay na ito ay maitatanim sa isipan ng mga miyembro ng klase ang kahalagahan ng paglapit sa Tagapagligtas at pagsisisi sa ating mga kasalanan sa buhay na ito. Maaari mong isulat ang *Mabuti (Nagsisisi)* at *Masama (Hindi Nagsisisi)* sa pisara at anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Alma 40:11–26 at ilista sa pisara ang mga salita o pariralang ginamit ni Alma para ilarawan ang kalagayan ng bawat isa sa mga grupong ito ng mga tao pagkamatay nila. Paano tayo mahihikayat ng mga turong ito na magsisi? Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mangyayari sa daigdig ng mga espiritu, tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; 4:6 at Doktrina at mga Tipan 138:29–37.

- Ano ang pumapasok sa isipan ng mga miyembro ng klase mo kapag naririnig nila ang mga salitang "ipinanumbalik" o "panunumbalik"? Anyayahan silang saliksikin ang Alma 41 kung paano ginamit ni Alma ang mga salitang ito. Ano ang ibig niyang sabihin diyan? Ano ang ipanunumbalik sa atin? Bakit makakatulong na ituring ang plano ng Ama sa Langit bilang isang "plano ng panunumbalik"? (talata 2).

- Maaaring ibahagi ng ilang miyembro ng klase mo ang tanong na tila nasa isipan ni Corianton—makatarungan o patas lang ba na parusahan ng isang mapagmahal na Diyos ang Kanyang mga anak? (tingnan sa Alma 42:1). Maaari mo sigurong hilingin sa mga miyembro ng klase na pagnilayan kung paano sila tutugon sa tanong na ito at hanapin ang mga sagot sa Alma 42:7–26.

- Kung sa pakiramdam mo ay angkop ito, maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase mo sa paghahanap ng isang talata sa Alma 42 na maaari nilang ilarawan sa isang simpleng drowing o simbolo na nagpapaliwanag kung bakit natin kailangan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang idinrowing nila, at maaaring subukin ng iba pa sa klase na hanapin ang talatang kinakatawan nito. Pagkatapos ay maaari nilang talakayin ang natutuhan nila tungkol sa kahalagahan ng sakripisyo ng Tagapagligtas.



Maaari tayong makatanggap ng patotoo tungkol kay Jesucristo bilang ating Tagapagligtas.



## Karagdagang Resources

### Malaki ang kahalagahan ng ating kaluluwa.

Itinuro ni Sister Joy D. Jones:

"Ipaliliwanag ko sa inyo ang pangangailangang masabi ang pagkakaiba ng dalawang mahalagang salita: *halaga* at *pagkamarapat*. Hindi sila magkapareho. Ang ibig sabihin ng espirituwal na *halaga* ay pahalagahan ang ating sarili ayon sa pagpapahalaga sa atin ng Ama sa Langit, hindi ayon sa pagpapahalaga sa atin ng mundo. Tukoy na ang ating halaga bago pa tayo pumarito sa mundong ito. 'Ang pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at mananatili magpakailanman.'

"Sa kabilang dako, ang *pagkamarapat* ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagsunod. Kung nagkasala tayo, hindi tayo gaanong karapat-dapat, ngunit hindi kailanman nababawasan ang ating halaga! Patuloy tayong nagsisisi at nagsisikap na maging katulad ni Jesus nang hindi tayo nawawalan ng halaga. Tulad ng itinuro ni Pangulong Brigham Young: 'Ang pinakamaliit at pinakaabang espiritu ngayon sa lupa . . . ay singhalaga ng mga daigdig.' Anuman ang mangyari, palagi tayong may halaga sa paningin ng ating Ama sa Langit" ("Halagang Hindi Masusukat," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 14).

### Ang pananaw ng mundo sa intimasiya ay hindi kapareho ng pananaw ng Diyos.

Ikinumpara ni Sister Wendy Nelson ang pananaw ng mundo sa mga seksuwal na relasyon—"makamundong pagtatalik"—sa tinawag niyang "intimasiya ng mag-asawa na inorden ng Diyos":

"Sa makamundong pagtatalik, puwede kahit ano. Sa intimasiya ng mag-asawa, kailangang mag-ingat nang husto para maiwasan ang lahat ng bagay—mula sa pananalita hanggang sa musika at mga pelikula—na nakakasakit sa Espiritu, sa inyong espiritu, o sa espiritu ng inyong asawa.

"Samantalang ang makamundong pagtatalik ay mahalay at pumapatay ng pag-ibig, ang intimasiya ng mag-asawa ay naghihikayat ng higit na pagmamahal.

"Ang makamundong pagtatalik ay pinapababa ang moralidad ng mga lalaki at babae at ang kanilang katawan, samantalang ang intimasiya ng mag-asawa ay iginagalang ang mga lalaki at babae at itinuturing ang katawan bilang isa sa mga dakilang gantimpala ng mortalidad.

"Sa makamundong pagtatalik, madarama ng mga indibiduwal na ginamit, inabuso sila, at sa huli ay mas malungkot sila. Sa intimasiya ng mag-asawa, nadarama nila na sila ay mas nagkakaisa at minamahal, mas pinangangalagaan at inuunawa.

"Ang makamundong pagtatalik ay naninira at kalauna'y nagwawasak ng mga relasyon. Ang intimasiya ng mag-asawa ay nagpapatatag sa kanilang pagsasama. Sinusuportahan, pinagagaling, at pinababanal nito ang buhay ng mag-asawa at ang kanilang pagsasama. . . .

"Ang makamundong pagtatalik ay nakahuhumaling dahil hindi ito tumutupad sa mga pangako nito. Ang intimasiya ng mag-asawa na inorden ng Diyos ay maluwalhati at magpapatuloy nang walang hanggan para sa mga mag-asawang tumutupad sa kanilang tipan" ("Pag-ibig at Pag-aasawa" [pandaigdigang debosyonal, Ene. 8, 2017], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maghanda nang maaga.** "Habang pinag-iisipan mong mabuti kung paano mapagpapapala ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo mo ang mga miyembro ng klase, darating sa iyo ang mga ideya at impresyon araw-araw—habang papunta ka sa trabaho, gumagawa ng mga gawaing-bahay, o nakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan. Huwag isipin na ang espirituwal na paghahanda ay isang bagay na pag-uukulan mo ng oras kundi isang bagay na palagi mong ginagawa" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 12).



*Para sa mga Pagpapala ng Kalayaan*, ni Scott M. Snow

AGOSTO 3–9

# Alma 43–52

"MATATAG NA MANININDIGAN SA PANANAMPALATAYA KAY CRISTO"

Bukod sa pagrerebyu ng mga aktibidad na nakamungkahi rito, maghangad ng sarili mong inspirasyon habang mapanalangin mong pinag-aaralan ang Alma 43–52 at pag-isipan kung paano tutulungan ang mga miyembro ng klase na matuklasan ang doktrinang itinuturo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para maanyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natututuhan nila mula sa Alma 43–52, maaari mong itanong sa kanila kung paano sila tutugon sa isang taong nagsasabi na, "Hindi ko talaga maunawaan kung paano nagkaroon ng anumang kaugnayan sa buhay ko ang mga digmaang inilarawan sa Aklat ni Mormon."

## Ituro ang Doktrina

ALMA 43–52

### Ang mga digmaan sa Aklat ni Mormon ay nagtuturo sa atin tungkol sa ating mga pakikibaka laban sa kasamaan.

- Sa kanilang indibiduwal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya sa linggong ito, maaaring napagnilayan o naitala na ng mga miyembro ng klase ang mga iniisip nila tungkol sa kung paano matagumpay na ipinagtanggol ng mga Nephita ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita at paano sinalakay ng mga Lamanita ang mga Nephita. Kung ginawa ito ng mga miyembro ng klase sa bahay, anyayahan silang ibahagi ang natuklasan nila. O maaari mong bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na hanapin ang mga kabatirang ito sa klase gamit ang mga banal na kasulatan tulad ng matatagpuan sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*. Habang ibinabahagi ng mga miyembro ng klase ang natuklasan nila, hikayatin silang talakayin kung paano natin masusundan ang halimbawa ng mga Nephita sa pagtatanggol sa ating sarili laban sa kasamaan at paano natin makikilala ang mga espirituwal na pag-atake sa atin ni Satanas.

ALMA 46:11–22

### Kung matapang tayo sa pagtatanggol sa ating pananampalataya, mahihikayat natin ang iba na maging matapat.

- Paano mo matutulungan ang mga miyembro ng klase na sundan ang halimbawa ni Moroni na buong tapang na ipinagtanggol ang kanilang pananampalataya sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo? Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang Alma 46:11–22 at tukuyin kung ano ang ginawa ni Moroni at ano ang itinuro niya na nakahikayat sa kanyang mga tao na maging mas tapat. Maaari mong isulat ang

mga bagay na ito sa pisara sa ilalim ng heading na *Halimbawa ni Moroni.* Pagkatapos ay maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na pagnilayan ang mga ginawa ni Moroni at imungkahi kung ano ang magagawa natin ngayon para maipagtanggol ang ating mga paniniwala. Maaari mong isulat ang kanilang mga kabatiran sa ilalim ng heading na *Buong Tapang na Ipinagtatanggol ang Ebanghelyo Ngayon.* Anong mga katotohanan at pagpapahalaga ang itinuro sa atin ng ating propeta kamakailan na dapat nating ituro at ipagtanggol?

- Paano mo matutulungan ang mga miyembro ng klase na sundan ang ginawa ni Moroni sa bandila ng kalayaan sa sarili nilang buhay? Anyayahan silang basahin ang Alma 46:11–22 at tukuyin ang mga katotohanang itinuturo at pinasusuportahan ni Moroni noon sa kanyang mga tao. Anong mga katotohanan at pagpapahalaga ang binigyang-diin ng mga pinuno ng ating Simbahan sa ating panahon? (Maaari mong rebyuhin ang ilan sa mga ito sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," o sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya kamakailan.) Ano ang mga hamon sa atin sa pagtatanggol sa ating mga paniniwala sa mundo ngayon? Ano ang maaari nating matutuhan mula sa halimbawa ni Moroni? Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na lumikha ng sarili nilang bandila ng kalayaan na maaaring magpaalala sa kanila na buong tapang na ipamuhay at ipagtanggol ang kanilang mga paniniwala.



Minerva K. Teichert (1888–1976), *Pagtatanggol sa Isang Lungsod ng mga Nephita,* 1935, oil on masonite, 36 x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art

**ALMA 47**

### Tinutukso at nililinlang tayo ni Satanas nang paunti-unti.

- Maaaring makinabang ang klase mo sa pag-aaral ng Alma 47, na nagpapakita kung paano nahahawig ang panlilinlang ni Amalikeo sa ginagawa ni Satanas para linlangin tayo. Maaari kang magsimula sa pagpapabuod sa isang tao ng salaysay na matatagpuan sa Alma 47. Para maging kapana-panabik, maaari mong anyayahan ang dalawang miyembro ng klase na isipin na kunwari'y sila sina Amalikeo at Lehonti at ikuwento ito. Ano ang ginawa ni Amalikeo na nagpapaalala sa atin ng mga bagay na ginagawa ni Satanas para tuksuhin at linlangin tayo? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na sumangguni sa partikular na mga talata habang tinatalakay nila ang tanong na ito. Ang sipi sa "Karagdagang Resources" ay naglalaman ng isa pang magandang halimbawa kung paano tayo nililinlang ni Satanas. Anong payo ang maibibigay natin sa isa't isa para malaman natin kung paano tayo tinutukso ni Satanas ngayon? Ano ang maaari nating gawin para maprotektahan ang ating sarili?

**ALMA 48:7–17**

### Habang sinisikap nating maging tapat na gaya ni Moroni, magiging mas katulad tayo ng Tagapagligtas.

- Ang isang talakayan tungkol sa mga katangian ni Moroni ay maaaring makahikayat sa mga miyembro ng klase na sikaping sundan ang kanyang halimbawa. Maaari kang magsimula sa pagpapakita ng isang larawan ni Moroni, tulad ng nasa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya.* Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na pag-aralan ang Alma 44:3–4 at 48:7–13 at isulat sa pisara ang mga salita at pariralang naglalarawan kay Moroni. Pagkatapos ay maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Alma 48:17 at talakayin kung paano tinulutan ng mga katangian ni Moroni, tulad ng mga nakalista sa pisara, na madaig niya ang impluwensya ni Satanas at maging katulad ni Jesucristo. Paano tayo maaaring maging mas katulad ni Moroni?

**ALMA 48:7–9; 49:1–9; 50:1–6**

### Maaari nating patatagin ang ating sarili at ang ating pamilya laban sa kaaway.

- Maaaring makinabang ang mga miyembro ng klase mo sa pakikinig sa pagsasalita ng isa't isa tungkol sa kung paano nila mapoprotektahan ang kanilang sarili at kanilang pamilya laban sa mga panlilinlang at tukso ni Satanas. Para makahikayat ng gayong talakayan, maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Alma 48:7–9; 49:1–9; at 50:1–6. Habang pinag-iisipan natin

ang ating pangangailangan sa mga espirituwal na depensa laban sa kasalanan, ano ang maaari nating matutuhan mula sa mga pagsisikap ng mga Nephita na ipagtanggol ang kanilang sarili? Paano tayo magkakaroon ng mga espirituwal na depensa para protektahan ang ating sarili at ating pamilya laban sa kasalanan at masasamang impluwensya? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga ideya na naging epektibo sa kanila. Bakit mahalagang "hindi tumigil sa pagsasagawa ng mga paghahanda"? (Alma 50:1).

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring ang isang paraan para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 53–63 ay sabihin sa kanila na ang salaysay sa mga kabanatang ito ay maaaring makahikayat sa kanila at sa kanilang pamilya na maging mas masunurin at magkaroon ng mas matatag na pananampalataya.

## Karagdagang Resources

### Ang mga bunga ng pagsuko sa maliliit na tukso.

Para maituro na "pumapasok ang mabibigat na kasalanan sa ating buhay kapag nagpatangay tayo sa maliliit na tukso," ibinahagi ni Pangulong Spencer W. Kimball ang pabulang ito:

"[Ang isang] kamelyo at [ang] may-ari nito . . . [ay] naglalakbay patawid ng buhangin ng disyerto nang dumating ang malakas na hangin. Agad nagtayo ng tolda ang manlalakbay at pumasok, isinara ang mga takip para iligtas ang sarili sa matalim at maaligasgas na buhangin ng nagngangalit na bagyo. Siyempre pa, naiwan ang kamelyo sa labas, at habang hinahaplit ng malupit na hangin ang buhangin papunta sa kanyang katawan at mga mata at ilong hindi niya ito natiis at sa huli ay nagsumamong papasukin siya sa tolda.

"'Ako lang ang kasya rito,' sabi ng manlalakbay.

"'Pero puwede ba kahit ilong ko na lang para makalanghap ako ng hanging walang buhangin?' tanong ng kamelyo.

"'Puwede mo sigurong gawin 'yan,' sagot ng manlalakbay, at binuksan niya nang kaunti ang takip at pumasok ang mahabang ilong ng kamelyo. Kayginhawa na ng kamelyo ngayon! Ngunit di naglaon ay nagsawa ang kamelyo sa mahapding buhangin sa kanyang mga mata at tainga . . . :

"'Kumakaskas sa ulo ko ang buhanging dala ng hangin. Puwede ko bang ipasok kahit ulo ko lang?'

"Muli, ikinatwiran ng manlalakbay na hindi makasasama sa kanya ang pumayag, dahil kakasya ang ulo ng kamelyo sa may ibabaw ng tolda na hindi naman niya ginagamit. Kaya ipinasok ng kamelyo ang ulo niya at muling nasiyahan ang hayop—pero pansamantalian lang.

"'Kahit ang harapan ko lang,' pagsamo niya, at muling naawa ang manlalakbay at di naglaon ay nasa loob na ng tolda ang balikat at binti ng kamelyo. Sa huli, sa gayon ding pagsamo at pagpayag, buong katawan na ng kamelyo, kanyang likuran at lahat na ang nasa loob ng tolda. Pero napakasikip na ng tolda ngayon para sa dalawa, at sinipa ng kamelyo ang manlalakbay palabas sa hangin at bagyo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 130).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Ang calling mo ay binigyang-inspirasyon.** "Ang calling mong magturo ay nagmumula sa Panginoon. . . . Naitalaga ka sa ilalim ng patnubay ng mga mayhawak ng mga susi ng priesthood; sa gayon, may karapatan ka sa personal na paghahayag na kailangan mo para magtagumpay. Pasasaiyo ang mga pagpapalang ito kapag hinangad mo ito, nanatili kang matapat, at nagsikap kang maging karapat-dapat" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 5).



*Dalawang Libong Kabataang Mandirigma,* ni Arnold Friberg

AGOSTO 10–16

# Alma 53–63

“PINANGALAGAAN NG KANYANG KAGILA-GILALAS NA KAPANGYARIHAN”

Habang sinasaliksik mo ang mga ideya sa pagtuturo sa outline na ito, pag-isipan kung ano ang magiging epektibo sa klase mo, at iakma o iayos ang mga aktibidad para matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa Alma 53–63, maaari mong hilingin sa kanila na basahin nang mabilis ang mga kabanata at maghanap ng isang talata na maaari nilang ibahagi sa isang taong nahaharap sa mga hamon. Anyayahan silang ibahagi ang mga talatang ito sa isang tao sa labas ng klase.

## Ituro ang Doktrina

ALMA 53:17–21; 56:43–48, 55–56; 57:20–27; 58:39–40

### Kapag nananampalataya at nagtitiwala tayo sa Diyos, palalakasin Niya tayo.

- Maaari mong mapagyaman ang inyong talakayan sa klase tungkol sa mga mandirigma ni Helaman sa pamamagitan ng pagbatay sa natutuhan ng mga miyembro ng klase sa tahanan. Maaaring ang isang paraan para magawa ito ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga katangian ng mga kabataang mandirigma na hinahangaan nila (matatagpuan ang ilan dito sa Alma 53:17–21; 56:45–48; 57:20–21, 26–27; 58:40). Paano tinulungan ng mga katangiang ito ang mga kabataang mandirigma sa kanilang mga pakikidigma? Paano tayo matutulungan ng mga ito sa ating mga espirituwal na pakikidigma? Maaari ding magkuwento ang mga miyembro ng klase tungkol sa makabagong “mga kabataang mandirigma.”



*Mga Bayani (Tinuruan ng Kanilang Ina),* ni Liz Lemon Swindle

- Malamang ay umaasa ang mga magulang sa klase mo na magkakaroon ng pananampalataya ang kanilang mga anak na gaya ng mga kabataang mandirigma ni Helaman. Para matulungan ang mga magulang at magiging mga magulang sa klase mo na matuto mula sa kanilang kuwento, maaari kang bumuo ng isang panel ng ilang tao na makapagbabahagi ng mga ideya tungkol sa

pagpapatatag ng pananampalataya ng mga bata. Ipabasa muna sa mga miyembro ng panel na ito ang Alma 56:47–48 at 57:20–27 at paghandain silang magbahagi ng mga kabatiran tungkol sa kung ano ang nakatulong sa mga kabataang mandirigma na magkaroon ng pananampalataya. Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga kabatiran habang naglalahad ng mga ideya ang mga miyembro ng panel. Kabilang sa iba pang resources na maaaring magpaganda sa talakayang ito ang mga sinabi ni Sister Joy D. Jones sa "Karagdagang Resources" at ang mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson na "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 95–97). Sa pagtatapos ng talakayan, maaari mong bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para pagnilayan ang mga tanong na gaya ng sumusunod: Sino kaya ang umaasa sa patotoo mo? Ano ang masasabi at magagawa mo para mapalakas sila?

**ALMA 58:1–12, 30–37; 61**

### Mapipili nating isipin ang pinakamabuti sa iba at hindi masaktan.

- Ang reaksyon ni Helaman nang hindi makatanggap ng suporta ang kanyang mga hukbo ay maaaring maging isang mabisang halimbawa para sa atin kapag nadarama natin na ginawan tayo ng masama. Para makahikayat ng talakayan tungkol sa kanyang halimbawa, maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na dumating na handang ibuod ang sitwasyon ni Helaman at ang mga dahilan kaya hindi tinugunan ng pamahalaan ang kanyang mga pangangailangan (tingnan sa Alma 58:1–9, 30–37; 61:2–8). Maaari mong isulat sa pisara ang *Tugon ni Helaman* at *Iba pang mga posibleng tugon.* Pagkatapos ay anyayahan ang klase na saliksikin ang Alma 58:1–12 at 30–37 at isulat sa ilalim ng bawat heading ang mga paglalarawan kung ano ang inisip, sinabi, at ginawa ni Helaman bilang tugon sa kanyang sitwasyon at, sa kabilang dako, kung ano sana ang maaari niyang isipin, sabihin, o gawin. Ano ang magagawa natin para masundan ang halimbawa ni Helaman kapag nadarama natin na ginawan tayo ng masama o kinaligtaan?

- Nang punahin ni Moroni si Pahoran sa Alma 60, maaari sanang piliin ni Pahoran na masaktan. Sa halip ay tumugon siya na "hindi [siya] nagagalit" at "[nagalak siya] sa kadakilaan ng puso [ni Moroni]" (Alma 61:9). Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa halimbawa ni Pahoran, maaari mong ipaisip sa kanila na kunwari'y nahilingan silang sumulat ng isang artikulo para sa isang magasin ng Simbahan na batay sa halimbawa ni Pahoran sa Alma 61 para ituro kung paano iwasang masaktan ng iba. Pagkatapos ay maaari mong hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo at ipabasa sa kanila ang Alma 61:3–14 at ipalista ang ilang punto na maaari nilang isama sa kanilang mga artikulo. Maaari ding makatulong ang payo ni Elder David A. Bednar sa "Karagdagang Resources."

**ALMA 60:7–14**

### Tayo ay may responsibilidad na tulungan ang mga nasa paligid natin.

- Isinulat ni Moroni na pananagutin ng Diyos si Pahoran kung sadya niyang kinaligtaan ang mga pangangailangan ng mga hukbong Nephita. Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Alma 60:7–14 nang sama-sama, at pagkatapos ay magpaisip sa kanila ng isang taong kilala nila na maaaring nangangailangan at nadarama na siya'y kinaligtaan. Ano ang magagawa natin para malaman at matugunan ang mga pangangailangan ng iba? Paano natugunan ng iba, pati na ng ating ministering brothers at sisters, ang ating mga pangangailangan?

**ALMA 62:39–41, 48–51**

### Dapat nating alalahanin ang Panginoon sa mga oras ng kahirapan at kasaganaan.

- Ipinapakita ng reaksyon ng mga Nephita kapwa sa mga panahon ng kahirapan at kasaganaan (tingnan sa Alma 62:39–41, 48–51) na mapipili nating magpakumbaba dumaranas man tayo ng kahirapan o ng kasaganaan. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga talatang ito at ibahagi kung ano ang hinahangaan nila. Maaari mo silang anyayahang talakayin ang mga iniisip nila nang magkakapares bago mo hilingin sa ilan na magbahagi sa buong klase.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para makapukaw ng interes sa Helaman 1–6, maaari mong ipaliwanag sa klase na sa mga kabanatang ito ay naging masama ang mga Nephita at naging

mabuti ang mga Lamanita. May mahahalagang aral sa atin ang pagkabaligtad na ito ng papel sa mapanganib na mga huling araw na ito.



## Karagdagang Resources

### Pagtulong sa ating mga anak na labanan ang kasalanan.

Ibinahagi ni Sister Joy D. Jones, Primary General President, ang sumusunod na mga susi sa pagpapalaki ng "isang henerasyong kayang labanan ang kasalanan":

"Upang masimulan ito, . . . kailangang matulungan natin [ang ating mga anak na] malaman nang walang pagdududa na sila ay mga anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit at dakila ang Kanyang mga inaasahan mula sa kanila.

"Pangalawa, ang maunawaan ang doktrina ng pagsisisi ay kinakailangan upang makayang labanan ang kasalanan. Hindi ibig sabihin ng kayang labanan ang kasalanan ay wala nang kasalanan, sa halip, ipinahihiwatig lamang nito na patuloy na magsisi, maging mapagbantay, at karapat-dapat. Marahil ang pagkakaroon ng kakayahang labanan ang kasalanan ay pagpapalang bunga ng patuloy na pag-iwas sa kasalanan. . . .

". . . Ang pangatlong susi sa pagtulong sa mga bata upang makaya nilang labanan ang kasalanan ay simulang ituro nang buong pagmamahal sa kanilang murang edad ang mga pangunahing doktrina at alituntunin ng ebanghelyo—mula sa mga banal na kasulatan, sa Mga Saligan ng Pananampalataya, sa buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, mga awit sa Primary, himno, at sarili nating patotoo—na aakay sa mga bata palapit sa Tagapagligtas. . . .

". . . Ang pagtulong sa mga bata na makaunawa, gumawa, at tumupad ng mga sagradong tipan ay isa pang susi. . . . Ang pagtuturo sa mga bata na tumupad sa mga simpleng pangako habang maliliit pa sila ang magbibigay sa kanila ng lakas na tumupad sa mga banal na tipan na gagawin nila kalaunan sa kanilang buhay" ("Isang Henerasyong Kayang Labanan ang mga Kasalanan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2017, 88–89).

### Paano iwasan ang pagdaramdam.

Sa kanyang mensaheng "At Sila'y Walang Kadahilanang Ikatitisod" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 89–92), ibinigay ni Elder David A. Bednar ang sumusunod na payo:

- **Kilalanin na ang magdamdam ay isang pagpapasiya.** "Ang paniniwalang kaya ng isang tao o bagay na *pasamain* ang ating kalooban, pagalitin, saktan, o palungkutin [tayo], ay nakababawas sa ating kalayaang pumili at ginagawa tayong mga bagay na kayang pakilusin. Gayunman, [dahil may kalayaan tayo], ikaw at ako ay may kapangyarihang kumilos at magpasiya kung paano tayo tutugon sa isang sitwasyong nakakasama o nakakasakit ng kalooban."
- **Umasa sa Tagapagligtas.** "Ang Tagapagligtas ang pinakadakilang halimbawa kung paano tayo dapat tumugon sa mga pangyayari o sitwasyong nakakasama ng loob" [tingnan sa 1 Nephi 19:9].
- **Unawain ang mga kahinaan ng iba.** "Isa sa mga pinakamalakas na pahiwatig ng ating espirituwalidad ay nahahayag sa kung paano tayo tumugon sa mga kahinaan, kawalan ng karanasan, at mga kilos ng iba na nakakasama ng loob."
- **Makipag-usap nang tuwiran.** "Kung sasabihin o gagawin ng isang tao ang isang bagay na ipagdaramdam natin, ang unang obligasyon natin ay tumangging masaktan at pagkatapos ay makipag-usap nang sarilinan, tapat, at tuwiran sa taong iyon. Ang gayong paraan ay mag-aanyaya ng inspirasyon ng Espiritu Santo at malilinawan ang mga maling akala at mauunawaan ang tunay na layon."

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Bumatay sa mga karanasan sa tahanan.** Dahil ang tahanan ang sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo, isipin kung paano maibabatay sa nangyayari doon ang mga karanasan sa klase. Halimbawa, maaari mong baguhin ang maraming aktibidad sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* para magamit sa klase mo upang mapatibay ang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng mga miyembro ng klase.



AGOSTO 17–23

# Helaman 1–6

"ANG BATO NA ATING MANUNUBOS"

Talaga bang *kilala* mo ang klase mo? Subuking mas kilalanin ang isang miyembro ng klase bawat linggo. Kapag ginawa mo ito, mas maisasaisip mo ang kanilang mga pangangailangan habang naghahanda kang magturo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi


Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na dumating sa klase na handang magbahagi ng isang bagay na maaari nilang gamitin para ituro ang isang alituntuning natutuhan nila sa mga kabanatang ito. Ano ang iba pang mga paraan na maituturo natin ang mga alituntuning ito sa iba?

## Ituro ang Doktrina

HELAMAN 1–6

### Ang kapalaluan ay naglalayo sa atin sa Espiritu at lakas ng Panginoon.

- Ang outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay naglalarawan ng isang "cycle ng kapalaluan" na patuloy na naging problema ng mga Nephita. Marahil ay maaaring gawan ng diagram ng isang tao sa klase ang cycle na ito sa pisara. Pagkatapos ay maaaring maghanap ang mga miyembro ng klase ng mga talata sa Helaman 1–6 na sa palagay nila ay naglalarawan ng iba't ibang bahagi ng cycle at isulat ang mga ito sa tabi ng kaugnay na mga bahagi sa diagram. (Kung kailangan ng tulong ng mga miyembro ng klase, maaari mong imungkahi na maghanap sila sa Helaman 3:24–36; 4:11–26.) Paano tayo kagaya ng mga Nephita kung minsan? Paano natin maiiwasan ang kanilang pagkahilig sa kapalaluan? Maaari mo ring ibahagi ang mga bahagi ng "Kabanata 18: Mag-ingat sa Kapalaluan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* [2014], 269–80).




Ang "cycle ng kapalaluan."

- Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Helaman 4:13 at 24–26 at maghanap ng isang himno na nagtuturo tungkol sa pag-asa natin sa Diyos, tulad ng "Kailangan Ko Kayo" (*Mga Himno,* blg. 54). Bakit tayo

inilalayo ng kapalaluan sa Diyos? Paano natin kikilalanin ang ating pag-asa sa Diyos? Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano sila napalakas ng Espiritu at kapangyarihan ng Panginoon dahil sila ay nagpakumbaba.

- Inuusig ng mga miyembro ng Simbahan na inilarawan sa Helaman 3:33–34 ang kapwa nila mga miyembro ng Simbahan. Dahil sa kanilang kapalaluan, inapi nila ang mga maralita at ginawa ang lahat ng uri ng iba pang kasalanan (tingnan sa Helaman 4:11–13). Isiping basahin nang samasama ang Helaman 3:33–34 at 4:11–13 at ipatalakay sa mga miyembro ng klase ang mga paraan na maaari tayong magpakita ng higit na kabaitan at paggalang sa iba, kabilang na ang kapwa natin mga miyembro ng Simbahan na maaaring naiiba sa atin. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang taong kilala nila na maaaring nagdurusa dahil sa hindi magandang ginagawa ng iba at pagnilayan kung paano nila mapapatatag at mapapalakas ang loob ng taong iyon.

#### HELAMAN 3:33–35

### Ang pagpapabanal ay nagmumula sa pagkakaloob ng ating puso sa Diyos.

- Ang Helaman 3:33–35 ay maaaring makapanatag nang husto sa mga miyembro ng klase mo na dumaranas ng "[mga] pag-uusig . . . [o] labis na pagdurusa" (talata 34). Marahil ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang mga talatang ito para makahanap ng payo na maaari nilang ibigay sa isang taong inaapi. O maaari sigurong ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano sila nakasumpong ng "kagalakan at kasiyahan" sa mga panahon ng dalamhati sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na inilarawan sa talata 35.

- Isiping anyayahan ang klase na pag-aralan ang Helaman 3:33–35 at ang mga pahayag at reperensya tungkol sa pagiging banal sa "Karagdagang Resources." Ano ang itinuturo ng mga talata at pahayag na ito tungkol sa pagpapabanal? Paano inihahatid ng pag-aayuno at panalangin ang mga pagpapalang inilarawan sa Helaman 3:35? Paano natin ipinagkakaloob ang ating puso sa Diyos? (tingnan sa Helaman 3:35). Paano ito nakakatulong sa atin na maging banal? Maaari ka ring maghanda at mamigay ng mga piraso ng papel na sinulatan ng isa sa mga pahayag o reperensya mula sa "Karagdagang Resources" at anyayahan ang mga miyembro ng klase na kumuha nang walang pili-pili ng isang pag-aaralan. Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila tungkol sa pagpapabanal.

#### HELAMAN 5:12

### Kung gagawin nating saligan si Jesucristo, hindi tayo maaaring bumagsak.

- Ipinadadala ni Satanas ang "kanyang malalakas na hangin" sa buhay nating lahat. Maraming tao sa klase mo ang nakaranas na nito, at malamang na may iba pang mga unos na darating sa hinaharap. Ano ang magagawa mo para matulungan ang mga miyembro ng klase mo na mapaghandaan ang mga unos na ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng kanilang buhay kay Jesucristo? Maaari mong simulan ang isang talakayan sa pagpapakita ng mga larawan ng mga templo o iba pang mga gusali at pagkukumpara ng ating buhay sa isang gusali. Anong mga pagpapasiya ang kailangang gawin ng isang nagtatayo ng gusali? Anong mga pagpapasiya ang ginagawa natin na nakakaapekto sa kung paano itinatag ang ating buhay? Pagkatapos ay maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Helaman 5:12 at talakayin ang ibig sabihin ng itatag ang ating buhay kay Jesucristo. Paano nakakaimpluwensya ang pagsalig natin sa Kanya sa iba pang mga pagpapasiyang ginagawa natin habang pinatatatag natin ang ating buhay?

  Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano nakatulong sa kanila ang pagsalig nila sa Tagapagligtas para makayanan ang mga unos ng buhay. Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang uri ng buhay na itinatatag nila at paano nila matitiyak na matibay silang nakasalig kay Cristo. Ang kuwento tungkol sa Salt Lake Temple sa "Karagdagang Resources" ay makakatulong sa inyong talakayan.

#### HELAMAN 5:14–50

### Ang ating pananampalataya ay pinalalakas ng "dami ng katibayang natanggap [natin]."

- Ang isa sa mga pagpapala ng pagtitipon sa Sunday School ay ang pagkakataong mapalakas ang pananampalataya ng isa't isa—tulad ng ginawa ng mga Lamanita sa Helaman 5:50. Marahil ay maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Helaman 5:50 at ipatukoy sa klase ang mga "bagay na narinig at nakita [ng mga Lamanita]" sa mga talata 20–49. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase sa isa't isa ang

ilan sa mga espirituwal na karanasan na nakakumbinsi sa kanila na ang ebanghelyo ay totoo—kahit hindi pa sila nakakakita ng mga anghel o haligi ng apoy. Ano ang nakukumbinsing katibayang nakita nila tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo?

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Ang Helaman 7–12 ay naglalarawan kung paano nakamit ni Nephi ang tiwala ng Panginoon at paano siya nabigyan ng dakilang kapangyarihan. Maaari mong imungkahi sa klase mo na sa pagbasa sa mga kabanatang ito, matututuhan nila kung paano tumanggap ng mas malaking tiwala ng Diyos sa kanilang buhay.

## Karagdagang Resources

### Mapabanal sa pamamagitan ni Jesucristo.

- Ang pagpapabanal ay "ang pamamaraan ng pagiging malaya mula sa kasalanan, pagiging dalisay, malinis, at banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagpapabanal," scriptures.ChurchofJesusChrist.org).
- "Kapag tunay tayong nagsisi, aalisin ni Cristo ang bigat ng pag-uusig ng budhi dahil sa ating mga kasalanan. Malalaman natin sa sarili natin na napatawad na tayo at naging malinis. Pagtitibayin ito sa atin ng Espiritu Santo; Siya ang Tagapagdalisay. Wala nang patotoo tungkol sa pagpapatawad ang hihigit pa rito" (Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 101).
- "Ang mapabanal sa pamamagitan ng dugo ni Cristo ay ang maging malinis, dalisay, at banal. Kung inaalis ng pagbibigay-katwiran ang kaparusahan para sa nakaraang kasalanan, inaalis naman ng pagpapabanal ang batik o mga epekto ng kasalanan" (D. Todd Christofferson, "Justification and Sanctification," *Ensign,* Hunyo 2001, 22).
- "Kapag ang kalooban, mga pagkahilig, at damdamin ng isang tao ay lubos na isinuko sa Diyos at sa kanyang mga ipinagagawa, napabanal na ang taong iyon" (Brigham Young, "Discourse," *Deseret News,* Set. 7, 1854, 1).
- Tayo ay napapabanal sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Mga Hebreo 13:12; Alma 13:10–12; 3 Nephi 27:19–20; Moroni 10:32–33; D at T 76:40–42).
- Kahit napabanal na tayo, posible pa ring mawala sa atin ang biyaya ng langit (tingnan sa D at T 20:30–34).

### Isang tunay na saligan.

Noong itinatayo ang Salt Lake Temple, may natagpuang malalaking bitak sa mga saligang bato. Kahit halos siyam na taon iyong itinayo, iniutos ni Pangulong Brigham Young na alisin ang nabitak na mga saligang bato at palitan ng mas matitibay na bato. Limang taon pa ang inabot para maalis ang mga saligang batong may bitak at magtayong muli hanggang sa unang palapag. "Gusto kong makitang naitayo ang templo," sabi ni Pangulong Young, "sa paraang tatagal ito hanggang sa milenyo" ("Remarks," *Deseret News,* Okt. 14, 1863, 97).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magpatotoo tungkol kay Jesucristo.** Maaaring hindi nadama ni Aminadab na siya ang pinakanararapat na tao para turuan ang mga Lamanita na magsisi at manampalataya kay Cristo (tingnan sa Helaman 5:35–41). Ngunit ibinahagi niya ang kanyang nalalaman, at napakatindi ng naging epekto ng kanyang patotoo. Ano ang matututuhan mo mula sa halimbawang ito?



Paglalarawan ng Si Nephi sa isang tore sa halamanan, ni Jerry Thompson

AGOSTO 24–30

# Helaman 7–12

"ALALAHANIN ANG PANGINOON"

Hinikayat ni Nephi ang kanyang mga tao na alalahanin ang Panginoon. Magagawa mo rin ito para sa mga tinuturuan mo. Habang binabasa mo ang Helaman 7–12, itala ang mga impresyon kung paano mo matutulungan ang mga miyembro ng klase na alalahanin ang Panginoon.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat sa pisara ang ilang alituntunin ng ebanghelyo na natagpuan nila sa Helaman 7–12, pati na ang mga reperensya kung saan matatagpuan ang mga alituntuning ito. Pagkatapos ay maaari kayong magpasiya bilang isang klase kung alin sa mga alituntunin at talatang ito ang tatalakayin ninyo.

## Ituro ang Doktrina

HELAMAN 7–11

### Ipinapahayag ng mga propeta ang kalooban ng Diyos sa mga tao.

- Para matulungan ang klase mo na matuto mula sa Helaman 7–11 tungkol sa mga tungkulin at responsibilidad ng mga propeta, maaari kang magsimula sa sama-samang pagbabasa ninyo ng entry para sa "Propeta" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (scriptures.ChurchofJesusChrist.org). Maaaring tukuyin ng mga miyembro ng klase ang binanggit na mga tungkulin ng mga propeta at ilista ang mga ito sa pisara. Pagkatapos ay maaari mong iparebyu sa bawat isa sa mga miyembro ng klase ang isang kabanata mula sa Helaman 7–11. Hilingin sa kanila na hanapin kung paano tinupad ni Nephi ang mga tungkuling nakalista sa pisara. Paano tinutupad ng ating mga buhay na propeta at apostol ang mga tungkuling ito? Paano natin sila masusuportahan sa kanilang mga responsibilidad?
- Bakit kailangang magsalita ang mga propeta nang may katapangan kung minsan na gaya ng ginawa ni Nephi? Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Helaman 7:11–29, na hinahanap ang mga babalang ibinigay ni Nephi at ang mga dahilan kaya niya kinailangang magpakatapang sa pagbibigay ng mga iyon sa kanila. Anong mga babala ng propeta ang nakahikayat sa atin na magsisi at lumapit sa Panginoon? Sa "Karagdagang Resources" makikita mo ang isang metaporang ginamit ni Elder Neil L. Andersen para maipaunawa sa atin ang mga panganib ng pagbabalewala sa mga babala ng propeta.

HELAMAN 9:1–20; 10:1, 11–15

### Kailangan ay hindi lamang sa mga palatandaan at himala nakasalig ang pananampalataya.

- Ang isang paraan para matalakay ang mga talatang ito ay hatiin ang klase sa dalawang grupo at anyayahan ang bawat grupo na basahin ang Helaman 9:1–20 at isipin na kunwari'y sila ang nasa lugar ng limang lalaki o ng mga punong hukom. Ano kaya ang nadama ng mga taong ito? Ano ang maaaring nakaimpluwensya sa bawat grupo na tumugon nang magkaiba sa iisang mahimalang propesiya? Paano natin matitiyak na napapalakas ng mga himala ang ating patotoo ngunit hindi lamang ito ang nagiging batayan nito? Paano natin malalaman kung ang mga salita ng propeta sa ating panahon ay totoo?

HELAMAN 10:1–12

### Ang Panginoon ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga naghahangad sa Kanyang kalooban at sumusunod sa Kanyang mga kautusan.

- Ang salaysay tungkol sa pagpapala ng Panginoon kay Nephi sa Helaman 10 ay makakahikayat sa mga miyembro ng klase mo na maging mas masigasig sa paghahangad at pagsunod sa kalooban ng Panginoon. Maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang mga talata 1–12, na hinahanap kung ano ang ginawa ni Nephi para pagtiwalaan siya ng Panginoon at kung paano siya pinagpala ng Panginoon. Pagkatapos ay maaari silang magbahagi ng iba pang mga halimbawa ng mga taong naghangad at sumunod sa kalooban ng Panginoon "nang walang kapaguran" (Helaman 10:4), mula sa mga banal na kasulatan o kaya'y sa sarili nilang buhay. Paano pinagpala ng Panginoon ang mga taong ito ng kakayahang "[patagin]" (Helaman 10:9) ang matalinghagang mga bundok sa kanilang buhay? Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang mga paraan na maaari nilang higit na hangarin ang kalooban ng Panginoon at sundin ang Kanyang mga utos.

HELAMAN 12

### Nais ng Panginoon na alalahanin natin Siya.

- Marami nang miyembro ng klase mo ang nakipagtipan na laging alalahanin si Jesucristo. Marahil ay maaari nilang ibahagi sa isa't isa ang ilang bagay na nakakatulong sa kanila na "lagi siyang alalahanin" (Moroni 4:3; D at T 20:77), kapwa sa mga panahon ng kasaganaan at mga panahon ng kahirapan. Pagkatapos ay maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Helaman 12 para sa mga dahilan kaya madalas malimutan ng mga tao ang Panginoon. Paano natin mapaglalabanan ang mga inklinasyong inilarawan sa kabanatang ito? Paano nakatulong ang kahirapan para maalala natin ang Diyos? (tingnan sa Helaman 11:4–7).

- Para maipamalas ang pagsisikap na kinakailangan para maalala ang isang bagay, maaari mong bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para basahin ang Helaman 12. Pagkatapos ay maaari mo silang tanungin tungkol sa kabanata para makita kung ano ang naaalala nila. Maaari siguro nilang ibahagi kung ano ang ginagawa nila para maalala ang impormasyon para sa isang pagsusulit. Paano ito natutulad sa pagsisikap na kailangan sa "pag-alaala sa Panginoon"? (Helaman 12:5). Paano ito naiiba? Anyayahan ang klase na maghanap ng isang talata o parirala mula sa Helaman 12 na maaari nilang idispley sa kanilang tahanan o isaulo para ipaalala sa kanila na alalahanin ang kabutihan at kapangyarihan ng Diyos.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Helaman 13–16, maaari mong ipaliwanag na ang mga propesiya ni Samuel na Lamanita tungkol sa mga kaganapang nauugnay sa pagsilang at Pagpapako sa Tagapagligtas sa krus ay maikukumpara sa mga kaganapan sa ating panahon na mauuna sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

# Karagdagang Resources

## Makinig sa patnubay ng mga propeta.

Ibinahagi ni Elder Neil L. Andersen ang sumusunod na karanasan:

"Yaong mga pumipiling maglingkod sa Panginoon ay laging makikinig na mabuti lalo na sa Propeta. . . .

". . . Magpaliliwanag ako gamit ang isang karanasan. Nanirahan nang maraming taon ang aming pamilya sa estado ng Florida. Dahil maraming buhangin sa Florida, ang mga damuhan doon ay may tanim na mga damong malalapad ang dahon na tinatawag naming Saint Augustine. Ang isang mabigat na kalaban ng damuhan sa Florida ay ang maliit na insektong kulay-brown na tinatawag na mole cricket (taling kuliglig).

"Isang gabi habang nakatayo kami ng kapitbahay ko sa hagdan sa harapan ng bahay ko, napansin niya ang isang maliit na insekto na tumatawid sa bangketa ko. 'Bombahan mo ng insecticide ang damuhan mo,' babala niya. 'Hayun ang isang kuliglig.' Nabombahan ko na ng insecticide ang damuhan ilang linggo pa lang ang nakararaan, at palagay ko wala akong oras o pera para muling gawin iyon kaagad.

"Kinaumagahan, sinuri kong mabuti ang damuhan ko. Malago iyon at napakaganda ng pagkaberde. Sinipat ko ang damuhan para tingnan kung may makikita akong anumang maliliit na insekto. Wala akong makita. Naaalala ko na inisip ko, 'Nakiraan lang siguro ang maliit na kuliglig na iyon sa bakuran ko papunta sa bakuran ng kapitbahay ko.' . . .

"Gayunman, malungkot ang wakas ng kuwento. Lumabas ako ng pintuan sa harapan isang umaga, mga 10 araw matapos kaming mag-usap ng kapitbahay ko. Ang nakakagulat, parang nangyari iyon sa loob ng magdamag, puno ng batik-batik na kulay-brown ang damuhan ko. Agad akong nagpunta sa tindahan ng mga halaman, bumili ng insecticide, at binombahan ko iyon kaagad, pero huli na ang lahat. Sira na ang damuhan, at kinailangan ng bagong damo, matagalang trabaho, at malaking gastos para mabalik ito sa dati.

"Mahalaga ang babala ng kapitbahay ko sa ikabubuti ng damuhan ko. Nakita niya ang mga bagay na hindi ko nakita. May alam siya na hindi ko alam. Alam niya na nakatira ang mga kuliglig sa ilalim ng lupa at aktibo lang sa gabi, kaya hindi naging epektibo ang mga pagsisiyasat ko sa araw. Alam niya na hindi kinain ng mga kuliglig ang mga dahon ng damo kundi sa halip ay kinain nila ang mga ugat. Alam niya na kayang kainin ng isang-pulgadang maliliit na nilikhang ito ang maraming ugat bago ko pa makita ang epekto nito sa ibabaw ng lupa. Malaki ang naging kapalit ng pag-asa ko sa sarili kong kaalaman. . . .

". . . May mga espirituwal na kuliglig na naglulungga sa ilalim ng mga pader na nagpoprotekta sa atin at lumulusob sa ating maseselang ugat. Marami sa mga insektong ito ng kasamaan ang mukhang maliliit, at kung minsa'y halos hindi makita. . . .

"Huwag nating sundan ang pattern na ipinakita ko sa pagharap sa aking mga kuliglig sa Florida. Huwag nating balewalain kailanman ang mga babala. Huwag tayong umasa kailanman sa sarili nating kaalaman. Lagi tayong makinig at matuto nang may pagpapakumbaba at pananampalataya, sabik na magsisi kung sakaling kailanganin" ("Prophets and Spiritual Mole Crickets," *Ensign,* Nob. 1999, 16–18).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magpakita ng pagmamahal.** "Depende sa sitwasyon mo, ang pagpapakita ng pagmamahal sa mga tinuturuan mo ay maaaring mangahulugan ng pagbibigay sa kanila ng taos-pusong mga papuri, pagiging interesado sa kanilang buhay, pakikinig na mabuti sa kanila, pagsasali sa kanila sa lesson, paglilingkod sa kanila, o kahit sa magiliw na pagbati lang sa kanila kapag nakita mo sila" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 6).



*Si Samuel na Lamanita sa Ibabaw ng Pader,* ni Arnold Friberg

AGOSTO 31–SETYEMBRE 6

# Helaman 13–16

"MASAYANG BALITA NG MALAKING KAGALAKAN"

Sa palagay mo, alin sa mga turo at propesiya ni Samuel na Lamanita ang lubos na makakatulong sa mga miyembro ng klase mo? Habang pinag-aaralan mo ang Helaman 13–16, pagnilayan kung paano mo sila matutulungang makahanap ng kabuluhan sa mga kabanatang ito.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi sa isang partner ang isang bagay na natutuhan nila, mas naunawaan nila, o ipinamuhay nila nang mabasa nila ang kuwento ni Samuel na Lamanita sa Helaman 13–16 sa linggong ito. Pagkatapos ay hayaang magbahagi ang ilan sa kanila sa buong klase.

## Ituro ang Doktrina

HELAMAN 13

### Ang mga lingkod ng Panginoon ay nagsasalita at kumikilos ayon sa patnubay ng Diyos.

- May ipinagawa ang Panginoon kay Samuel na Lamanita na maaaring tila mahirap: ang mangaral sa mga tao na dating nagtaboy sa kanya palabas ng kanilang lungsod. Ang pagbasa sa Helaman 13:2–5 ay maaaring ipaalala sa mga miyembro ng klase ang mahihirap na bagay na ipinagawa sa kanila ng Panginoon. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga karanasan. Paano sila tinulungan ng Panginoon? Halimbawa, maaari sigurong magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung kailan may inilagay ang Panginoon sa kanilang puso na nais Niyang sabihin nila sa isang tao (tingnan sa talata 4). Anong mga pagpapala ang nakita ng mga miyembro ng klase nang sundin nila ang utos ng Panginoon?



Inaakay tayo ng propeta patungo kay Jesucristo.

- Bagama't ang mga babala ni Samuel ay para sa mga Nephita na matitigas ang puso, may ilang aral sa Helaman 13 para sa ating lahat. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na makasumpong ng personal na kabuluhan sa kanyang mga salita, maaari mo silang anyayahang

saliksikin ang Helaman 13 para sa isang mensaheng tila akma sa ating panahon. (Kung kailangan nila ng tulong, maaari mong isulat ang sumusunod na mga talata sa pisara: 8, 21–22, 26–29, 31, at 38.) Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi ang natagpuan nila sa kanilang kapareha, sa maliliit na grupo, o sa buong klase. Anong mga mensaheng katulad nito ang naibigay na sa atin ng mga propeta ngayon?

#### HELAMAN 14; 16:13–23

### Mapapalalakas ng mga palatandaan at kababalaghan ang pananampalataya ng mga taong hindi pinatitigas ang kanilang puso.

- Iminumungkahi sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* na hanapin ang mga palatandaang naibigay na sa atin ng Panginoon "[para] maniwala [tayo] sa kanyang pangalan" (Helaman 14:12). Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang natuklasan nila nang pagnilayan nila ang ideyang ito. Tiyaking ipaliwanag na ang mga palatandaan sa ating buhay ay maaaring di-gaanong madula at mas personal kaysa sa mga palatandaang ipinropesiya ni Samuel. Anong iba pang mga layunin ng mga palatandaang ito ang iminungkahi sa Helaman 14:28–30? Maaari ding magbahagi ang mga miyembro ng klase ng iba pang mga bagay na nagawa ng Panginoon para tulungan silang magkaroon ng pananampalataya sa Kanya.

- Ang pagbabasa tungkol sa kung paano natupad ang mga propesiya ni Samuel ay maaaring magpatatag sa pananampalataya ng mga miyembro ng klase kay Jesucristo at sa Kanyang misyon. Maaari sigurong gamitin ng mga miyembro ng klase ang Helaman 14 para makagawa ng isang tsart na may listahan ng mga propesiya ni Samuel tungkol sa pagsilang at kamatayan ni Cristo sa isang panig at sa kabilang panig naman ang mga reperensya sa banal na kasulatan kung saan natupad ang mga propesiyang ito. Maaaring kabilang sa ilan sa mga reperensyang ito ang mga talata mula sa 3 Nephi 1:15–21 at 3 Nephi 8:5–25. Bakit mahalagang malaman natin ang tungkol sa mga propesiyang ito at ang katuparan ng mga ito?

- Maaaring napansin ng mga miyembro ng klase—sa Helaman 16 at sa iba pang mga bahagi ng mga banal na kasulatan—na hindi komo nakakita ng mga palatandaan at kababalaghan ang isang tao ay maniniwala na siya kay Cristo. Anyayahan silang magbahagi ng ilang halimbawa mula sa mga banal na kasulatan ng mga taong nakakita ng mga palatandaan subalit hindi naniwala. Ayon sa Helaman 16:13–23, bakit maraming tao noong panahon ni Samuel na Lamanita na hindi naniwala sa mga palatandaan at propesiya? Paano kinukumbinsi ni Satanas ang mga tao na "umasa sa kanilang sariling lakas at . . . karunungan" ngayon? (Helaman 16:15). Ano ang matututuhan natin mula sa kuwentong ito na makakatulong sa atin na maiwasan ang gayong mga pagkakamali?

#### HELAMAN 15:3

### Pinarurusahan ng Panginoon ang mga mahal Niya.

- Maraming mahihigpit na parusa sa mga salita ni Samuel, ngunit ang Helaman 15:3 ay nagbibigay ng kakaibang pananaw tungkol sa pagpaparusa ng Panginoon. Ang isang paraan para maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang pananaw na ito ay sama-samang basahin ang talatang ito at anyayahan silang magbahagi ng katibayang nakikita nila tungkol sa pagmamahal at awa ng Diyos sa mga propesiya at babala ni Samuel. Paano maaaring maging palatandaan ng pagmamahal ng Panginoon ang Kanyang pagpaparusa?

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na mas maunawaan ang mensahe sa Helaman 15:3, maaari mong ibahagi ang tatlong layunin ng banal na pagpaparusa na itinuro ni Elder D. Todd Christofferson (tingnan sa "Karagdagang Resources"). Hatiin ang klase sa tatlong grupo, at ipatalakay sa bawat grupo ang isa sa mga layuning ito (makakatulong ang mga talata sa banal na kasulatan at mga video na iminungkahi sa "Karagdagang Resources"). Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng bawat grupo sa klase ang anumang mga kabatiran mula sa kanilang talakayan na nakakatulong sa kanila na mas maunawaan na pinarurusahan ng Panginoon ang mga taong mahal Niya.

#### HELAMAN 16

### Inaakay tayo ng propeta patungo sa Panginoon.

- Sa Helaman 16, ano ang matututuhan natin mula sa mga taong tumanggap sa mga turo ni Samuel? Ano ang matututuhan natin mula sa mga taong hindi tumanggap sa kanya? Maaaring nakakaantig na marinig ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila natamo ang kanilang patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa

mga buhay na propeta. Maaari din nilang ibahagi kung paano nila gagamitin ang Helaman 16 o ang sinabi ni Elder Andersen sa "Karagdagang Resources" para ipaliwanag sa isang tao kung bakit nila pinipiling sundin ang propeta.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 3 Nephi 1–7 sa susunod na linggo, maaari mong sabihin sa kanila na marami sa mga propesiyang nabasa nila sa linggong ito ang matutupad sa mga kabanatang ito.



## Karagdagang Resources

### Mga layunin ng banal na pagpaparusa.

Nagbahagi si Elder D. Todd Christofferson ng tatlong layunin ng banal na pagpaparusa (tingnan sa "Ang Lahat Kong Iniibig, ay Aking Sinasaway at Pinarurusahan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 97–100):

1. "Hikayatin tayong magsisi." Tingnan sa Eter 2:14–15; Doktrina at mga Tipan 1:27; 93:41–50; 105:6.

2. "Dalisayin at pabanalin tayo." Tingnan sa Mosias 23:21–22; Doktrina at mga Tipan 101:1–5; 136:31.

3. "Itama ang direksyon ng buhay natin sa alam ng Diyos na mas mabuting landas." Tingnan ang kuwento tungkol kay Pangulong Hugh B. Brown at ang currant bush sa mensahe ni Elder Christofferson (mga pahina 98–99).

### Nagagalak tayo na mayroon tayong propeta.

Itinuro ni Elder Neil L. Andersen:

"Ang propeta ay hindi tumatayo sa pagitan natin at ng Tagapagligtas. Sa halip, tumatayo siya sa ating tabi at itinuturo ang daan patungo sa Tagapagligtas. Ang pinakamalaking responsibilidad at ang pinakamahalagang kaloob sa atin ng propeta ay ang kanyang tapat na patotoo, ang kanyang tiyak na kaalaman, na si Jesus ang Cristo. Tulad ni Pedro noong unang panahon, ipinahahayag ng ating propeta, '[Siya] ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay' [Mateo 16:16; tingnan din sa Juan 6:69].

"Balang araw, sa pagbabalik-tanaw natin sa ating mortalidad, magagalak tayong lumakad tayo sa mundo sa panahon ng isang buhay na propeta. Sa araw na iyon, dalangin kong masabi natin na:

"Nakinig kami sa kanya. Naniwala kami sa kanya. Pinag-aralan namin ang kanyang mga salita nang may pagtitiyaga at pananampalataya. Ipinagdasal namin siya. Sumuporta kami sa kanya. Naging mapagpakumbaba kami para masunod siya. Minahal namin siya" ("Ang Propeta ng Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2018, 27).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Kilalanin ang mga tinuturuan mo.** Walang dalawang tao na parehong-pareho. Bawat taong tinuturuan mo ay may kakaibang pinagmulan, pananaw, at mga kakayahan. Ipagdasal na malaman kung paano mo magagamit ang mga pagkakaibang ito para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto. Habang mas nauunawaan mo ang mga tinuturuan mo, makakagawa ka ng makabuluhan at di-malilimutang mga sandali ng pagtuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 7.)



*Isang Araw, Isang Gabi, at Isang Araw,* ni Jorge Cocco

**SETYEMBRE 7–13**

# 3 Nephi 1–7

"ITAAS MO ANG IYONG ULO AT MAGALAK"

Maaari kang mahikayat ng Espiritu Santo na magtuon sa partikular na mga alituntunin mula sa 3 Nephi 1–7 sa klase. Maaaring ang mga alituntuning iyon mismo ang magpapala sa isang taong nangangailangan.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON ______________________________

______________________________

______________________________

## Mag-anyayang Magbahagi

Para matulungan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natututuhan nila sa bahay, ipasulat sa kanila sa mga piraso ng papel ang ilang katotohanang natagpuan nila sa 3 Nephi 1–7 at ang mga reperensya sa banal na kasulatan para sa mga katotohanan. Ilagay ang mga piraso ng papel sa isang lalagyan, at bumunot ng ilan na tatalakayin bilang isang klase. Habang nagbabahagi ang mga miyembro ng klase, isipin kung may kaugnay na mga ideya sa outline na ito na magpapalalim sa talakayan at aakit sa iba pang mga miyembro ng klase.

## Ituro ang Doktrina

**3 NEPHI 1-7**

### Ang pagbabalik-loob ay isang prosesong nangangailangan ng masigasig na pagsisikap.

- Ang 3 Nephi 1–7 ay naglalarawan ng mga taong nagbalik-loob kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo at ng mga taong hindi nagbalik-loob.

Para matukoy ng klase mo kung ano ang ipinagkaiba ng mga grupong ito sa isa't isa, maaari kang gumawa ng tsart sa pisara na may sumusunod na mga heading: *Mga paniniwala at kilos na nagpapahina sa pagbabalik-loob* at *Mga paniniwala at kilos na nagpapalakas sa pagbabalik-loob.* Hatiin ang sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan sa mga miyembro ng klase, at anyayahan silang punan ang tsart ng natagpuan nila (may mga halimbawang ibinigay para sa unang reperensya).

3 Nephi 1:4–23, 29–30: *Nagpapahina ng pagbabalik-loob:* hindi paniniwala sa mga salita ng propeta at pangungutya sa mga taong matwid (mga talata 5–6). *Nagpapalakas ng pagbabalik-loob:* pagsampalataya sa mga salita ng propeta at paghingi ng tulong sa panalangin (mga talata 8, 11).

3 Nephi 2:1–3

3 Nephi 3:12–16

3 Nephi 4:8–10, 30–33

3 Nephi 6:13–18

3 Nephi 7:15–22

Paano natin mapapanatiling malakas ang ating pagbabalik-loob sa kabila ng oposisyon?

- Maaaring interesado ang klase mo na magsaliksik kung paano patatagin ang tinatawag sa 3 Nephi 1:27–30 na "sumisibol na salinlahi." Maaari kang magpahanap sa mga miyembro ng klase ng mga dahilan sa mga talatang ito kung bakit hindi kinayang labanan ng mga kabataang Nephita at Lamanita ang kasamaan sa paligid nila. Maaari itong humantong sa isang talakayan tungkol sa ilan sa mga hamong kinakaharap ng bagong henerasyon ngayon at sa pinakamaiinam na paraan para matulungan silang magkaroon ng pananampalataya kay Cristo. Matatagpuan ang ilang mungkahi sa "Karagdagang Resources."

**3 NEPHI 1:4–21; 5:1–3**

## Tutuparin ng Panginoon ang lahat ng Kanyang sinabi.

- Ang pagbasa sa mga salaysay sa 3 Nephi 1:4–21 at 5:1–3 ay maaaring magpalakas sa pananampalataya ng mga miyembro ng klase mo sa mga pangako ng Panginoon. Marahil ay maaaring sama-samang basahin ng mga miyembro ng klase ang 3 Nephi 1:4–7 at ilista sa pisara kung ano ang maaari nilang madama kung sila ang mga nananampalataya na inilarawan sa mga talatang ito. Maaari din silang mag-isip ng gayong mga sitwasyon na maaari nating kaharapin ngayon. Ano ang matututuhan natin mula sa 3 Nephi 1:8–21 at 5:1–3 tungkol sa Panginoon at sa Kanyang mga pangako? Para mapalawak ang talakayan, maaari ninyong rebyuhin ang isang himno tungkol sa pagtitiwala sa Diyos, tulad ng "Kung Mananalig Kailanman" (*Mga Himno,* blg. 72). Maaaring magbahagi ng mga karanasan ang mga miyembro ng klase kung kailan ginantimpalaan ang kanilang pananampalataya at tiwala sa Diyos, sa kabila ng oposisyon.

**3 NEPHI 1:4–15; 5:12–26; 6:10–15; 7:15–26**

## Tayo ay mga disipulo ni Jesucristo.

- Ipinahayag ni Mormon, "Masdan, ako ay disipulo ni Jesucristo" (3 Nephi 5:13). Para masiyasat ninyo ng klase mo ang ibig sabihin ng maging disipulo, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang 3 Nephi 1:4–15; 5:12–26; 6:10–15; at 7:15–26, na naghahanap ng mga katangian, paniniwala, at kilos ng mga disipulo ni Cristo. Isiping bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para pagnilayan at isulat ang isang bagay na magagawa nila para maging mas mabuting disipulo ni Jesucristo.

**3 NEPHI 2:11–12; 3:12–26; 5:24–26**

## Kapag nagtitipon ang mabubuti, mapapalakas at mapoprotektahan sila ng Panginoon.

- Bahagi ng dahilan kaya natalo ng mga Nephita ang mga tulisan ni Gadianton ang pakikiisa nila sa puwersa ng mga Lamanitang nagbalik-loob at pagsunod sa inspiradong tagubilin ni Laconeo na sila ay "sama-samang [magtipon]" sa Zarahemla (3 Nephi 3:22). Anong mga aral ang maaaring ituro nito sa mga miyembro ng klase mo? Maaari mong hilingin sa kanila na magbahagi ng mga karanasan kung kailan napalakas sila ng mabubuting tao sa kanilang paligid. Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na rebyuhin ang 3 Nephi 3:12–26, na hinahanap ang mga dahilan kung bakit nagtipon ang mga Nephita at ang mga pagpapalang naranasan nila. Paano natin mararanasan ang gayon ding mga pagpapala kapag nagtitipon tayo ng mga miyembro ng ating pamilya o ng mga branch at ward? Ano pa ang matututuhan natin tungkol sa pagtitipon mula sa 3 Nephi 5:24–26?

- Ang pagbasa sa 3 Nephi 3 ay maaaring maging isang pagkakataon para matulungan ang mga miyembro ng klase na makita kung gaano tayo higit na malakas kapag nagsama-sama tayo sa kabutihan. Marahil ay makakaisip ka ng isang object lesson na nagpapakita kung paano mas lumalakas ang isang bagay na mahina kapag nakiisa sa iba pang mga bagay. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin na kunwari'y hinilingan silang kumbinsihin ang mga Nephita tungkol sa mga pakinabang ng pagsasama-sama, gaya ng inilarawan sa mga talata 12–26. Marahil ay maaari silang maggrupu-grupo para talakayin kung paano gawin ito, batay sa nabasa nila sa mga talatang ito. Hayaan silang magbahagi ng kanilang mga ideya. Pagkatapos, maaari ninyong talakayin bilang isang klase ang mga tanong na gaya nito: Anong mga hamon ang kinakaharap natin na maaaring ihalintulad sa mga tulisan ni Gadianton? Paano natin magagawang mga lugar ng kanlungan ang ating tahanan at ating ward?

**3 NEPHI 3:1–13**

## Hindi tayo kailangang matakot kay Satanas.

- Ang sulat ni Giddianhi, ang pinuno ng mga tulisan ni Gadianton, ay isang pagtatangka na takutin at linlangin ang mga Nephita. Marahil ay maaaring rebyuhin ng mga miyembro ng

klase ang kanyang mga salita na matatagpuan sa 3 Nephi 3:2–10 at ikumpara ang mga ito sa mga paraan na maaaring subukin ni Satanas na linlangin tayo ngayon. Ano ang matututuhan natin mula sa reaksyon ni Laconeo, ang punong hukom ng mga Nephita?

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase mo na basahin ang 3 Nephi 8–11 para sa klase sa susunod na linggo, sabihin sa kanila na nasa 3 Nephi 11 "ang pinakamahalagang kaganapan" sa Aklat ni Mormon—ang personal na ministeryo ni Jesucristo sa mga Nephita (tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon).

## Karagdagang Resources

### Pagtulong na magkaroon ng pananampalataya ang bagong henerasyon.

Nagmungkahi si Elder Valeri V. Cordón ng Pitumpu ng tatlong paraan para matulungan ang bagong henerasyon na manatiling tapat sa ebanghelyo:

1. *"Maging Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan.* . . . Ang epektibong pagtuturo ay napakahalaga upang mapanatili ang ebanghelyo sa ating pamilya, at ito ay nangangailangan ng sigasig at pagsisikap. Maraming beses na tayong hinikayat na ugaliing pag-aralan ang mga banal na kasulatan nang sarilinan at nang kasama ang pamilya araw-araw. Ang maraming pamilya na gumagawa nito ay higit na nagkakaisa at mas napapalapit sa Panginoon."

2. *"Pagpapakita ng Mabuting Halimbawa sa Tahanan.* . . . Hindi sapat na *sabihin* lang sa ating mga anak ang kahalagahan ng pagpapakasal sa templo, pag-aayuno, at pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Dapat makita nila na naglalaan tayo ng oras para pumunta sa templo nang madalas hangga't maaari. Kailangang makita nila na masigasig tayong nag-aayuno nang regular at pinapanatili [nating] banal ang Sabbath sa buong araw.

3. *"Mga Tradisyon.* . . . Bilang mga pamilya, kailangan nating iwasan ang anumang tradisyon na hahadlang sa atin na mapanatiling banal ang araw ng Sabbath o mag-aral ng mga banal na kasulatan at magdasal sa tahanan araw-araw. Kailangan nating ingatan na huwag makapasok sa ating tahanan ang pornograpiya at iba pang masasamang impluwensyang nakukuha sa internet. Upang mapaglabanan ang masasamang kaugalian o tradisyon sa ating panahon, kailangan nating gamitin ang mga banal na kasulatan at ang tinig ng ating mga propeta upang maituro natin sa ating mga anak ang kanilang banal na pagkatao, ang kanilang layunin sa buhay, at ang banal na misyon ni Jesucristo" ("Ang Wika ng Ebanghelyo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2017, 56–57; idinagdag ang italics).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Isama ang mga nahihirapan.** Kung minsa'y kailangang isama ang nahihirapang mga miyembro ng klase para madama na may nagmamahal sa kanila. Isiping paganapin sila sa isang papel sa isang darating na lesson o tiyakin na may masasakyan sila papuntang simbahan. Huwag sumuko kung hindi sila tumugon sa iyong mga pagsisikap sa simula. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 8–9.)



*Ako ang Ilaw ng Sanglibutan*, ni James Fullmer

SETYEMBRE 14–20

# 3 Nephi 8–11

"BUMANGON AT LUMAPIT SA AKIN"

Ang paggunita sa mga impresyong itinala mo sa iyong personal na pag-aaral ng 3 Nephi 8–11 ay maaaring maghikayat ng mga ideya sa pagtuturo. Ang mga mungkahi sa ibaba ay makapagbibigay sa iyo ng iba pang mga ideya.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Kung minsan ay mas malamang na magbahagi ang mga tao kung hihiling ka ng isang partikular na bagay. Halimbawa, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay mula sa 3 Nephi 8–11 na nakapagturo sa kanila tungkol sa pagkatao ni Jesucristo. Maaari mong ipaabot ang paanyayang ito ilang araw bago magklase para handa silang magbahagi pagdating nila.

## Ituro ang Doktrina

### 3 NEPHI 8–10

### Kung tayo ay magsisisi, titipunin, poprotektahan, at pagagalingin tayo ng Tagapagligtas.

- Ang mga kabanatang ito ay naglalaman ng mga salaysay tungkol sa pagkasira at pagkawasak, ngunit nagtuturo din ito ng mga espirituwal na aral na makakatulong sa atin na mas mapalapit kay Jesucristo. Marahil ay maaari mong hatiin ang klase sa tatlong grupo at atasan ang bawat grupo na saliksikin ang isang kabanata mula sa 3 Nephi 8–10, na naghahanap ng mga salita o pariralang naglalarawan kung ano ang natutuhan o naranasan ng mga tao. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng isang tao mula sa bawat grupo ang natuklasan ng kanilang grupo sa buong klase. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na talakayin kung paano makakatulong ang mga espirituwal na aral na ito na mas mapalapit tayo sa Tagapagligtas.
- Ang isang mahalagang mensahe sa mga kabanatang ito ay na tinutulungan tayo ng Tagapagligtas nang may pagmamahal at awa kahit sa ating pinakamahihirap na pagsubok. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang tao na nagdaraan sa mahirap na pagsubok at pagkatapos ay saliksikin ang mga salita ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 9:13–22 at 10:1–10 para makahanap ng mga pariralang maaaring makatulong sa taong iyon. Marahil ay maaari ding magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga personal na karanasan kung kailan nadama nila na tinutulungan sila ng Tagapagligtas.

**3 NEPHI 9:19–22**

### Humihiling ang Panginoon ng “bagbag na puso at nagsisising espiritu.”

- Bago pumarito ang Tagapagligtas, sinunod ng matatapat na nasa lupang pangako ang batas ni Moises, na kinabilangan ng pagsasakripisyo ng mga hayop. Para mas maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang batas na ito, maaari mong rebyuhin nang bahagya ang Moises 5:5–8. Bakit inutusan ang mga tao ng Diyos na magsakripisyo ng mga hayop noong unang panahon? Ano ang bagong utos na ibinigay ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 9:20, at paano tayo itinuturo nito sa Kanya at sa Kanyang sakripisyo? Makakatulong ang mga sipi tungkol sa batas ng sakripisyo sa “Karagdagang Resources.”

- Paano mo maipauunawa sa mga miyembro ng klase ang ibig sabihin ng magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu? Marahil ay maaari kang magsimula sa pagsulat sa pisara ng mga salitang *bagbag, nagsisisi,* at *sakripisyo*. Pagkatapos ay maaari kang magpadrowing sa mga miyembro ng klase ng mga larawang kumakatawan sa kahulugan ng mga salitang ito para sa kanila o magpasulat ng mga salita o pariralang iniuugnay nila sa mga katagang ito. Habang ibinabahagi ng mga miyembro ng klase ang kanilang mga larawan, salita, o parirala, maaari nilang talakayin kung paano ito nauugnay sa hinihiling ng Tagapagligtas sa atin sa 3 Nephi 9:19–22. Makakatulong din ang pahayag ni Elder D. Todd Christofferson sa “Karagdagang Resources.”

**3 NEPHI 11:1–17**

### Si Jesucristo ang Ilaw ng Sanlibutan.

- Ang mga pangyayaring nakalarawan sa 3 Nephi 11:1–17 ay kabilang sa pinakasagrado sa Aklat ni Mormon. Isiping bigyan ng ilang sandali ang mga miyembro ng klase mo para basahin nang tahimik ang mga talatang ito. Marahil ay maaari mong isulat sa pisara ang ilang tanong na pagninilayan nila habang nagbabasa sila, tulad nito: *Ano kaya ang madarama ninyo kung kasama kayo ng mga taong ito? Ano ang hinahangaan ninyo tungkol sa Tagapagligtas sa mga talatang ito? Ano ang natutuhan ninyo mula sa halimbawa ni Jesus?* o *Anong mga karanasan ang nagbigay sa inyo ng patotoo na si Jesucristo ang inyong Tagapagligtas?* Maaari mong payagan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa kanilang mga kaisipan o impresyon.



*Isa-Isa,* ni Walter Rane

**3 NEPHI 11:10–41**

### Itinatag ni Jesucristo ang Kanyang Doktrina at Kanyang Simbahan.

- Maaaring makatulong na banggitin ang mga unang bagay na piniling sabihin at gawin ng Tagapagligtas nang magpakita Siya sa lupaing Masagana [Bountiful]. Maaari sigurong markahan o isulat ng mga miyembro ng klase ang mga katotohanang natukoy nila mula sa mga salita at kilos ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 11:10–41. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang natagpuan. Ano ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa Tagapagligtas? Ano ang matututuhan natin tungkol sa Kanyang Simbahan?

- Para tapusin ang malinaw na mga di-pagkakasundo ng mga tao na may kaugnayan sa binyag, inihayag ng Tagapagligtas ang mahahalagang katotohanan tungkol sa ordenansang ito sa 3 Nephi 11. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuklasan ang mga katotohanang ito, maaari mong isulat sa pisara ang sumusunod na mga numero ng talata: *21–25, 26–27, 33–34*. Anyayahan ang bawat miyembro ng klase na pumili ng isa o dalawang talata at ibahagi ang isang katotohanang itinuturo nito tungkol sa binyag.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring interesado ang klase mo na malaman na napakalaki ng naging epekto ng pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga Nephita at Lamanita kaya namuhay nang payapa ang dating palaaway na mga tao sa sumunod na 200 taon (tingnan sa 4 Nephi 1). Maaari itong makahikayat sa mga miyembro ng klase na pag-aralan ang 3 Nephi 12–16 para malaman ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga tao na maaaring humantong sa malaking pagbabago.



## Karagdagang Resources

### Ang batas ng sakripisyo.

Ipinaliwanag ni Pangulong M. Russell Ballard ang isang paraan na isinasabuhay natin ang batas ng sakripisyo ngayon:

"Pagkatapos ng panghuling sakripisyo ng Tagapagligtas, dalawang pagbabago ang ginawa sa kinagawiang [batas ng sakripisyo]. Una, pinalitan ng ordenansa ng sakramento ang ordenansa ng sakripisyo; at pangalawa, inilipat ng pagbabagong ito ang tuon ng sakripisyo mula sa hayop na alaga ng tao tungo sa tao mismo. Sa isang banda, ang sakripisyo ay nalipat mula sa *alay* tungo sa *nag-aalay*. . . .

". . . Sa halip na hilingin ng Panginoon ang ating mga hayop o ani, ngayo'y nais Niyang iwaksi natin ang lahat ng hindi makadiyos. . . .

". . . Kapag dinaraig natin ang ating mga makasariling hangarin at inuuna natin ang Diyos sa ating buhay at nakikipagtipan tayong maglingkod sa Kanya anuman ang maging kapalit, isinasabuhay natin ang batas ng sakripisyo" ("The Law of Sacrifice," *Ensign,* Okt. 1998, 10).

Sabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang tunay at personal na sakripisyo ay hindi kailanman ang pag-aalay ng isang hayop sa altar. Sa halip, ito ay ang kahandaang ialay sa altar ang ating kahayupan at pagpayag na ito ay matupok!" ("Deny Yourselves of All Ungodliness," *Ensign,* Mayo 1995, 68).

### Isang bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Inilarawan ni Elder D. Todd Christofferson ang ibig sabihin ng magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu:

"Maihahandog ninyo sa Panginoon ang inyong bagbag o nagsisising puso at ang inyong nagsisisi o masunuring espiritu. Ang totoo, paghahandog ito ng inyong sarili—kung ano kayo ngayon at kung ano ang inyong kahihinatnan.

"Mayroon bang marumi o hindi marapat sa pagkatao ninyo o sa inyong buhay? Kapag inalis ninyo ito, iyan ay handog sa Tagapagligtas. May magandang ugali o katangian bang kulang sa buhay ninyo? Kapag tinaglay at ginawa ninyo itong bahagi ng inyong pagkatao, naghahandog kayo sa Panginoon" ("Kapag Ikaw ay Nagbalik-loob," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 12).

#### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Makipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya.** "Ang mga taong may pinakamalaking impluwensya sa isang indibiduwal—sa kabutihan man o sa kasamaan—ay kadalasang ang mga taong kasama niya sa bahay. Dahil ang tahanan ang sentro ng pamumuhay at pag-aaral ng ebanghelyo, ang mga pagsisikap mong palakasin ang isang miyembro ng klase ay magiging napakaepektibo kapag nagpatulong ka sa . . . mga kamag-anak" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 8–9).



*Ikatlong Nephi: Ang Labindalawang Ito na Aking Pinili*, ni Gary L. Kapp

**SETYEMBRE 21–27**

# 3 Nephi 12–16

"AKO ANG BATAS, AT ANG ILAW"

Malamang na makahanap ang bawat tao sa klase mo ng isang bagay na makabuluhan lalo na sa kanila sa maraming mabibisang turo ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 12–16. Hayaang magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga alituntuning tila makabuluhan sa kanila.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ng pagkakataon ang lahat na ibahagi ang pinag-aralan nila sa 3 Nephi 12–16, maaari mong isulat nang magkakasunod ang numero 12 hanggang 16 sa pisara. Pagkatapos ay maaaring maghanap ang mga miyembro ng klase ng isang talata sa mga kabanatang ito na naging makabuluhan sa kanila at pagkatapos ay isulat nila ang numero ng talata sa ilalim ng kaukulang numero ng kabanata sa pisara. Pumili ng ilang talata na samasamang babasahin, at talakayin kung bakit makabuluhan ang mga ito.

## Ituro ang Doktrina

**3 NEPHI 12–14**

### Ipinapakita sa atin ng mga turo ng Tagapagligtas kung paano maging tunay na mga disipulo.

- Iminumungkahi sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* na ibuod ang mga talata sa 3 Nephi 12–14 para makumpleto ang pariralang "Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo . . ." Maaari mong itanong kung may mga miyembro ng klase na gumawa ng aktibidad na ito na handang magbahagi ng natutuhan nila. O maaari mong isulat ang di-kumpletong parirala sa pisara, kasama ang mga reperensya na gaya nito: *3 Nephi 12:3–16, 38–44; 13:1–8, 19–24*; at *14:21–27* (o iba pang mga talatang natagpuan mo sa iyong personal na pag-aaral). Maaaring pumili ang mga miyembro ng klase ng isang talatang babasahin, nang indibiduwal o grupu-grupo, at magmungkahi ng isang paraan para makumpleto ang parirala sa pisara batay sa itinuturo ng mga talatang iyon. Hikayatin ang mga miyembro ng

klase na pagnilayan at marahil ay isulat kung ano ang gagawin nila para masunod si Jesucristo nang mas tapat dahil sa natutuhan nila mula sa mga talatang ito.

- Para maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang mga salita ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 12:48, maaari mong anyayahan ang isa o mahigit pa sa kanila na pag-aralan ang mensahe ni Elder Jeffrey R. Holland na "Kayo Nga'y Mangagpakasakdal—sa Wakas" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2017, 40–42) bago magklase at ibahagi ang mga kabatirang nagpapaunawa sa kanila sa talatang ito.

**3 NEPHI 12:21–30**

### Ang ating mga iniisip ay humahantong sa mga pagkilos.

- Maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase ang pagtalakay sa 3 Nephi 12:21–30 para makita kung paano makakatulong ang pagkontrol sa ating mga iniisip para makontrol natin ang ating mga kilos. Para masimulan ang isang talakayan, maaari kang gumawa ng isang table sa pisara na may mga heading na gaya ng *Mga Kilos na Nais Nating Iwasan* at *Mga Kaisipan o Emosyon na Humahantong sa mga Ito.* Pagkatapos ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang 3 Nephi 12:21–22 at 27–30 at simulang punan ang table. Anong iba pang mga kilos at kaisipan ang maaaring idagdag ng mga miyembro ng klase sa mga listahan? Paano natin "[hindi pahihintulutan] ang mga bagay na ganito [na] pumasok sa" ating puso? (3 Nephi 12:29). Paano natin maiwawaksi ang mga ito kapag sumapuso nga natin ito? Matapos basahin ang payo ni Pangulong Ezra Taft Benson sa "Karagdagang Resources," maaari kang gumawa ng bagong table na may mga heading na *Mga Kilos ni Cristo na Nais Nating Tularan* at *Mga Kaisipang Humahantong sa mga Ito* at punan ito bilang isang klase.

**3 NEPHI 13:1–8, 16–18**

### Ang ating paglilingkod at pagsamba ay kailangang gawin para sa mga tamang dahilan.

- Ang pag-aaral ng 3 Nephi 13 ay nagbibigay ng pagkakataon na masuri ng mga miyembro ng klase kung bakit sila gumagawa ng mabuti. Para simulan ang isang talakayan, maaari ninyong sama-samang basahin ang mga talata 1–2 at 16 at ibahagi ang kahulugang ito ng *mga mapagkunwari:* "Mga mapagpanggap; ang ibig sabihin ng salitang Griyego [na ginamit sa Bagong Tipan] ay 'isang artista,' o 'isang taong . . . sobrang umarte.'" Marahil ay masisiyahan ang isa o dalawang miyembro ng klase na magkunwari o umarte na para bang nagbibigay sila sa maralita o nag-aayuno. Bakit isang magandang metapora ang pagpapanggap o pag-arte para sa pagkukunwari? Paano natin matitiyak na ang ating paglilingkod, panalangin, at pag-aayuno ay taos-puso at walang halong pagkukunwari?

- Matapos matukoy ang mabubuting gawang binanggit sa 3 Nephi 13:1–8 at 16–18, maaaring talakayin ng mga miyembro ng klase kung anong mga motibo ang maaaring umakay sa isang tao na gawin ang mga bagay na ito o iba pang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng Diyos. Ano ang sasabihin natin sa isang taong nagtatanong sa atin kung bakit tayo gumagawa ng mabubuting bagay? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang kanilang mga personal na motibo sa paggawa ng mabuti na gaya ng mga ito. Paano natin mapapadalisay ang ating mga motibo?

**3 NEPHI 14:7–11**

### Kung hahangarin natin ang "mabubuting bagay" mula sa Ama sa Langit, tatanggapin natin iyon.

- Para maunawaan ang paanyaya ng Panginoon na humingi, maghanap, at kumatok, maaaring makatulong na siyasatin ang ibig sabihin ng mga salitang ito. Ano ang ipinahihiwatig ng bawat salita tungkol sa ipinagagawa sa atin ng Panginoon? Paano ba tayo hihingi, maghahanap, at kakatok? Paano natupad ang mga pangako sa 3 Nephi 14:7–8 sa ating buhay? Maaari ding rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang payo ni Pangulong Russell M. Nelson sa "Karagdagang Resources," na hinahanap ang kanyang mga itinatanong at ang mga paanyayang kanyang ibinibigay. Bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na pagnilayan at isulat ang kanilang mga sagot sa kanyang mga tanong at ang kanilang mga planong tumugon sa kanyang mga paanyaya.

- Maaaring hindi nakatitiyak ang ilang miyembro ng klase kung ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Bawa't humihingi ay tumatanggap" (3 Nephi 14:8). Bakit parang hindi nasasagot ang ilang panalangin, at bakit kung minsa'y nakakatanggap tayo ng mga sagot na hindi natin gusto? Ang pagrerebyu sa ilan sa mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan bilang

isang klase ay maaaring makatulong na masagot ang mga tanong na ito: Isaias 55:8–9; Helaman 10:4–5; 3 Nephi 18:20; at Doktrina at mga Tipan 9:7–9; 88:64. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natuklasan nila. Paano maaaring maapektuhan ng mga kabatirang ito ang paraan ng ating pagdarasal?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 3 Nephi 17–19 sa bahay, maaari mo silang anyayahang isipin kung ano kaya ang pakiramdam ng marinig ang Tagapagligtas na ipagdasal sila at ang kanilang pamilya. Sa mga kabanatang ito mababasa nila ang tungkol sa mga taong nagkaroon ng sagradong karanasang ito.



## Karagdagang Resources

### Maaari nating kontrolin ang ating mga iniisip.

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Ang isipan ay naihalintulad sa isang entablado kung saan paisa-isang yugto lamang ang maitatanghal. Mula sa isang panig sinisikap ng Panginoon, na nagmamahal sa iyo, na ilagay sa entablado ng iyong isipan yaong magpapala sa iyo. Mula sa kabilang panig sinisikap ng diyablo, na namumuhi sa iyo, na ilagay sa entablado ng iyong isipan yaong susumpa sa iyo.

"Ikaw ang namamahala sa entablado—ikaw ang nagdedesisyon kung aling kaisipan ang mag-ookupa sa entablado. . . . Magiging katulad ka ng iniisip mo—kung ano ang patuloy mong pinapayagang mag-okupa sa entablado ng iyong isipan. . . .

"Kung mga kaisipan ang bumubuo sa ating pagkatao, at nais nating maging katulad ni Cristo, kailangan tayong mag-isip na katulad ni Cristo" ("Think on Christ," *Ensign,* Abr. 1984, 10–11).

### Nais ng Diyos na mangusap sa inyo.

Sabi ni Pangulong Russell M. Nelson:

"Ano ang mabubuksan sa inyo ng inyong paghahanap? Anong karunungan ang kulang sa inyo? Ano sa palagay ninyo ang kailangan ninyong malaman o maunawaan kaagad? Tularan ang halimbawa ni Propetang Joseph. Humanap ng tahimik na lugar na palagi ninyong mapupuntahan. Magpakumbaba sa harapan ng Diyos. Ibuhos ang inyong puso sa inyong Ama sa Langit. Humiling sa Kanya ng kasagutan at kapanatagan.

"Ipanalangin sa pangalan ni Jesucristo ang inyong mga alalahanin, ang inyong mga takot, mga kahinaan—oo, ang pinakainaasam ng inyong puso. At makinig! Isulat ang mga naiisip ninyo. Itala ang inyong nadama at isagawa ang mga bagay na ipinahiwatig sa inyong gawin. . . .

"Talaga bang *nais* ng Diyos na mangusap sa inyo? Oo! . . . Nakikiusap ako sa inyo na dagdagan ang inyong espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag. . . .

"Napakarami pang bagay na nais ng Ama sa Langit na malaman ninyo" ("Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2018, 95).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tulungan ang mga mag-aaral na pasiglahin ang isa't isa.** "Bawat indibiduwal sa klase mo ay saganang pagmumulan ng patotoo, mga kabatiran, at mga karanasan sa pamumuhay ng ebanghelyo. Anyayahan silang magbahaginan at magtulungan" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 5).



*Ang Liwanag sa Kanyang Mukha ay Suminag sa Kanila,* ni Gary L. Kapp

SETYEMBRE 28–OKTUBRE 11

# 3 Nephi 17–19

"MASDAN, ANG AKING KAGALAKAN AY LUBOS"

Ang paghahanda mong magturo ay dapat magsimula sa iyong personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay maaaring makaragdag sa pag-aaral mo, at mabibigyan ka rin ng outline na ito ng mga ideyang makakatulong sa iyo na makapaghanda.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi


Sa 3 Nephi 17:1–3, inanyayahan ng Tagapagligtas ang mga tao na magsiuwi sa kanilang tahanan at "ihanda ang [kanilang] mga isip" bago bumalik para muling maturuan. Maaari mong itanong sa mga estudyante mo kung paano sila naghanda para sa talakayan sa araw na ito at kung ano ang kanilang pinagnilayan.

## Ituro ang Doktrina

3 NEPHI 17; 18:24–25, 28–32

### Ang Tagapagligtas ang ating perpektong halimbawa ng pagmiministeryo.

- Lahat tayo ay may mga pagkakataong maglingkod sa iba, at lahat tayo ay maaaring maging mas mahusay rito. Ang isang paraan para matuto mula sa halimbawa ng pagmiministeryo ng Tagapagligtas ay basahin lamang ang 3 Nephi 17 bilang isang klase at anyayahan ang mga miyembro ng klase na magkomento tuwing may makikita silang isang bagay na nagtuturo sa kanila tungkol sa pagmiministeryo. Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagkatao ng Tagapagligtas na naging dahilan upang maging magandang halimbawa Siya ng pagmiministeryo? Anong mga katotohanan ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng Tagapagligtas tungkol sa pagmiministeryo? Maaari din kayong maghanap ng karagdagang mga kabatiran sa 3 Nephi 18:24–25 at 28–32. Pagkatapos ay maaaring talakayin ng mga miyembro ng klase ang partikular na mga bagay na nahihikayat silang gawin para matularan ang halimbawa ng pagmiministeryo ng Tagapagligtas.



*Masdan ang Inyong mga Musmos,* ni Gary L. Kapp

**3 NEPHI 17:13–22; 18:15–25; 19:6–9, 15–36**

### Tinuruan tayo ng Tagapagligtas kung paano manalangin.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa maraming halimbawa ng panalangin at mga turo tungkol dito sa 3 Nephi 17–19, maaari mong isulat sa pisara ang *Sino? Paano? Kailan?* at *Bakit?* at anyayahan ang klase na maghanap ng mga sagot sa mga tanong na ito patungkol sa panalangin sa sumusunod na mga talata: 3 Nephi 17:13–22; 18:15–25; at 19:6–9, 15–36. Anong iba pang mga kabatiran ang natatamo ng mga miyembro ng klase habang binabasa nila ang mga talatang ito? Maaaring makaragdag sa talakayan ang pahayag ni Elder Richard G. Scott sa "Karagdagang Resources." Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung ano ang ginagawa nila para maging mas makabuluhan ang kanilang mga personal na panalangin at panalangin ng pamilya (tingnan sa 3 Nephi 18:18–21).
- Ang outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay nagmumungkahi ng mga tanong na pagninilayan tungkol sa panalangin habang binabasa ang mga talatang ito. Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng anumang mga kabatiran nila tungkol sa mga tanong na ito. O maaari mong anyayahan ang ilang miyembro ng klase na pumasok sa klase na handang talakayin ang isang bagay na natutuhan nila tungkol sa panalangin mula sa 3 Nephi 17–19. Ano ang nahikayat silang gawin para maging mas makabuluhan ang kanilang mga panalangin?
- Itinuro ni Jesus kung bakit dapat tayong manalangin sa tuwina (tingnan sa 3 Nephi 18:15–18). Maaaring makatulong ang isang object lesson para maunawaan ng klase mo ang Kanyang itinuro. Halimbawa, maaari mong punuin ng tubig ang isang lalagyan para kumatawan sa impluwensya ni Satanas. Magsaksak ng tissue (na kumakatawan sa atin) nang maayos sa loob ng isang tasa (na kumakatawan sa pagdarasal sa tuwina). Itaob ang tasa, at itulak ito pababa sa lalagyan ng tubig. Dapat ay manatiling tuyo ang tissue sa loob ng tasa, kahit napapaligiran ito ng tubig. Ano ang itinuturo sa atin ng object lesson na ito at ng 3 Nephi 18:15–18 tungkol sa panalangin? (tingnan din sa D at T 10:5). Ano ang ibig sabihin ng "laging manalangin"? Paano tayo matutulungan ng panalangin na malabanan ang impluwensya ni Satanas? Isiping bigyan ng ilang sandali ang mga miyembro ng klase para isulat kung ano ang naiisip nilang gawin para mapagbuti ang kanilang mga panalangin.

**3 NEPHI 18:1–12**

### Espirituwal tayong mapupuspos habang nakikibahagi tayo ng sakramento.

- Para magpasimula ng isang talakayan tungkol sa mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa sakramento sa 3 Nephi 18, maaari mong hatiin ang klase mo sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga talata na babasahin at tatalakayin: Mateo 26:26–28; 3 Nephi 18:1–12; at Doktrina at mga Tipan 20:75–79; 27:1–4. Matapos basahin ang talatang ibinigay sa kanila, maaaring mag-isip ang bawat grupo ng isa o dalawang tanong tungkol sa sakramento na sinagot sa mga talatang binasa nila at isulat ang kanilang mga tanong sa pisara. Pagkatapos ay maaaring saliksikin ng iba pa sa klase ang mga banal na kasulatan para sa mga sagot sa mga tanong. Maaari ding talakayin ng mga miyembro ng klase kung paano sila magkakaroon ng mas makabuluhang karanasan sa pakikibahagi ng sakramento.
- Ano ang ibig sabihin ng "[m]abusog" kapag nakikibahagi tayo ng sakramento? (tingnan sa 3 Nephi 18:4–5, 9; 20:9). Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na talakayin ang tanong na ito nang magkakapares habang binabasa nila ang 3 Nephi 18:1–12 nang sama-sama. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang huling pagkakataon na nadama nila na sila ay espirituwal na "nabusog" nang makibahagi sila ng sakramento. Maaari siguro nilang talakayin ang mga bagay na maaaring humadlang o gumambala sa atin na "[m]abusog" sa sakramento at ibahagi ang mga ideya kung paano daigin ang mga hadlang na iyon.

**3 NEPHI 19:9–15, 20–22**

### Hinahangad ng mga disipulo ni Jesucristo ang kaloob na Espiritu Santo.

- Isiping hilingin sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang bagay na gustung-gusto nila. Ano ang handa silang gawin para matanggap ito? Maaari itong humantong sa isang talakayan tungkol sa "higit na ninanais" ng labindalawang disipulo, ayon sa inilarawan sa 3 Nephi 19:9–15 at 20–22. Bakit kaya napakahalaga nito sa kanila? Bakit ito mahalaga sa atin? Ayon sa mga talatang ito, paano natin masigasig na hahangarin ang patnubay ng Espiritu Santo?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sabi ng Panginoon, "dakila ang mga salita ni Isaias" (3 Nephi 23:1). Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang 3 Nephi 20–26, maaari mong sabihin sa kanila na sa mga kabanatang ito, ipinaliwanag ni Jesus ang ilan sa "dakila" na mga salita ni Isaias. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung bakit dakila ang mga salitang ito ni Isaias. Hikayatin silang pumasok sa susunod na linggo na handang ibahagi ang natutuhan nila.



## Karagdagang Resources

### Ang kahalagahan ng panalangin.

Pinatotohanan ni Elder Richard G. Scott ang kahalagahan ng panalangin:

"Nananalangin tayo sa ating Ama sa Langit sa sagradong pangalan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Pinakamabisa ang panalangin kapag sinisikap nating maging malinis at masunurin, na taglay ang marapat na mga hangarin, at handang gawin ang ipinagagawa Niya. Ang mapagpakumbaba at mapagtiwalang panalangin ay nagdudulot ng patnubay at kapayapaan.

"Huwag alalahanin ang inyong damdamin na naipahayag nang hindi maayos. Basta makipag-usap lamang sa inyong mahahabagin at maunawaing Ama. Kayo ay Kanyang pinakamamahal na anak at nais Niya kayong tulungan. Habang nagdarasal, dapat ninyong malaman na nasa tabi ninyo ang Ama sa Langit at Siya ay nakikinig.

"Ang isang susi sa pinagbuting panalangin ay ang matutong magtanong nang wasto. Baguhin ang nakagawiang paghiling sa mga bagay na gusto ninyo at matapat na hangarin ang nais Niya para sa inyo. At habang inaalam ninyo ang Kanyang kalooban, manalangin na akayin kayo upang magkaroon ng lakas na maisagawa ito.

"Sakaling madama ninyong malayo kayo sa ating Ama, maaaring marami itong dahilan. Anuman ang dahilan, habang patuloy kayong humihingi ng tulong, gagabayan Niya kayo upang magawa ang bagay na magpapanumbalik ng inyong tiwala na Siya ay malapit. Manalangin kahit ayaw ninyong manalangin. Kung minsan, tulad ng isang bata, maaari kayong magkasala at makadamang hindi ninyo mailapit ang problema sa inyong Ama. Iyon ang oras na higit ninyong kailangan na manalangin. Huwag isipin kailanman na hindi kayo karapatdapat manalangin.

"Iniisip ko kung talagang kaya nga nating unawain ang malaking kapangyarihan ng panalangin hanggang sa magkaroon tayo ng napakabigat at napakahalagang problema at matanto na hindi natin ito kayang lutasin. Pagkatapos ay lalapit tayo sa ating Ama sa mapakumbabang pagkilala ng lubos nating pag-asa sa Kanya. Makatutulong ang paghahanap ng kubling lugar kung saan maibubulalas natin ang ating nadarama hangga't gusto at kailangan natin" ("Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin, " *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 8).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Sikaping magmahal na katulad ni Cristo.** Kung may isang miyembro sa klase mo na kailangang kaibiganin, isipin kung paano ninyo maipadarama sa kanya na bahagi siya ng klase. Halimbawa, maaari mong anyayahan ang isa pang miyembro ng klase na tabihan ang taong ito sa upuan at kaibiganin siya.



Paglalarawan ng Si Cristo na Nagpapakita sa mga Nephita ni Andrew Bosley

OKTUBRE 12–18

# 3 Nephi 20–26

"KAYO AY MGA ANAK NG TIPAN"

Magpagabay sa Espiritu sa pag-aaral mo ng 3 Nephi 20–26. Tutulungan ka Niyang matukoy ang mga alituntunin na maaaring makabuluhan lalo na sa mga tinuturuan mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Matapos basahin nang sama-sama ang mga salita ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 23:1, maaari mong itanong sa mga miyembro ng klase kung ano ang hinanap nila nang basahin nila ang mga banal na kasulatan sa linggong ito. Ano ang nakita nila?



## Ituro ang Doktrina

3 NEPHI 20:25–41; 21:9–11, 22–29

### Sa mga huling araw, magsasagawa ang Diyos ng isang dakila at kagila-gilalas na gawain.

- Binanggit ng Tagapagligtas ang "[isang] dakila at kagila-gilalas na gawa" (3 Nephi 21:9) na gagawin ng Kanyang Ama sa mga huling araw. Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang natutuhan nila tungkol sa gawaing iyon nang pag-aralan nila ang mga kabanatang ito sa bahay. Ang mga tanong na kagaya ng mga ito ay maaaring maghikayat ng isang talakayan: Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na mangyayari sa hinaharap? (tingnan lalo na sa 3 Nephi 20:30–32, 39–41; 21:22–29). Bakit Niya tatawaging "dakila" at "kagila-gilalas" ang mga bagay na ito? Anong katibayan ang nakikita natin na nagaganap na ang gawaing ito? Paano tayo nakikilahok dito?
- Para maipakita sa mga miyembro ng klase kung paano tumulong si Propetang Joseph Smith na maisakatuparan ang dakila at kagila-gilalas na gawain ng Panginoon, maaari kang magdispley ng larawan ng Propeta at anyayahan ang klase na basahin ang 3 Nephi 21:9–11, na naghahanap ng mga salita at parirala na nagpapaalala sa kanila ng buhay at ministeryo ni Joseph Smith. Halimbawa, paano "[siya binigyan ng Panginoon] ng kapangyarihan na kanyang madala ang [ebanghelyo] sa mga Gentil"? (talata 11). Bakit mahalagang malaman na ipinropesiya ng Tagapagligtas ang ministeryo ni Joseph Smith? (tingnan din sa 2 Nephi 3).
- Maaari mo ring tulungan ang mga miyembro ng klase na makita ang kanilang sarili sa dakilang gawaing ipinropesiya sa mga kabanatang ito sa pamamagitan ng sama-samang pagbasa sa 3 Nephi 20:25–27. Kung kinakailangan, maaari mong ipaliwanag na kapag nakikipagtipan tayo sa Panginoon, nagiging binhi tayo ni Abraham. Paano natin mapagpapala bilang mga inapo ni Abraham ang "lahat ng magkakamag-anak sa lupa"? (talata 25). Maaari ding pagnilayan ng mga miyembro ng klase ang tanong na ito

habang binabasa nila ang pahayag ni Pangulong Russell M. Nelson sa “Karagdagang Resources” at ibahagi ang kanilang mga iniisip.

**3 NEPHI 23; 26:1–12**

### Nais ng Panginooon na saliksikin natin ang mga banal na kasulatan.

- Ano ang inihahayag ng mga pakikisalamuha ng Tagapagligtas sa mga Nephita tungkol sa pakiramdam Niya tungkol sa mga banal na kasulatan? Para matulungan ang mga miyembro ng klase na malaman ito, maaari mong ipabasa sa kalahati sa kanila ang 3 Nephi 23 at sa natitirang kalahati ang 3 Nephi 26:1–12; pagkatapos ay maaari nilang ibahagi sa isa’t isa ang kanilang natagpuan. Maaari din silang magbahagi ng mga ideya nila kung paano ipakita sa Panginoon na mahalaga sa atin ang mga banal na kasulatan. Halimbawa, ano ang kaibhan sa pagitan ng pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan at pagbabasa lamang ng mga ito? (tingnan sa 3 Nephi 23:1).

**3 NEPHI 24:1–6**

### Ang Panginoon ay katulad ng apoy ng isang maglalantay.

- Maaaring makatulong ang mga visual aid sa pagtalakay ninyo sa 3 Nephi 24:1–6. Halimbawa, maaari kang magpakita ng isang baryang pilak o kaunting sabon habang binabasa ng mga miyembro ng klase ang mga talata para malaman kung paano nauugnay ang mga bagay na ito sa Tagapagligtas at sa Kanyang misyon. Maaari mo ring ibahagi sa klase ang paliwanag tungkol sa pagdadalisay ng pilak at sabon ng tagapagpaputi sa “Karagdagang Resources.” Paano naging “katulad ng apoy ng isang maglalantay, at katulad ng sabon ng isang tagapagpaputi” ang Panginoon? (talata 2). Ano ang itinuturo sa atin ng mga halimbawang ito kung paano tayo pinadadalisay ng Tagapagligtas?

**3 NEPHI 24:7–18**

### Maawain ang Diyos sa mga taong bumabalik sa Kanya.

- Maaari mong ipaliwanag na ang mga turo tungkol sa ikapu sa 3 Nephi 24:8–12 ay tugon sa tanong sa talata 7: “Ano ang kailangan naming gawin upang makabalik [sa Panginoon]?” Ano ang kaugnayan ng “[pagbalik] sa [Panginoon]” sa pagbabayad ng ikapu? Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano nila natanggap ang mga pagpapalang nakalista sa mga talata 10–12 nang magbayad sila ng ikapu. Paano maaaring makatulong ang mga katotohanang ito sa isang taong nahihirapang magbayad ng ikapu?
- Anong pag-uugaling inilarawan sa 3 Nephi 24:13–15 ang madalas makita sa mundo ngayon? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung ano ang sasabihin nila sa isang taong nadarama na mas madali o mas maganda ang buhay para sa mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan. Ayon sa 3 Nephi 24, paano pinagpapala ng Panginoon ang mga naglilingkod sa Kanya? Maaari mo rin silang hikayatin na maghanap ng mga halimbawa sa 3 Nephi 22. (Tingnan din sa Mosias 2:41; Alma 41:10.)

**3 NEPHI 25:5–6**

### Dapat bumaling ang ating puso sa ating mga ninuno.

- Para mailarawan ang konsepto ng pagbaling ng ating puso sa ating mga ninuno, maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na tumalikod sa klase at ilarawan ang mga miyembro ng klase mula sa memorya (saan sila nakaupo, ano ang suot nila, at iba pa). Pagkatapos ay maaari na siyang humarap sa klase at subukin itong muli. Ano ang maituturo sa atin ng halimbawang ito tungkol sa pagbaling ng ating puso sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng gawain sa templo at family history? Matapos basahin ang 3 Nephi 25:5–6, marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano nakabaling ang kanilang puso sa kanilang mga ninuno. Maaari mo ring anyayahan ang ward temple and family history consultant na ipakita sa kanila ang ilang family history tool. Paano nauugnay ang gawaing ito sa pagtitipon ng Israel na inilarawan ni Pangulong Russell M. Nelson sa “Karagdagang Resources”?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sa 3 Nephi 27–4 Nephi mababasa natin ang tungkol sa “[pinakamaliligayang tao] sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos” (4 Nephi 1:16). Ipahiwatig sa klase na ang pagbasa sa mga kabanatang ito ay maaaring ipaalam sa atin kung paano makasusumpong ng kaligayahan para sa ating sarili at sa ating pamilya.

# Karagdagang Resources

## Maaari kayong maging bahagi ng isang dakilang bagay.

Ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson:

"*Ito* na talaga ang mga huling araw, at ang Panginoon ay binibilisan ang Kanyang gawain na tipunin ang Israel. Ang pagtitipon na ito ang pinakamahalagang nangyayari sa mundo ngayon. Walang maikukumpara sa laki, walang maikukumpara sa halaga, at sa kadakilaan nito. At kung pipiliin ninyo, kung gusto ninyo, maaari kayong maging malaking bahagi nito. Maaari kayong maging bahagi ng isang bagay na malaki, maringal, at dakila!

"Kapag pinag-uusapan natin ang *pagtitipon,* ang sinasabi natin ay ang katotohanang ito: bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit, sa [magkabilang] panig ng tabing, ay dapat marinig ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

". . . Isipin ninyo ito! Sa dinami-dami ng mga taong tumira sa mundo natin, *tayo* ang mga makikilahok sa huli at malaking pagtitipon na ito. Talagang nakatutuwa ito! . . .

"Ang pagtitipon na ito ay dapat maging *napakahalaga* sa inyo. *Ito* ang misyon ninyo dito sa lupa" ("Pag-asa ng Israel" [pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org).

## Nagdadalisay at naglilinis.

Ang pilak ay natagpuang nakahalo sa iba pang mga mineral sa mga deposito ng inang mina. Noong unang panahon, kumukuha ng pilak ang isang maglalantay ng pilak sa pamamagitan ng paglalagay ng inang mina sa isang pugon na pinainit nang husto. Pinalilitaw nito ang mineral na walang halaga (mga dumi o di-kanais-nais na mineral) sa ibabaw ng tinunaw na inang mina. Kakaskasin iyon ng maglalantay, at maiiwan ang dalisay na pilak, na maaaring matukoy dahil sa kakaibang ningning nito.

Ang tagapagpaputi ang taong naglilinis at nagpapaputi sa tela. Ilulubog ang tela sa tubig na may halong "sabon ng tagapagpaputi," na dinisenyo para mag-alis ng langis at dumi. Habang nakababad ang tela, hahampasin o tatapak-tapakan iyon ng tagapagpaputi para maalis ang mga dumi. (Tingnan sa "Refiner's Fire and Fuller's Soap," *New Era,* Hunyo 2016, 6–7.)

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Magturo ng mga tao, hindi ng mga lesson.** "Ang pakikitungo mo sa mga tao ay kasinghalaga ng itinuturo mo sa kanila. Kung minsan, ang kaabalahan natin sa paglalahad ng lesson ay humahadlang sa atin na pakitaan ng pagmamahal ang mga tinuturuan natin. Kapag nangyari ito sa iyo, isipin kung paano ka makapagtutuon ng pansin sa pinakamahalaga" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 6).



*Panalangin ni Cristo*, ni Derek Hegsted

OKTUBRE 19–25

# 3 Nephi 27–4 Nephi

"WALA NANG MAS MALILIGAYANG TAO PA SA LAHAT NG TAO"

Ang personal na pag-aaral ng 3 Nephi 27–4 Nephi ang pinakamainam na paraan para makapaghandang magturo. Ang mga doktrina at ideya sa outline na ito ay maaaring makatulong sa iyo na tumugon sa espirituwal na mga pahiwatig na natatanggap mo habang nag-aaral ka.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Ang isang paraan para mahikayat ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga kabatiran mula sa kanilang personal na pag-aaral ay ang anyayahan silang maghanap ng isang himno na may kaugnayan sa isang katotohanang natutuhan nila sa 3 Nephi 27–4 Nephi. Pagkatapos ay maaari nilang ibahagi ang mga himnong nakita nila at kung paano nauugnay ang mga himnong ito sa mga katotohanan sa banal na kasulatan.

## Ituro ang Doktrina

3 NEPHI 27:1–22

### Ang Simbahan ni Jesucristo ay ipinangalan sa Kanya at nakasalig sa Kanyang ebanghelyo.

- Ang pagtalakay sa pangalan ng Simbahan ay maaaring magpalalim sa pagpapahalaga ng mga miyembro ng klase mo sa kanilang pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na maglista ng mga pangalan ng iba't ibang organisasyon at ilarawan kung ano ang sinasabi sa atin ng mga pangalan tungkol sa mga organisasyong iyon. Pagkatapos ay maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang 3 Nephi 27:1–12, na hinahanap kung ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa pangalan ng Kanyang Simbahan. Maaari din nilang ibahagi kung ano ang kahulugan sa kanila ng maging mga miyembro ng Simbahan ni Cristo. Ano ang ibig sabihin ng taglayin natin sa ating sarili ang Kanyang pangalan?
- Narito ang isa pang paraan para matalakay ang kahalagahan ng pangalan ng Simbahan ng Tagapagligtas. Matapos talakayin ang mga katotohanang matatagpuan sa 3 Nephi 27:1–22, maaari mong isulat ang buong pangalan ng Simbahan sa pisara. Pagkatapos ay maaaring pumili ng mga salita sa pangalan ang mga miyembro ng klase at magmungkahi kung paano ipinaaalam sa atin ng bawat salita kung sino tayo o ano ang ating pinaniniwalaan. Maaaring makatulong ang pahayag ni Pangulong M. Russell Ballard sa "Karagdagang Resources." Bakit mahalagang gamitin ang pangalan ng Simbahan kapag ibinabahagi natin sa iba ang ating mga paniniwala?

- Matapos ipaliwanag na ang Kanyang Simbahan ay kailangang "nakatayo sa [Kanyang] ebanghelyo" (3 Nephi 27:10), inilarawan ng Tagapagligtas kung ano ang Kanyang ebanghelyo. Marahil ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila maaaring ipaliwanag sa isang kaibigan kung ano ang ebanghelyo. Pagkatapos ay maaari mo silang anyayahang saliksikin ang 3 Nephi 27:13–22, na hinahanap kung paano ipinaliwanag ng Tagapagligtas ang Kanyang ebanghelyo. Paano natin ibubuod ang sinabi ng Tagapagligtas? Habang pinag-aaralan natin ang paliwanag ng Tagapagligtas tungkol sa ebanghelyo, anong mga kabatiran ang matatamo natin tungkol sa kung paano natin ipamumuhay ang ebanghelyo sa araw-araw?

**3 NEPHI 29–30**

## Ang Aklat ni Mormon ay isang palatandaan na ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay natutupad na.

- Marahil ay maaari kang magpasimula ng isang talakayan tungkol sa 3 Nephi 29–30 sa pagtalakay tungkol sa mga palatandaan. Halimbawa, maaaring bumanggit ng mga palatandaan ang mga miyembro ng klase na nagpapaalam sa atin na may paparating na bagyo o na nagbabago ang mga panahon. Pagkatapos ay maaari nilang basahin ang 3 Nephi 29:1–3 para malaman kung ano ang ipinahihiwatig ng paglabas ng Aklat ni Mormon, na tinawag ni Mormon na "ang mga salitang ito" (tingnan din sa 3 Nephi 21:1–7). Anong mensahe ang ibinigay ng Panginoon sa 3 Nephi 29:4–9 sa mga taong "tatanggi" o "magtatatwa" sa gawain ng Diyos sa mga huling araw? Paano pinalalakas ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon ang ating pananampalataya sa mga bagay na "tinatanggihan" o "itinatatwa" ng ibang mga tao sa ating panahon? Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang paanyaya ng Panginoon sa 3 Nephi 30 at ibahagi kung paano nakatulong sa kanila ang Aklat ni Mormon na tanggapin ang paanyayang ito.

**4 NEPHI**

## Ang pagbabalik-loob kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo ay humahantong sa pagkakaisa at kaligayahan.

- Inilalarawan ng salaysay sa 4 Nephi ang kagalakang maaaring dumating sa ating buhay—bilang mga indibiduwal, bilang mga pamilya, at bilang isang ward o stake—habang sinisikap nating mas lubos na magbalik-loob kay Jesucristo. Isiping hilingin sa mga miyembro ng klase na saliksikin ang 4 Nephi 1:1–18 at isulat sa pisara ang mga pagpapalang dumating sa mga tao nang magbalik-loob silang lahat sa Panginoon. Paano nakaapekto ang kanilang pagbabalik-loob sa pagtrato nila sa isa't isa? Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase kung paano naghatid ng gayon ding mga pagpapala ang ebanghelyo sa kanilang pamilya o sa kanilang ward. Para maipaunawa sa mga miyembro ng klase kung paano makakapamuhay ang bawat isa sa atin na tulad ng mga tao sa 4 Nephi at paano tayo makakahikayat ng higit na pagkakaisa at kaligayahan sa mga nasa paligid natin, maaari mong basahin ang pahayag ni Elder D. Todd Christofferson sa "Karagdagang Resources." Maaaring suriin ng mga miyembro ng klase ang personal nilang mga pagsisikap sa tatlong aspetong inilarawan ni Elder Christofferson.
- Tinukoy ng mga tao sa Aklat ni Mormon ang kanilang sarili bilang mga Nephita at Lamanita—at marami pang ibang "mga -ita"—sa loob ng maraming siglo, ngunit pagkatapos ng ministeryo ng Tagapagligtas sa kanila, naglaho ang mga pagtukoy na ito. Matapos basahin ang 4 Nephi 1:17 nang sama-sama, marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang kanilang mga iniisip tungkol sa kung anong uri ng "mga -ita" o grupo ang umiiral sa ating lipunan ngayon. Ano ang magagawa natin para madaig ang gayong mga pagkakahati at tunay na maging "iisa, ang mga anak ni Cristo"? (talata 17).
- Ano ang matututuhan ng mga miyembro ng klase mula sa pagbagsak ng lipunan ng Sion na inilarawan sa 4 Nephi? Maaari mo silang anyayahang saliksikin ang 4 Nephi 1:19–34, na hinahanap kung bakit nagwakas ang kaligayahan at pagkakaisang naranasan ng mga tao sa loob halos ng 200 taon kasunod ng pagbisita ng Tagapagligtas. Anong mga katotohanan sa mga talatang ito ang makakatulong sa atin na matukoy ang mga pag-uugali at asal na kailangang baguhin sa ating buhay at sa ating lipunan?

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Ang Mormon 1–6 ay naglalarawan ng malalagim na pangyayaring naging sanhi ng pagkalipol ng mga Nephita. Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga kabanatang ito, anyayahan silang maghanap ng mga bagay na napapansin nila tungkol sa mga Nephita na nakikita nating nangyayari sa ating panahon.

## Karagdagang Resources

### Ang pangalan ng Simbahan ni Cristo.

Sabi ni Pangulong M. Russell Ballard:

"Pinag-isipan kong mabuti kung bakit ibinigay ng Tagapagligtas ang mahabang pangalang ito sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Tila mahaba nga ito, ngunit kung iisipin natin ito bilang pagbubuod ng katangian ng Simbahan, bigla itong umiikli, nagiging tapat, at tuwiran. Ano pa kayang paglalarawan ang mas tuwiran at malinaw ngunit naipapahayag sa iilang salita?

"Bawat salita ay malinaw at mahalaga. Ang salitang *Ang* ay nagsasaad ng kakaibang katayuan ng ipinanumbalik na Simbahan sa mga relihiyon sa daigdig.

"Ang mga salitang *Simbahan ni Jesucristo* ay nagpapahayag na ito ang Kanyang Simbahan [tingnan sa 3 Nephi 27:8]. . . .

"Ang *sa mga Huling Araw* ay nagpapaliwanag na ito rin ang Simbahang itinayo ni Jesucristo nang magministeryo Siya sa lupa ngunit ipinanumbalik sa mga huling araw na ito. Alam natin na nagkaroon muna ng pagtaliwakas, o apostasiya, kaya kinailangang ipanumbalik ang Kanyang tunay at perpektong Simbahan sa ating panahon.

"Ang ibig sabihin ng *mga Banal* ay sumusunod sa Kanya ang mga miyembro nito at nagsisikap silang gawin ang Kanyang kalooban, sundin ang Kanyang mga utos, at maghanda na muling makasama Siya at ang Ama sa Langit sa hinaharap. Ang salitang *Banal* ay tumutukoy lang sa lahat ng naghahangad na pabanalin ang kanilang buhay sa pakikipagtipang sundin si Cristo" ("Ang Kahalagahan ng Pangalan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 80).

### Ano ang kailangan para maitayo ang Sion?

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: "Ang Sion ay Sion dahil sa pagkatao, mga katangian, at katapatan ng mga mamamayan nito [tingnan sa Moises 7:18]. . . . Kung itatatag natin ang Sion sa ating mga tahanan, branch, ward, at stake, ipamuhay natin ang pamantayang ito. Kailangan ay (1) may isang puso't isang isipan; (2) maging banal na mga tao, nang mag-isa at magkakasama; at (3) pangalagaan ang nangangailangan sa paraang mapapalis natin ang karalitaan nating lahat. Huwag nating hintayin ang pagdating ng Sion para mangyari ang mga bagay na ito—darating lamang ang Sion kapag nangyari ito" ("Sa Sion ay Magsitungo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 38).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo.** Madaling makomportable sa isang partikular na estilo ng pagtuturo, ngunit ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ay mabisa sa iba't ibang miyembro ng klase. Isipin ang mga pamamaraang ginamit mo kamakailan—gumamit ka na ba ng mga kuwento, object lesson, larawan, at iba pa? (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 7).



*Si Mormon na Pinaiikli ang mga Lamina,* ni Tom Lovell

OKTUBRE 26–NOBYEMBRE 1

# Mormon 1–6

"NAIS KO NA MAHIKAYAT KO KAYONG LAHAT . . . NA MAGSISI"

Habang binabasa mo ang Mormon 1–6, maghanap ng mga katotohanan na makakatulong sa mga miyembro ng klase mo na manatiling tapat sa mga oras ng kasamaan, tulad ng ginawa ni Mormon.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Kung minsan ay atubili ang mga miyembro na ibahagi ang kanilang mga kabatiran dahil wala silang panahong mag-isip na mabuti. Para matulungan sila rito, bigyan sila ng ilang minuto para isulat ang mga kabatirang natamo nila mula sa pag-aaral ng Mormon 1–6 sa bahay; pagkatapos ay hilingan silang magbahagi.

## Ituro ang Doktrina

MORMON 1–6

### Makakapamuhay tayo nang matwid sa kabila ng kasamaan sa ating paligid.

- Nauunawaan ng marami sa mga miyembro ng klase mo ang karanasan ni Mormon sa pagsisikap na mamuhay nang matwid sa isang masamang mundo. Maaari siguro nilang ibahagi ang natutuhan nila mula sa halimbawa ni Mormon. Para mapadali ang talakayang ito, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na maghanap ng mga talatang tumutukoy sa mga katangian ni Mormon at gumawa ng listahan ng mga katangiang ito sa pisara (tingnan, halimbawa, sa Mormon 1:2–3, 15–16; 2:1, 23–24; 3:1–3, 12, 17–22). Paano kaya nakatulong kay Mormon ang mga katangiang ito para manatiling espirituwal na matatag? Paano nila tayo matutulungang maging higit na katulad ni Mormon?



*Digmaan,* ni Jorge Cocco

- Madalas sumulat nang tuwiran si Mormon sa mga tao sa ating panahon. Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang mga salita sa atin sa Mormon 3:17–22 at 5:10–24? Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng isang pirasong papel na may nakasulat na pariralang "Ang Payo ni Mormon sa Atin" sa bandang itaas, at hikayatin silang maghanap ng mga mensahe sa mga

talatang ito na mahalaga para sa ating panahon. Paano natin masusunod ang payo ni Mormon para matulungan tayo na manatiling espirituwal na matatag sa mundo ngayon?

- Kung nagtuturo ka sa mga kabataan, maaari mong gamitin ang halimbawa ni Mormon para maipaunawa sa kanila na maaari silang maging matwid na mga lider habang bata pa sila. Kung nagtuturo ka sa mga adult, maaari mong gamitin ang kanyang halimbawa para magpasimula ng isang talakayan tungkol sa mga pagkakataong tulungan ang mga kabataan na maging mahusay na pinuno. Para masimulan ang talakayan, maaari mong iparebyu sa ilang miyembro ng klase ang Mormon 1 at iparebyu sa iba pa ang Mormon 2, na itinatala ang mga pagkakataong ibinigay kay Mormon na mamuno noong bata pa siya. Ano ang mga katangian niya na nakatulong sa kanya na maging mahusay na lider? Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang nakita nilang mga halimbawa ng malaking impluwensya ng matwid na mga bata at kabataan. Maaari din nilang talakayin ang mga pagkakataon nila—o ng mga kabataang kilala nila—na maging mga lider na may mga katangiang katulad ni Mormon.

MORMON 2:10–15

### Ang pagsisisi ay nangangailangan ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

- Para malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng kalungkutang humahantong sa pagsisisi at ng kalungkutang hindi humahantong sa pagsisisi, isiping basahin ang Mormon 2:10–15 nang sama-sama at talakayin ang mga tanong na gaya nito: Ano ang papel ng "kalungkutan" sa pagsisisi? Ano ang kaibhan sa pagitan ng "kalungkutan . . . tungo sa pagsisisi" at ng "kalungkutan ng mga isinumpa"? Anong mga pag-uugali at asal ang makakatulong sa atin na magkaroon ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu"?

MORMON 3:12

### Maaari nating mahalin ang iba, kahit hindi tayo sang-ayon sa kanilang mga pagpapasiya.

- Tulad ni Mormon, maraming miyembro ng klase mo na malapit ang pakikipag-ugnayan sa mga taong iba ang mga paniniwala. Paano mo magagamit ang karanasan ni Mormon para ituro sa mga miyembro ng klase na mahalin ang iba sa kabila ng kanilang mga pagkakaiba? Isiping basahin ang Mormon 3:12 nang sama-sama at talakayin ang mga panahon kung kailan nagpakita ng pagmamahal si Mormon sa mga taong hindi tumanggap sa kanyang mensahe at sadyang naghimagsik laban sa Diyos (tingnan, halimbawa, sa Mormon 1:16–17; 2:12). Anong mga karanasan ang maibabahagi ng mga miyembro ng klase mula sa sarili nilang buhay tungkol sa pagmamahal sa mga taong iba ang mga paniniwala o pinahahalagahan? Nagbibigay ng karagdagang payo ang pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources."

MORMON 6:17

### Nakatayo si Jesucristo na bukas ang mga bisig upang tayo ay tanggapin.

- Para sa mga tao na maaaring hindi umaasang mapatawad sa kanilang mga kasalanan, ang paglalarawan ni Mormon sa Tagapagligtas na nakatayong "bukas ang mga bisig upang kayo ay tanggapin" ay maaaring makapag-alis ng kanilang pagdududa. Isiping basahin ang Mormon 6:17 nang sama-sama at ipakita ang larawan ni Jesucristo na nakaunat ang mga bisig (tulad ng *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 66). Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa kasabikan ng Tagapagligtas na tulungan tayo? Maaari mo ring isipin na kantahin ninyo nang sama-sama ang isang himnong nagtuturo ng isang mensaheng katulad niyon, tulad ng "Magsipaglapit kay Jesucristo" (*Mga Himno,* blg. 68). Maaari mo ring ibahagi ang karanasan ni Pangulong Russell M. Nelson sa "Karagdagang Resources" at hilingin sa mga miyembro ng klase na talakayin kung paano natin maipapakita sa iba na posible ang pagsisisi.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaari mong hilingin sa mga miyembro ng klase na pag-isipan kung ano ang isusulat nila sa isang liham sa mga tao sa hinaharap. Sa Mormon 7–9 nabasa natin ang isinulat nina Mormon at Moroni, daan-daang taon na ang nakalipas, sa mga tao sa ating panahon.

## Karagdagang Resources

### Pagmamahal sa iba na naiiba ang paniniwala.

Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks:

"Sundin nating lahat ang mga turo ng ebanghelyo na mahalin ang ating kapwa at iwasan ang pagtatalo. Ang mga tagasunod ni Cristo ay dapat maging halimbawa ng paggalang. Dapat nating mahalin ang lahat ng tao, pakinggan silang mabuti, at isaalang-alang ang tapat nilang pinaniniwalaan. Hindi man tayo sumasang-ayon, hindi rin tayo dapat nakikipagtalo. Ang pananaw at pagsasalita natin ukol sa mga kontrobersyal na paksa ay hindi dapat maging dahilan ng pagtatalo. Dapat nating ipaliwanag at panindigan ang ating pinaniniwalaan nang may katalinuhan at impluwensyahan sa kabutihan ang mga tao. Sa paggawa nito, hangad nating huwag makasakit ng iba ang tapat nating paniniwala sa ating relihiyon at ang kalayaan nating gawin ito. Hinihikayat natin ang lahat na sundin ang Ginintuang Panuntunan ng Tagapagligtas: '[Anumang] bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila' (Mateo 7:12).

"Kung hindi manaig ang ating pinaniniwalaan, tanggapin natin nang maluwag sa kalooban ang di magandang bunga nito at igalang pa rin ang mga sumasalungat sa atin" ("Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 27).

### Posible ang pagsisisi.

Ibinahagi ni Pangulong Russell M. Nelson ang sumusunod na karanasan:

"Noong nakaraang taon habang kami ni Elder David S. Baxter ay nagmamaneho papunta sa isang stake conference, tumigil kami sa isang restawran. Bandang huli nang pabalik na kami sa aming kotse, nilapitan kami at kinausap ng isang babae. . . . Itinanong niya kung mga elder kami sa Simbahan. Sabi namin ay oo. At isiniwalat na niya ang halos lahat tungkol sa masaklap niyang buhay, na puno ng kasalanan. Ngayon, kahit 28 anyos lamang, miserable na ang kanyang buhay. Pakiramdam niya'y wala siyang silbi at wala [na]ng dahilan pa para mabuhay. Habang nagsasalita siya, nagsimulang lumitaw ang kanyang kabutihan. Habang lumuluhang sumasamo, itinanong niya kung may pag-asa pa siyang makaahon at makatakas sa kanyang kawalan ng pag-asa.

"'Oo,' ang sagot namin, 'may pag-asa pa. Ang pag-asa ay kaugnay ng pagsisisi. Maaari kang magbago. Maaari kang "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya"' [Moroni 10:32]. Hinikayat namin siyang huwag ipagpaliban ang pagsisisi [tingnan sa Alma 13:27; 34:33]. Buong pagpakumbaba siyang humagulgol at taos-puso kaming pinasalamatan.

"Nang ipagpatuloy namin ni Elder Baxter ang aming paglalakbay, inisip naming mabuti ang karanasang iyon. Naalala namin ang payong ibinigay ni Aaron sa isang kaluluwang walang pag-asa, na nagsabing, 'Kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, . . . sa gayon inyong matatanggap ang pag-asang ninanais ninyo' [Alma 22:16]. . . .

". . . Sa 28 anyos na babaing nalublob sa kasalanan, at sa bawat isa sa atin, ipinapahayag ko na posibleng makamit ang matamis na pagpapala ng pagsisisi. Dumarating ito sa pamamagitan ng ganap na pagbabalik-loob sa Panginoon at sa Kanyang banal na gawain."

Bukod dito, pinuna pa ni Pangulong Nelson: "Naaalala rin natin ang mga makasalanang tao sa ilalim ng pangangalaga ng mapagmalasakit nilang pinuno na si Mormon, na sumulat na, 'Ako'y walang pag-asa, sapagkat alam ko na ang mga kahatulan ng Panginoon na sasapit sa kanila; sapagkat hindi sila nagsisi ng kanilang mga kasamaan, kundi nakikipaglaban para sa kanilang mga buhay nang hindi tumatawag sa yaong Lumikha na lumalang sa kanila' (Mormon 5:2)" ("Pagsisisi at Pagbabalik-loob," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 102, 104).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Ang espirituwal na paglago ay nagaganap sa tahanan.** Ang mga miyembro ng klase mo ay nag-uukol ng 165 oras bawat linggo sa labas ng simbahan. Sa panahong iyon, mayroon silang sariling espirituwal na mga karanasan na nagtuturo sa kanila tungkol sa ebanghelyo. Magtanong ng mga bagay na naghihikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng mga bagay na natutuhan nila sa buong linggo at sa kanilang pamilya (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 18).



*Si Moroni na Nagsusulat sa mga Laminang Ginto,* ni Dale Kilborn

NOBYEMBRE 2–8

# Mormon 7–9

"AKO AY NANGUNGUSAP SA INYO NA PARANG KAYO AY NARIRITO"

Rebyuhin ang mga impresyon na itinala mo sa iyong personal na pag-aaral ng Mormon 7–9 sa linggong ito. Sa palagay mo, ano kayang mga talata mula sa mga kabanatang ito ang pinakamakabuluhang rebyuhin ninyo ng klase mo?

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para mabigyan ang mga miyembro ng klase ng pagkakataong magbahagi ng isang bagay mula sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya, maaari mo silang hikayatin na basahin nang mabilis ang Mormon 7–9 at magbahagi ng isang pangungusap (o talata) na ipinagpapasalamat nila na ipinasiya ni Mormon o ni Moroni na isama sa mga lamina.

## Ituro ang Doktrina

MORMON 7:8–10; 8:12–22; 9:31–37

### Ang Aklat ni Mormon ay malaki ang kahalagahan.

- Ang isang paraan para mapasimulan ang isang talakayan tungkol sa malaking kahalagahan ng Aklat ni Mormon ay pag-usapan kung paano natin malalaman ang halaga ng isang bagay. Paano binabago ng pagkaalam sa halaga ng isang bagay ang paraan ng paggamit natin dito? Maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Mormon 8:12–22 at ibahagi kung ano ang sinabi ni Moroni tungkol sa halaga ng Aklat ni Mormon ("ng talaang ito"). Maaari din silang magbahagi ng mga personal na karanasan na nakapagpakita sa kanila ng halaga ng Aklat ni Mormon. Paano natin maipapakita na pinahahalagahan natin ang Aklat ni Mormon?



Nililinaw ng Aklat ni Mormon ang doktrinang itinuro sa Biblia.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na mapansin kung paano sinusuportahan ng Aklat ni Mormon at ng Biblia ang isa't isa, maaari mo silang anyayahang basahin ang Mormon 7:8–10 at ibuod ang paglalarawan ni Mormon sa dalawang talaan sa sarili nilang mga salita ("[ang] talaang darating sa mga Gentil mula sa mga Judio" ay tumutukoy sa Biblia). Isiping magdrowing sa pisara ng dalawang bilog na magkapatong at sulatan ang isa ng *Biblia* at ang isa

pa ng *Aklat ni Mormon.* Maaaring ilista ng mga miyembro ng klase ang mga pagkakatulad sa pagitan ng dalawang aklat ng banal na kasulatan sa bahaging magkapatong at ang mga pagkakaiba sa iba pang mga bahagi. Sa kabilang dako, isiping ilista sa pisara ang ilang katotohanan ng ebanghelyo at anyayahan ang mga miyembro ng klase na maghanap sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ng mga talata mula sa Aklat ni Mormon at sa Biblia na tumutulong sa kanila na maunawaan ang mga katotohanan.

**MORMON 8:1–11**

### Maaari tayong maging tapat kahit nag-iisa tayo.

- Maaaring nadarama ng ilang tao sa klase mo na nag-iisa sila sa kanilang mga pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo. Ano ang matututuhan nila mula sa halimbawa ni Moroni na maaaring makatulong sa kanila? Isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Mormon 8:1–11 at mag-isip ng mga bagay na gusto nilang itanong kay Moroni para malaman kung paano siya nanatiling tapat sa kabila ng kanyang mahirap na sitwasyon. Ano ang nagbibigay-inspirasyon sa kanila tungkol sa kanyang halimbawa? Habang ibinabahagi nila ang kanilang mga iniisip, hikayatin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga personal na karanasan noong sila o ang iba pang kakilala nila ay nanatiling tapat, kahit nadarama nila na nag-iisa sila. Paano sila tinulungan ng Panginoon?

**MORMON 8:26–41; 9:1–30**

### Ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon.

- Dahil papatapos na ang pag-aaral ninyo ng Aklat ni Mormon sa taong ito, marahil ay maaaring pagbulayan ng mga miyembro ng klase kung bakit nadarama nila na isinulat ang aklat na ito para sa ating panahon. Maaari mong simulan ang talakayan sa pagbasa sa pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson sa "Karagdagang Resources." Pagkatapos ay maaaring gamitin ng mga miyembro ng klase ang mga tanong ni Pangulong Benson sa Mormon 8:26–41. Bakit binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Moroni na isama ang mga salitang ito sa talaan? Paano tayo tinutulungan ng mga ito sa ating panahon?
- Tulad ng itinuro sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* ang Mormon 9:1–30 ay naglalaman ng mensahe ni Moroni bilang tugon sa kawalan ng paniniwala kay Jesucristo sa ating panahon. Marahil ay maaari mong hatiin ang klase sa tatlong grupo at anyayahan ang bawat grupo na maghanap ng payo na makakatulong sa kanila sa sumusunod na mga talata: 1–6 (ang mga bunga ng hindi paniniwala kay Cristo), 7–20 (ang kahalagahan ng paniniwala sa isang Diyos ng paghahayag at mga himala), at 21–30 (ang payo ni Moroni sa atin).
- Kahit isinulat ang Mormon 9:1–6 para sa "mga yaong hindi naniniwala kay Cristo," makakatulong sa ating lahat na isipin na kunwari'y nakatayo tayo sa harap ng Diyos isang araw para mahatulan. Iparebyu sa mga miyembro ng klase ang mga talatang ito, na naghahanap ng mga salita o parirala na naglalarawan kung ano ang madarama ng masasama sa araw na iyon. Ano ang magagawa natin para maiwasan ang mga damdaming ito? Maaaring makakita ang mga miyembro ng klase ng makakatulong na mga kabatiran sa ikinuwento ni Pangulong Boyd K. Packer sa "Karagdagang Resources."
- Maraming tao ngayon ang naniniwala na tumigil na ang mga himala. Paano mo magagamit ang mga turo ni Moroni para tulungan ang mga miyembro ng klase mo na maniwala sa isang "Diyos ng mga himala"? Maaari kang magsimula sa paghiling sa mga miyembro ng klase na rebyuhin ang Mormon 9:7–26 at hanapin ang mga himalang hinikayat ni Moroni na paniwalaan natin. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa Diyos at sa Kanyang gawain sa ating panahon? Ano ang kailangan nating gawin para gumawa ng mga himala ang Diyos? (tingnan sa Mormon 9:20–21). Anong mga himala ang nasaksihan na natin?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Napag-isipan na ba ng mga miyembro ng klase mo kung paano nila mapapalakas ang kanilang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? Kung gayon, anyayahan silang saliksikin ang Eter 1–5 para sa mga paraan na tutulong sa kanila na mapalago ang kanilang pananampalataya.



# Karagdagang Resources

## Ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon.

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Ang aklat ay hindi napasa kamay ng mga Nephita; ni ng mga Lamanita noong unang panahon. Ito ay sadyang para sa atin. . . .

"Ang bawat pangunahing manunulat ng Aklat ni Mormon ay nagpatotoo na sumulat siya para sa mga darating na henerasyon [tingnan sa 2 Nephi 25:21; Jacob 1:3; Mormon 7:1; 8:34–35]. . . .

"Kung nakita nila ang ating panahon at pinili ang mga bagay na iyon na magiging makabuluhan sa atin, hindi ba iyon ang paraan na dapat nating pag-aralan ang Aklat ni Mormon? Dapat nating palaging itanong sa ating sarili, 'Bakit binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Mormon (o si Moroni o si Alma) na isama iyon sa kanyang talaan? Anong aral ang matututuhan ko roon na tutulong sa akin na mamuhay sa araw at panahong ito?'" ("Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon," *Liahona,* Okt. 2011, 56–56).

## Maaari tayong maging walang bahid-dungis.

Ikinuwento ni Pangulong Boyd K. Packer na naglakbay siya nang anim na araw noong binata pa siya kasama ang isang military crew sa isang mainit at mausok na tren ng mga kargamento, at walang paraan para makaligo o makapagpalit ng damit. Sa isang istasyon ng tren, nagpunta ang gutom na crew sa isang restawran.

"Maraming tao roon, kaya naghintay pa kami nang matagal bago makaupo. Nasa unahan ako, sa likod ng mga babaeng nakadamit nang maayos at maganda. Kahit hindi siya tumingin sa likuran, maaamoy ng disenteng babae na kasunod niya kami.

"Lumingon siya at tiningnan kami. Pagkatapos ay tiningnan niya ako mula ulo hanggang paa. Nakatayo ako roon na suot ang pawisan, magrasa, at lukut-lukot na uniporme. Sinabi niya na nandidiri, 'Ano ba 'yan, napakarumi naman ng mga lalaking ito!' Napatingin sa amin ang lahat.

"Halatang iniisip niya na sana ay wala kami roon; iniisip ko rin na sana nga ay wala kami roon. Narurumihan din ako sa sarili ko, naaasiwa, at nahihiya."

Pagkatapos ay binanggit ni Pangulong Packer ang sinabi sa Mormon 9:4 at ikinumpara ang kanyang karanasan sa pagiging espirituwal na marumi sa harapan ng Diyos. Nagpapatotoo na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang tanging paraan na maaari siyang maging espirituwal na malinis, sinabi niya pagkatapos:

"Naiisip ba ninyo kung ano ang nadama ko nang sa huli ay makita ko na kung sinunod ko ang anumang mga kundisyong itinakda ng Manunubos, hindi ko kailangang tiisin kailanman ang pagdurusa ng pagiging espirituwal na marumi? Isipin ang nakaaaliw, nagpapalaya, at nagpapadakilang damdaming pasasainyo kapag nakita ninyo ang katotohanan ng Pagbabayad-sala at ang praktikal na halaga nito sa bawat isa sa inyo araw-araw" ("Washed Clean," *Ensign,* Mayo 1997, 9–10).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Ipagdasal ang mga miyembro ng klase mo.** Mayroon bang nahihirapan sa klase mo? Tulad noong ipagdasal ng Tagapagligtas si Pedro (tingnan sa Lucas 22:31–32), maaari mong ipagdasal na mapatatag ang mga tinuturuan mo (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 6).



*Mga Jaredita na Papaalis ng Babel,* ni Albin Veselka

NOBYEMBRE 9–15

# Eter 1–5

"PUNITIN ANG TABING NA YAON NG KAWALANG-PANINIWALA"

Anong mga katotohanan ang natutuhan mo sa iyong personal na pag-aaral ng Eter 1–5 na maibabahagi mo sa mga tinuturuan mo? Anong mga pagkakataon ang maibibigay mo sa kanila para maibahagi ang natutuhan nila?

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Isipin ang malikhaing paraang ito para mag-anyayang magbahagi: Magpasa ng mga bato sa 16 na miyembro ng klase, at anyayahan ang ilan sa kanila na magbahagi ng isang katotohanan na naaalala nila mula sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya ng Eter 1–5. Ano ang gagawin nila dahil sa natutuhan nila?



## Ituro ang Doktrina

ETER 1–3; 4:8–19

### Habang patuloy tayong nananawagan sa Panginoon, ihahayag Niya ang Kanyang kalooban.

- Bawat isa sa atin ay nahirapan nang humanap ng sagot sa isang problema o tanong. Paano makakatulong ang mga karanasan ng kapatid ni Jared sa mga tinuturuan mo na malaman kung paano humingi ng tulong sa Panginoon? Marahil ay maaari kang magdrowing sa pisara ng isang table na may mga column na may nakasulat na *Ang tanong ng kapatid ni Jared, Ang ginawa ng kapatid ni Jared,* at *Ang tugon ng Panginoon.* Pagkatapos ay maaari mong hatiin ang klase sa tatlong grupo at atasan ng isang column ang bawat grupo. Bawat grupo ay maaaring magtulungan para basahin nang mabilis ang Eter 1:33–43 at 2:16–3:6 at isulat ang natagpuan nila sa column na nakaatas sa kanila. Pagkatapos ay maaaring talakayin ng klase ang mga tanong na gaya nito: Ano ang matututuhan natin tungkol sa iba't ibang paraan na maaaring piliin ng Panginoon para tulungan tayo? Ano ang matututuhan natin tungkol sa ating tungkulin sa proseso ng pagtanggap ng paghahayag? Marahil ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng iba pang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan na nagtuturo ng ganitong mga alituntunin. Ang pahayag ni Elder Richard G. Scott sa "Karagdagang Resources" ay nagbibigay ng mga karagdagang kabatiran tungkol sa kung paano sinasagot ng Panginoon ang mga panalangin.
- Maaaring mahikayat ng panalangin ng kapatid ni Jared sa Eter 3:1–5 ang mga miyembro ng klase na suriin ang kanilang mga personal na panalangin. Marahil ay maaaring isipin ng mga miyembro ng klase na kunwari'y nagbibigay sila ng payo sa isang taong nag-aaral pa lang kung paano manalangin. Anong payo ang ibibigay

nila? Pagkatapos ay maaari nilang saliksikin ang Eter 3:1–5 at ibuod ang bawat talata sa isa o dalawang tip o alituntunin tungkol sa kung paano manalangin nang epektibo. Isiping bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para pag-isipan ang sarili nilang mga panalangin at kung paano nila masusundan ang halimbawa ng kapatid ni Jared para maging mas makabuluhan ang kanilang mga panalangin.

- Matapos ibahagi ang paghahayag na naranasan ng kapatid ni Jared sa Eter 3, nagpayo si Moroni sa Eter 4 kung paano tayo makatatanggap ng paghahayag mula sa Panginoon. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa payong ito, maaari mong idispley ang isang larawan ni Jesucristo at anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Eter 4:8–10 para sa mga bagay na maaaring makahadlang sa atin na tumanggap ng paghahayag o katotohanan mula sa Panginoon. Habang ibinabahagi ng mga miyembro ng klase ang natagpuan nila, maaari mong dahan-dahang takpan ng tela o papel ang larawan ni Cristo. Paano natin maiiwasan ang mga espirituwal na hadlang na ito sa ating buhay? Kasunod nito, maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Eter 4:7, 11–15, na hinahanap kung paano tayo magiging marapat na tumanggap ng katotohanan mula sa Panginoon. Habang ibinabahagi ng mga miyembro ng klase ang natagpuan nila, alisin ang tela o papel. Ano ang ibig sabihin ng "[manampalataya] sa . . . Panginoon, maging tulad ng kapatid ni Jared"? (Eter 4:7; tingnan din sa Eter 3:1–9). Ano ang ibig sabihin ng "[punitin] ang tabing . . . ng kawalang-paniniwala" sa ating buhay? (Eter 4:15). Paano natin matutulungan ang iba na gawin din iyon? Maaari ding maghanap ng mga katotohanan ang mga miyembro ng klase tungkol sa personal na paghahayag sa mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson na "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay" (*Ensign* o *Liahona,* Mayo 2018, 93–96).

**ETER 2:14–15**

### Sa pamamagitan ng Kanyang pagpaparusa, inaanyayahan tayo ng Panginoon na magsisi at lumapit sa Kanya.

- Kahit ang isang dakilang propetang katulad ng kapatid ni Jared ay tumanggap ng pagpaparusa mula sa Panginoon. Sa katunayan, bahagi ng pagiging dakila niya ang paraan ng pagtugon niya sa pagpaparusa. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa halimbawa ng kapatid ni Jared, maaari mo silang anyayahan na sama-samang basahin ang Eter 2:14–15 nang magkakapares. Pagkatapos ay pagkunwariin ang isa sa kanila bilang kapatid ni Jared at ang isa naman bilang isang taong katatanggap lang ng pagpaparusa mula sa isang lider ng Simbahan o magulang. Ipatalakay o ipasadula sa kanila kung ano ang maaaring sabihin ng kapatid ni Jared tungkol sa kanyang sariling karanasan para tulungan ang taong ito. Ano ang maaari niyang ipayo? Anong mga aral ang matututuhan natin na tutulong sa atin na mas mapalapit sa Ama sa Langit? Maaari mo ring talakayin kung paano maaaring nakatulong ang pagpaparusa ng Panginoon at ang tugon ng kapatid ni Jared na maihanda siya para sa naranasan niya sa Eter 3:1–20. Narito ang ilang iba pang resources na makakatulong: ang mensahe ni Elder D. Todd Christofferson na "Ang Lahat kong Iniibig, ay Aking Sinasaway at Pinarurusahan" (*Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 97–100) o ang bahaging may pamagat na "Disiplina" sa mensahe ni Elder Lynn G. Robbins na "Ang Tapat na Hukom" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2016, 96–97).

**ETER 5**

### Nagpapatotoo ang tatlong saksi tungkol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.

- Ang pag-alam sa iba pa tungkol sa propesiya ni Moroni tungkol sa Tatlong Saksi ay maaaring makatulong na mapalakas ang patotoo ng mga miyembro ng klase tungkol sa Aklat ni Mormon. Marahil ay maaaring basahin ng kalahati ng klase ang Eter 5 at ng natitirang kalahati ang "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" (sa simula ng Aklat ni Mormon) at ibahagi sa isa't isa kung ano sa palagay nila ang layunin ng Panginoon sa pagpapahintulot na makita ng Tatlong Saksi ang isang anghel at ang mga lamina. Maaari din nilang talakayin ang iba pang mga pagkakataon kung kailan maraming saksi ang nagpapatibay sa katotohanan (tingnan, halimbawa, sa Mateo 3:13–17; 18:15–16; Juan 5:31–47; D at T 128:3). Anong mga saksi sa ating buhay ang nakahikayat sa atin na maniwala? Paano "[naipakita]" sa atin ang "kapangyarihan ng Diyos at gayon din ang kanyang salita" sa Aklat ni Mormon? (Eter 5:4).

## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin na kunwari'y patuloy na naghuhulihan at nagpapatayan ang mga lider nila sa pulitika. Sa Eter 6–11, mababasa nila kung paano ito nangyari sa mga inapo ni Jared at ng kanyang kapatid. May makikita rin silang ilang babala na tutulong sa kanila na maiwasan ang mga problemang nakaharap ng mga Jaredita.

## Karagdagang Resources

### Pagkilala sa mga sagot sa panalangin.

Itinuro ni Elder Richard G. Scott:

"Kapag ipinaliliwanag natin ang isang problema at ang isang ipinanukalang solusyon, kung minsa'y oo ang sagot Niya, kung minsan nama'y hindi. Kadalasa'y hindi Siya sumasagot, hindi dahil wala Siyang malasakit, kundi dahil mahal Niya tayo—nang lubusan. Nais Niyang ipamuhay natin ang mga katotohanang ibinigay Niya sa atin. Para umunlad tayo, kailangan nating magtiwala sa ating kakayahang magpasiya nang tama. Kailangan nating gawin ang *nadarama* nating tama. Darating ang panahon na sasagot Siya. Hindi Niya tayo bibiguin. . . .

". . . Nais Niya tayong kumilos para magtamo ng kinakailangang karanasan:

"Kapag sumagot Siya ng *oo,* iyon ay para bigyan tayo ng tiwala sa sarili.

"Kapag sumagot Siya ng *hindi,* iyon ay para maiwasan ang pagkakamali.

"Kapag Siya ay *hindi nagbigay ng sagot,* iyon ay para palaguin tayo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya, pagsunod sa Kanyang mga utos, at kahandaang kumilos ayon sa katotohanan. Inaasahang mananagot tayo sa pagkilos ayon sa pasiya na naaayon sa Kanyang mga turo nang walang paunang kumpirmasyon. Hindi tayo dapat maupo at maghintay na lang o bumulung-bulong dahil hindi nangusap ang Panginoon. Dapat tayong kumilos" ("Learning to Recognize Answers to Prayer," *Ensign,* Nob. 1989, 31–32).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Basahin muna ang mga banal na kasulatan.** Dapat ay ang mga banal na kasulatan ang unang pagmulan ng iyong pag-aaral at paghahanda. Huwag kalimutan na ang mga salita ng mga makabagong propeta ay karagdagan sa mga pamantayang banal na kasulatan at banal na kasulatan din (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 17–18).



*Muli Ko Kayong Ilalabas Mula sa Kailaliman,* ni Jonathan Arthur Clarke

NOBYEMBRE 16–22

# Eter 6–11

“UPANG ANG KASAMAAN AY MAWAKASAN”

Tandaan na ang mga talaang nasa Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon. Habang naghahanda kang magturo, hanapin sa mga salaysay na ito sa banal na kasulatan ang mga alituntuning maaaring magpalakas sa mga miyembro ng klase na harapin ang mga hamon sa kanilang buhay.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Para matulungan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay na nakita nilang makabuluhan sa Eter 6–11, maaari mo silang anyayahang isipin na kunwari’y ginagawan ng pelikula ang mga kabanatang ito; anong parirala mula sa Eter 6–11 ang imumungkahi nila bilang pamagat? Bigyan sila ng oras na pag-isipan ito, at anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga pamagat at ipaliwanag kung bakit iyon ang pinili nila.



## Ituro ang Doktrina

ETER 6:1–12

### Gagabayan tayo ng Panginoon sa ating paglalakbay sa buhay.

- Iminumungkahi sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* na ikumpara ang paglalakbay ng mga Jaredita patawid ng dagat sa ating paglalakbay sa mortalidad. Hilingin sa mga miyembro ng klase na sinubukan ang aktibidad na ito sa bahay na ibahagi ang mga kabatirang natamo nila mula sa analohiyang ito. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na gumawa ng iba pang mga pagkukumpara sa klase, anyayahan silang tingnan sa Eter 6:1–12 ang mga detalye tungkol sa paglalakbay na maaaring may simbolikong kahulugan (tulad ng kumikinang na mga bato, mga gabara, at hangin) at ilista ang mga ito sa pisara. Pagkatapos ay maaaring mag-ukol ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para pag-aralan ang mga talata nang magkakapares o sa maliliit na grupo at talakayin kung ano ang maaaring isagisag ng mga simbolong ito sa ating buhay. Halimbawa, ano ang ating “lupang pangako”? (talata 8). Paano tayo ginagabayan ng Diyos sa ating paglalakbay?
- Maaari mong gamitin ang Eter 6:1–12 para makahikayat ng isang talakayan tungkol sa kung paano tayo tinutulungan ng pagbaling sa Diyos na lumago mula sa ating mga pagsubok. Halimbawa, ang sipi sa “Karagdagang Resources” ay makakatulong sa mga miyembro ng klase na ikumpara ang “malakas na hangin” na binanggit sa mga talata 5–8 sa mga paghihirap sa buhay. Ano ang ginawa ng mga Jaredita noong sila ay “napalilibutan . . . ng maraming

tubig"? (talata 7). Maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung kailan nakatulong ang kanilang mga paghihirap para sila lumago. Paano nakatulong sa kanila ang paraan ng pagtugon nila sa kanilang mga pagsubok na makausad patungo sa kanilang "lupang pangako"? Paano sila tinulungan ng Panginoon na malagpasan ang kanilang mga pakikibaka? Hikayatin silang sumangguni sa mga salita at parirala mula sa Eter 6 habang ibinabahagi nila ang kanilang mga karanasan at iniisip.



*Paglalakbay ng mga Jaredita sa Buong Asia,* ni Minerva Teichert

**ETER 6:7–18, 30; 9:28–35; 10:1–2**

### Pinagpapala tayo ng Panginoon kapag mapagpakumbaba tayo.

- Bagama't halos buong kuwento ng mga Jaredita ay naglalarawan ng masasamang bunga ng kapalaluan at kasamaan, kabilang din dito ang mga panahon ng pagpapakumbaba at kasaganaan na maaari nating kapulutan ng aral. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na matuto mula sa magagandang halimbawang ito, maaari mong hatiin ang klase sa dalawang grupo at ipabasa sa isang grupo ang Eter 6:7–18 at 30 samantalang babasahin naman ng kabilang grupo ang Eter 9:28–35 at 10:1–2. Hilingin sa kanila na hanapin sa mga talatang ito ang katibayan na ang mga Jaredita ay nagpakumbaba—o napakumbaba ng kanilang sitwasyon—at kung paano sila pinagpala ng Panginoon dahil dito. Kapag nabigyan na ng sapat na oras ang mga miyembro ng klase, anyayahan ang mga miyembro mula sa bawat grupo na ibahagi ang natutuhan nila. Paano tayo natutulungan ng pagpapakumbaba na mas mapalapit sa Diyos? Ang pagkanta o pakikinig sa isang himno tungkol sa pagpapakumbaba, tulad ng "Kailangan Ko Kayo" (*Mga Himno,* blg. 54), ay maaaring makaragdag sa aktibidad na ito.

**ETER 7–11**

### Ginagabayan ng matwid na mga pinuno ang mga tao patungo sa Diyos.

- Kahit ang mga hindi pa nakahawak ng pormal na katungkulan sa pamumuno ay maaaring matuto mula sa mga halimbawa ng mga matwid at masamang haring Jaredita; ang mga salaysay na ito ay matutulungan tayong maging mas mahuhusay na pinuno sa ating tahanan, sa ating komunidad, at sa simbahan. Maaari mo sigurong simulan ang isang talakayan tungkol sa paksang ito sa paghiling sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang tao na itinuturing nilang mahusay na pinuno. Anyayahan silang ibahagi nang maikli ang ilan sa mga katangian ng taong iyon, at gumawa ng listahan sa pisara. Pagkatapos ay maaari mong atasan ang bawat miyembro ng klase na mag-aral tungkol sa isa sa mga Jaredita sa Eter 7–11. (Matatagpuan ang isang listahan ng mga hari, na may mga reperensya sa banal na kasulatan na naglalarawan sa kanilang panunungkulan, sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya.*) Maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa mga haring ito tungkol sa pamumuno, na idinaragdag sa listahang nasa pisara ang iba pang mga katangiang nakita nila. Ang iba pang mga katangian ng mahusay na pamumuno ay nakalista sa "Karagdagang Resources." Paano tayo magkakaroon ng mga katangiang ito at magiging mga pinuno, kahit wala tayong partikular na tungkulin sa pamumuno?



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mapukaw ang interes ng mga miyembro ng klase sa pagbabasa ng Eter 12–15, maaari mong banggitin na sa mga kabanatang ito ay ipinahayag ni Moroni sa Panginoon ang ilan sa mga kawalan niya ng kapanatagan tungkol sa talaang itinatago niya. Makakatulong sa atin ang tugon ng Panginoon kapag mayroon tayong gayon ding damdamin ng kakulangan.



## Karagdagang Resources

### Ang ating mga pagsubok ay inihahanda tayong tumanggap ng buhay na walang hanggan.

Nang magsalita siya sa isang pangkalahatang kumperensya noong mahihirap na taon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinabi ni Elder Charles A. Callis ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sinabihan tayo na nang humayo ang mga Jaredita sakay ng kanilang mga gabara patungo sa lupang pangakong ito, nagkaroon ng matindi at nakakatakot na mga bagyo. Umihip ang hangin at nanganib sila sa delikadong paglalakbay na iyon. Inalalayan sila ng Diyos. At mababasa natin na kahit nagpatuloy ang malalakas na hangin at bagyo, na nagsanhi ng pagkawasak, patuloy na umihip ang hangin patungo sa Lupang Pangako. At ang dinaranas nating mga paghihirap na ito, ang nakakatakot na mga digmaang ito at lahat ng kakila-kilabot na bagay na nangyayari, ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Mapipigil Niya ang mga ito kung gusto Niya, kapag natupad na ang Kanyang mga banal na layunin. Ngunit huwag nating kalimutan na sa pagdaan sa dagat-dagatang ito ng problema, ang ating mga paghihirap, ang mga karanasang pinagdaraanan natin at gagamitin ng Diyos para sa ating ikabubuti, kung susundin natin Siya—lahat ng ito ay hinihipan tayo patungo sa ligtas na lugar, sa isang maluwalhating kinabukasan, sa buhay na walang hanggan" (sa Conference Report, Abr. 1943, 62).

### Mga katangian ng matwid na mga pinuno.

"Sa kaharian ng Diyos, ang kadakilaan at pamumuno ay nangangahulugan ng pagtingin sa iba kung sino sila talaga—gaya ng pagtingin ng Diyos sa kanila—at pagtulong at paglilingkod sa kanila. Ibig sabihin nito ay magalak na kasama ng mga taong maligaya, lumuhang kasama ng nagdadalamhati, pasiglahin ang mga nababalisa, at mahalin ang ating kapwa gaya ng pagmamahal sa atin ni Cristo. . . .

". . . Ang pamumuno sa Simbahan ay hindi lahat tungkol sa paggabay sa iba kundi tungkol din ito sa ating kahandaang gabayan ng Diyos" (Dieter F. Uchtdorf, "Ang Pinakadakila sa Inyo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2017, 79–80).

"Mabubuting tao lamang ang may kakayahang magpasigla at maghikayat sa isa't isa sa higit na paglilingkod, tagumpay, at kalakasan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* [2014], 286).

"Itinuturo ng mundo na kailangang maging makapangyarihan ang mga pinuno; itinuturo ng Panginoon na kailangan ay mapagpakumbaba sila. Ang mga makamundong pinuno ay nagtatamo ng kapangyarihan at impluwensya sa pamamagitan ng kanilang talento, kasanayan, at yaman. Ang mga pinunong katulad ni Cristo ay nagtatamo ng kapangyarihan at impluwensya 'sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig' [D at T 121:41]" (Stephen W. Owen, "Ang Pinakadakilang mga Pinuno ay ang Pinakadakilang mga Alagad," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2016, 75).

#### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maghikayat ng isang kapaligirang may paggalang.** Nadarama mo ba na lahat ng nasa klase ay komportable sa pagpapahayag ng kanilang mga iniisip at nadarama? "Ipaunawa sa mga miyembro ng klase mo na naaapektuhan ng bawat isa sa kanila ang nadarama ng klase. Hikayatin sila na tulungan kang magtaguyod ng tapat, mapagmahal, at magalang na kapaligiran upang madama ng lahat na ligtas nilang maibabahagi ang kanilang mga karanasan, tanong, at patotoo" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 15).



*Si Eter na Nagkukubli sa Butas ng Isang Malaking Bato*, ni Gary Ernest Smith

NOBYEMBRE 23–29

# Eter 12–15

"SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA ANG LAHAT NG BAGAY AY NAISASAKATUPARAN"

Ang layunin ng outline na ito ay hindi para itakda kung ano ang mangyayari sa klase. Ito ay isang suplemento—hindi isang kapalit—para sa personal na paghahayag. Magpagabay sa Espiritu sa inyong personal na pag-aaral at paghahanda, at pagkatapos ay tingnan kung ang mga aktibidad sa outline na ito ay maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na matuklasan at maibahagi ang mahahalagang alituntunin sa Eter 12–15.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Para matulungan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral o pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan, maaari mong isulat sa pisara ang mga pariralang tulad ng "Natutuhan ko na . . ." "May patotoo ako sa . . ." at "Naranasan ko . . ." Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay mula sa Eter 12–15 na maaaring kumumpleto sa isa sa mga pahayag sa pisara.

## Ituro ang Doktrina

ETER 12:2–22

### Tatanggap tayo ng patotoo tungkol sa katotohanan kapag pinalakas natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo.

- Para matulungan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang ibig sabihin ng palakasin ang pananampalataya kay Jesucristo, maaari mo silang tanungin kung anong mga larawan o salita ang pumapasok sa kanilang isipan kapag naririnig nila ang salitang *palakasin.* (Maaari mo pa ngang hanapin ang salita sa diksyunaryo.) Ano ang epekto ng pisikal na pagpapalakas sa ating katawan? Paano natin magagamit ang alituntuning ito sa pananampalataya? Sa anong mga paraan tayo maaaring "manampalataya" kay Cristo? Maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Eter 12:2–22 at talakayin kung paano nanampalataya ang mga taong binanggit sa mga talatang ito. Paano natin masusundan ang kanilang mga halimbawa? Ayon sa mga talatang ito, ano ang mga resulta ng pagsampalataya kay Jesucristo?

- Ang mga halimbawa ng pananampalataya sa Eter 12:7–22 ay naglalaan ng magandang rebyu ng nagbibigay-inspirasyong mga kuwento na sama-sama ninyong napag-aralan sa Aklat ni Mormon. Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang iba pang mga halimbawa ng pananampalataya at ang natutuhan nila mula sa mga ito (matatagpuan ang iba pa sa Mga Hebreo 11). Maaari din silang magbahagi ng matatapat na halimbawa mula sa kasaysayan ng kanilang pamilya o sa sarili nilang buhay. Paano napalakas ng mga halimbawang ito ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at sa Ama sa Langit?
- Ang Eter 12 ay puno ng mga kabatiran at katotohanan tungkol sa pananampalataya. Maaaring makakita ang mga miyembro ng klase ng mga talata sa kabanatang ito na nagtuturo sa kanila tungkol sa pananampalataya. Pagkatapos ay maaari nilang isulat sa pisara ang natuklasan nila.

**ETER 12:1–9, 28, 32**

### Ang pananampalataya ay humahantong sa "[pag-asa] para sa isang daigdig na higit na mainam."

- Mailalarawan ba ng isang tao sa klase mo kung bakit mahalaga ang angkla sa isang barko? Maaari kang magpakita ng larawan ng isang barko at isang angkla (o magdrowing ng isa sa pisara) at talakayin mo kung ano ang mangyayari sa isang barkong walang angkla. Ano ang mangyayari sa atin kapag wala tayong pag-asa? Pagkatapos ay maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang Eter 12:4 at pag-usapan kung paano natutulad ang pag-asa sa "isang daungan sa [ating] mga kaluluwa." Maaari din nilang basahin ang Eter 12:1–9, 28, at 32 at ibahagi ang mga kabatirang natamo nila tungkol sa pag-asa. Ano ang dapat nating asamin? (tingnan sa Eter 12:4; Moroni 7:41; tingnan din sa Juan 16:33).

**ETER 12:23–29**

### Sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo, maaaring maging malakas ang mahihinang bagay.

- Para maiakma ng mga miyembro ng klase sa kanilang sarili ang mga katotohanang natutuhan ni Moroni tungkol sa kahinaan at kalakasan sa Eter 12, maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang taong maaaring pinanghihinaan ng loob dahil sa kanyang mga kahinaan. Pagkatapos ay hikayatin ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Eter 12:23–29 para makahanap ng mga mensaheng maaaring makatulong sa taong iyon. Kung narito si Moroni ngayon, ano kaya ang sasabihin niya para palakasin ang loob ng taong iyon? Maaari ding magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan mula sa sarili nilang buhay kung kailan nakatulong ang Tagapagligtas na gawin "ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27). Paano naiiba ang pagbabagong ito sa mga pagsisikap na mapaunlad ang sarili na maaaring gawin ng isang tao nang hindi umaasa sa Tagapagligtas? Para sa iba pa tungkol sa paksang ito, tingnan ang pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring sa "Karagdagang Resources."
- Ang karanasan ni Moroni ay isa sa marami sa mga banal na kasulatan na nagpapakita kung paano magagawa ng biyaya ng Tagapagligtas na maging mga kalakasan ang ating mga kahinaan. Maaaring makatulong na hatiin ang klase sa mga grupo, atasan ang bawat grupo na pumili ng isang tao sa mga banal na kasulatan na nagkaroon ng isang kahinaan, at talakayin kung paano pinalakas ng Panginoon ang taong iyon. May ilang halimbawang iminumungkahi sa "Karagdagang Resources." Maaari mo ring imungkahi na rebyuhin ng mga miyembro ng klase ang kahulugan ng biyaya sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan o sa *Tapat sa Pananampalataya* (mga pahina 13–14). Paano ipinamamalas ng mga halimbawang pinag-aralan nila sa mga banal na kasulatan ang kapangyarihan ng biyaya ng Tagapagligtas? Paano natin aanyayahan ang kapangyarihang ito sa ating buhay?
- Karaniwan lang na ikumpara ang ating mga kahinaan sa inaakala nating mga kalakasan ng iba; kahit si Moroni ay nakadama na mas mahusay ang kapatid ni Jared kumpara sa kanya (tingnan sa Eter 12:24). Bakit mapanganib na ikumpara ang ating sarili sa iba? Ayon sa Eter 12:26–27, paano ninanais ng Panginoon na makita natin ang ating mga kahinaan? (tingnan din sa pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring sa "Karagdagang Resources"). Paano Niya ninanais na makita natin ang mga kahinaan ng iba? (tingnan sa Eter 12:26).

ETER 13–15

### Ang pagtanggi sa mga propeta ay naghahatid ng espirituwal na panganib.

- Dahil sa mahahalagang katotohanang itinuro sa Eter 12, maaari mong piliing huwag mag-ukol ng maraming oras sa klase para sa mga kabanata 13–15. Gayunman, maaaring makatulong na ipabuod nang bahagya sa isang miyembro ng klase ang nangyayari sa mga kabanatang ito. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na makahanap ng makabuluhang mga mensahe sa salaysay na ito, maaari mong ipakumpleto sa kanila ang pariralang "sa gayon nakikita natin . . ." gamit ang isang aral na natutuhan nila mula sa pagkahulog ng mga Jaredita. Paano natulad ang kanilang pagkahulog sa pagkahulog ng mga Nephita? (tingnan, halimbawa, sa Eter 15:19 at Moroni 8:28). Ano ang ninanais ng Panginoon na matutuhan natin mula sa mga salaysay na ito, at ano ang magagawa natin para maiwasan ang sinapit ng mga Jaredita? Maaari ding rebyuhin ng mga miyembro ng klase kung paano nauugnay ang katapusan ng aklat ni Eter sa Omni 1:19–22; Mosias 8:8; at Mosias 28:11–18.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Sa susunod na linggo sisimulang pag-aralan ng mga miyembro ng klase ang aklat ni Moroni. Baka matuwa silang malaman na wala namang plano si Moroni na sumulat ng iba pa pagkatapos ng aklat ni Eter, ngunit naging mas matagal ang buhay niya kaysa inaasahan niya. Sa linggong ito sisimulan nilang basahin ang mga huling mensahe na nabigyang-inspirasyon si Moroni na isulat bago siya namatay.



## Karagdagang Resources

### Ang espirituwal na pag-unlad ay nangangailangan ng pagkilala sa ating mga kahinaan.

Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, nang magsalita siya tungkol sa Eter 12:27: "Sinabi ni Moroni na nang kanyang 'marinig ang mga salitang ito,' siya 'ay naaliw' (Eter 12:29). Maaari iyang makaaliw sa ating lahat. Ang mga taong hindi nakikita ang kanilang mga kahinaan ay hindi umuunlad. Ang pagkabatid sa inyong kahinaan ay isang pagpapala, dahil pinananatili kayo nitong mapagkumbaba at ibinabaling kayo palagi sa Tagapagligtas. Hindi lamang kayo inaaliw ng Espiritu, kundi kumikilos din Siya para mabago ng Pagbabayad-sala ang inyong likas na pagkatao. Sa gayon ay nagiging malakas ang mahihinang bagay" ("Ang Aking Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2017, 16).

### Mga Halimbawa: Ang mahihina ay ginagawang malalakas.

- Enoc (Moises 6:31–34; 7:13)
- Moises (Exodo 4:10–12; 14:31)
- Gideon (Mga Hukom 6:12–16; 8:22–23)
- Pedro (Lucas 5:8–10; 22:55–62; Mga Gawa 4:13–21)
- Moroni (Eter 12:23–29)
- Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:28; D at T 35:17; 135:3)

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Ituro ang "dahilan."** "Kung minsan, ang mga mag-aaral—lalo na ang mga kabataan—ay nagtataka kung paano nauugnay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanila o bakit nila dapat sundin ang ilang utos. Gayunman, kung nauunawaan nila ang walang-hanggang plano ng Ama sa Langit para sa kaligayahan ng Kanyang mga anak, mas lumilinaw ang mga dahilan para sa mga alituntunin ng ebanghelyo at mga kautusan at mas naganyak silang sumunod" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 20).



Minerva Teichert (1888–1976), *Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon*, 1949–1951, oil on masonite, 35⅝ x 48 pulgada. Brigham Young University Museum of Art, 1969

NOBYEMBRE 30–DISYEMBRE 6

# Moroni 1–6

"UPANG MAPANATILI SILA SA TAMANG DAAN"

Hinangad ni Moroni na "[maging] mahalaga" ang mga bagay na isinulat niya sa mga taong nabubuhay sa mga huling araw (Moroni 1:4). Habang binabasa mo ang Moroni 1–6, mapanalanging isipin ang mga bagay na magiging lubhang makabuluhan sa mga tinuturuan mo.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Kung minsan ay mas kaya ng mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga kabatiran mula sa kanilang personal na pag-aaral kapag may kaunting panahon sila para alalahanin ang nabasa nila. Maaari kang mag-ukol ng ilang minuto sa simula ng klase para rebyuhin ang mga chapter heading para sa Moroni 1–6. (Maaari din itong makatulong sa mga miyembro ng klase na hindi nagbasa sa bahay.) Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang mga kabanata para sa isang talatang makabuluhan para sa kanila at gusto nilang ibahagi sa klase.

## Ituro ang Doktrina


MORONI 2–6

### Ang mga ordenansa ng priesthood ay kailangang pangasiwaan ayon sa utos ng Panginoon.

- Kung ang mga miyembro ng klase mo (o mga mahal nila sa buhay) ay naghahandang tumanggap ng mga ordenansa ng priesthood, maaaring mahalaga na rebyuhin ang itinuro ni Moroni tungkol sa mga ordenansa sa Moroni 2–6. Maaaring magpares-pares ang mga miyembro ng klase para isadula ang mga sitwasyon na gaya ng mga sumusunod. (1) Malapit nang maorden sa priesthood ang kapatid mo. Ano ang payong ibibigay mo mula sa Moroni 3? (2) Nagtataka ang isang kaibigan sa ibang relihiyon kung bakit kailangang makibahagi ng sakramento bawat linggo. Ano ang sasabihin mo? (tingnan sa Moroni 4–5). (3) Malapit nang binyagan ang anak mo, pero hindi siya sigurado kung handa na siya. Paano mo siya tutulungan? (tingnan sa Moroni 6:1–3). Pagkatapos ng mga pagsasadula, maaaring talakayin ng klase ang natutuhan nila

mula sa isa't isa. Maaari din nilang ibahagi ang kanilang patotoo kung paano sila mas nailapit ng mga ordenansang gaya nito sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

- Para magpasimula ng talakayan tungkol sa paghahanda para sa binyag, maaari mong ipalarawan sa isang miyembro ng klase kung paano nila pinaghandaan ang mahahalagang pangako sa kanilang buhay, tulad ng misyon, pag-aasawa, pagiging magulang, o bagong trabaho. Paano ikinumpara ang paghahandang iyon sa paghahandang kailangan para maging marapat sa binyag, ayon sa nakasaad sa Moroni 6:1–3? (tingnan din sa Mosias 18:8–10; D at T 20:37). Bakit kailangan ang mga katangiang nakalista sa mga talatang ito para sa binyag? Paano natin malalaman kung handa tayo para sa ordenansang ito? Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pagnilayan kung gaano kahusay nila isinasabuhay ang mga pamantayang ito simula nang mabinyagan sila at kung ano ang maaari nilang gawin para mas humusay pa. Maaari mo rin silang anyayahang isulat ang anumang mga impresyong natatanggap nila at sumangguni sa mga ito nang madalas.



Ang mga ordenansa ay isinasagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.

MORONI 4–5

### Ang pakikibahagi ng sakramento ay mas naglalapit sa atin kay Jesucristo.

- Iminumungkahi sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ang ilang aktibidad sa pag-aaral na may kaugnayan sa sakramento. Marahil ay maaari mong anyayahan ang ilang miyembro ng klase na kumpletuhin ang mga aktibidad na ito sa bahay at pumasok sa klase na handang ibahagi ang natutuhan nila. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi sa isa't isa kung ano ang ginagawa nila para ihanda ang kanilang sarili at kanilang pamilya na magkaroon ng mga sagradong karanasan sa sakramento.

- Maraming beses nang narinig ng karamihan sa atin ang mga panalangin sa sakramento, ngunit iniisip ba natin nang husto kung ano ang kahulugan ng mga salita roon? Para matulungan ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang mga panalanging ito, maaari mo silang bigyan ng ilang minuto para isulat ang dalawang panalangin sa sakramento mula sa memorya. Pagkatapos ay anyayahan silang ikumpara ang isinulat nila sa Moroni 4:3 at 5:2. Ano ang madali nilang naalala? Ano ang nalimutan nila? May napansin ba silang anuman tungkol sa mga panalanging ito na hindi nila napansin dati? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga salita at parirala mula sa mga panalangin sa sakramento na tila pinakamahalaga sa kanila o na nagpapadama sa kanila ng kasagraduhan ng ordenansang ito. Para mapalalim ang pagpapahalaga ng mga miyembro ng klase sa sakramento, isiping anyayahan ang isang miyembro ng klase na kumanta o tumugtog ng isang himnong pang-sakramento.

MORONI 6:4–9

### Ang mga disipulo ni Jesucristo ay nagmiministeryo sa isa't isa.

- Isiping gumamit ng isang analohiya para maipaunawa sa mga miyembro ng klase ang kahalagahan ng "mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4). Halimbawa, anong uri ng pangangalaga ang kailangan para sa isang binhi o isang sanggol? Ano ang nangyayari kung may nakaligtaan kang isang bagay na nangangailangan ng pangangalaga? Paano natutulad ang bago at nagbabalik na mga miyembro ng Simbahan sa isang halaman o sanggol na nangangailangan ng pangangalaga? Maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang Moroni 6:4–9 para sa mga ideya kung paano nila "mapangangalagaan" ang isa't-isa sa espirituwal. Maaari din silang makahanap ng mga ideya sa "Karagdagang Resources." Maaari kang magbahagi ng isang karanasan kung saan nagministeryo sa iyo ang isang kapwa disipulo. Marahil ay handang magbahagi ng gayon ding mga karanasan ang mga miyembro ng klase.

- Maaaring maipaunawa ng Moroni 6:4–9 sa mga miyembro ng klase kung paano tayo pinagpapala kapag tayo ay "napabilang sa mga tao ng Simbahan ni Cristo" at dumadalo sa mga miting ng simbahan. Paano natin maaaring ipaliwanag ang mga pagpapalang ito sa isang taong nagdududa sa pangangailangan sa isang organisadong simbahan? Marahil ay maaaring saliksikin ng mga miyembro ng klase ang mga talatang ito para makahanap ng isang bagay na maaari nilang ibahagi. O maaari nilang ilista ang ilan sa mga pagpapalang natanggap nila bilang mga miyembro ng Simbahan (tingnan sa D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 108–11). Ano ang magagawa natin para matiyak na ang kapwa natin mga disipulo ay "maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos" habang tayo ay "madalas na nagtitipun-tipon"? (Moroni 6:4–5).



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Maaaring mas masasabik ang mga miyembro ng klase na basahin ang Moroni 7–9 sa susunod na linggo kung ipaliliwanag mo na kasama rito ang dalawang liham na isinulat ni Mormon para tulungan ang kanyang anak na manatiling tapat sa mahihirap na panahon.



## Karagdagang Resources

### Pinangalagaan ng salita ng Diyos.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland: "Karamihan sa mga tao ay hindi nagsisimba para lamang makaalam ng ilang bagong katotohanan ng ebanghelyo o makita ang mga dating kaibigan, bagama't mahalaga ang lahat ng iyan. Pumupunta sila dahil gusto nila ng espirituwal na karanasan. Gusto nila ng kapayapaan. Gusto nilang mapatibay ang kanilang pananampalataya at magkaroon ng panibagong pag-asa. Gusto nila, sa madaling salita, na mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, na mapalakas ng mga kapangyarihan ng langit" ("A Teacher Come from God," *Ensign,* Mayo 1998, 26).

Ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang pangangalaga sa mga bagong binyag sa salita ng Diyos "ay isang gawain para sa lahat. Gawain ito ng mga home teacher at visiting teacher [ngayo'y ministering brothers at sisters]. Gawain ito ng bishopric, ng mga priesthood quorum, ng Relief Society, ng young men at young women, maging ng Primary.

"Nasa isang fast and testimony meeting ako nito lang nakaraang Linggo. Isang 15- o 16-anyos na binatilyo ang tumayo sa harap ng kongregasyon at nagsabi na nagpasiya na siyang magpabinyag.

"Pagkatapos ay isa-isang lumapit sa mikropono ang mga binatilyo ng teachers quorum upang ipahayag ang kanilang pagmamahal sa kanya, upang sabihin sa kanya na tama ang ginagawa niya, at upang tiyakin sa kanya na siya ay susuportahan at tutulungan nila. Napakagandang karanasan ang marinig ang mga binatilyong iyon na magsalita nang may pagpapahalaga at panghihikayat sa kanilang kaibigan. Nasisiyahan ako na lahat ng binatilyong iyon, pati na yaong nabinyagan noong nakaraang linggo, ay mangagmimisyon.


"Tinanong ako sa isang press interview kamakailan, 'Ano po ang nagdudulot sa inyo ng pinakamalaking kasiyahan kapag nakikita ninyo ang gawain ng Simbahan ngayon?'

"Ang sagot ko: 'Ang pinaka-nakasisiyang karanasan ko ay ang makita ang nagagawa ng ebanghelyong ito para sa mga tao. Binibigyan sila nito ng bagong pananaw sa buhay. Binibigyan sila nito ng isang pananaw na hindi pa nila nadama kahit kailan. Tinutulungan sila nitong hangarin ang mga bagay na marangal at banal. May nangyayari sa kanila na mahimalang pagmasdan. Umaasa sila kay Cristo at sumisigla.'

". . . Hinihiling ko sa bawat isa sa inyo na tumulong kayo sa gawaing ito" ("Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 48).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Hangarin na makatanggap ng sariling inspirasyon.** Sa halip na ituring ang mga outline na ito na mga tagubilin na kailangan mong sundin, gamitin ang mga ito para makakuha ng mga ideya o maghikayat ng sarili mong inspirasyon habang pinagninilayan mo ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo.



Minerva Teichert (1888–1976), *Si Moroni: Ang Huling Nephita*, 1949–1951, oil on masonite, 34¾ x 47 pulgada. Brigham Young University Museum of Art, 1969

**DISYEMBRE 7–13**

# Moroni 7–9

"NAWA AY DAKILAIN KA NI CRISTO"

Ang layunin mo ay tulungan ang mga tao na mas mapalapit sa Diyos, hindi lamang maglahad ng isang lesson. Maghanda para sa Sunday School sa pagbasa sa Moroni 7–9 na nasasaisip ang mga miyembro ng klase, at naghahanap ng mga alituntunin na makakatulong sa kanila.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON

## Mag-anyayang Magbahagi

Anyayahan ang bawat miyembro ng klase na rebyuhin ang Moroni kabanata 7, 8, o 9 at maghanap ng isang katotohanan na makabuluhan sa kanya. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang katotohanang natagpuan nila at kung paano sila napagpala nito.

## Ituro ang Doktrina

**MORONI 7:3–19**

### "Yaong sa Diyos ay nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti."

- Para maging mga disipulo ni Jesucristo, kailangan ay kaya nating humatol sa pagitan ng mabuti at masama. Marahil ay maaaring makatulong sa mga miyembro ng klase na talakayin ang mga katotohanan sa Moroni 7:3–19 para maiwasang humatol "nang mali" (Moroni 7:18). Para makapaghanda para sa talakayan, maaaring hanapin ng kalahati ng klase sa mga talatang ito ang payo ni Mormon kung paano matutukoy yaong nagmumula sa Diyos, at hanapin ng natitirang kalahati kung paano matutukoy yaong nagmumula sa diyablo. Pagkatapos ay maaari nilang talakayin ang natagpuan nila at ibahagi ang mga halimbawa ng mga bagay na nag-aanyaya sa kanila na "gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya" (Moroni 7:13). Paano natin magagamit ang payo ni Mormon sa ating mga desisyon sa araw-araw? Paano tayo maaaring gumawa ng mabubuting pasiya at magpakita pa rin ng pagmamahal para sa mga nasa paligid natin na hindi isinasabuhay ang ebanghelyo?
- Maraming nag-iisip, "Paano ko malalaman kung ang isang pahiwatig sa akin ay nagmumula sa Diyos o sa sarili kong isipan?" Maaari mong isulat sa pisara ang tanong na ito at anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Moroni 7:13–16 para sa mga alituntuning maaaring makatulong na masagot ang tanong na ito. Paano maaaring makatulong sa atin ang mga talatang ito na makilala ang banal na inspirasyon? Maaaring makatulong na ipaliwanag na "ang Espiritu ni Cristo," na tinatawag ding liwanag ni Cristo, ay tinutukoy kung minsan bilang ating budhi. Ang pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa "Karagdagang Resources" ay maaari ding makatulong.

MORONI 7:21–48

### Ang mga alagad ni Jesucristo ay naghahangad ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa.

- Para mas maipaunawa sa klase mo ang mga kaugnayan sa pagitan ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa, maaari kang magpakita ng isang silyang tatlo ang paa (o isang larawan niyon) at ipaisip sa mga miyembro ng klase kung paano natutulad sa tatlong paang ito ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa (tingnan sa pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa "Karagdagang Resources"). Pagkatapos ay maaari mo silang anyayahang pumili ng isa sa mga katangiang ito at hanapin kung ano ang itinuturo ni Mormon tungkol dito sa Moroni 7:21–48. Talakayin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod: Bakit natin kailangan ang pananampalataya at pag-asa para matanggap ang kaloob na pag-ibig sa kapwa? Paano tayo iniuugnay ng bawat isa sa mga katangiang ito kay Jesucristo? Bakit mahalaga ang mga katangiang ito para sa isang disipulo ni Jesucristo? Ano ang mangyayari sa atin kung mawalan tayo ng pananampalataya? pag-asa? pag-ibig sa kapwa? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magukol ng ilang sandali para isulat ang mga impresyong natanggap nila.

MORONI 8:4–21

### Ang pag-unawa sa tamang doktrina ay makakatulong sa atin na gumawa ng mga tamang pasiya.

- Maaaring hindi kailangang talakayin ng klase mo kung bakit maling binyagan ang mga sanggol, ngunit makakatulong ang mga salita ni Mormon tungkol sa paksang ito para makita nila ang mga karaniwang panganib ng maling doktrina. Para mailarawan kung paano "[nililito ng Aklat ni Mormon ang] mga maling doktrina" (2 Nephi 3:12), maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Moroni 8:4–21 sa mga grupo o nang isa-isa. Maaaring hanapin ng kalahati sa kanila ang doktrina na sa pakiramdam ni Mormon ay hindi naunawaan ng mga tao, kabilang na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa talata 20) at ang pananagutan (tingnan sa talata 10). Maaari namang hanapin ng natitirang kalahati ang mga bunga ng pagkakamali ng mga tao. Maaaring ibahagi ng bawat grupo sa klase ang nahanap nila. Ano ang itinuturo sa atin ng mga talatang ito tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral at pagsasabuhay ng tamang doktrina? Saan tayo makakakita ng mga tamang paliwanag tungkol sa doktrina ni Cristo? Paano natin matitiyak na tama ang ating pag-unawa sa doktrina?
- Makikinabang siguro ang klase mo sa pagsunod sa halimbawa ni Mormon sa pagtulong sa isang tao na gumawa ng mas mabubuting pasiya sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng tamang doktrina. Maaari mong magawa ito sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng isang tao mula sa mga banal na kasulatan na gumawa ng maling pasiya. Anong katotohanan ng doktrina ang makakatulong sa taong iyon na maiwasang maulit ang maling pasiyang iyon? Bigyan ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para maghanap ng mga talata sa banal na kasulatan o mga pahayag mula sa isang pangkalahatang kumperensya kamakailan na makakatulong sa taong iyon na maunawaan ang katotohanan ng doktrina. Pagkatapos ay maaari mong ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang nahanap nila.

MORONI 9:25–26

### Maaari tayong magkaroon ng pag-asa kay Cristo anuman ang ating sitwasyon.

- Ang huling nakatalang mensahe ni Mormon sa kanyang anak sa Moroni 9:25–26 ay makakatulong sa mga miyembro ng klase na makasumpong ng pag-asa kay Cristo, kahit sa mga sitwasyon na tila wala nang pag-asa. Marahil ay maaari kang magsimula sa paghiling sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga dahilan kung bakit pinanghinaan ng loob si Moroni. Pagkatapos ay maaari nilang basahin ang mga talatang ito at ilista sa pisara ang mga katotohanan na hinikayat ni Mormon na pagtuunan ni Moroni. Paano tayo maaaring "dakilain" ng mga katotohanang ito sa ating panahon? Maaari ding magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga halimbawa ng "awa at mahabang pagtitiis" ng Diyos na nasaksihan nila. O maaari silang magbahagi ng mga ideya na makakatulong sa isa't isa na panatilihin ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo "sa [ating] isipan magpakailanman," kahit pinanghihinaan tayo ng loob (talata 25).

# Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na basahin ang Moroni 10, maaari mong imungkahi na maaaring ito na ang tamang panahon para pagbulayan kung paano sila nakaranas ng panibagong pagsaksi sa katotohanan ng Aklat ni Mormon nang pag-aralan nila ito ngayong taon.

# Karagdagang Resources

## Nagmumula ba ito sa Espiritu?

Para masagot ang tanong na "Paano natin makikilala ang mga paramdam ng Espiritu?" binanggit ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Moroni 7:13 at sinabi: "Sa palagay ko hindi naman talaga [ito] napakahirap. . . . Hinihikayat ba ako nitong gumawa ng mabuti, bumangon, manindigan, gumawa ng tamang bagay, maging mabait, maging mapagbigay? Kung gayo'y nagmumula ito sa Espiritu ng Diyos" (*Teachings of Gordon B. Hinckley* [1997], 260–61).

## Pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa.

Ikinumpara ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa sa isang silyang may tatlong paa, na ipinaliliwanag na "pinatatatag ng tatlong [kabanalang] ito ang ating buhay anuman ang problema o pagsubok na ating kinakaharap. . . .

"Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa ay magpupuno sa isa't isa, [at] habang lumalago ang isa, lumalago rin ang iba. Ang pag-asa ay nagmumula sa pananampalataya, dahil kung walang pananampalataya, *walang* pag-asa. Sa gayon ding paraan, ang pananampalataya ay nagmumula sa pag-asa, dahil ang pag-asa ay 'kapanatagan sa mga bagay na [inaasahan].'

"Mahalaga ang pag-asa kapwa sa pananampalataya at pag-ibig sa kapwa. Kapag sa pagsuway, pagkabigo, at pagpapaliban ay gumuho ang pananampalataya, naroon ang pag-asa upang itaguyod ito. Kapag hinahamon ng pagkabigo at kawalan ng tiyaga ang pag-ibig sa kapwa, pinatatatag tayo ng pag-asa at hinihikayat tayong magmalasakit sa ating kapwa nang walang hinihintay na gantimpala. Kapag mas maliwanag ang ating pag-asa, mas malaki ang ating pananampalataya. Kapag mas matibay ang ating pag-asa, mas dalisay ang ating pag-ibig sa kapwa" ("Ang Walang Hanggang Bisa ng Pag-asa," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 21, 23).

## "Dalisay na pag-ibig ni Cristo."

Nagmungkahi si Elder Jeffrey R. Holland ng dalawang posibleng kahulugan ng pariralang "dalisay na pag-ibig ni Cristo":

"Ang una . . . ay ang uri ng maawain at mapagpatawad na pagmamahal na dapat madama ng mga disipulo ni Cristo para sa isa't isa. . . .

"[Ang isa pang kahulugan ay] ang walang-maliw, sukdulan, at nagbabayad-salang pagmamahal ni Cristo para sa atin. . . . Iyon ang pag-ibig sa kapwa—ang kanyang dalisay na pag-ibig sa atin—na kung wala ay wala tayong kabuluhan" (*Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* [1997], 336).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Tulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng espirituwal na pag-asa sa sarili.** "Kapag nagturo ka, sa halip na magbahagi lang ng impormasyon, tulungan ang [mga miyembro ng klase] na tuklasin sa kanilang sarili ang mga katotohanan ng ebanghelyo. . . . Kapag may mga tanong sila, kung minsa'y mas mabuting turuan sila kung paano nila mahahanap ang mga sagot sa kanilang sarili" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 28). Halimbawa, maaari mong pasangguniin ang mga miyembro sa resources na tulad ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan, na nagbibigay ng mga paliwanag na nauugnay sa iba't ibang paksa ng ebanghelyo.



*Upang Malaman Ninyo,* ni Gary L. Kapp

DISYEMBRE 14–20

# Moroni 10

"LUMAPIT KAY CRISTO, AT MAGING GANAP SA KANYA"

Ang mga miyembro ng klase mo ay maaaring nagkaroon na ng makabuluhang mga karanasan sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon sa taong ito. Gamitin ang mga karanasang ito para hikayatin ang lahat sa klase na pag-aralan ang mga banal na kasulatan.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na isipin na kunwari'y binibisita ni Moroni ang klase. Ano ang sasabihin nila sa kanya tungkol sa isinulat niya sa Moroni 10? Mayroon bang anumang mga talatang makabuluhan lalo na sa kanila? Marahil ay maaari silang magbahagi ng mga karanasan nila sa mga talatang ito.



## Ituro ang Doktrina

MORONI 10:3–7

### Maaari kong malaman ang katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

- Maaaring magtamo ng mga bagong kabatiran ang mga miyembro ng klase kung pag-aaralan nilang mabuti ang Moroni 10:3–5. Para matulungan sila, maaari mong isulat ang mahahalagang parirala mula sa mga talatang ito sa magkakahiwalay na piraso ng papel at bigyan ng isa ang bawat miyembro o grupo ng mga miyembro ng klase. Anyayahan silang pagnilayan o talakayin kung ano ang ibig sabihin ng kanilang parirala, pati na kung ano ang magagawa nila para maipamuhay ito. Pagkatapos ay maaari ninyong basahin ang Moroni 10:3–5 nang sama-sama, na humihinto pagdating ninyo sa isang parirala na pinag-aralan ng isa sa kanila para maibahagi niya ang kanyang mga iniisip.
- Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa pagkilos ayon sa paanyaya ni Moroni sa mga talatang ito, maaari mo silang anyayahang isipin na kunwari'y sinisikap nilang hikayatin ang isang kaibigan o kapamilya na magkaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon. Paano kaya nila magagamit ang Moroni 10:3–7? Anong mga karanasan ang maaari nilang ibahagi? Paano natin maipauunawa sa iba ang ibig sabihin ng malaman ang isang bagay "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo"? (Moroni 10:5).

MORONI 10:8–25

### "Huwag ninyong itatatwa ang mga kaloob ng Diyos."

- Bakit mahalaga ang payo na "huwag ninyong itatatwa ang mga kaloob ng Diyos" lalo na sa mga huling araw na ito? (Moroni 10:8). Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pagnilayan ang

tanong na ito habang binabasa nila ang Moroni 10:8–18. Para mapalakas ang paniniwala ng mga miyembro ng klase sa mga espirituwal na kaloob, maaari mo silang anyayahang magbahagi ng mga halimbawa ng mga taong gumagamit ng bawat kaloob na nakalista sa Moroni 10:9–16. Ang mga halimbawa ay maaaring magmula sa mga banal na kasulatan, sa kasaysayan ng Simbahan, o sa sarili nilang buhay. (Ang mga halimbawa mula sa Aklat ni Mormon ay nakamungkahi sa "Karagdagang Resources.") Maaari mo ring talakayin kung paano ipinakita ang ilan sa mga kaloob na inilarawan sa mga talatang ito sa paglabas ng Aklat ni Mormon. Bakit mahalaga para sa isang taong naghahangad na magkaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon na maniwala sa mga espirituwal na kaloob? Ano ginagawa natin kung minsan para "itatwa" ang mga kaloob na ito sa ating buhay? Paano tayo tinutulungan ng mga kaloob na ito na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya"? (tingnan sa Moroni 10:30–33).

- Ang isa pang paraan para masiyasat ang mga espirituwal na kaloob na inilarawan sa mga talatang ito ay isulat sa pisara ang mga tanong na gaya ng *Ano ang mga espirituwal na kaloob? Kanino ibinibigay ang mga ito? Bakit ibinibigay ang mga ito?* at *Paano natin matatanggap ang mga ito?* Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang Moroni 10:8–25 para mahanap ang mga sagot. (Makakatulong din ang mga pahayag nina Pangulong Brigham Young at Pangulong Dallin H. Oaks sa "Karagdagang Resources.") Bukod pa sa mga espirituwal na kaloob na nakalista sa mga talata 9–16, ano ang iba pang "mga kaloob ng Diyos" na natanggap natin o nagpala sa atin? (Moroni 10:8). Maaari mong ibahagi ang itinuro ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang mga espirituwal na kaloob ay napakarami at iba-iba. Ang mga nakasulat sa inihayag na salita ay mga paglalarawan lamang ng walang-katapusang pagbuhos ng biyaya ng langit na ibinibigay ng isang mapagmahal na Diyos sa mga nagmamahal at naglilingkod sa kanya" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 371).

**MORONI 10:30–33**

### Maaari akong maging ganap sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo.

- Ano sa palagay mo ang makakatulong sa mga miyembro ng klase mo na tanggapin ang paanyaya ni Moroni na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya"? (Moroni 10:32). Marahil ang pagsisimula sa isang himno tungkol sa paksang ito, tulad ng "Magsisunod Kayo sa Akin" (*Mga Himno,* blg. 67), ay maaaring mag-anyaya sa Espiritu sa inyong talakayan, at maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang anumang mga koneksyong nakikita nila sa pagitan ng himno at ng mga katotohanang matatagpuan sa Moroni 10:30–33. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talata at himnong ito tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng lumapit kay Cristo? Ano ang ibig sabihin ng maging "ganap kay Cristo"? (tingnan din sa D at T 76:50–53, 69). Ibahagi ang damdamin mo tungkol sa ibig sabihin ng "[magawang] ganap sa pamamagitan ni Jesus" (D at T 76:69), at hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang damdamin nila.

- Dahil ito ang huling talakayan ng klase mo tungkol sa Aklat ni Mormon sa taong ito, maaari mong ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang ilan sa nadama at natutuhan nila nang pag-aralan nila ang aklat na ito. Para matulungan ang mga miyembro ng klase na gawin ito, maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Moroni 10:32–33 at hilingin sa mga miyembro ng klase na mag-ukol ng ilang minuto para pagnilayan kung paano nakatulong sa kanila ang Aklat ni Mormon na lumapit kay Cristo. Maaari mong itanong: Paano tayo natulungan ng Aklat ni Mormon na magkaroon ng higit na pagmamahal sa Diyos? Paano tayo natulungan nito na mas lubos na umasa sa biyaya ni Cristo? Paano tayo natulungan nito na "huwag itatwa" ang kapangyarihan ng Tagapagligtas? Anyayahan ang mga miyembro ng klase na patotohanan ang Aklat ni Mormon at ang pagsaksi nito kay Jesucristo.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para matulungan ang mga miyembro ng klase na asamin ang pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan sa susunod na taon, maaari mong rebyuhin ang Moroni 10:9–16 at ipaliwanag na ang mga kaloob na ito ay makikitang lahat sa Simbahan ngayon. Kapag binasa natin ang Doktrina at mga Tipan, makikita natin kung paano nagamit ang mga kaloob at kapangyarihan ng Diyos para gawin ang Kanyang gawain sa mga huling araw.

# Karagdagang Resources

## Mga pagpapakita ng mga espirituwal na kaloob sa Aklat ni Mormon.

Pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu: Nephi at Lehi (Helaman 5:17–19)

Labis na pananampalataya: Alma, Amulek, Ammon, at iba pa (Eter 12:13–22)

Pagpapagaling: Alma (Alma 15:5–11)

Mga makapangyarihang himala: Ang tatlong disipulo (3 Nephi 28:19–22)

Propesiya: Lehi (2 Nephi 1:6–7)

Makakita ng mga anghel: Amulek (Alma 10:7–10)

Pagpapaliwanag ng mga salita: Mosias (Mosias 28:11–16)

## Patotoo ni Pangulong Brigham Young tungkol sa mga espirituwal na kaloob.

"*Pananampalataya.* Kapag naniniwala kayo sa mga alituntunin ng Ebanghelyo at matamo ang pananampalataya, na isang kaloob ng Diyos, daragdagan pa niya nang higit ang inyong pananampalataya, nagdaragdag ng pananampalataya sa pananampalataya. . . .

"*Ang Kaloob na Pagpapagaling.* Nandito ako upang magbigay [ng] patotoo sa daan-daang pagkakataong ang mga lalaki, babae, at mga bata ay napapagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, sa paraan ng pagpapatong ng mga kamay, at marami akong nakitang ibinangon mula sa pintuan ng kamatayan, [at ibinalik] mula sa bingit ng kawalang-hanggan; at [ilan na] kung kaninong mga espiritu ay ganap nang lumisan sa kanilang mga katawan, na naibalik muli. Pinatototohanan kong nakita ko ang maysakit na pinagaling sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, ayon sa pangako ng Tagapagligtas. . . .

"*Propesiya, Paghahayag, at Kaalaman.* Ang bawat lalaki [at] babae ay maaaring maging tagapaghayag, at magkaroon ng patotoo [kay Jesus], na siyang espiritu ng propesiya, at makini-kinita ang isipan at kalooban ng Diyos tungkol sa kanila, maitakwil ang masama, at piliin ang tama" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 282–84).

## "Manangan sa bawat mabuting kaloob."

Ikinuwento ni Pangulong Dallin H. Oaks kung paano pinagpala ng paghahangad ng mga espirituwal na kaloob ang kanyang ina: "Nang mamatay ang kanyang asawa, pakiramdam ng aking ina ay hindi na siya buo. Ipinagdasal niya nang husto kung ano ang kanyang kailangan para magampanan ang kanyang responsibilidad na palakihin ang kanyang tatlong maliliit na anak! Naghangad siya, naging karapat-dapat siya, at pinagpala siya! Nasagot ang kanyang mga dalangin sa maraming paraan, kabilang na ang pagtanggap ng mga espirituwal na kaloob. Marami siyang natanggap, ngunit yaong mahahalaga sa aking alaala ay ang mga kaloob na pananampalataya, patotoo, at karunungan" ("Spiritual Gifts," *Ensign,* Set. 1986, 72).

### Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**Maglaan ng oras para makapagbahagi ang mga mag-aaral.** "Kapag ibinahagi ng mga mag-aaral ang kanilang natututuhan, hindi lang nila nadarama ang Espiritu at napapalakas ang sarili nilang patotoo, kundi nahihikayat din nila ang ibang mga miyembro ng klase na tuklasin ang mga katotohanan para sa kanilang sarili" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 30).



*Masdan ang Kordero ng Diyos,* ni Walter Rane

DISYEMBRE 21–27

# Pasko

"SIYA AY PAPARITO SA DAIGDIG UPANG TUBUSIN ANG KANYANG MGA TAO"

Habang pinag-aaralan mo ang pagsilang ni Jesucristo sa linggong ito, isipin kung paano mo mapapalakas ang patotoo ng klase mo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Makakatulong ang ilan sa mga ideya sa outline na ito.

ITALA ANG IYONG MGA IMPRESYON



## Mag-anyayang Magbahagi

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na bumuo ng magkakapares o ng maliliit na grupo at ibahagi nila kung paano napalakas ng pagkatuto tungkol kay Jesucristo mula sa Aklat ni Mormon sa taong ito ang kanilang pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang mga turo.



## Ituro ang Doktrina

**1 NEPHI 11:13–23; HELAMAN 14:1–13; 3 NEPHI 1:4–22**

### Si Jesucristo ay isinilang para maging ating Tagapagligtas.

- Paano mo magagamit ang Aklat ni Mormon para turuan ang mga miyembro ng klase tungkol sa sagradong kaganapan ng pagsilang ng Tagapagligtas? Ang isang paraan ay hatiin ang klase sa tatlong grupo at bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan na babasahin nila nang sabay-sabay: 1 Nephi 11:13–23; Helaman 14:1–13; at 3 Nephi 1:4–22. Ipatalakay sa mga grupo kung ano ang itinuturo sa kanila ng mga talatang ito tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng bawat grupo sa iba pa sa klase ang tinalakay nila. Bakit mahalagang mapasaatin ang pagsaksi ng Aklat ni Mormon sa pagsilang ng Tagapagligtas?
- Ang pagkaalam tungkol sa pagsilang ni Cristo ay mahalaga, ngunit ang pagkaalam *kung bakit* Siya isinilang ay napakahalaga. Paano mo matutulungan ang mga tinuturuan mo na pagnilayan ang nakatutubos na kapangyarihan ni Jesucristo? Marahil ay maaaring ibahagi ng mga miyembro ng klase ang ilan sa mga kuwento at talata sa banal na kasulatan na pinag-aralan nila sa linggong ito (tingnan ang outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*). Hikayatin silang ibahagi kung paano napalalim ng mga bagay na pinag-aralan nila ang kanilang pagpapahalaga sa pagsilang ng Tagapagligtas at sa Kanyang nakatutubos na kapangyarihan.
- Para mapasimulan ang isang talakayan tungkol sa mga kaloob na naibigay ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak, maaari mong anyayahan ang ilang miyembro ng klase na magsalita tungkol sa mga espesyal na kaloob na natanggap nila sa araw ng Pasko. Paano tayo nagpapakita ng pasasalamat para sa mga kaloob

na natatanggap natin? Pagkatapos ay maaaring basahin ng mga miyembro ng klase ang pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson na matatagpuan sa "Karagdagang Resources" at talakayin ang apat na kaloob na binanggit ni Pangulong Monson. Anong papel ang ginagampanan ng Tagapagligtas sa mga kaloob na ito? Paano natin maipapakita ang ating pasasalamat sa Ama sa Langit para sa mga kaloob na ito?

- Bilang bahagi ng inyong talakayan tungkol sa Pasko, isiping anyayahan ang mga miyembro ng klase na tumugtog o kumanta ng mga himnong Pamasko. Maaari mo ring siyasatin ang ilan sa resources na nakalista sa "Karagdagang Resources."

**PAHINA NG PAMAGAT NG AKLAT NI MORMON; PAMBUNGAD SA AKLAT NI MORMON; 2 NEPHI 25:23, 26; 33:4, 10**

### Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo kay Jesucristo.

- Dahil patapos na ang pag-aaral ninyo ng Aklat ni Mormon sa Sunday School, maaari mong bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng klase na pagbulayan kung ano ang natutuhan nila tungkol kay Jesucristo sa Aklat ni Mormon sa taong ito. Para mapasimulan ang isang talakayan, maaari ninyong sama-samang basahin ang 2 Nephi 25:23, 26 at 33:4, 10, gayundin ang mga sipi mula sa pambungad sa Aklat ni Mormon at sa pahina ng pamagat. Maaari ka ring magbahagi ng isang kuwento o talata sa banal na kasulatan na mas naglapit sa iyo kay Jesucristo at pagkatapos ay bigyan mo ng ilang minuto ang mga miyembro ng klase para ibahagi ang kanilang sariling mga kuwento o talata. Magpatotoo tungkol sa Aklat ni Mormon, at anyayahan ang iba pang mga miyembro ng klase na gawin din iyon.



## Maghikayat ng Pag-aaral sa Tahanan

Para mahikayat ang mga miyembro ng klase na simulang basahin ang Doktrina at mga Tipan, maaari kang magbahagi ng isang paborito mong talata o isang nagbibigay-inspirasyong karanasan mo sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan.



## Karagdagang Resources

### Resources para sa Pasko.

- Mateo 1:18–25; 2; Lucas 2
- *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 28, 29, 30, 31, 81
- Mga larawan sa outline para sa linggong ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*
- Mga Pamaskong Debosyonal ng Unang Panguluhan (ChurchofJesusChrist.org/broadcasts/first-presidency-christmas-devotionals)

### Ang mga kaloob ng Tagapagligtas.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Pinagbubulayan ko ang mga pagkakaiba ng Pasko. Ang magagarang regalo, na mahal at propesyonal ang pagkabalot, ay umaabot sa kasukdulan sa bantog na mga katalogong komersyal na may headline na 'Para sa taong nasa kanya na ang lahat.' Sa isang nabasa kong ganoon napuna ko ang isang 370-metro-kuwadradong tahanan na nababalot ng isang napakalaking laso at may kaparis na malaking greeting card na nagsasabing, 'Maligayang Pasko.' Kasama sa iba pang mga item ang mga golf club na puno ng diyamante para sa manlalaro ng golf, isang Caribbean cruise para sa manlalakbay, at isang maluhong paglalakbay patungong Swiss Alps para sa abenturero. Tila akma iyon sa tema ng isang Pamaskong cartoon na nagpakita ng Tatlong Pantas na Lalaki na naglalakbay patungong Betlehem na may dalang mga kahon ng regalo sa kanilang kamelyo. Sabi ng isa, 'Mag-ingat ka, Baltazar, nagsisimula tayo ng isang bagay sa mga regalong ito na hindi mapipigilan!' . . .

"Sa loob ng ilang sandali, nawa'y kalimutan natin ang mga katalogo ng Pasko, na may kakaibang mga regalo. Kalimutan na rin natin ang mga bulaklak para kay Inay, espesyal na kurbata para kay Itay, magandang manika, laruang tren na bumubusina, pinakahihintay na bisikleta . . . at ibaling ang ating isipan sa mga handog ng Diyos na tumatagal. Apat lang ang napili ko mula sa mahabang listahan: . . .

"Una, **ang kaloob na maisilang.** Ipinagkaloob ito sa bawat isa sa atin. Banal ang ating pribilehiyo na lisanin ang ating tahanan sa langit upang magkatawang-tao at ipakita sa ating pamumuhay na karapat-dapat at kwalipikado tayong makabalik balang araw sa Kanya, sa mga mahal sa buhay, at sa kahariang tinatawag na *selestiyal*. . . . Responsibilidad nating ipakita ang ating pasasalamat sa pamamagitan ng ating pamumuhay. . . .

"Ikalawa, **ang kaloob na kapayapaan.** Sa maingay na daigdig na kinaroroonan natin, ang ingay ng trapiko, nakabibinging mga patalastas sa media, at maraming kahilingan sa ating panahon—hindi pa kasama ang mga problema ng mundo—ay nagpapasakit ng ulo, nakakasakit, at umuubos sa ating lakas na makatiis. . . .

"Siya na nakaranas na ng lungkot at pighati ay nangungusap sa bawat balisang puso at naghahandog ng kapayapaan. 'Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man' (Juan 14:27). . . .

"Ikatlo, **ang kaloob na pagmamahal.** 'Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?' tanong ng tagapagtanggol na kumausap kay Jesus. Kaagad itong sinagot ng: 'Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"'Ito ang dakila at pangunang utos.

"'At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili' (Mateo 22:36–39). . . .

"Ikaapat, **ang kaloob na buhay**—pati na ang kawalang-kamatayan. Nasa plano ng ating Ama sa Langit ang pinakadakilang pagpapahayag ng tunay na pag-ibig. Lahat ng mahal sa atin, lalo na ang ating pamilya, kaibigan, kagalakan, kaalaman, patotoo, ay mawawala kung hindi dahil sa ating Ama at sa Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo. Kabilang sa pinaka-natatanging ideya at sulatin sa mundong ito ang banal na pagpapahayag ng katotohanan: 'Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na anak, upang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan' (Juan 3:16)" ("Gifts," *Ensign,* Mayo 1993, 59–62).

## Pagpapahusay ng Ating Pagtuturo

**OK lang na sabihing "Hindi ko alam."** Kahit dapat mong gawin ang lahat ng makakaya mo para sagutin ang anumang tanong ng mga miyembro ng klase mo tungkol sa ebanghelyo, hindi inaasahan ng Panginoon na malaman mo ang lahat ng bagay. Kapag hindi mo alam kung paano sagutin ang isang bagay, isiping tumugon sa pamamagitan ng pag-anyaya sa klase na sama-samang hanapin ang sagot sa mga banal na kasulatan at ibahagi ang mahanap nila. (Tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 24.)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02151 56893 2
15156 893